# Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan

## Wilford Woodruff



MGA TURO NG MGA PANGULO NG SIMBAHAN

# WILFORD WOODRUFF

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa aklat na ito ay pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito sa Curriculum Planning, 50 East North Temple Street, Room 2420, Salt Lake City, UT 84150-3220 USA. Email: cur-development@ldschurch.org

Mangyaring isulat ang inyong pangalan, tirahan, ward, at stake. Tiyaking ibigay ang pamagat ng aklat. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kahusayan ng aklat at ang mga puntong maaari pang pagandahin.


© 2005 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/01
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/01
Pagsasalin ng *Teachings of the Presidents of the Church: Wilford Woodruff*
Tagalog 36315 893

# Mga Nilalaman

Pamagat


Panimula . . . . . v
Buod ng Kasaysayan . . . . . xi
Ang Buhay at Ministeryo ni Wilford Woodruff . . . . . xvi
1 Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo . . . . . 1
2 Joseph Smith: Propeta, Tagakita at Tagapaghayag . . . . . 13
3 Ang Dispensasyon ng Kaganapan ng Panahon . . . . . 27
4 Ang Kapangyarihan at Awtoridad ng Banal na Priesthood . . . . 38
5 Ang Espiritu Santo at Personal na Paghahayag . . . . . 50
6 Pagtuturo at Pag-aaral sa Pamamagitan ng Espiritu . . . . . 63
7 Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo . . . . . 73
8 Pag-unawa sa Kamatayan at Pagkabuhay na Muli . . . . . 83
9 Pagpapahayag ng Ebanghelyo . . . . . 97
10 Mapagpakumbabang Pag-asa sa Diyos . . . . . 109
11 Manalangin Upang Matanggap ang mga Biyaya ng Langit . . . . 119
12 Mahahalagang Yaman sa mga Banal na Kasulatan . . . . . 127
13 Mga Journal: "Higit na Mahalaga Kaysa Ginto" . . . . . 137
14 Pag-alaala sa Ating Espirituwal na Pamana . . . . . 147
15 Pamumuhay sa Pamamagitan ng Pananampalataya . . . . . 165
16 Pag-aasawa at Pagiging Magulang: Paghahanda sa Ating mga Pamilya para sa Buhay na Walang Hanggan . . . . . 175
17 Gawain sa Templo: Pagbaliking-loob ang Ating mga Puso sa Ating Pamilya at sa Panginoon . . . . . 189
18 Gawain sa Templo: Pagiging Tagapagligtas sa Bundok ng Sion . . . . . 203
19 Pagsunod sa Buhay na Propeta . . . . . 215
20 Kalayaang Pumili: Pagpili ng Buhay o Kamatayan . . . . . 225
21 Tapat na Pagtitiis sa mga Pagsubok at Pagsalungat . . . . . 237
22 Temporal at Espirituwal na Paggawa, "Magkasama" . . . . . 247
23 "May Isang Puso at Isipan" . . . . . 261
24 Paghahanda sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo . . . . . 274
Listahan ng mga Larawan . . . . . 286
Indese . . . . . 288


Wilford Woodruff

# Panimula

Ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagpasimula ng seryeng *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na mapalalim ang pagkaunawa nila sa mga doktrina ng ebanghelyo at lalong mapalapit sa Panginoon sa pamamagitan ng mga turo ng mga propeta sa dispensasyong ito. Sa pagdaragdag ng Simbahan ng tomo sa mga seryeng ito, magkakaroon kayo ng koleksyon ng mga sangguniang aklat ng ebanghelyo sa inyong tahanan.

Tampok sa aklat na ito ang mga turo ni Pangulong Wilford Woodruff, na naglingkod bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Abril 1889 hanggang Setyembre 1898.

### Personal na Pag-aaral

Habang pinag-aaralan mo ang mga turo ni Pangulong Wilford Woodruff, hangarin ang inspirasyon ng Espiritu. Tandaan ang inspiradong pangako ni Nephi: "Sapagkat siya na naghahanap nang masigasig ay makasusumpong; at ang mga hiwaga ng Diyos ay ilalahad sa kanila, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (1 Nephi 10:19).

Sa hulihan ng bawat kabanata, makikita mo ang "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo." Ang mga tanong, ideya, at sangguniang ito ng banal na kasulatan ay makatutulong para maunawaan at maisagawa mo ang mga salita ni Pangulong Woodruff. Rebyuhin ang mga ito bago mo simulang basahin ang kabanata. Pag-isipan ding mabuti ang mga tanong na ito habang ikaw ay nag-aaral:

- Anong alituntunin ang itinuturo ni Pangulong Woodruff? Ano ang maaari kong matutuhan mula rito?
- Paano kaya ako matutulungan ng mga turo ni Pangulong Woodruff sa aking personal na buhay? Paano kaya ako matutulungan ng mga turong ito sa aking mga responsibilidad sa tahanan at sa Simbahan?

- Ano ang dapat kong gawin bilang resulta ng mga bagay na natutuhan ko?

---

## Pagtuturo mula sa Aklat na Ito

Kung ikaw ay nagtuturo sa Relief Society, korum ng mga elder, o sa grupo ng mga high priest, magkakaroon ka ng pagkakataon na magturo mula sa aklat na ito. Makatutulong sa iyo ang sumusunod na mga gabay.

### *Magpokus sa mga Salita ni Pangulong Woodruff at sa mga Banal na Kasulatan*



Iniutos ng Panginoon na tayo ay "wala nang ibang bagay [na dapat ituro] kundi ang mga isinulat ng mga propeta at apostol, at ang yaong mga itinuro sa kanila ng Mang-aaliw sa pamamagitan ng panalangin na may pananampalataya" (D at T 52:9).

Kung minsan ay matutukso kang isantabi ang aklat na ito at maghanda ng mga lesson mula sa iba pang mga materyal. Pero ang tungkulin mo ay tulungan ang iba na matutuhan ang ebanghelyo sa pamamagitan ng mga salita ni Pangulong Woodruff at ng mga banal na kasulatan. Ituon ang bawat lesson sa mga siping binanggit sa aklat na ito at sa kaugnay na mga banal na kasulatan sa hulihan ng bawat kabanata. Ilaan ang malaking bahagi ng lesson sa pagbabasa at pagtalakay sa mga salita ni Pangulong Woodruff.

Hikayatin ang mga kasali na pag-aralan ang mga kabanata bago magkita-kita sa araw ng Linggo at dalhin sa simbahan ang aklat. Kapag kaagad silang nakapagbabasa, mas magiging handa sila sa pagsali at pagpapalakas sa bawat isa.

### *Hangarin ang Patnubay ng Espiritu Santo*

Habang nagdarasal ka para humingi ng tulong at masigasig na naghahanda, gagabayan ka ng Espiritu Santo sa iyong mga pagsisikap (tingnan sa Alma 17:2–3; D at T 11:21; 42:14; 88:77–78). Sa pamamagitan ng isang marahan at banayad na tinig sa iyong puso

at isipan, tutulungan ka Niyang piliin ang mga sipi mula sa aklat na hihikayat sa iba na pag-aralan at ipamuhay ang ebanghelyo.

Kapag ikaw ay nagtuturo, idalangin na samahan ng kapangyarihan ng Espiritu ang iyong mga salita at mga talakayan sa klase. Sabi ni Nephi, "kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagdadala nito sa puso ng mga anak ng tao" (2 Nephi 33:1; tingnan din sa D at T 50:13–22).

### *Maghanda ng Outline ng Lesson*

Kapag nagpadama ang Espiritu sa iyo ng mga ideya para sa pagtuturo, isulat ang mga ideyang iyon para matandaan mo ang mga iyon. Bago ka magturo, maghanda ng nakasulat na outline para maisaayos ang mga ideya at makagawa ng lesson plan. Isiping gamitin ang simpleng paraan na ito na may apat na hakbang:

1. *Pag-aralan ang kabanata.* Basahin ang kabanata para maging pamilyar sa mga turo ni Pangulong Woodruff. Sundin ang payo sa ilalim ng "Personal na Pag-aaral," na nasa pahina v.
2. *May panalanging piliin ang mga pahayag na magiging lubos na kapaki-pakinabang sa iyong mga tinuturuan.* Minsan pang pag-aralan ang kabanata. Rebyuhin ang naka-*bold* na mga subheading, na nagbibigay-diin sa mga alituntuning dapat mong ituro. Hilingin na patnubayan ka ng Panginoon sa pagpili ng mga pahayag na makatutulong na mabuti sa mga miyembro na matutuhan at maisagawa ang mga alituntuning iyon. Dahil ang bawat kabanata ay naglalaman ng mas maraming impormasyon kaysa tatalakayin ninyo sa loob ng isang pagkikita sa klase, hindi ka dapat maobliga na ituro ang lahat ng alituntunin o gamitin ang lahat ng pahayag.
3. *Magpasiya kung paano ituturo ang mga pahayag.* Kapag nakapili ka na ng mga pahayag, handa ka nang magplano ng mga paraan ng pagtuturo ng mga ito. May panalanging hangarin ang patnubay ng Espiritu habang ginagawa mo ito. Maghanap ng mga ideya sa "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo" na nasa hulihan ng kabanata. Alalahanin na dapat matulungan ng pagtuturo mo ang mga miyembro na maunawaan, talakayin, at isagawa ang mga salita ni Pangulong Woodruff.

4. *Sumulat ng outline para maisaayos ang iyong mga ideya.* Ang maikling nakasulat na outline ay makatutulong para maisaayos mo ang iyong mga ideya at mapangasiwaan ang lesson. Dapat may tatlong pangunahing bahagi ang iyong outline:
   - *Panimula.* Maghanda ng maikling panimula para tulungan ang mga miyembro na maipokus ang kanilang pansin sa mga salita ni Pangulong Woodruff.
   - *Pagtalakay sa mga turo ni Pangulong Woodruff.* Isulat ang iyong mga plano sa pagtuturo ng mga pahayag na napili mo. Maaari mong hatiin ang bahaging ito ng iyong outline batay sa mga alituntunin sa naka-bold na mga subheading ng kabanata.
   - *Katapusan.* Maghandang ibuod nang maikli ang mga alituntuning tinalakay mo at magpatotoo tungkol sa mga alituntuning iyon. Maaari ka ring magplano ng mga paraan para imbitahin ang iba na magbahagi ng kanilang mga patotoo.

### *Magsagawa ng Nagbibigay-siglang mga Talakayan*



Inihayag ng Panginoon ang mga alituntunin ng epektibong pagtuturo nang sabihin Niyang, "Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita ang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pribilehiyo" (D at T 88:122). Ang sumusunod na gabay ay makatutulong sa iyo upang mahikayat at makapagsagawa ng nagbibigay-siglang mga talakayan:

- Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo. Maaari Niyang ipadama sa iyo na maging partikular sa pagtatanong o kaya'y isali ang partikular na mga tao sa talakayan.
- Tulungan ang mga kasali na magtuon ng pansin sa mga turo ni Pangulong Woodruff. Ipabasa sa kanila ang kanyang mga salita para masimulan ang talakayan at masagot ang mga tanong. Magalang na ibalik ang talakayan na nagsisimulang lumayo sa paksa.

- Magpatotoo nang madalas tungkol sa mga katotohanang tinatalakay. Imbitahin ang mga kasali na magbahagi rin ng kanilang mga patotoo.
- Kung naaangkop, magbahagi ng mga karanasang nauugnay sa mga alituntunin sa kabanata. Hikayatin ang iba na magbahagi ng mga karanasan kapag hinihikayat sila ng Espiritu Santo na gawin ang gayon.
- Huwag magsalita nang magsalita. Hikayatin ang iba na ibahagi ang kanilang mga kaisipan, magtanong, at turuan ang isa't isa.
- Huwag matakot sa pananahimik matapos magtanong. Kadalasan ay kailangan ng mga kasali ng panahon para makapag-isip o kaya'y titingin sa kanilang mga aklat bago sila magbahagi ng mga ideya, patotoo, at karanasan.
- Kilalanin ang lahat ng kontribusyon sa talakayan. Makinig nang tapat, at sikaping unawain ang mga komentaryo ng mga kasali. Pasalamatan ang kanilang mga pagsisikap.
- Kapag nagbabahagi ng ilang ideya ang mga kasali, isiping hilingan ang isang tao na ilista ang mga ideya sa pisara.
- Huwag putulin ang magandang talakayan sa pagtatangkang talakayin ang buong materyal na inihanda mo. Ang mahalaga ay nadarama ng mga kasali ang impluwensya ng Espiritu at lalo silang nangangako na ipamuhay ang ebanghelyo.

Ang magagandang tanong ay humahantong sa pagkatuto, talakayan, at pagsasagawa. Sa hulihan ng bawat kabanata sa aklat na ito, makikita mo ang kapaki-pakinabang na mga tanong sa "Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo." Madalas na sumangguni sa mga tanong na ito. Kung kinakailangan, maaari kang bumuo ng sarili mong mga tanong. Maghanda ng mga tanong na aakay sa mga miyembro na saliksikin, suriin, at isagawa ang mga turo ni Pangulong Woodruff, gaya ng makikita sa ibaba.

Ang mga *search question* ay hihimok sa mga kasali na basahin at talakayin ang mga pahayag ni Pangulong Woodruff. Halimbawa, maaari mong itanong na, "Ano ang maaari nating matutuhan sa payo ni Pangulong Woodruff tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo?"

Ang mga *analysis question* ay aakay sa mga kasali na isiping mabuti ang mga turo ni Pangulong Woodruff at laliman ang kanilang pang-unawa sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Halimbawa, matapos sagutin ng mga kasali ang mga *search question* sa itaas, maaari mong itanong na, "Bakit napakasayang karanasan ang gawaing misyonero?"

Ang mga *application question* ang tutulong sa mga kasali upang makita kung paano sila makapamumuhay batay sa mga turo ni Pangulong Woodruff. Halimbawa, maaari mong itanong na, "Ano ang ilang partikular na bagay na maaari nating gawin para maibahagi ang ebanghelyo?"

---

## Impormasyon Tungkol sa mga Pinagkunan na Binanggit sa Aklat na Ito

Ang mga turo ni Pangulong Woodruff sa aklat na ito ay direktang sinipi sa kanyang mga sermon, nakalimbag na mga lathalain, at mga journal o talaarawan. Sa mga siping mula sa kanyang journal, ginawang makabago ang mga bantas, pagbaybay, ang malalaking titik, at kaayusan ng mga talata. Hindi binago sa iba pang mga pagsipi sa orihinal na mga pinagkunan ang bantas, pagbaybay, ang malalaking titik, at kaayusan ng talata, maliban na lamang kung kinakailangan ang mga editoryal o tipograpikal na pagbabago para mapaganda ang pagbabasa sa mga ito. Dahil dito, maaaring mapansin ninyo ang ilang bahagyang pag-iiba-iba sa teksto. Halimbawa, ang salitang *ebanghelyo* ay nagsisimula sa maliit na titik sa ilang pagbanggit at nagsisimula sa malaking titik sa iba.

Isa pa, madalas gamitin ni Pangulong Woodruff ang mga salitang tulad ng *kalalakihan*, *lalaki*, o *sangkatauhan* sa pagtukoy sa lahat ng tao, kapwa lalaki at babae. Pangkaraniwan ito sa wikang gamit noong kanyang kapanahunan. Sa kabila ng kaibahan ng makaluma at mas makabagong wika, ang mga turo ni Pangulong Woodruff ay angkop kapwa sa kababaihan at kalalakihan.

# Buod ng Kasaysayan

Ang aklat na ito ay hindi kasaysayan; sa halip, ito ay katipunan ng mga alituntunin ng ebanghelyo na itinuro ni Pangulong Wilford Woodruff. Ang kasunod na kronolohiya ay nagbibigay ng maikling buod ng kasaysayan ng mga turong ito. Hindi kasama dito ang maraming mahahalagang pangyayari sa personal na buhay ni Pangulong Woodruff, gaya ng kanyang pag-aasawa at mga kapanganakan at kamatayan ng kanyang mga anak.

| | |
|---|---|
| 1807, Marso 1 | Isinilang si Wilford Woodruff sa Farmington, Hartford County, Connecticut, kina Beulah Thompson Woodruff at Aphek Woodruff. |
| 1808, Hunyo 11 | Namatay ang kanyang ina sa edad na 26. |
| 1810, Nobyembre 9 | Napangasawa ng kanyang ama si Azubah Hart. |
| 1821 | Nagsimulang magtrabaho bilang tagapag-tistis sa lagarian. |
| 1832 | Lumipat siya at ang kanyang kapatid na si Azmon at ang asawa ni Azmon sa Richland, Oswego County, New York, kung saan sila bumili ng isang bukirin. |
| 1833, Disyembre 29 | Narinig sa kauna-unahang pagkakataon ang ebanghelyo sa isang miting na pinangasiwaan ng dalawang misyonerong Banal sa mga Huling Araw na sina Elder Zera Pulsipher at Elder Elijah Cheney. |
| 1833, Disyembre 31 | Nabinyagan at nakumpirma ni Zera Pulsipher. |
| 1834, Enero 2 | Naorden na teacher ni Zera Pulsipher. |

| | |
|---|---|
| 1834, Abril | Nagpunta sa Kirtland, Ohio, kung saan niya nakilala si Propetang Joseph Smith. |
| 1834, Mayo hanggang Hunyo | Naglakbay kasama ng Zion's Camp papunta sa estado ng Missouri. Nanatili sa Clay County, Missouri, para tulungan ang mga Banal doon. |
| 1834, Nobyembre 5 | Naorden na priest ni Simeon Carter sa Clay County, Missouri. |
| 1835, Enero 13 | Umalis nang Missouri para sa kanyang unang full-time na misyon, ipinangaral ang ebanghelyo sa Arkansas at Tennessee. |
| 1835, Hunyo 28 | Naorden na elder ni Warren Parrish malapit sa Memphis, Tennessee. |
| 1836, Abril 19 | Tinawag sa Pangalawang Korum ng Pitumpu. |
| 1836, Mayo 31 | Naorden na Pitumpu ni David Patten. |
| 1837, Enero 3 | Tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu. |
| 1837, Mayo 31 | Umalis nang Kirtland, Ohio, para magmisyon sa Fox Islands, sa baybayin ng estado ng Maine. |
| 1838, Hulyo 8 | Tinawag sa Korum ng Labindalawang Apostol sa pamamagitan ng paghahayag kay Propetang Joseph Smith (tingnan sa D at T 118). |
| 1839, Abril 26 | Naorden na Apostol ni Brigham Young sa lugar na kinatatayuan ng templo sa Far West, Missouri. |
| 1839, Agosto 8 | Umalis para magmisyon sa England. |
| 1840 hanggang 1841 | Naglingkod bilang misyonero sa England. Tumulong para mabinyagan at makumpirma ang mga 2,000 katao. Tumulong sa pagkuha ng karapatang-sipi ng Aklat ni Mormon sa London. |

| | |
|---|---|
| 1841, Oktubre 6 | Nagbalik sa kanyang pamilya at sa iba pang mga Banal sa Nauvoo. |
| 1841, Nobyembre 21 | Naging saksi sa mga unang pagbibinyag para sa mga patay na isinagawa sa bautismuhan o baptistry ng Nauvoo Temple. |
| 1843, Hulyo hanggang Nobyembre | Nagmisyon sa silangang bahagi ng Estados Unidos, na naghahanap ng pondo para makatulong sa pagkumpleto ng pagtatayo ng Nauvoo Temple. |
| 1844, Mayo hanggang Agosto | Nagmisyon ulit sa silangang bahagi ng Estados Unidos. |
| 1844, Hulyo 9 | Nalaman ang tungkol sa pagpatay kina Joseph at Hyrum Smith, na naganap noong Hunyo 27. |
| 1844, Agosto 6 | Nagbalik sa Nauvoo kasama ng iba pang mga miyembro ng Korum ng Labindalawa. |
| 1844, Agosto 8 | Dumalo sa isang kumperensya kung saan sinang-ayunan ng mga Banal sa mga Huling Araw si Pangulong Brigham Young at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga pinuno ng Simbahan. |
| 1844, Agosto 12 | Tumanggap ng tawag na mangulo sa European Mission. |
| 1846, Abril hanggang Mayo | Nagbalik sa Nauvoo at sa dakong huli ay sumama sa mga Banal sa kanilang paglalakbay patungong kanluran. |
| 1847, Abril 7 | Umalis sa Winter Quarters kasama ang unang grupo ng mga pioneer na papunta sa Salt Lake Valley. |
| 1847, Hulyo 24 | Dumating sa Great Salt Lake Valley. |

| | |
|---|---|
| 1847 hanggang 1850 | Ginampanan ang ilang atas na gawain para tulungan ang mga Banal sa pandarayuhan sa Salt Lake City mula sa Winter Quarters at sa silangang Estados Unidos. |
| 1856 hanggang 1883 | Naglingkod bilang Assistant Church Historian. |
| 1877, Enero 1 hanggang 1884, Hunyo 17 | Naglingkod bilang unang pangulo ng St. George Utah Temple. |
| 1877, Agosto 29 | Nalaman ang tungkol sa pagkamatay ni Pangulong Brigham Young at umalis ng St. George para magpunta sa Salt Lake City. |
| 1880, Oktubre 10 | Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol sa pangkalahatang kumperensya kung saan sinang-ayu nan si John Taylor bilang Pangulo ng Simbahan. |
| 1882 | Ipinasa ng Kongreso ng Estados Unidos ang Edmunds Act, kung saan ginawang mabigat na kasalanan ang pag-aasawa nang mahigit sa isa at pinagbawalan ang mga polygamist (o taong nagkakaroon ng higit sa isang asawa) na bumoto, manungkulan sa tanggapang pampubliko, o gumanap bilang hurado. |
| 1883 hanggang 1889 | Naglingkod bilang Church Historian. |
| 1887, Pebrero 19 | Ipinasa ng Kongreso ng Estados Unidos ang Edmunds-Tucker Act, isa pang batas laban sa poligamya, na nagpapahintulot sa gobyerno na ilitin o kumpiskahin ang mga lupain ng Simbahan. Ito ay naisabatas noong Marso 3, 1887. |

| | |
|---|---|
| 1887, Hulyo 25 | Naging senior na Apostol at nangungulong pinuno ng Simbahan sa pagkamatay ni Pangulong John Taylor. |
| 1888, Mayo 17 | Inilaan ang Manti Utah Temple. |
| 1889, Abril 7 | Sinang-ayunan bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. |
| 1890, Setyembre 24 | Sa pagtanggap ng paghahayag mula sa Panginoon, nagpalabas ng pahayag na nagsasabing dapat nang itigil ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pagkakaroon ng mahigit sa isang asawa. |
| 1890, Oktubre 6 | Ang mga miyembro ng Simbahan na dumalo sa pangkalahatang kumperensya ay nagkaisa sa pagsang-ayon sa paghahayag na natanggap ni Pangulong Woodruff tungkol sa pagkakaroon ng mahigit sa isang asawa. |
| 1893, Abril 6 | Inilaan ang Salt Lake Temple. |
| 1894, Nobyembre 13 | Pinamahalaan ang pagtatatag ng Genealogical Society of Utah. |
| 1897, Marso 1 | Dumalo sa pagdiriwang ng kanyang ika-90 taong kaarawan. |
| 1898, Setyembre 2 | Namatay sa San Francisco, California, matapos magkasakit sa loob ng maikling panahon. |

# Ang Buhay at Ministeryo ni Wilford Woodruff

"Ang Diyos ay sadyang mahiwaga sa Kanyang likhain; Sa dagat Siya'y nakalakad, bagyo'y aakayin."[1] Ito ang panimula ng paboritong himno ni Pangulong Wilford Woodruff na, "Diyos ay Sadyang Mahiwaga."

"Mahal na mahal niya [ang himnong iyon]," sabi ni Pangulong Heber J. Grant, na naglingkod bilang Apostol noong si Wilford Woodruff pa ang Pangulo ng Simbahan. "Lagi naming inaawit ito, minsan ay dalawang beses sa isang buwan sa aming lingguhang mga miting sa Templo. Bihirang lumipas ang isang buwan nang hindi hinihiling ni Brother Woodruff na kantahin namin ang awiting iyon. Naniniwala siya nang buong puso at kaluluwa sa gawaing ito, at ginamit niya ang lahat ng kapangyarihang ibinigay sa kanya ng Diyos para sa ikasusulong ito."[2]

Napansin din ni Matthias F. Cowley, na naglingkod ding kasama ni Pangulong Woodruff na: "Siguro wala nang iba pang tao sa Simbahan na nakadamang mabuti sa katotohanan ng mga salitang, 'Diyos ay Sadyang Mahiwaga sa Kanyang likhain,' kaysa kay Wilford Woodruff. Napaka-espirituwal niya, masyadong deboto sa paglilingkod sa Diyos, kung kaya't sa buong buhay niya ay ibinigay nang sagana ang mga mahimalang pagpapamalas ng mga layunin ng Diyos. Hindi niya kailanman ibinatay ang kanyang pananampalataya sa mga himala, ang mga iyon ay patunay lamang ng kanyang pinaniniwalaan nang buong puso. Sinuportahan nito ang kanyang mga ideya tungkol sa mga turo ng Banal na Kasulatan."[3]

Gaya ng napuna nina Pangulong Grant at Brother Cowley, ang paboritong himno ni Pangulong Woodruff ay angkop na tema sa kanyang buhay. Paglalarawan din ito ng nasaksihan niyang pag-unlad ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Pagpapatuloy pa ng himno:

*H'wag nang matakot mga banal*
*Ulap na makapal;*
*Dulot nito'y bagong ulan*
*Biyaya'y kakamtan.*

*Layunin Niya'y malalaman,*
*Uusbong ng labis;*
*Mapait man ang halaman,*
*Bunga ay tatamis.*

*Kapag walang pananalig*
*Kabigua'y tiyak;*
*Tanging Diyos ang magsasabi,*
*Lilinawin lahat.*

Si Wilford Woodruff ay bantog na kalahok sa maraming mahahalagang kaganapan ng kasaysayan ng Simbahan noong una. Dumanas din siya ng pagsubok na sa huli'y naghatid ng biyaya sa matatapat na miyembro ng Simbahan. Naranasan niya ang pait ng pag-uusig at pagdurusa, ngunit sa kabila ng lahat ng ito ay natikman din niya ang tamis ng pag-akay ng kamay ng Diyos. Nasaksihan niya ang Panunumbalik ng ebanghelyo, nagkaroon siya ng malinaw na pang-unawa sa gawain ng Diyos.

---

## Kabataan ni Wilford Woodruff: Isang Matatag na Pundasyong Itinatag sa Tahanan

Si Wilford Woodruff ay isinilang noong Marso 1, 1807, sa Farmington, Connecticut, kina Aphek Woodruff at Beulah Thompson Woodruff. Noong 15 buwang gulang siya, namatay ang kanyang ina dahil sa matinding karamdamang dulot ng "rickettsia." Makalipas ang mga tatlong taon, muling nag-asawa si Aphek. Si Wilford at ang dalawa niyang kuya ay pinalaki ng kanilang ama at ng kanilang stepmother o pangalawang ina na si Azubah Hart Woodruff. Sina Aphek at Azubah ay nagkaroon pa ng anim na anak, at apat sa mga ito ay namatay habang sanggol pa lamang o kaya'y sa kanilang kabataan.

Ipinakikita ng mga isinulat ni Wilford Woodruff na lumaki siyang tulad ng iba pang mga batang lalaki noong kanyang kapanahunan. Nag-aral siya at nagtrabaho sa bukirin ng pamilya.

Nagtrabaho rin siya sa lagarian ng kanyang ama noong siya'y batang-bata pa. Ito ang nagbigay sa kanya ng karanasan na nakatulong sa kanyang pagtanda nang magkaroon siya ng sariling lagarian. Ang isa sa kanyang mga libangan ay pangingisda. Sila ng kanyang mga kapatid na lalaki ay madalas mangisda sa ilog na malapit sa lagarian ng kanilang ama.

Mahal niya ang kanyang pamilya at napakalaki ng respeto sa kanyang mga magulang. May paghanga at pasasalamat niyang inilalarawan ang kanyang ama bilang malakas at malusog na lalaki na palaging "maraming ginagawa" at "isang taong mapagkawang-gawa, tapat, may integridad at makatotohanan."[5] Binanggit din niya kung paano siya naakay ng mga turo ng kanyang pangalawang ina tungkol sa ebanghelyo tungo sa pagsasaliksik sa totoong Simbahan ng Panginoon.[6]

Maging nang tumanda na siya, marami sa mga pinakamaligayang sandali ng kanyang buhay ay nauugnay sa kanyang mga magulang at kapatid. Sumapi siya sa Simbahan sa araw din ng pagsapi ng kanyang kuyang si Azmon. Nagalak siya nang maturuan niya at mabinyagan ang kanyang ama at pangalawang ina at ang kanilang sambahayan. Sa dakong huli ng kanyang buhay tiniyak niyang naisagawa ang gawain sa templo para sa kanyang ina, isang pribilehiyo na para sa kanya ay sapat na kabayaran ng lahat ng pinagpaguran niya sa kanyang buhay.[7]

---

## "Ang Proteksiyon at Awa ng Diyos"

Sa pagbabalik-tanaw sa kanyang kabataan, kinilala ni Wilford Woodruff ang kamay ng Panginoon na maraming beses na nagligtas sa kanyang buhay. Sa isang lathalain na pinamagatang "Chapter of Accidents," inilarawan niya ang ilan sa mga aksidenteng pinagdaanan niya. Nanggigilalas siya na buhay pa siya at naikuwento ang mga ito. Halimbawa, ikinuwento niya ang isang karanasan sa bukirin ng pamilya: "Noong anim na taong gulang ako, muntik na akong mapatay ng nagwawalang toro. Pinapakain namin ni Itay ng kalabasa ang baka, [nang bigla] itong itinaboy ng nagwawalang toro mula sa kinakain nito. Kinuha ko ang natirang kalabasa, at noon ako sinuwag ng toro. Sinabi sa akin ni Itay na itapon ko ang kalabasa at tumakbo. Pababa akong tumakbo sa

matarik na burol, na dala ko pa rin ang kalabasa, dahil naisip kong talagang para sa baka ito. Hinabol ako ng toro. Nang halos malampasan na niya ako, natapakan ko ang isang lubak at nadapa ako; tinalunan ako ng toro, na ang habol ay ang kalabasa, at pinira-piraso ito sa pamamagitan ng kanyang mga sungay. Gayundin sana ang ginawa niya sa akin kung hindi ako nadapa."[8]

Ikinuwento rin niya ang isang aksidente noong 17 taong gulang siya: "Nakasakay ako noon sa salbaheng kabayo na hindi ko pa gamay. Habang pababa sa napakatarik na mabatong burol, sinamantala ng kabayo ang pagkakataon at bigla itong tumalon mula sa daan, at ubod nang bilis na tumakbong pababa sa mabatong dalisdis. Nagsimula itong dumamba, at tinangka ako nitong ihagis papunta sa mga bato. Napunta ako sa bandang uluhan, at mahigpit kong hinawakan ang magkabilang tainga nito. Naisip ko na anumang sandali ay malalasog ang katawan ko kapag humampas ako sa mga bato. Habang nasa ganitong posisyon, na nakasakay sa kanyang batok, at walang giya maliban sa kanyang mga tainga, ito'y ubod nang bilis na bumulusok pababa ng burol, hanggang sa tumama ito sa isang bato, at lumagpak sa lupa. Tumilapon ako mula sa kanyang ulo at sa mga bato [nang mga limang metro], at lumagpak sa lupa na nakatayo sa aking mga paa. Para sa akin ito lang ang bagay na nakapagligtas sa aking buhay; dahil kung tumama ang iba pang bahagi ng aking katawan, marahil namatay ako kaagad. Pakiramdam ko'y nagkadurug-durog ang aking mga buto. Dalawa ang naging bali ng kaliwang binti ko, at nalisya kapwa ang mga bukung-bukong ko, at halos magulungan ako ng kabayo sa pagsisikap nitong tumayo. Nakita ng aking tiyo na si Titus Woodruff ang pagbagsak ko, humingi siya ng tulong, at pinasan niya ako pauwi sa kanilang bahay. Nanatili akong nakahiga mula alas 2:00 ng hapon hanggang alas 10:00 ng gabi, nang walang medikal na tulong. Pagkatapos ay dumating ang Tatay ko, kasama si Dr. Smith ng Farmington. Inayos niya ang aking mga buto, sinimento ang aking paa, at isinakay ako sa kanyang karwahe sa layong walong milya nang gabing iyon papunta sa bahay ng Tatay ko. Matindi ang sakit na dinanas ko. Gayunman, inasikaso akong mabuti, at sa loob ng walong linggo ay nakalabas na ako ng bahay gamit ang aking saklay."[9]

Patuloy na naligtas ang buhay ni Wilford Woodruff, sa kabila ng madalas na pagkaaksidente maging sa pagtanda niya. Sa edad na 41, nagbigay siya ng buod ng mga dinanas niyang aksidente, na nagpapasalamat sa mapagligtas na kamay ng Panginoon:

"Nabali ang magkabilang binti ko—ang isa'y dalawa ang naging bali—ang magkabilang bisig ko, ang buto ko sa dibdib at tatlong tadyang, at nalisya ang magkabilang bukung-bukong ko. Nalunod na ako, nanigas sa lamig, nabanlian at nakagat ng asong ulol—nahulog sa dalawang water wheel—inatake ng ilang matinding sakit, at dumanas ng matinding pagkalason—bumagsak sa labi ng nawasak na riles ng tren—muntik nang tamaan ng ligaw na bala, at maraming ulit na muntik nang mamatay.

"Talagang himala ito para sa akin, dahil sa kabila ng lahat ng pinsala at pagkabali ng mga buto, ay hindi ako nalumpo. Sa halip ay nakayanan kong tiisin ang pinakamabigat na trabaho, pagkalantad at paglalakbay—madalas akong maglakad nang apatnapu, limampu, at minsan pa nga ay animnapung milya sa isang araw. Palaging naroon ang proteksiyon at awa ng Diyos, at hanggang sa ngayon ay buhay ako. Ang mga biyayang ito'y buong-puso kong pinasasalamatan sa aking Ama sa Langit, na dumadalangin na ang nalalabi kong buhay ay magugol sa paglilingkod sa Kanya at sa pagtatayo ng Kanyang kaharian."[10]

## Pagsasaliksik at Paghahanap sa Totoong Simbahan ng Panginoon

Binatilyo na si Wilford Woodruff nang una niyang hangarin na maglingkod sa Panginoon at malaman ang tungkol sa Kanya. Sabi niya, "Sa murang gulang ay natuong mabuti ang aking isipan sa mga paksa ng relihiyon."[11] Gayunman, pinili niyang huwag sumapi sa alinmang simbahan. Sa halip determinado siyang hanapin ang nag-iisang totoong Simbahan ni Jesucristo. Dahil nabigyang-inspirasyon ng mga turo ng kanyang mga magulang at iba pang mga kaibigan at ng Espiritu, nakumbinsi siya "na ang Simbahan ni Cristo ay wala sa mundo—na nagkaroon ng pagtalikod sa dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at magkakaroon ng malaking pagbabago."[12] Nahikayat siya lalo ng mga turo ng isang taong nagngangalang Robert Mason, na nagpropesiya na

mabubuhay si Wilford upang matikman ang bunga ng ibinalik na ebanghelyo (tingnan sa mga pahina 1–3 sa aklat na ito).

Makalipas ang maraming taon, sa paniniwalang makikinabang ang iba pang mga Banal sa mga Huling Araw mula sa kanyang personal na mga karanasan,[13] madalas ikuwento ni Pangulong Wilford Woodruff ang tungkol sa kanyang pagsasaliksik sa katotohanan. Naalaala niyang:

"Wala akong makitang anumang denominasyon na ang mga doktrina, paniniwala o kaugalian, ay nakaayon sa Ebanghelyo ni Jesucristo, o sa mga ordenansa at kaloob na itinuro ng mga Apostol. Bagama't itinuro ng mga ministro noong panahong iyon na ang pananampalataya, biyaya, himala at ordenansa, na tinamasa ng mga Banal noong una, ay wala na at hindi na kailangan, hindi ako naniwalang totoo ito, maliban na lang kung nawala ang mga ito dahil na rin sa kawalan ng pananalig ng mga anak ng tao. Naniwala ako na ang mga kaloob, biyaya, himala at kapangyarihan ay ipamamalas sa isang kapanahunan ng daigdig tulad sa isa pa, kapag nasa ibabaw ng lupa ang Simbahan ng Diyos, at na muling itatayo ang Simbahan ng Diyos sa lupa, at mabubuhay ako para makita ito. Nanatili sa aking isipan ang mga alituntuning ito dahil sa pagbabasa ko sa Luma at Bagong Tipan, nang may taimtim na panalangin na ipakikita sa akin ng Panginoon kung ano ang tama at mali. Naniwala akong aakayin Niya ako sa landas ng kaligtasan, anuman ang mga opinyon ng tao; at itinuro sa akin ng mga pagbulong ng Espiritu ng Panginoon sa loob ng tatlong taon na itatayo na Niya ang Kanyang Simbahan at kaharian sa lupa sa mga huling araw."[14]

"Natuong mabuti ang kaluluwa ko sa mga bagay na ito," sabi niya. "Binatilyo pa lang ako'y gabi't araw ang dalangin ko na makakita ng isang propeta. Siguro lalakbayin ko ang libong milya para lang makita ang propeta, o ang isang tao na makapagtuturo sa akin ng mga bagay na nababasa ko sa Biblia. Hindi ako makasapi sa alinmang simbahan, dahil wala akong makitang simbahan noon na nagtataguyod sa mga alituntuning ito. Marami akong hatinggabing ginugol, sa tabi ng ilog, sa kabunduhan, at sa aking lagarian . . . , sa pagdalangin sa Diyos na mabuhay nawa ako para makakita ng isang propeta o ng taong magtuturo sa akin ng mga bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos habang binabasa ko ang mga ito."[15]

Natapos ang paghahanap ni Wilford Woodruff noong siya'y 26 na taong gulang. Noong Disyembre 29, 1833, narinig niya ang sermon na ipinangaral ni Elder Zera Pulsipher, isang misyonerong Banal sa mga Huling Araw. Inilarawan niya sa kanyang journal ang tugon niya sa sermon ni Elder Pulsipher:

"Sinimulan niya ang miting sa pamamagitan ng pambungad na pananalita at pagkatapos ay nagdasal. Nadama ko ang pagsaksi ng Espiritu ng Diyos na siya ay lingkod ng Diyos. Pagkatapos ay nagsimula na siyang mangaral, at ginawa niya iyon nang may awtoridad. Nang matapos niya ang kanyang talumpati talagang nadama ko na iyon ang kauna-unahang sermon ng ebanghelyo na narinig ko. Naisip kong iyon na ang hinahanap ko. Parang ayaw kong lisanin ang bahay nang hindi nagpapatunay sa katotohanan sa mga tao. Binuksan ko ang aking mata para makita, ang aking tainga para marinig, ang aking puso para maunawaan, at pinapasok ko ang taong naglingkod sa amin."[16]

Inimbita ni Wilford Woodruff sina Elder Pulsipher at ang kanyang kompanyon na si Elijah Cheney na mamalagi sa tahanan ng mga Woodruff. Makaraan ang dalawang araw, matapos magbasa sa Aklat ni Mormon at makipagkita sa mga misyonero, si Brother Woodruff ay nabinyagan at nakumpirmang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nagbago ang kanyang buhay simula nang araw na iyon. Dahil natagpuan niya ang katotohanan, inilaan niya ang kanyang sarili sa paghahatid nito sa iba.

## "Isang Hangarin na Humayo at Ipangaral ang Ebanghelyo"

Determinadong sundin ang mga tipan na ginawa niya sa binyag, si Wilford Woodruff ay handang maging instrumento sa mga kamay ng Panginoon, laging handang gawin ang Kanyang kalooban. Sa dakong huli ng 1834 "nagkaroon siya ng hangarin na humayo at ipangaral ang Ebanghelyo,"[17] at nakatanggap siya ng tawag na maglingkod sa timog-silangang Estados Unidos. Alam niyang nakaabang ang mga pagsubok sa kanya at maaaring manganib ang buhay niya habang siya'y naglalakbay, ngunit nagkaroon siya ng kalakasan sa kanyang patotoo at pananampalataya. Sa huli'y naalaala niya: "Alam kong ang Ebanghelyong

inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith ay totoo, at napakahalaga nito kung kaya gusto kong sabihin ito sa mga taong hindi pa nakarinig nito. Napakaganda at napakasimple nito, na para bang kaya kong papaniwalain ang mga tao tungkol dito."[18]

Nang simulan ni Wilford Woodruff ang kanyang unang misyon, kaoorden pa lang niya na priest sa Aaronic Priesthood. Ang kompanyon niya, na naorden nang elder, ay nanatiling kasama niya sa mga unang pagsubok sa misyon pero di nagtagal ay pinanghinaan ng loob at umuwi sa kanyang tahanan sa Kirtland, Ohio. Mag-isang naiwan sa di-kilalang lugar, nagdasal si Wilford para humingi ng tulong at nagpatuloy sa kanyang gawaing misyonero, na tumatawid sa mga latian at mapuputik na lupain. Sa huli'y nakarating siya sa lungsod ng Memphis, Tennessee, "na pagod at gutom."[19] Sa unang karanasan niya doon bilang misyonero siya ay nagsalita sa maraming tao. Pag-alaala niya:

"Nagpunta ako sa pinakamagandang bahay panuluyan [o otel] sa lugar, na pag-aari ni Mr. Josiah Jackson. Sinabi kong ako ay isang estranghero, at wala akong pera. Tinanong ko kung puwede akong makituloy nang isang gabi. Tinanong niya kung bakit ako naroon. Sinabi kong mangangaral ako ng Ebanghelyo. Nagtawa siya, at sinabing hindi ako mukhang mangangaral. Hindi ko siya masisi, dahil lahat ng mangangaral na nakilala niya ay nakasakay sa magagandang kabayo o magagarang karuwahe, magaganda ang kasuotan, at malalaki ang sahod, at mamarapating mapunta sa impiyerno ang buong mundo kaysa tumawid sa putikan para lamang iligtas ang mga tao.

"Gusto ng may-ari ng kaunting kasiyahan, kaya't sinabi niyang patutuluyin niya ako kung mangangaral ako. Gusto niyang malaman kung kaya ko ngang mangaral. Aaminin ko na sa sandaling ito ay medyo naging pilyo ako, at nakiusap na huwag na niyang hilingin na mangaral ako. Habang nakikiusap ako na huwag na akong mangaral ay lalo namang naging desidido si Mr. Jackson na mangaral ako. . . .

"Naupo ako sa malaking bulwagan para kumain ng hapunan. Bago pa ako matapos, nagsimulang mapuno ang silid ng ilan sa mayayaman at pustiryosong mga tao ng Memphis, suot ang magagara nilang damit at lino. Ang hitsura ko naman ay hindi ninyo

mawawari, matapos akong maglakbay sa putikan. Nang matapos akong kumain, binuhat na ng mga tao ang mesa at inilabas ng silid. Napunta ako sa sulok ng silid, kasama ang patungan na may Biblia, himnaryo at kandila, at napalilibutan ng isang-dosenang kalalakihan kung saan ang may-ari ang nasa gitna. Mga limang daan ang mga taong nagtipon doon, hindi para makinig ng sermon ng Ebanghelyo kundi para magkatuwaan. . . . Gusto ba ninyo ang ganitong katayuan? Sa inyong unang misyon, nang walang kasama o kaibigan, at matawag na mangaral sa gayong kongregasyon? Para sa akin iyon ang isa sa mga pinaka-kalugud-lugod na sandali ng aking buhay, bagama't dama kong gusto ko sanang may kasama ako.

"Binasa ko ang isang himno, at hiniling na umawit sila. Wala ni isang umawit ng kahit isang salita. Sinabi ko sa kanilang hindi ako binigyan ng kakayahan na umawit; ngunit sa tulong ng Panginoon, kapwa ako magdarasal at mangangaral. Lumuhod ako para magdasal, at lumuhod din ang kalalakihan na nakapaligid sa akin. Nagdasal ako sa Panginoon na ibigay sa akin ang Kanyang Espiritu at nawa'y maantig ko ang puso ng mga tao. Sa pagdarasal ko'y nangako ako sa Panginoon na ihahatid ko sa kongregasyong iyon ang anumang ibigay Niya sa akin. Tumayo ako at nagsalita sa loob ng isa't kalahating oras, at isa iyon sa mga pinakamagandang sermon ng aking buhay.

"Ipinakita sa aking isipan ang uri ng pamumuhay ng kongregasyong iyon, at sinabi ko sa kanila ang masasama nilang gawain at ang gantimpalang kakamtin nila. Nagsiyuko ang kalalakihang nakapaligid sa akin. Nang matapos akong mangaral, wala ni isang taong naiwan sa silid dahil sa kahihiyan nila sa ginagawa nilang kasalanan.

"Di nagtagal ay hinatid na ako sa higaan, sa isang silid na katabi ng malaking silid kung saan nakatipon ang marami sa kalalakihan na pinangaralan ko ng ebanghelyo. Dinig ko ang pag-uusap nila. Isang lalaki ang nagsabi na gusto niyang malaman kung paano nalaman ng batang Mormon ang buhay nila noon. Ilang sandali pa'y nagtatalo na sila tungkol sa ilang punto ng doktrina. May isang nagmungkahi na tawagin ako para ako ang magpasiya. Sinabi ng may-ari na, 'hindi; sapat na ang narinig natin.'

"Kinabukasan, ang sarap ng kinain kong almusal. Sinabi ng may-ari na kung mapapadaan akong muli ay magpunta ako sa kanyang bahay, at mamalagi doon hangga't gusto ko."[20]

Noong Nobyembre 1836, natapos ni Wilford Woodruff ang kanyang misyon sa timog-silangang Estados Unidos. Isinulat niya sa kanyang journal na noong 1835 at 1836 ay nakapaglakbay siya ng 15,688 kilometro, nakapagdaos ng 323 miting, at nakabuo ng 4 na sangay ng Simbahan. Nakapagbinyag din siya ng 70 katao at nakapagkumpirma ng 62, nakapagsagawa ng 11 ordenasyon sa priesthood, at nakapagpagaling ng 4 katao sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Nailigtas din siya sa kamay ng 6 na magkakaibang mandurumog.[21] Naordena siyang elder noong Hunyo 1835 at naging Pitumpu noong Mayo 1836.

Nang magbalik si Elder Woodruff sa Kirtland, nakita niya na maraming mga miyembro ng Simbahan doon ang nag-apostasiya at nagsasalita ng laban kay Propetang Joseph Smith. "Noong panahon ng apostasiya sa Kirtland," ang sabi niya sa huli, "hirap si Joseph Smith na malaman kung ang taong kahalubilo niya ay kaibigan o kaaway, maliban kung ihayag ito sa kanya ng Espiritu ng Diyos. Karamihan sa mga kalalakihan na namumuno ay kumakalaban sa kanya."[22]

Kahit "sa gitna ng kadilimang iyon,"[23] nanatiling tapat si Wilford Woodruff sa Propeta at tapat sa kanyang determinasyong ipangaral ang ebanghelyo. Tinawag siya sa Unang Korum ng Pitumpu, at sa gayong kapasidad ay nagpatuloy sa pagsaksi sa katotohanan, na naglalakbay para dumalo sa mga kumperensya sa lugar. Wala pang isang taon pagkagaling niya sa Kirtland, sinunod niya ang inspirasyong magmisyon nang full-time sa Fox Islands, na nasa baybayin lamang ng estado ng Maine. Sabi niya:

"Sinabi sa akin ng Espiritu ng Diyos, 'Pumili ka ng kasama at dumiretso ka na sa Fox Islands.' Wala akong alam tungkol sa Fox Islands tulad ng nasa Kolob. Pero pinapunta ako ng Panginoon, kaya nagpunta nga ako. Pinili ko si Jonathan H. Hale, at sumama siya sa akin. Nagtaboy kami ng ilang diyablo doon, ipinangaral ang Ebanghelyo at nagsagawa ng ilang himala. . . . Nakarating ako sa Fox Islands, at maganda ang nagawa ko roon."[24] Nang dumating

sina Elder Woodruff at Hale sa Fox Islands, natagpuan nila "ang mga tao roon na naghahangad ng mga bagay noong sinauna." Sa huli'y inireport niya, "Kahit hindi ako natira doon, masasabi kong nakapagbinyag ako ng mahigit 100 katao habang naroon."[25]

---

## Patuloy na Pagmimisyon Bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo


Habang nasa misyon siya sa Fox Islands noong 1838, nakatanggap siya ng tawag na nagpalawak sa kanyang paglilingkod bilang misyonero sa buong buhay niya. "Noong ika-9 ng Agosto, nakatanggap ako ng sulat," sabi niya, "mula kay Thomas B. Marsh, na noo'y Pangulo ng Labindalawang Apostol. Sinabi niya na si Joseph Smith, ang Propeta, ay nakatanggap ng paghahayag, kung saan pinangalanan ang mga taong pinili bilang kapalit ng mga natiwalag: John E. Page, John Taylor, Wilford Woodruff at Willard Richards.

"Idinagdag pa ni Pangulong Marsh sa kanyang sulat, 'Dapat mong malaman, Brother Woodruff, sa pamamagitan ng sulat na ito, na ikaw ay hinirang bilang kapalit ng isa sa Labindalawang Apostol, at ito'y sang-ayon sa salita ng Panginoon, na kabibigay lamang, na kaagad kang magpunta sa Far West, at sa ika-26 ng Abril, iwan mo ang mga Banal dito at magpunta ka sa iba pang mga lugar sa ibayong-dagat.' "

Ganito ang sabi ni Pangulong Woodruff sa bandang huli, "Ang nilalaman ng sulat na ito'y ilang linggo nang naihayag sa akin, pero hindi ko ito binanggit kahit kanino."[26]

Ang tagubilin na "magpunta ka sa iba pang mga lugar sa iba yong-dagat" ay tumutukoy sa utos ng Panginoon na magmisyon ang Labindalawa sa Great Britain. Kaagad pagkatapos maorden bilang Apostol noong Abril 26, 1839, si Elder Wilford Woodruff ay umalis at nagpunta sa Great Britain bilang isa sa "mga natatanging saksi ng pangalan ni Cristo sa buong daigdig" (D at T 107:23).

Sa huli'y magmimisyon pa si Elder Woodruff sa Estados Unidos at sa Great Britain. Nakilala siya bilang isa sa mga pinakadakilang misyonero sa kasaysayan ng Simbahan. Ang aklat na ito'y naglalaman ng maraming kuwento mula sa kanyang mga karanasan bilang misyonero.



*Noong 1839, iniwan nina Elder Wilford Woodruff (harapan), Elder Brigham Young (likuran), at ng iba pang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ang kanilang mga tahanan upang ipangaral ang ebanghelyo sa England.*

## Pagtulong sa mga Banal na Magkatipun-tipon

Ngayon ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hinihikayat na itayo ang kaharian ng Diyos sa mga lugar kung saan sila nakatira, nang sa gayo'y mapatatag ang Simbahan sa buong mundo. Noong bago pa lang ang Simbahan, hinikayat ng mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw ang mga bagong binyag na manirahan sa headquarters ng Simbahan, maging ito man ay sa Kirtland, Ohio, o sa Jackson County, Missouri, o sa Nauvoo, Illinois, o sa Salt Lake City, Utah.

Mga dalawang taon matapos patayin sina Joseph at Hyrum Smith, napilitan ang mga Banal na iwan ang kanilang tahanan sa Nauvoo, at nagtayo ng pansamantalang tirahan sa Winter Quarters, Nebraska. Si Elder Woodruff, na nasa misyon sa England, ay nagbalik sa pangunahing pangkat ng Simbahan. Pag-alis ng Winter Quarters, tumulong siyang pamunuan ang mga Banal sa kanilang bantog na pandarayuhan: ang paglalakbay nila patawid ng kapatagan at mga kabundukan ng Estados Unidos tungo sa kanilang lupang pangako sa Salt Lake Valley. Bilang bahagi ng unang pangkat ng mga pioneer, isinakay niya sa bagon si Pangulong Brigham Young, na may sakit noon, sa huling bahagi ng paglalakbay. Naroon si Elder Woodruff nang bumangon si Pangulong Young mula sa kanyang higaan sa bagon, at suriin ang lupaing nasa harapan nila, at sinabing: "Hanggang dito na lang tayo. Ito ang tamang lugar. Tayo na."[27]

Patuloy na tinulungan ni Elder Woodruff ang mga Banal na matipon sa kanilang lupang pangako. Sa isa sa kanyang mga misyon, gumugol siya at ang kanyang pamilya ng dalawa't kalahating taon sa Canada at sa hilagang-silangang Estados Unidos, sa pagtulong sa mga miyembro ng Simbahan na manirahan sa Salt Lake Valley. Kasama siya ng huling grupo ng mga Banal na ito nang maranasan niya ang sumusunod, na nagpapakita ng kanyang pagiging sensitibo sa mga paramdam ng Espiritu:

"Nakita kong naghahanda na sa pag-alis ang barko. Pinuntahan ko ang kapitan at tinanong ko siya kung ilan ang kanyang pasahero. 'Tatlong daan at limampu.' 'Kaya mo ba ang isang daan pa?' 'Oo.' Sasabihin ko na sana sa kanyang sasakay kami sa barko nang



*Si Elder Wilford Woodruff at ang kanyang pamilya ay tumira sa tahanang ito sa Nauvoo, Illinois.*

sabihin sa akin ng Espiritu na, 'Huwag kayong sumakay sa barkong iyan, ikaw ni ang iyong mga kasama.' Sige, ang sabi ko. May natutuhan ako tungkol sa marahan at banayad na tinig na iyon. Hindi ako sumakay sa barkong iyon, at naghintay hanggang kinaumagahan. Mga tatlumpung minuto pa lang nakaaalis ang barko nang masunog ito. Sa halip na tanikalang bakal ay mga lubid ang gamit, at hindi sila makalapit sa pampang. Madilim ang gabing iyon, at wala ni isang kaluluwang naligtas. Kung hindi ko sinunod ang paramdam ng Espiritu, sana'y naroon din ako, sampu ng aking mga kasama."[28]

---

## Paglilingkod sa Salt Lake Valley

Nang makapanirahan na sa Salt Lake Valley ang mga Banal, nagbago ang mga tungkulin ni Elder Woodruff. Hindi na siya ipinadadala sa malalayong lugar para magmisyon. Sa halip ay napabilang sa mga gawain niya ang pagtulong sa mas marami pang mga Banal na dumadayo sa headquarters ng Simbahan. Nakikipagkita rin siya sa mga dumadalaw sa lugar, naglingkod siya bilang mambabatas, nagtrabaho para mapatubigan at malinang ang lupain, at

bumuo ng mga pamamaraan sa pagtatanim at pagsasaka. Madalas niyang dalawin ang mga tirahan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Utah, Arizona, at Idaho, na ipinapangaral ang ebanghelyo at hinihikayat ang mga Banal sa kanilang mga tungkulin.

Si Wilford Woodruff ay nagsilbi bilang Assistant Church Historian mula 1856 hanggang 1883 at bilang Church Historian mula 1883 hanggang 1889. Malaking bahagi ng panahong ito ang iniukol niya sa paglilingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol. Bagama't nangailangan ng maraming oras ang responsibilidad na ito, itinuring niya itong isang pribilehiyo, naniniwalang "ang kasaysayan ng Simbahang ito ay mananatili sa panahong ito at sa kawalang-hanggan."[29] Ang paglilingkod niya bilang mananalaysay ay pagpapatuloy ng kanyang gawain simula pa noong 1835, nang magsimula siyang magsulat sa journal—isang personal na tala ng kanyang buhay at ng kasaysayan ng Simbahan (tingnan sa mga pahina 137–40).

Sa patuloy niyang pagsisikap na patatagin ang Simbahan, paglingkuran ang komunidad, at tustusan ang kanyang pamilya, sinunod ni Wilford Woodruff ang mga alituntuning natutuhan niya mula sa kanyang masipag na ama. Sinabi ni Elder Franklin D. Richards ng Korum ng Labindalawang Apostol na si Elder Woodruff noon ay "kilala sa kanyang pagiging aktibo, kasipagan at tibay ng katawan. Bagama't hindi siya malaking lalaki, nagawa niya ang mga trabahong malamang na nagpahapo sa kalalakihan na karaniwan lang ang pangangatawan."[30]

Ang journal ni Elder Woodruff ay puno ng mga tala tungkol sa mga maghapong paggawa ng mabibigat na trabaho. Binanggit niya na minsan noong edad 67 siya ay inakyat niya ang hagdanang 12-talampakan ang taas kasama ang kanyang anak na si Asahel para mamitas ng mga peras mula sa puno nito. Nagsimulang mawalan ng panimbang si Asahel. Sa pagsisikap na iligtas si Asahel ay si Elder Woodruff ang nahulog. Ganito ang isinulat niya: "Nahulog ako sa hagdanan sa taas na mga 10 talampakan at bumagsak sa ilalim nito. Tumama ang aking kanang balikat at balakang at talagang napakasakit nito. Hindi gaanong nasaktan si Asahel. Masakit ang buong katawan ko at magdamag akong di makalakad."[31] Kinabukasan ay isinulat niyang, "Ang sakit pa rin ng

katawan ko ngayon at di pa rin ako makalakad, pero nagpunta pa rin ako sa bukid at gabi nang umuwi."[32] Ganito ang sinabi ni Matthias Cowley tungkol sa pangyayaring ito: "Magtataka ka kung ano ang ginagawa ng lalaking kasintanda niya sa itaas ng puno. Pero kay Elder Woodruff kasi ay balewala ang edad kapag may nakita siyang isang bagay na sa tingin niya ay dapat gawin, at basta kaya rin lang niyang gawin. Makikita mo siya kahit saan. . . . Handa siya sa anumang biglang pangangailangan sa lahat ng oras. Kapag may nakita siyang sanga sa itaas ng puno ng mansanas na dapat alisin, makikita mong nasa itaas na siya agad ng puno, at laging mahirap para sa kanya ang ipagawa sa iba ang isang bagay na kaya naman niyang gawin mismo."[33]

---

## Pagtatayo ng Templo at Gawain sa Templo

Sa tuwing lalagi ang mga Banal sa isang lugar sa mahabang panahon, sila ay nagtatayo ng templo. Ginawa nila ito sa Kirtland, sa Nauvoo, at sa huli ay sa Salt Lake City. Sa ganitong paraan ay tapat sila sa paghahayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith—isang paghahayag na itinala ni Elder Woodruff sa kanyang journal:

"Ano ba ang layunin ng pagtitipon sa mga Judio, o sa mga tao ng Diyos sa anumang kapanahunan sa mundo? Ang pangunahing layunin ay magtayo sa Panginoon ng isang bahay kung saan maihahayag Niya sa Kanyang mga tao ang mga ordenansa ng Kanyang bahay at ang mga kaluwalhatian ng Kanyang kaharian at ituro sa mga tao ang mga paraan ng kaligtasan. Dahil may mga partikular na ordenansa at alituntunin na kapag itinuturo at isinasagawa ay kailangang gawin sa isang lugar o bahay na itinayo para sa layuning iyon. Nasa isip na ito ng Diyos bago pa man itatag ang daigdig, at dahil sa layuning ito kung kaya pinlano ng Diyos na sama-samang tipunin nang madalas ang mga Judio, ngunit tumatanggi sila. Ito rin ang dahilan kung kaya sama-samang tinitipon ng Diyos ang mga tao sa mga huling araw—para magtayo sa Panginoon ng bahay na maghahanda sa kanila para sa mga ordenansa at mga endowment, paghuhugas at pagpapahid ng langis, atbp."[34]

Madalas hikayatin ni Elder Woodruff ang mga kapwa niya Banal na makibahagi sa mga biyayang nakakamit sa templo. Sabi niya:



*Ang Manti Utah Temple, inilaan ni Pangulong Wilford Woodruff noong 1888.*

"Itinuturing ko ang pagtatayo ng mga templo na isa sa pinakamahahalagang bagay na ipinagagawa ng Panginoon sa mga Banal sa mga Huling Araw sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon, upang makapasok tayo sa mga templong ito at hindi lamang tubusin ang mga buhay kundi para tubusin rin ang ating mga patay."[35] Taglay ang gayong kasigasigan, nagpakita siya ng halimbawa ng gawain sa templo, na tinitiyak na magagawa ang gawain para sa libu-libo niyang mga ninuno.

Tulad ng iba pang mga propeta noong kanyang kapanahunan, nagpropesiya si Elder Woodruff na darating ang araw na magkakaroon ng mga templo sa buong mundo.[36] Nagalak siya sa pagkakataon na makita ang pagsisimula ng katuparan ng propesiyang iyon, nang itayo at ilaan ang apat na templo sa Teritoryo ng Utah sa loob ng unang 46 na taon matapos ang pagdating ng mga Banal sa Salt Lake Valley—sa mga lungsod ng St. George, Logan, Manti, at Salt Lake City.

Inialay ni Pangulong Woodruff ang mga panalangin ng dedikasyon para sa mga templo sa Manti at Salt Lake City. Sa isang mensahe sa lahat ng miyembro ng Simbahan, siya at ang kanyang mga

tagapayo sa Unang Panguluhan ay nagpatotoo sa mga biyayang dumarating sa mga taong dumadalo sa dedikasyon ng mga templo na may diwa ng taimtim na pagsamba: "Ang matamis na inspirasyon ng Banal na Espiritu ay ibibigay sa kanila pati ang mga kayamanan ng Langit, ang pakikipag-usap ng mga anghel, ay paulit-ulit na idaragdag, dahil ito ay ipinangako [ng Panginoon] at hindi ito mabibigo!"[37] Isinulat niya ang isang gayong karanasan, sa dedikasyon ng Logan Temple:

"Habang dumadalo sa dedikasyon ng templong ito, muli kong naisip ang maraming oras na ginugol ko sa panalangin noong binatilyo pa ako. Sumasamo ako noon sa Diyos na payagan akong mabuhay sa daigdig upang makita ang pagkatatag ng Simbahan ni Cristo at ang mga taong tatanggap sa sinaunang ebanghelyo at maninindigan sa pananampalatayang minsang ipinagkaloob sa mga Banal. Ipinangako sa akin ng Panginoon na mabubuhay ako para makita ang mga tao ng Diyos at magkakaroon ako ng pangalan at alaala . . . sa kanyang bahay, isang pangalan na maigi kaysa mga anak na lalaki at babae, isang pangalan na hindi mapaparam. At ngayon ay nagagalak ako na magkaroon ng pangalan sa kanyang mga tao at makatulong sa dedikasyon ng isa pang templo sa kanyang pinakabanal na pangalan. Purihin ang Diyos at ang Kordero habampanahon."[38]

---

## Ang Paglilingkod ni Wilford Woodruf Bilang Pangulo ng Simbahan


Nang mamatay si Pangulong John Taylor noong Hulyo 25, 1887, ang Korum ng Labindalawang Apostol ang nangasiwa sa Simbahan, kasama si Pangulong Woodruff bilang pinuno. Dama ang bigat na dulot ng pamumuno sa buong Simbahan, itinala ni Pangulong Woodruff ang mga kaisipang ito sa kanyang journal: "Inilagay ako nito sa isang kakaibang sitwasyon, isang posisyong hindi ko kailanman inasam sa aking buhay. Ngunit sa awa ng Diyos ito ay ipinagkaloob sa akin, at dalangin ko sa Diyos na aking Ama sa Langit na tulungan ako sa responsibilidad na ito. Mataas at malaking pananagutan sa sinumang tao ang maupo at malagay sa posisyon na nangangailangan ng dakilang karunungan. Hindi ko inisip na mas matagal akong mabubuhay kaysa kay Pangulong Taylor. . . . Pero

nangyari na. . . . Ang masasabi ko na lang ay, Kagila-gilalas ang iyong mga landas, O Panginoong Diyos na Makapangyarihan, dahil sadyang pinili mo ang mahihinang bagay ng daigdig na ito na magsagawa ng iyong gawain sa lupa. Nawa'y maging handa ang iyong lingkod na si Wilford sa anumang naghihintay sa kanya sa lupa at magkaroon ng kapangyarihan na isagawa anuman ang ipagawa sa kanyang mga kamay ng Diyos ng Kalangitan. Hiling ko ang basbas na ito sa aking Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo, ang Anak ng Diyos na Buhay."[39] Si Pangulong Woodruff ay sinang-ayunan bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noong Abril 7, 1889. Siya ang pang-apat na Pangulo ng Simbahan sa dispensasyong ito.

*Pagpapatotoo sa Gawain ng Panginoon sa mga Huling Araw*

Sa kanyang mga mensahe sa mga miyembro ng Simbahan, paulit-ulit na pinatotohanan ni Pangulong Woodruff ang Panunumbalik ng ebanghelyo, tulad ng ginawa niya sa kanyang buong ministeryo. Gayunman, nagbigay siya ng patotoo nang may dagdag na kahalagahan sa nalalabing siyam na taon ng kanyang buhay. Siya ang huling taong naglingkod bilang Apostol na kasama ni Joseph Smith, at nadama niyang kailangang mag-iwan ng malinaw at matatag na patotoo hinggil sa Propeta ng Panunumbalik. Mga isang taon bago siya namatay, sinabi niyang:

"Maraming bagay akong hindi nauunawaan, at isa na ang bakit ako narito ngayon sa edad kong ito. Hindi ko maunawaan kung bakit ako nanatili nang ganito katagal samantalang marami nang mga Apostol at Propeta ang pinauwi. . . . Ako na lang ang taong nabubuhay na nakatanggap ng mga endowment sa kamay ni Propetang Joseph Smith. Ako na lang ang taong nabubuhay na nakasama ng Labindalawang Apostol nang ihabilin niya sa kanila ang kaharian ng Diyos at iutos sa kanila na isulong ang kahariang ito. Mga tatlong oras siyang tumayo sa silid at ibinigay sa amin ang kanyang huling lektyur. Napuspos ang silid ng tila nag-aalab na apoy. Ang kanyang mukha ay kasing-linaw ng baga; ang kanyang mga salita ay tila matalim na kidlat sa amin. Tumimo ito sa bawat bahagi ng aming katawan mula sa tuktok ng aming uluhan hanggang sa aming mga talampakan. Sabi niya, 'Mga Kapatid, ibinuklod ng Panginoong Makapangyarihan sa aking uluhan ang bawat



*Si Pangulong Wilford Woodruff, gitna, kasama ang kanyang mga tagapayo sa Unang Panguluhan: sina Pangulong George Q. Cannon, kaliwa, at Joseph F. Smith, kanan.*

Priesthood, ang bawat susi, bawat kapangyarihan, bawat alituntunin ng huling dispensasyon ng kaganapan ng panahon, at sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Naibuklod ko sa inyong uluhan ang lahat ng mga alituntuning iyon, ang Priesthood, pagkaapostol, at mga susi ng kaharian ng Diyos, at ngayon kailangan ninyong pasanin at isulong ang kahariang ito dahil kung hundi ay susumpain kayo.' Hindi ko nalilimutan ang mga salitang iyon—hinding-hindi habang ako'y nabubuhay. Iyon ang huling pananalita niya noong nabubuhay pa siya. Di nagtagal siya ay pinaslang at pinauwi sa kaluwalhatian."[40]

Bilang Pangulo ng Simbahan, hinikayat ni Pangulong Woodruff ang mga Banal na hangarin at sundin ang patnubay ng Espiritu Santo, maging tapat sa kanilang mga tipan, ipangaral ang ebanghelyo sa tahanan at sa ibang bansa, maging tapat sa kanilang temporal na mga responsibilidad, at maging masigasig sa gawain sa templo at sa kasaysayan ng mag-anak. Inulit sa kanyang payo ang pahayag niya noong siya ay miyembro pa ng Korum ng Labindalawa: "Gaano man tayo kabuti dapat nating patuloy na

sikaping humusay pa at lalong bumuti. Iba ang sinusunod nating batas at ebanghelyo kumpara sa sinusunod ng ibang tao. Kaiba ang pananaw natin sa kaharian, at ang ating layunin ay marapat lang na mas mataas sa harapan ng Panginoon nating Diyos. Dapat nating pangasiwaan at kontrolin ang ating sarili sa wastong paraan, at dasal ko sa Diyos na aking Ama sa Langit na mapasaatin ang Kanyang Espiritu at tulungan tayong gawin ang gayon."[41]

### *Pagpapalabas ng Manipesto*

Dahil pinalakas ng gumagabay na kamay ng Panginoon, pinamunuan ni Pangulong Woodruff ang mga Banal sa mga Huling Araw sa isa sa mga pinakamaligalig na panahon sa dispensasyong ito. Noong mga huling bahagi ng 1880s patuloy pa ring ginagawa sa Simbahan ang pag-aasawa nang mahigit sa isa bilang pagsunod sa utos ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith. Gayunman, nagpalabas ng mga batas ang pamahalaan ng Estados Unidos laban sa gawaing ito, na may mabigat na kaparusahan sa paglabag ng mga batas na ito, kabilang na ang pagkumpiska sa ari-arian ng Simbahan at pagkakait sa mga miyembro ng Simbahan ng kanilang karapatang-pantao, tulad ng karapatang bumoto. Ang mga pagbabagong ito ay nagbukas din ng legal na paraan para malitis ang mga Banal sa mga Huling Araw na nag-aasawa nang mahigit sa isa. Umapela sa mga korte ang Simbahan, pero walang nangyari.

Lubhang nababahala sa mga bagay na ito si Pangulong Woodruff. Inalam niya ang kalooban ng Panginoon tungkol sa bagay na ito at sa wakas ay nakatanggap ng paghahayag na dapat nang itigil ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pag-aasawa nang mahigit sa isa. Sa pagsunod sa utos ng Panginoon, ipinalabas niya ang nakilala bilang Manipesto—isang inspiradong pahayag na nananatiling basehan ng paniniwala ng Simbahan tungkol sa paksa ng pag-aasawa ng mahigit sa isa. Sa pahayag na ito sa publiko, noong Setyembre 24, 1890, binanggit niya ang kanyang intensiyon na pasailalim sa mga batas ng lupain. Pinatotohanan din niya na itinigil na ng Simbahan ang pagtuturo ng pag-aasawa nang mahigit sa isa.[42] Noong Oktubre 6, 1890, sa isang sesyon ng pangkalahatang kumperensya, sinang-ayunan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pahayag ng kanilang propeta, nagkakaisang sumuporta

sa pahayag na siya ay "awtorisado sa pamamagitan ng kanyang katungkulan na ipalabas ang Manipesto."[43]

### *Pagpapatibay sa Kawalang Hanggan ng Pamilya*

Mga tatlong buwan bago pinatay si Propetang Joseph Smith, nagbigay siya ng isang diskurso sa malaking grupo ng mga Banal. Sinabi ni Elder Wilford Woodruff, na nagtala ng buod ng diskursong ito, na nagsalita ang Propeta tungkol sa "isa sa mga pinakamahalaga at nakatutuwang paksang inilahad sa mga Banal."[44] Bilang bahagi ng kanyang sermon, nagpatotoo ang Propeta sa kawalang hanggan ng mga pamilya. Binanggit niya na kailangan tayong mabuklod sa ating mga magulang at ipagpatuloy ang ordenansang iyon ng pagbubuklod sa ating mga henerasyon:

"Ito ang espiritu ni Elijah, na tubusin natin ang ating mga patay at iugnay ang ating sarili sa ating mga ninuno na nasa langit na at ibuklod ang ating mga patay para magbangon sa unang pagkabuhay na mag-uli, at dito'y gusto nating mabuklod ng kapangyarihan ni Elijah ang mga nakatira sa lupa sa mga nakatira sa langit. . . . Humayo kayo at ibuklod ang inyong mga anak sa inyong sarili at ang inyong sarili sa inyong mga ninuno sa walang hanggang kaluwalhatian."[45]

Sa sumunod na ilang dekada, alam ng mga Banal sa mga Huling Araw na magkakaroon ng "pag-uugnay ng anumang uri o iba pa sa pagitan ng mga ama at ng mga anak" (D at T 128:18). Gayunman, ang mga pamamaraan nila ay hindi lubusang naisaayos; tulad ng napansin ni Pangulong Woodruff, hindi nabuhay nang matagal si Propetang Joseph para "magsalita pa ng tungkol sa mga bagay na ito."[46] Sa pagkilos batay sa "lahat ng liwanag at kaalamang nasa [kanila],"[47] madalas ay nagpapabuklod sila, o "nagpapaampon," kina Joseph Smith, Brigham Young, o sa iba pang mga pinuno ng Simbahan noong kanilang kapanahunan sa halip na sa kanilang sariling ama at ina. Bilang Pangulo ng Simbahan, ganito ang sinabi ni Pangulong Woodruff sa gawaing ito: "Hindi natin lubusang naitaguyod ang mga alituntuning iyon bilang kaganapan ng mga paghahayag ng Diyos sa atin, sa pagbubuklod ng puso ng mga ama sa mga anak at ng mga anak sa mga ama. Hindi ako nasisiyahan, ni si Pangulong [John] Taylor, ni ang sinumang tao simula noong kay Propetang Joseph na nag-aasikaso sa ordenansa ng pagbubuklod

sa mga templo ng ating Diyos. Pakiramdam namin ay mas marami pang dapat ihayag tungkol sa paksang ito kaysa sa natanggap na natin."[48]

Ang karagdagang paghahayag na iyon ay dumating kay Pangulong Woodruff noong Abril 5, 1894.[49] Makaraan ang tatlong araw, sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya, ikinuwento niya ang tungkol sa paghahayag: "Nang lumapit ako sa Panginoon para malaman kung kanino ako dapat magpabuklod . . . , sinabi sa akin ng Espiritu ng Diyos, 'Wala ka bang sariling ama?' 'Meron po.' 'Kung gayon, bakit hindi mo siya igalang? Bakit hindi ka sa kanya paampon?' 'Opo,' sabi ko, 'tama nga po.' Nabuklod ako sa aking ama, at minarapat na ipabuklod ang aking ama sa kanyang ama, at gayundin ang mga nauna pa; at ang tungkulin na gusto kong tiyaking naisagawa ng bawat taong namumuno sa isang templo mula sa araw na ito at magpakailanman, maliban na lamang kung iba ang ipag-utos ng Makapangyarihang Panginoon, ay ang magpabuklod ang bawat tao sa kanyang ama. . . . Iyan ang kalooban ng Diyos sa mga taong ito. Nais kong itanim ito sa isipan ng lahat ng taong namumuno sa mga templong ito sa mga kabundukang ito ng Israel. May karapatan ba akong alisan ng karapatan sa lipi ang sinumang tao? May karapatan ba ang sinumang tao na gawin ito? Wala; sinasabi ko na hayaang mabuklod ang bawat tao sa kanyang ama; at sa gayon ay magagawa ninyo mismo ang sinabi ng Diyos nang ipahayag Niya na isusugo Niya ang propetang si Elijah sa mga huling araw [tingnan sa Malakias 4:5–6]. . . .

"Gusto naming saliksikin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang mga talaangkanan hangga't makakaya niya, at mabuklod sa kanilang mga ama at ina. Ibuklod ang mga anak sa kanilang mga magulang, at ipagpatuloy ang gawaing ito hanggang sa abot ng makakaya ninyo. . . .

"Mga kapatid, isapuso ninyo ang mga bagay na ito. Patuloy nating gawin ang ating mga rekord, punan ang mga ito nang matwid sa harap ng Panginoon, at itaguyod ang mga alituntuning ito, at mapapasaatin ang mga pagpapala ng Diyos, at pagpapalain tayo ng mga matutubos balang-araw. Dalangin ko sa Diyos na bilang mga tao ay makita ng ating mga mata, marinig ng ating mga tainga, at maunawaan ng ating puso ang dakila at malaking

gawain na nakaatang sa ating mga balikat, at hinihingi sa atin ng Diyos ng kalangitan."[50]

---

**"Para sa Inyo Kami'y Nagdarasal"**

Noong Marso 1, 1897, nagtipon ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Salt Lake Tabernacle para ipagdiwang ang ika-90 kaarawan ni Pangulong Wilford Woodruff. Doo'y narinig nila ang isang bagong himno: "Para sa Inyo Kami'y Nagdarasal." Hinango ni Evan Stephens ang musika ng isang himno noon at sumulat ng mga bagong salita para magbigay-pugay sa mahal na propeta ng Simbahan:

*Para sa 'Nyo kami'y nagdarasal,*
*O propeta naming minamahal,*
*Na mabigyang ligaya at ginhawa,*
*Habang mga tao'y lumilipas,*
*Liwanag N'yo sana'y 'di kukupas.*

*Para sa 'Nyo kami'y nagdarasal,*
*Nang buong puso at pagmamahal,*
*Upang bigyang lakas sa 'Nyong gawain*
*Nang sa t'wina kami ay payuhan,*
*At tanglawan nawa aming daan.*

*Para sa 'Nyo kami'y nagdarasal,*
*At taimtim yaring pagmamahal.*
*Pakikinggan ng Diyos, aming dalangin*
*Inyong kailanga'y ibibigay,*
*Bibiyayaan N'ya habang buhay.*

Makaraan ang labingwalong buwan, noong Setyembre 2, 1898, namatay si Pangulong Wilford Woodruff, at sa huli'y nakasama ang kanyang mga kapwa Banal na nauna nang nangamatay. Sa kanyang libing, na ginanap sa Salt Lake Tabernacle, isang "diwa ng kapayapaan . . . ang bumalot sa kaganapang iyon, at nanaig sa mga tao at nagpayapa sa damdamin ng lahat." Ang loob ng Tabernacle ay "buong gandang ginayakan ng puting kurtina," na may kasamang "marami at magagandang" bulaklak at bungkos ng mga trigo. "Sa magkabilang panig ng organo ay nakasulat ang 1847 at malalaking bungkos ng palumpong at sunflower [at] dulo ng mga pine tree,"

na gumugunita sa pagpasok ng mga pioneer sa Salt Lake Valley noong Hulyo 1847. Sa itaas ay ang malaking larawan ni Pangulong Woodruff, ang pahayag na "Bagama't siya'y patay na ay nagsasalita pa" ay natatanglawan, bilang papugay sa isang propeta ng Diyos na ang mga turo at halimbawa ay patuloy na magbibigay ng inspirasyon sa mga Banal sa mga Huling Araw sa kanilang pagsisikap na tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.[52]

## *Mga Tala*

1. *Hymns*, blg. 285, teksto ni William Cowper.
2. Sa Conference Report, Abril 1937, 11.
3. *Wilford Woodruff: History of His Life and Labors As Recorded in His Daily Journals* (1964), 37.
4. *Hymns,* blg. 285.
5. "History of Wilford Woodruff (From His Own Pen)," *Millennial Star,* March 18, 1865, 167–68.
6. Tingnan sa Journal of Wilford Woodruff, panimula sa 1838, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.
7. Tingnan sa *Deseret Weekly,* Pebrero 24, 1894, 288.
8. "History of Wilford Woodruff (From His Own Pen): Chapter of Accidents," *Millennial Star,* Hunyo 10, 1865, 359–60; mula sa dokumentong isinulat ni Elder Woodruff noong 1858.
9. "History of Wilford Woodruff (From His Own Pen): Chapter of Accidents," *Millennial Star,* Hunyo 17, 1865, 374–75.
10. "History of Wilford Woodruff (From His Own Pen): Chapter of Accidents," *Millennial Star,* Hunyo 24, 1865, 392.
11. "History of Wilford Woodruff (From His Own Pen)," *Millennial Star,* Marso 25, 1865, 182.
12. Journal of Wilford Woodruff, panimula sa 1838.
13. Tingnan sa *Deseret Weekly,* Setyembre 5, 1891, 323.
14. *Millennial Star,* Marso 25, 1865, 182.
15. *Millennial Star,* Nobyembre 21, 1895, 741.
16. Journal of Wilford Woodruff, pambungad.
17. "Leaves from My Journal," *Millennial Star,* Mayo 30, 1881, 342.
18. *Millennial Star,* Mayo 30, 1881, 342.
19. "Leaves from My Journal," *Millennial Star,* Hunyo 20, 1881, 391.
20. *Millennial Star,* Hunyo 20, 1881, 391.
21. Tingnan sa Journal of Wilford Woodruff, mga buod nang 1835 at 1836.
22. *Deseret Weekly,* Nobyembre 7, 1896, 643.
23. *Deseret Weekly,* Nobyembre 7, 1896, 643.
24. *Deseret Weekly,* Nobyembre 7, 1896, 643.
25. Sa Conference Report, Oktubre 1897, 46.
26. "Leaves from My Journal," *Millennial Star,* Setyembre 26, 1881, 621.
27. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 27, 1880, 2.
28. Sa Conference Report, Abril 1898, 30.
29. Journal of Wilford Woodruff, Setyembre 6, 1856.
30. "Wilford Woodruff," *Improvement Era,* Oktubre 1898, 865.
31. Journal of Wilford Woodruff, Setyembre 7, 1874.
32. Journal of Wilford Woodruff, Setyembre 8, 1874.
33. *Wilford Woodruff: History of His Life and Labors,* 484.
34. Sinipi ni Wilford Woodruff, sa Journal of Wilford Woodruff, Hunyo 11, 1843.
35. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 2, 1876, 4.
36. Tingnan sa *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 26, 1878, 1.
37. "Address from the First Presidency," *Millennial Star,* Abril 10, 1893, 246.

38. Journal of Wilford Woodruff, Mayo 17, 1884.
39. Journal of Wilford Woodruff, Hulyo 25, 1887.
40. *Deseret Weekly,* Setyembre 4, 1897, 356.
41. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 28, 1875, 1.
42. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan, Opisyal na Pahayag 1.
43. Lorenzo Snow, sa tekstong kasama ng Doktrina at mga Tipan, Opisyal na Pahayag 1.
44. Journal of Wilford Woodruff, Marso 10, 1844.
45. Sinipi ni Wilford Woodruff, sa Journal of Wilford Woodruff, Marso 10, 1844.
46. "Discourse by President Wilford Woodruff," *Millennial Star,* Mayo 28, 1894, 338.
47. *Millennial Star,* Mayo 28, 1894, 337.
48. *Millennial Star,* Mayo 28, 1894, 337.
49. Tingnan sa Journal of Wilford Woodruff, Abril 5, 1894.
50. *Millennial Star,* Mayo 28, 1894, 338, 339, 341.
51. *Mga Himno*, blg. 17.
52. Tingnan sa "In Memoriam: President Wilford Woodruff," *Woman's Exponent*, Setyembre 15, 1898, 44–45.



*Simula noong Unang Pangitain ni Joseph Smith,*
*"ang ebanghelyo ay lumaganap sa ating panahon sa tunay na*
*kaluwalhatian, kapangyarihan, kaayusan, at liwanag nito."*

# Ang Panunumbalik ng Ebanghelyo

*Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ibinalik ng Panginoon ang Kanyang ebanghelyo sa tunay na kaluwalhatian, kapangyarihan, kaayusan, at liwanag nito.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Noong bata pa si Wilford Woodruff, kinaibigan niya at ng kanyang pamilya si Robert Mason, isang lalaking kilala sa kanyang kakaibang paniniwala sa relihiyon. Naalaala pa ni Pangulong Woodruff na:

"Naniwala siya na kailangang mayroong mga propeta, apostol, panaginip, pangitain at paghahayag sa simbahan ni Cristo, tulad nila na mga nabuhay noong mga unang panahon; at naniwala siya na hihirang ang Panginoon ng isang grupo ng mga tao at ng simbahan, sa mga huling araw, na may mga propeta, apostol at lahat ng mga kaloob, kapangyarihan, at pagpapala, na palaging taglay nito sa alinmang kapanahunan ng mundo. . . . Madalas siyang magpunta sa bahay namin noong maliit pa ako, at itinuro sa akin at sa mga kapatid kong lalaki ang mga alituntuning iyon; at naniwala ako sa kanya.

"Maraming beses [siyang] nanalangin, at nagkaroon ng mga panaginip at pangitain, at ipinakita sa kanya ng Panginoon ang maraming bagay, sa pamamagitan ng mga pangitain, na mangyayari sa mga huling araw.

"Isasalaysay ko ang isang pangitain, na ikinuwento niya sa akin. Noong huli ko siyang nakita, sabi niya: 'Nagtatrabaho ako sa bukid noon sa katanghaliang-tapat nang mabalot ako ng isang pangitain. Napunta ako sa malawak na kagubatang puno ng mga namumungang punungkahoy: Gutom na gutom ako, at mahaba ang nilakad ko sa taniman, sa paghahanap ng prutas na makakain; pero

wala akong makita sa buong taniman, at nanangis ako dahil doon at habang nakatayo ako roon at nagtataka kung bakit walang prutas, nagsimulang magbagsakan sa magkabila ko ang mga puno, hanggang sa wala na ni isang puno na natirang nakatayo sa buong taniman; at habang namamangha ako sa aking nakita, nakita ko ang mumunting usbong mula sa mga ugat ng mga punong nagbagsakan, at bumuka ang mga ito at nakita kong nagsimulang lumaki ang mga ito. Nagsimula itong sumibol, namulaklak, at namunga hanggang sa mapuno ang mga ito ng pinakamaiinam na prutas na noon ko lang namasdan, at nagalak ako sa nakita kong napakaraming bunga. Lumapit ako sa isang puno at napakarami ng napitas kong bunga, at namangha ako sa kagandahan nito, at nang titikman ko na sana ito ay natapos na ang pangitain, at nakita ko ang aking sarili sa bukiring kinaroroonan ko nang magsimula ang pangitain.

" 'Pagkatapos ay lumuhod ako sa lupa, at nagdasal sa Panginoon, at hiniling sa kanya, sa ngalan ni Jesucristo, na ipakita sa akin ang ibig sabihin ng pangitain. Sinabi sa akin ng Panginoon: "Narito ang kahulugan ng pangitain; ang malalaking puno ng kagubatan ay kumakatawan sa iyong henerasyon ngayon. Walang simbahan ni Cristo, ni walang kaharian ng Diyos sa lupa sa iyong henerasyon. Walang bunga ng Simbahan ni Cristo sa lupa. Walang taong naorden ng Diyos para mangasiwa sa alinman sa mga ordenansa ng ebanghelyo ng kaligtasan sa lupa sa panahon at henerasyong ito. Ngunit sa susunod na henerasyon, Ako na Panginoon ay itatatag ang aking kaharian at aking Simbahan sa lupa. Ang mga bunga ng kaharian at ng simbahan ni Cristo, na kasunod ng mga propeta, apostol at mga banal sa bawat dispensasyon, ay muling matatagpuan sa kanilang kaganapan sa ibabaw ng lupa. Makikita mo ang araw na iyon, at mahahawakan mo ang bunga; ngunit hindi mo ito matitikman sa buhay na ito." ' "

Pagpapatuloy pa ni Pangulong Woodruff: "Pagkatapos [niyang] ikuwento ang pangitain at pakahulugan, sinabi niya sa akin, . . . 'Hindi mo matitikman ang bungang ito sa buhay dito sa lupa; pero matitikman mo ito, at malaki ang gagampanan mong papel sa kahariang iyon.' At siya'y tumalikod at iniwan na ako. Ito ang mga huling salitang binigkas niya sa akin sa lupa. . . .

"Natanggap niya ang pangitaing ito noong bandang 1800, at ikinuwento niya ito sa akin noong 1830—sa tagsibol ding iyon nang itinatag ang Simbahang ito.

"Ang pangitaing ito, pati na ang iba pang mga turo niya sa akin, ay nakintal na mabuti sa aking isipan, at maraming beses akong nagdasal sa Panginoon na akayin ako sa pamamagitan ng kanyang Espiritu, at ihanda ako para sa kanyang Simbahan kapag narito na ito."

Nang sumapi sa Simbahan si Wilford Woodruff, sumulat siya sa kaibigan niyang si Robert Mason. "Sinabi ko . . . sa kanyang natagpuan ko na ang Simbahan ni Cristo na binanggit niya sa akin noon," paggunita niya sa bandang huli. "Sinabi ko sa kanya ang tungkol sa organisasyon nito at ang paglitaw ng Aklat ni Mormon; na ang Simbahan ay mayroong mga propeta, apostol, at lahat ng kaloob at pagpapala ay narito, at ang tunay na bunga ng kaharian at ng Simbahan ni Cristo ay makikita sa mga Banal gaya ng ipinakita sa kanya ng Panginoon sa pangitain. Natanggap niya ang sulat ko, at maraming beses itong binasa, at nahawakan ito gaya ng pagkahawak niya sa bunga o prutas sa pangitain; pero napakatanda na niya, at di nagtagal ay namatay siya. Hindi na niya nakita ang sinumang Elder para mangasiwa ng mga ordenansa ng Ebanghelyo sa kanya.

"Sa unang oportunidad ko, matapos maihayag ang doktrina ng binyag para sa mga patay, ay nagpabinyag ako para sa kanya."[1]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

---

### Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay walang hanggan at hindi nagbabago.

Maraming beses na iniunat ng Panginoon ang Kanyang kamay sa iba't ibang dispensasyon para itatag ang Kanyang kaharian sa mundo; humirang Siya ng kalalakihan—na magigiting na espiritu—na pumarito at nabuhay bilang mga mortal sa mundo sa magkakaibang panahon. Binigyang-inspirasyon Niya ang mga lalaking iyon; binigyan sila ng mga paghahayag; pinuno sila ng inspirasyon, ng liwanag, ng katotohanan, ng mga bagay ng kaharian ng Diyos.[2]

Kung makikita mo lang si amang Adan, kasama sina Seth, Moises, Aaron, Cristo, o ang mga apostol, ituturo nilang lahat ang mga alituntuning itinuro sa atin; walang kahit kaunting pagkakaiba rito. Ang ebanghelyo ay likas na walang hanggan at hindi ito nagbabago.[3]

Iisa lamang ang ebanghelyo at wala ng ibibigay pang iba sa mga anak ng tao, at hindi iyan kailanman nagbago at hindi kailanman magbabago sa panahon o sa kawalang hanggan. Iisa lang ito sa bawat panahon ng mundo; iyon pa rin ang mga ordenansa nito. Ang mga naniniwala sa ebanghelyo ay nanampalataya kay Jesus bago pa siya nagkatawang-tao, at ang pagsisisi ng mga kasalanan ay ipinangaral na noon pa mang una; nagsagawa din sila ng binyag para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan at ng pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo; at nasa kanila ang organisasyon ng simbahan na kinabibilangan ng mga inspiradong tao. . . . Ang mga bagay na ito ay kailangan sa bawat kapanahunan ng daigdig.[4]

Sa tuwing nasa lupa ang Simbahan ng Panginoon, at natatanggap ng Simbahang iyon ang Ebanghelyo ni Cristo, at natatamasa nila ang Espiritu Santo, bawat kaloob at biyayang nasa Simbahan ng Diyos ay nasa Simbahang iyon.[5]

---

## Itinayo ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan noong kanyang mortal na ministeryo, pero kaagad nag-apostasiya ang mga tao pagkatapos ng Kanyang pagkamatay at Pagkabuhay na Mag-uli.

Dinala ni Jesucristo . . . ang Ebanghelyo sa mga Judio at itinayo ang Kanyang kaharian sa kalipunan nila, at kasama rito ang lahat ng kaloob, biyaya at kapangyarihan: napagaling ang mga maysakit; naitaboy ang mga demonyo; naipamalas sa kanila ang mga kaloob. Ngunit tinanggihan Siya ng mga Judio, at sa huli ay pinatay Siya. . . . Hindi Siya tinanggap; at pagkatapos, ayon sa utos, ang Ebanghelyong ito ay napunta sa mga Gentil.[6]

Nang ibigay ang kaharian sa mga Gentil, kasama na nito ang mga apostol at propeta, ang mga kapangyarihan na magpagaling, ang mga paghahayag na mula sa Diyos, at bawat kaloob at biyaya na pinaniniwalaan ng mga Gentil, at tinatama habang nananatili



*"Dinala ni Jesucristo . . . ang Ebanghelyo sa mga Judio at itinayo ang Kanyang kaharian sa kalipunan nila."*

silang tapat: perpektong organisasyon ito nang mapunta ito sa mga Gentil, ngunit sa paglipas ng panahon ay binago nila ang mga ordenansa ng kaharian ng Diyos, at muling nauwi sa kawalan ng pananampalataya, at sa loob ng maraming siglo ay nanatiling wala sa kanila ang tunay na kaayusan ng langit. . . . Sa paglipas ng panahon ay inalis ang mga kaloob, at biyaya, at kapangyarihan ng kaharian ng Diyos, at ang kalalakihan na nangasiwa sa simbahan ng Diyos noong una ay halos ipapatay lahat; pinatay sila dahil sinikap nilang panatilihin ang kadalisayan nito, at ginawa ang lahat ng magagawa nila para maitatag ang mga alituntuning inihayag ng Diyos.[7]

Maraming siglo ang lumipas. Milyun-milyong tao ang isinilang, nanirahan sa mundo, namatay, at napunta sa daigdig ng mga espiritu, at wala ni isang kaluluwa sa kanila, ayon sa pagkakaalam natin, ang nagkaroon ng kapangyarihan na humayo sa sangkatauhan at nangasiwa sa mga ordenansa ng Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan. Walang dudang milyun-milyong mabubuting kalalakihan, na kumilos batay sa kanilang pang-unawa . . . , ang humayo noong panahon nila at nangaral ng Ebanghelyo batay sa pang-unawang

nasa kanila. Ngunit wala silang kapangyarihang mangasiwa sa isang ordenansang may bisa pa rin kahit sa kabilang-buhay. Hindi nila hawak ang banal na Priesthood.[8]

Halos walang alam ang daigdig tungkol sa katotohanan, at sa Espiritu Santo na ibinuhos para akayin ang sangkatauhan sa landas ng katotohanan. . . . Ang katotohanan na ang bawat henerasyong naitatag at nagkaroon ng mga sistema at organisasyon, at nagsasabing nakaayon sila sa plano ng kaligtasan, ngunit nagsasalungatan naman, hanggang sa makabuo sila ng maraming simbahan na magkakaiba sa mga punto ng doktrina, ay patunay na mayroong pagkakamali.[9]

---

**Matapos ang daan-daang taon ng apostasiya, ibinalik ng Panginoon ang kaganapan ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.**


Ang ebanghelyo ay lumaganap sa ating panahon sa tunay na kaluwalhatian, kapangyarihan, kaayusan, at liwanag nito, na laging nangyayari kapag may kinikilalang mga tao ang Diyos. Ang organisasyon at ebanghelyong pinag-alayan ng buhay ni Cristo, at pinagbuwisan ng dugo ng mga apostol bilang pagpapatunay, ay muling itinatag sa henerasyong ito. Paano ito dumating? Sa pamamagitan ng ministeryo ng isang banal na anghel mula sa Diyos, mula sa langit, na [nakipag-usap] sa tao, at inihayag sa kanya ang kadilimang bumabalot sa mundo. Ipinakita niya sa tao ang makapal na kadiliman na nakapalibot sa mga bansa, ang mga eksenang magaganap sa henerasyong ito, at mabilis na magkakasunod na mangyayari hanggang sa pagdating ng Mesiyas [tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:30–49]. Itinuro ng anghel kay Joseph Smith ang mga alituntunin na kailangan para sa kaligtasan ng daigdig. Binigyan siya ng Panginoon ng mga kautusan, at ibinuklod sa kanya ang priesthood, at binigyan siya ng kapangyarihang mangasiwa sa mga ordenansa ng bahay ng Panginoon. Sinabi niyang wala sa mga tao ang ebanghelyo, at walang totoong organisasyon ang kanyang kaharian sa mundo. Sinabi rin niyang tumalikod ang mga tao sa kanyang tunay na orden, binago ang mga ordenansa at sinira ang walang hanggang tipan, at nagmana ng mga kasinungalingan at mga bagay na walang pakinabang. Sinabi niyang dumating na ang

panahon na dapat nang ilatag ang pundasyon para sa pagtatayo ng Kaharian ng Diyos sa mga tao sa huling pagkakataon bilang paghahanda sa katapusan ng mundo.[10]

Ano ang ginawa ni Joseph Smith matapos matanggap [ang] priesthood at ang mga ordenansa nito? Sasabihin ko sa inyo kung ano ang ginawa niya. Ginawa niya ang hindi nagawa ng lahat ng pari at ministro ng mga relihiyong Kristiyano at ng buong mundo sa loob ng labimpitong siglo at limampung henerasyon—siya, bagama't [di-nakapag-aral] na kabataan, ang nagbigay sa mundo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa kaganapan, kalinawan, at kasimplihan nito, tulad ng pagkaturo ng May-akda nito at ng kanyang mga apostol; ibinigay niya ang simbahan ni Jesucristo at ang kaharian ng Diyos sa perpektong organisasyon nito, tulad ng paglalahad ni Pablo sa mga ito—ang ulo at mga paa, bisig at kamay, bawat miyembro ng katawan ay perpekto sa langit at lupa [tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 12:12–28]. Paano niya, na [di-nakapag-aral] na bata, nagawa ang bagay na nabigong gawin ng buong Kristiyanismo sa loob ng labimpitong siglo? Dahil inantig siya ng kapangyarihan ng Diyos, tinuruan siya ng mga lalaking nangaral mismo ng ebanghelyong iyon noong nasa lupa pa sila, at sa paggawa ng gayon ay naisakatuparan niya ang lahat ng naipropesiya nina Amang Adan, Enoc, Moises, Elias, Isaias, Jeremias at ni Jesus at ng kanyang mga apostol.

Tulad nga ng sabi ni Pablo—"Hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagka't siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya." [Tingnan sa Mga Taga Roma 1:16.] Kaya't maaari ding sabihin ng mga Banal sa mga Huling Araw—"Hindi namin ikinahihiya ang ebanghelyo ni Jesucristo." Hindi ko ikahihiyang sabihing si Joseph Smith ay propeta ng Diyos; hindi ko ikinahihiyang magpatotoo na tinawag siya ng Diyos, at inilatag niya ang pundasyon ng simbahan at kahariang ito sa lupa, dahil totoo ito, at sinumang lalaki o babae na nabigyang inspirasyon ng Espiritu Santo ay makikita at mauunawaan ang mga bagay na ito.

. . . Nabuhay siya hanggang sa matanggap niya ang bawat susi, ordenansa at batas na noon lang ibinigay sa tao sa lupa, mula kay Amang Adan hanggang sa dispensasyong ito. Nakatanggap siya ng mga kapangyarihan at susi mula sa mga kamay ni Moises para



*Natanggap ng Propetang Joseph Smith "mula sa mga kamay nina Pedro, Santiago at Juan ang pagka-apostol, at lahat ng nabibilang doon."*

sa pagtitipon ng sambahayan ni Israel sa mga huling araw; natanggap niya mula sa mga kamay ni [Elijah] ang mga susi ng pagbubuklod ng puso ng mga ama sa mga anak at ng puso ng mga anak sa mga ama; natanggap niya mula sa mga kamay nina Pedro, Santiago at Juan ang pagka-apostol, at lahat ng nabibilang doon; natanggap niya mula sa mga kamay ni Moroni ang lahat ng susi at kapangyarihang kailangan sa tungkod [ni] Jose sa mga kamay [ni] Ephraim; natanggap niya mula sa mga kamay ni Juan Bautista ang Aaronic priesthood, kasama ang lahat ng susi at kapangyarihan nito; at lahat ng iba pang mga susi at kapangyarihan na nabibilang sa dispensasyong ito, at hindi ko ikinahihiyang sabihing siya ay propeta ng Diyos.[11]

Si Joseph Smith, sa halip na mabuhay nang halos isang libong taon tulad ng nangyari kay Adan, ay nabuhay nang hanggang mga tatlumpu't walong taon lamang. Siya ang nagdala ng rekord ng tungkod [ni] Jose sa kamay [ni] Ephraim—ang kasaysayan ng mga nanirahan sa kontinenteng ito noong unang panahon. Sa kapangyarihan ng Diyos ay isinalin niya iyon, at nailathala ito sa maraming wika. Bukod dito, itinayo niya ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa ibabaw ng kinasasaligan ng

mga apostol at propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok [tingnan sa Mga Taga Efeso 2:20]. Naorden sa Priesthood ang kalalakihan at isinugo, mula sa iba't ibang uri ng kalagayan sa buhay, para ihatid ang Ebanghelyong ito sa daigdig. Sinabihan ng Diyos si Joseph Smith na tinawag siya para minsan pang pungusan ang halamanan sa huling pagkakataon bago ang pagparito ng Anak ng Tao [tingnan sa D at T 24:19]. Simula noon, libu-libong mga Elder ng Israel ang isinugo sa daigdig para mangaral ng Ebanghelyo. . . . Hayaang basahin ng bawat tao ang mga paghahayag sa Aklat ng Doktrina at mga Tipan, na ibinigay sa pamamagitan niya sa kaunting panahong inilagi niya rito sa lupa. Isa ito sa mga pinakadakilang rekord na naibigay ng sinumang tao sa sangkatauhan. Hindi lang iyan, inayos din niya ang mga endowment at marami pang ibang ginawa. Sino ang mag-aakalang sa maikling panahon ng kanyang buhay sa lupa ay makagagawa siya ng higit pa sa ginawa niya? Natanggap ko ang aking endowment sa kanyang mga kamay. Dinala niya ang mga ordenansang ito na ibinigay sa mga Banal sa mga Huling Araw. Sa katunayan, kagilagilalas at kahanga-hanga na ganoon karami ang nagawa niya.[12]

---

## May pribilehiyo tayo ngayong lumakad sa liwanag ng ibinalik na ebanghelyo.

Itinuturing kong pinagpala ng Panginoon ang sinumang tao na pinaghayagan niya ng ebanghelyo ni Jesucristo, na binigyan niya ng banal na priesthood at awtoridad na mangasiwa sa mga ordenansa ng kanyang bahay. . . . Ito ang itinuturing kong katayuan natin ngayon; may pribilehiyo tayong lumakad sa liwanag, may pribilehiyo tayong maunawaan at malaman ang katotohanan, na malaman ang paraan kung paano maligtas at madakila sa piling ng ating Ama at Diyos. Nasa katayuan tayo na kaya nating alamin ang kanyang kalooban at kagustuhan, sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod, ang mga propeta. Binigyan tayo ng Panginoon ng mga guro at inspiradong mga tao, mga taong binigyang inspirasyon ng Espiritu at ng kapangyarihan ng Diyos; ibinigay sa kanila ang katotohanan at pinagkalooban sila ng karunungan na ituro sa atin sa lahat ng oras ang landas na dapat nating tahakin. Malaking biyaya ito.[13]

Habang pinag-iisipan ko . . . ang kalagayan ng sangkatauhan, at tinitingnan ang kaibahan natin sa iba pang mga grupo ng tao, nadarama ko na talagang dapat tayong magpasalamat sa ating mapagpalang Diyos. Milyun-milyon ang pamilya ng sangkatauhan na nagtitipon sa iba't ibang bahay, sa mga katedral, simbahan at kapilya, para sumamba sa Diyos, pero may isa man lang ba sa mga kongregasyong iyon na sama-samang nagtitipon na nakauunawa sa katotohanan, maliban kung may Elder na Banal sa mga Huling Araw na tinawag na mangaral sa mga tao ng mundo? Nauunawaan ba nila sa pagtitipun-tipong iyon ang mga alituntunin ng ebanghelyong iyon, ang plano ng kaligtasang iyon, ang ebanghelyo ni Jesucristo, sa paraan na mapagkakaisa sila nito?

Ngayon, hindi mapagkakaisa ng Diyos ang mga tao sa gayon karaming uri ng pananampalataya, at sa gayon karaming doktrina, na salungat sa isa't isa, gaya ng umiiral sa daigdig, ngunit mapalad tayo; nasa atin ang mga alituntunin ng pagkakasundo at pagkakaisa, at sa pagsunod sa mga ito ay mapagkakasundo at mapagkakaisa tayo.

Dahil sa alituntuning ito kung kaya't napagpapala ang mga Banal sa mga Huling Araw, at nagiging malaya. Naliligtas tayong mabuti sa mga kaguluhan at kalituhan, mga maling doktrina, sa kadiliman, sa pagkakamali at pamahiin na nagpalabo sa ating kaisipan hanggang sa maipamalas ang liwanag sa mga anak ng tao na sila ay nasa kadiliman, dahil ito ang katayuan nating lahat; noong wala pa ang liwanag ay talagang nangangapa tayo sa dilim. Bagama't tapat tayo, at kahit na maaaring mahikayat ng pinakamabuti at pinakabanal na damdamin, kung hindi naihayag ang kaganapan ng ebanghelyo, ang daigdig ay tulad ng bulag na nangangapa sa paghanap sa dingding [tingnan sa Isaias 59:9–11]. Wala tayong mga Apostol, walang mga Propeta, walang inspiradong kalalakihan na tatayo at magsasabi sa atin kung ano ang dapat nating gawin para maligtas, at daranasin natin ang lahat ng kaguluhan, kalungkutan at kadiliman na gumagapi sa mga anak ng tao habang namumuhay sa maling mga doktrina, maling tradisyon, at huwad na mga guro. . . .

Napalaya na tayo mula sa mga bagay na ito, inalis na sa atin ang lambong ng kadiliman, at ang liwanag ng walang hanggang katotohanan ay nagsimulang sumikat sa ating isipan. . . .

Itinuturing ko itong isa sa mga pinakamalaking pagpapalang ibinigay ng Diyos sa mga anak ng tao, ang maituro sa kanila ang malinaw na katotohanan. . . .

May lalaki o babae ba na nakauunawa ng anumang bagay tungkol sa Diyos o sa kawalang hanggan kung hindi inihayag ni Joseph Smith ang kaganapan ng ebanghelyo? Kaya kong basahin ang mga bagay sa Biblia na ngayon ay pinaniniwalaan at tanggap natin, pero napalilibutan ako ng mga tradisyon ng daigdig at hindi ko maunawaan ang mga ito.

Paulit-ulit na itinuturo sa atin ngayon, ang mga simpleng alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo, ang plano ng kaligtasan—ang paraan ng pamumuhay para makalugdan ng ating Ama sa Langit. Hindi ba't pinakamalaking pagpapala ito? Kung nauunawaan lamang ng mga taong ito ang kanilang pagpapala hindi sila kailanman malulungkot. Kung nauunawaan lamang ng mga taong ito ang kanilang katayuan at tunay nilang kaugnayan sa Diyos ay tiyak na lubos silang masisiyahan, at matatanto nila na maawain ang ating Ama sa langit at pinagkalooban Niya tayo ng mga dakila at maluwalhating pagpapala.[14]

Salamat sa Diyos na nabuhay ako sa araw at panahong ito ng daigdig, ngayon na narinig ng aking mga tainga ang tinig ng ebanghelyo ni Cristo.[15]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan mo ang kabanata o habang naghahanda ka para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Rebyuhin ang kuwento sa mga pahina 1–3. Ano ang kulang sa buhay ni Robert Mason? Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa Malawakang Apostasiya at ng Panunumbalik ng ebanghelyo?
- Pag-aralan ang mga pahina 3–6, hanapin ang mga katangian ng totoong Simbahan ng Panginoon. Bakit mahalaga na palaging itatag ang Simbahan sa gayunding paraan?

- Sang-ayon kay Pangulong Woodruff, ano ang naging sanhi ng Malawakang Apostasiya? Ano ang ilang bunga ng Malawakang Apostasiya? (Tingnan sa mga pahina 4–6.) Paanong nakikita ang mga resulta nito ngayon?
- Rebyuhin ang mga pahina 6–9, hanapin ang ilan sa mga nagawa ni Propetang Joseph Smith sa Panunumbalik ng ebanghelyo. Paanong naimpluwensyahan ng mga nagawang ito ang inyong buhay?
- Basahin ang pahayag na nagsisimula sa ibaba ng pahina 7. Paano natin maipakikita na hindi natin ikinahihiya ang ibinalik na ebanghelyo ni Jesucristo?
- Pansinin ang mga salitang *kadiliman* at *liwanag* sa mga pahina 9–11. Ano ang natutuhan ninyo mula kay Pangulong Woodruff sa paggamit niya sa mga salitang ito? Ano ang maaaring wala sa buhay ninyo kung hindi ninyo tinanggap ang ibinalik na ebanghelyo?

*Kaugnay na mga Banal na Kasulatan:* Isaias 29:10–14; Amos 8:11–12; Mormon 1:13–14; D at T 128:19–21

## *Mga Tala*

1. "Leaves from My Journal," *Millennial Star,* Mayo 23, 1881, 334–35.
2. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 1, 1866, 2.
3. *The Discourses of Wilford Woodruff,* seleksiyon ni G. Homer Durham (1946), 24.
4. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 12, 1875, 1.
5. "The Faith of the Latter-day Saints," *Millennial Star,* Hulyo 25, 1892, 478.
6. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 13, 1882, 1.
7. *Deseret News,* Marso 21, 1855, 10.
8. *Deseret Weekly,* Nobyembre 14, 1891, 658.
9. *Deseret News,* Setyembre 26, 1860, 234.
10. *Deseret News,* Marso 21, 1855, 10.
11. *Deseret News: Semi-Weekly,* Nobyembre 25, 1873, 1.
12. "Discourse by President Wilford Woodruff," *Millennial Star,* Mayo 21, 1894, 324–25.
13. *Deseret News,* Disyembre 26, 1860, 338.
14. *Deseret News,* Enero 6, 1858, 350.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 28, 1875, 1.

# Joseph Smith: Propeta, Tagakita, at Tagapaghayag

*Si Joseph Smith, ang Propeta ng dispensasyong ito, ay naging tapat sa mga paghahayag na natanggap niya mula sa kaitaasan, at isinakatuparan ang pagkahirang sa kanya noon pa man at tinatakan ang kanyang patotoo ng kanyang sariling dugo.*


## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Mula pa noong bagong miyembro pa lang siya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, si Wilford Woodruff ay may patotoo na sa Propetang Joseph Smith. Sabi niya: "Naniniwala na ako noon pa na Propeta si Joseph bago ko pa man siya nakita. Wala akong duda sa kanya."[1] Noong Abril 1834, mga apat na buwan matapos siyang binyagan, naglakbay si Brother Woodruff papuntang Kirtland, Ohio, kung saan nakita niya sa unang pagkakataon ang Propetang Joseph. Ganito ang kuwento niya sa huli:

"Hindi pangkaraniwan ang unang pagkikita namin. Nakita ko siya sa bukid kasama ang kapatid niyang si Hyrum; may suot siyang lumang sumbrero, at abala sa pag-asinta sa isang bagay. Ipinakilala ako sa kanya at niyaya niya ako sa kanyang tahanan.

"Tinanggap ko ang imbitasyon at pinagmasdan ko siyang mabuti, para alamin kung ano ang maaari kong matutuhan mula sa kanya. Sinabi niya, habang nagdaraan sa kanyang bahay, na ngayon lang siya ulit nakapaglibang matapos ang matagal na panahon.

"Pagkadating namin sa kanyang bahay ay nagpunta siya sa katapit na silid at lumabas na may dalang balat ng lobo, at sinabing,



*Ganito ang sinabi ni Pangulong Woodruff tungkol sa Propetang Joseph, "Sa kanyang publiko at pribadong buhay ay taglay niya ang Espiritu ng Pinakamakapangyarihan, at makikita sa kanya ang kadakilaan ng kaluluwa na hindi ko nakita kahit kanino."*

'Brother Woodruff, gusto kong tulungan mo akong gawin itong balat,' kaya hinubad ko ang aking amerikana, nagtrabaho at tinulungan siya, at nakadama ng karangalan sa paggawa ng gayon. . . . Gusto niyang ilagay ang balat ng lobong ito sa upuan ng kanyang bagon. . . .

"Ito ang una naming pagkikita ng Propetang Joseph Smith, ang dakilang Tagakita ng huling dispensasyong ito."[2]

Sa paggunita sa karanasang ito, sinabi ni Pangulong Woodruff na hindi magugustuhan ng ilang tao na makita ang isang lider ng simbahan na sumasali sa gayong mga gawain. Ngunit ang kanyang sariling obserbasyon kay Joseph Smith, kapwa sa publiko at sa pribado, ay nagpalakas lamang sa kanyang patotoo sa misyon ng Propeta. Mula sa mga unang araw na ito sa Kirtland hanggang sa pagkamatay ng Propeta makaraan ang 10 taon, matapat na pinaglingkuran ni Wilford Woodruff si Joseph Smith, kahit na nagalisan sa Simbahan ang mga kaibigan at kasamahan. Sabi niya, "Sa kabila ng lahat ng mga nag-apostasiya, at lahat ng mga kahirapan at pagsubok na aming dinanas, . . . hindi ako natuksong magduda sa gawaing ito ni magduda na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos."[3]

Noong Marso 19, 1897, ang 90-taong gulang na si Pangulong Woodruff ay gumawa ng audio recording ng kanyang patotoo. Siya ang unang Pangulo ng Simbahan na gumawa ng gayon. Sa kanyang maikling mensahe gumugol siya ng maraming oras sa pagpapatotoo sa misyon ni Propetang Joseph, na ginugunita ang buong-buhay na katapatan sa kanyang kaibigan at pinuno:

"Pinatototohanan ko na si Joseph Smith ay totoong propeta ng Diyos, na inorden ng Diyos para ilatag ang pundasyon ng Kanyang Simbahan at kaharian sa huling dispensasyon at kaganapan ng panahon. . . . Inalay ni Propetang Joseph ang kanyang buhay para sa salita ng Diyos at patotoo kay Jesucristo, at siya'y kokoronahan bilang martir sa harap ng Diyos at ng Kordero. Sa lahat ng kanyang patotoo sa atin, ang kapangyarihan ng Diyos ay naipamalas nang husto sa Propetang Joseph."[4]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Sa publiko at sa pribadong buhay, ang Propetang Joseph Smith ay mapagkawanggawa, maawain, tapat, at totoo.

Libu-libong milya ang nilakbay ko kasama si Joseph Smith. Kilala ko na siya.[5]

Galak na galak ako sa nakita ko kay kapatid na Joseph, dahil sa publiko o pribadong buhay ay taglay niya ang Espiritu ng Pinakamakapangyarihan, at makikita sa kanya ang kadakilaan ng kaluluwa na hindi ko nakita kahit kanino.[6]

Ang kanyang kaluluwa ay napakamaawain sa kapakanan ng sangkatauhan.[7]

Babalutin ng kapatid na Joseph ang buong sangkatauhan ng mga alituntunin ng kaligtasan kung taglay lamang niya ang kapangyarihang iyon.[8]

Ang dispensasyon na iniatas na pasimulan niya ay ang pinakadakila sa lahat ng ibinigay sa tao; at kinailangan ang isang taong tulad niya para pamunuan ito—isang taong tapat sa Diyos at sa kanyang mga kapatid; isang tagakita at tagapaghayag, at may pananampalataya sa Diyos na hindi natitinag o nagdududa, kundi nagsikap sa kanyang sarili at hinikayat ang iba na sumulong sa dakilang gawaing nasa kanilang harapan.[9]

### Si Joseph Smith ay naorden noon pa para itatag ang gawain ng Diyos sa mga huling araw.

Pinamalagi si Joseph Smith sa daigdig ng mga espiritu sa loob ng libu-libong taon para isilang sa lupa sa tamang panahon, at mabigyang inspirasyon ng Diyos, madalaw Niya, at maging kwalipikado at handa para sa misyon na ipinagkatiwala sa kanyang mga kamay.[10]

Si Joseph Smith ay hinirang ng Panginoon bago pa siya isinilang tulad din ni Jeremias. Sinabi ng Panginoon kay Jeremias—"Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa." [Jeremias 1:5.] Inutusan siyang balaan ang mga naninirahan sa Jerusalem sa kanilang mga kasamaan. Mabigat na gawain iyon para sa kanya, pero sa huli'y nagbabala siya gaya ng

iniutos sa kanya. Kaya ang masasabi ko tungkol kay Joseph Smith ay natanggap niya ang pagkahirang sa kanya bago pa man itatag ang mundo, at dumating siya sa takdang panahon ng Panginoon para itatag ang gawaing ito sa mundo.[11]

---

### Ang Propetang Joseph Smith ay tinuruan ng Diyos Ama, ni Jesucristo, ng Espiritu Santo, at ng mga anghel mula sa langit.

Si Joseph Smith ay madalas tawaging mangmang, taong walang pinag-aralan. Siya'y anak ng isang magsasaka, at kakaunti lang ang pagkakataon para makapag-aral. Ano nga ba ang mayroon siya para siya ang maghayag ng kaganapan ng ebanghelyo sa daigdig? Wala naman talaga, maliban sa tinuruan siya sa pamamagitan ng mga anghel na mula sa langit, sa pamamagitan ng tinig ng Diyos at inspirasyon at kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang mga alituntuning inihayag sa daigdig sa pamamagitan niya ay totoong tulad ng trono ng Diyos. Ang impluwensya ng mga ito ay nadarama na sa mundo, at patuloy na madarama hanggang sa pagdating ng Anak ng Tao.[12]

Naantig si Joseph Smith ng Espiritu Santo, at siya'y ginabayan nito, bilang sagot sa kanyang mga dasal, sa Ama at sa Anak; at sinabi sa kanya ng Ama, "Ito ang aking pinakamamahal na Anak, pakinggan Siya." [Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.] Nakinig siyang mabuti sa mga salita ni Jesucristo, at patuloy na ginawa ang gayon hanggang sa siya, tulad ng Tagapagligtas, ay patayin.[13]

Wala pa akong nabasa kahit saan, ayon sa pagkakaalam ko, tungkol sa kapangyarihan ding iyon na ipinamalas sa mga anak ng tao sa alinmang dispensasyon, na ipinamalas sa Propeta ng Diyos sa pagtatatag ng Simbahang ito, nang magpakita kapwa ang Ama at Anak sa Propetang si Joseph bilang sagot sa kanyang panalangin. . . . Ito'y napakahalagang paghahayag, na hindi kailanman ipinamalas sa gayong paraan sa alinmang dispensasyon ng mundo, na ibinigay ng Diyos tungkol sa Kanyang gawain. Kaya sa pagtatatag nito, ang Propeta ng Diyos ay ginagabayan ng mga anghel ng langit. Sila ang kanyang mga guro, sila ang kanyang mga tagapagturo, at lahat ng ginawa niya, at lahat ng isinagawa niya mula



*Si Joseph Smith ay "ginabayan, bilang sagot sa kanyang mga panalangin, ng Ama at ng Anak."*

sa umpisa, mula sa araw na iyon hanggang sa siya ay patayin, ay ginawa sa pamamagitan ng paghahayag ni Jesucristo.[14]

Sasabihin ko mismo na hindi ako naniniwala na mayroong tao . . . na mas malapit at nakakikilala sa Diyos Ama, at sa Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo, maliban kay Propetang Joseph Ssmith. Nasa kanya ang kapangyarihan ng paghahayag mula noong araw na tawagin siya para tanggapin ang Priesthood hanggang sa sandali na siya ay patayin. Ang kapangyarihan ng inspirasyon ay nasa kanya sa bawat araw. Kitang-kita ito sa mga paghahayag na nasa Aklat ng Doktrina at mga Tipan. Sa tuwing madarama ng Panginoon na dapat siyang kagalitan, si Joseph Smith, sa pamamagitan ng kanyang sariling bibig, ay kinakagalitan niya ang kanyang sarili; at hindi siya nag-alinlangan na ibigay ang salita ng Panginoon, bagama't laban ito sa kanya. Kaisa siya ng Panginoon; kaisa siya ng Espiritu Santo; kaisa siya ng mga anghel sa langit.[15]

Masasabing ang mga propesiya, paghahayag, at utos ng Pinakamakapangyarihan, ay nakapalibot sa taong iyon, at kailangan siyang maturuan, hindi ng tao ni sa kagustuhan ng tao, kundi kailangang papuntahin niya ang mga anghel ng Diyos at

turuan siya; kailangan ang mga paghahayag ng Diyos para turuan siya, at maraming taon siyang tinuruan sa pamamagitan ng mga pangitain at paghahayag, at mga banal na anghel na isinugo ng Diyos mula sa langit para magturo at magtagubilin sa kanya at ihanda siya para itatag ang pundasyon ng simbahang ito.

. . . Mismong si Joseph ay hindi kayang unawain, maliban na siya ay nababalot ng mga pangitain ng kawalang-hanggan, ang kahalagahan ng gawain na siya mismo ang nagtatag ng pundasyon. Kapag bukas ang kanyang isipan ay nauunawaan niya, sa maraming aspeto, ang mga layon ng Diyos, at ang mga paghahayag na ito ay pumalibot sa kanya at ginabayan ng mga ito ang kanyang mga hakbang.[16]

---

## Sa kabila ng mga pagsubok at pag-uusig, ang Propetang Joseph Smith ay nanatiling tapat sa kanyang patotoo.

Nang ilahad ni Joseph sa daigdig ng mga Kristiyano ang mga alituntuning ibinigay sa kanya ng Diyos, sila'y nagalit sa kanya; kinailangan niyang labanan ang mga tradisyon na minana nila sa kanilang mga ninuno na hindi nakakikilala sa Diyos ni sa Kanyang mga paraan, mga tradisyon na naipasa sa kanila sa paglipas ng maraming taon, na kumakalaban sa mga nakapagliligtas na katotohanan ng langit.[17]

Kinalaban siya ng buong mundo—pari at mga tao. Ano ang dahilan? Simple lang, dahil si Joseph Smith ay tulad din ng iba pang mga propeta at apostol. Siya ang naghatid sa dispensasyon ng ebanghelyo ni Jesucristo, na napahalo sa mga tradisyon ng mga tao—mga tradisyon na naipasa sa bawat henerasyon.[18]

Ang kanyang buhay ay patuloy na pakikibaka at pagharap sa magkabi-kabilang pagsalungat, lalo na mula sa mga pari noong panahong iyon; ngunit nalampasan niya iyon at nagalak na mabuti sa kanyang pagsisikap hanggang sa matapos ang kanyang patotoo sa buhay na ito, matapos ang labing-apat na taong pagpupursigi para doon. Kinailangan niyang dumanas ng maraming pagsubok; ngunit hindi siya kailanman nasiraan ng loob o nawalan ng pag-asa kahit na nga kinailangan niyang makipaglaban sa mga kaaway sa loob at labas ng Simbahan. Laging nasa isip niya ang karingalan ng kanyang tungkulin, at ang kabanalan ng

gawaing ito; nagsalita siya at kumilos sa gitna ng mga tao sa lahat ng pagkakataon bilang isang tao—na propeta ng Diyos, ang tagakita at tagapaghayag ng huling dispensasyon.[19]

Bawat damdamin ng kanyang kaluluwa, bawat kaisipan niya, at bawat hakbang sa kanyang buhay, ay nagpatunay na desidido siyang sundin ang alituntunin ng katotohanan, kahit isakripisyo pa niya ang kanyang buhay.[20]


Sinabi ng Panginoon kay Joseph na siya ay susubukin para malaman kung mananatili siyang tapat sa kanyang tipan o hindi, hanggang kamatayan. Talagang sinubok siya; at kahit salungat sa kanya ang buong mundo, at sa kabila ng pagtataksil ng mga huwad na kaibigan, bagamat puno ng kaguluhan at pagkaligalig at pag-aalala ang kanyang buhay, gayunman, sa lahat ng kanyang paghihirap, ng kanyang pagkabilanggo, ng pandurumog at malupit na pakikitungong dinanas niya, siya'y nanatiling tapat sa kanyang Diyos, at tapat sa kanyang mga kaibigan.[21]

---

## Taglay ang pangitain sa magiging kapalaran ng Simbahan, inihanda ni Propetang Joseph Smith ang Labindalawang Apostol at binigyan sila ng kapangyarihang isulong ang gawain ng Panginoon.

Ang simbahan ay itinatag noong ika-6 ng Abril, 1830, na may anim na miyembro, ngunit naniwala si Joseph na ang pinasimulang kaharian, tulad ng buto ng mustasa, ay magiging malaking simbahan at kaharian sa mundo.[22]

Si Joseph Smith ay tulad nga ng sinabi niyang siya, isang propeta ng Diyos, isang tagakita at tagapaghayag. Itinatag niya ang pundasyon ng simbahan at kahariang ito, at nabuhay nang sapat upang ihatid ang mga susi ng kaharian ng mga elder ng Israel, sa labindalawang apostol. Ginugol niya ang huling taglamig ng kanyang buhay, sa loob ng mga tatlo o apat na buwan, sa piling ng korum ng labindalawa, na tinuturuan sila. Hindi iyon ilang oras lamang ng pagtuturo sa kanila ng mga ordenansa ng ebanghelyo; kundi ginugol niya ang bawat araw, bawat linggo at bawat buwan, sa pagtuturo sa kanila at sa ilang iba pa ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Diyos.[23]



*Naroon si Elder Wilford Woodruff nang ibigay ni Propetang Joseph Smith ang mga susi ng kaharian sa Korum ng Labindalawang Apostol.*

Mga ilang panahon bago siya mamatay, ang Propetang Joseph ay binigyang-inspirasyon ng Panginoon para asahan ang kanyang sariling pagpanaw. Ipinakita ito sa iba't ibang paraan; ngunit lalo na sa malaking kasabikang ipinakita niya sa pagkakaloob sa Labindalawang Apostol ng lahat ng susi at awtoridad ng Banal na Priesthood na natanggap niya. Binanggit niya kapwa nang pribado at sa publiko na nasa kanila na ang mga bagay na kinakailangan at sila ay talagang kwalipikado, at naipasa na niya sa Labindalawang Apostol ang responsibilidad sa kaharian ng Diyos.

Ako, si Wilford Woodruff, bilang huling taong nabubuhay na naroon sa okasyong iyon, ay dama kong tungkulin ko sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sa Sambahayan ni Israel, at sa buong mundo, na ibigay ang huling patotoo kong ito sa lahat ng bansa, na noong taglamig ng taong 1843–4, si Joseph Smith, ang Propeta ng Diyos, ay tinawag ang Labindalawang Apostol sa Lungsod ng Nauvoo, at namalagi sa piling namin nang maraming araw sa pagbibigay sa amin ng aming mga endowment, at pagtuturo sa amin ng mga maluwalhating alituntunin na inihayag sa kanya ng Diyos. At minsan pa nga ay tumayo siya sa aming harapan sa loob ng halos tatlong oras, na ipinapahayag sa amin ang dakila at huling dispensasyon na isinagawa ng kamay ng Diyos sa lupa sa mga huling araw na ito. Napuspos ang silid ng tila apoy na nakatutupok; ang Propeta ay nabalutan ng kapangyarihan ng Diyos, at ang kanyang mukha ay nagliwanag at naging napakalinaw, at tinapos niya ang pagsasalitang iyon, at hindi na iyon kailanman malilimutan sa panahon o sa kawalang hanggan, gamit ang sumusunod na pananalita:

“Mga kapatid, labis na nalungkot ang puso ko sa takot na baka kunin na ako na taglay ko pa ang mga susi ng kaharian ng Diyos, nang hindi ko naibubuklod ang mga ito sa uluhan ng ibang kalalakihan. Ibinuklod ng Diyos sa aking uluhan ang lahat ng susi ng kaharian ng Diyos na kailangan para sa pagtatatag at pagtatayo ng Simbahan, ng Sion, at ng kaharian ng Diyos sa lupa, at para maihanda ang mga Banal sa pagparito ng Anak ng Tao. Ngayon, mga kapatid, nagpapasalamat ako sa Diyos na nabuhay ako para makita ang araw na nagawa kong maibigay sa inyo ang inyong mga endowment, at naibuklod ko sa inyong uluhan ang lahat ng kapangyarihan ng Aaronic at Melchizedek Priesthood at pagkaapostol, kasama ang lahat ng mga susi at kapangyarihan nito, na ibinuklod sa akin ng Diyos, at ngayon isinasalin ko na sa inyong balikat ang lahat ng paggawa, pasanin at alalahaning nauukol sa Simbahan at kahariang ito ng Diyos, at inuutusan ko kayo ngayon sa pangalan ng Panginoong Jesucristo na inyong pasanin at isulong ang Simbahan at kahariang ito ng Diyos sa langit at sa lupa, at sa harap ng Diyos, ng mga anghel at ng mga tao; dahil kung hundi ay susumpain kayo.’

At ang Espiritung pumuspos sa silid nang sandaling iyon ay nagalab sa aking dibdib habang inirerekord ko ang patotoong ito.[24]

---

**Tinatakan ni Propetang Joseph Smith ng kanyang sariling dugo ang kanyang patotoo.**

Nabuhay si Joseph Smith hanggang sa maibigay niya ang kanyang huling habilin sa mundo, at nang maibuklod niya ang lahat ng susi, kapangyarihan at pagpapalang ito sa uluhan ni Brigham Young at sa kanyang mga kapatid; nang maitanim niya ang mga susing ito sa mundo upang hindi na sila matigatig pa kahit kailan; nang magawa na niya ito, at mailabas ang tala, ang aklat ng paghahayag, ang proklamasyon na kinapapalooban ng tadhana ng buong henerasyong ito—ng Judio, Gentil, Sion at Babilonia, ng lahat ng bansa ng mundo, ay tinatakan niya ng kanyang sariling dugo ang patotoong iyon sa Carthage Jail, kung saan sila ng kanyang kapatid na si Hyrum ay pinatay ng masasamang taong walang kinatatakutang Diyos.[25]

Masasabi ko na nagtaka ako noon kung bakit hinayaang mawala sa amin ang Propeta at ang kapatid niyang si Hyrum. Ngunit si Joseph Smith, sa utos ng Diyos at sa kapangyarihan at mga paghahayag ng langit, ay naorden at itinatag niya ang pundasyon ng dakilang dispensasyong ito at ng kaganapan ng panahon. Dinala siya sa daigdig at inorden para itatag ang Simbahang ito ni Cristo sa huling pagkakataon sa mundong ito, para ihanda ito sa pagparito ng Anak ng Tao. Habang iniisip ko ang kanyang pagkamatay, nakumbinsi ako na naorden siyang mamatay—upang ibuhos ang kanyang dugo bilang saksi sa dispensasyong ito.[26]

Si Joseph . . . ay totoo, tapat at magiting sa patotoo kay Jesus hanggang sa araw na siya ay mamatay.[27]

Ibinigay niya ang kanyang patotoo, nag-iwan ng tala nito sa publiko, at tinatakan ito ng kanyang dugo at inialay ang kanyang buhay, at ang patotoong iyon ay may bisa pa rin hanggang ngayon sa buong mundo, at mananatiling gayon hanggang sa katapusan ng panahon.[28]

## Mga Mungkahi para sa Pag-aaral at Pagtuturo


Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o habang naghahanda kayong magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa pahina v–x.

- Ano ang kakaiba sa pagpapakilala ni Wilford Woodruff kay Joseph Smith? (Tingnan sa mga pahina 13–15.) Ano ang itinuturo ng pangyayaring ito tungkol sa Propetang Joseph Smith?
- Buksan sa mga pahina 15–17, at rebyuhin ang bahaging tungkol sa pagkatao ni Joseph Smith. Bakit makabubuting malaman ang pagkatao ni Joseph Smith sa pribadong buhay at sa publiko? Paano naaapektuhan ng ating pribadong pag-uugali ang ating kakayahang magturo at mamuno?
- Ano ang natanim sa iyong isipan tungkol sa paraan ng pagkaalam ni Joseph Smith sa kaganapan ng ebanghelyo? (Tingnan sa mga pahina 16–19.)
- Paano tumugon si Propetang Joseph sa kahirapan? (Tingnan sa pahina 19–20.) Paano tayo makikinabang mula sa kanyang halimbawa?
- Bakit ibinigay ni Propetang Joseph Smith ang mga susi ng kaharian sa Labindalawang Apostol? (Tingnan sa mga pahina 20–23.) Bakit mahalagang malaman natin na nangyari ito?
- Rebyuhin ang mga salita ni Pangulong Woodruff tungkol sa pagkamatay ni Joseph Smith (pahina 23). Ano ang nadarama ninyo kapag iniisip ninyo ang sakripisyong ginawa nina Joseph at Hyrum?
- Ano ang nakintal sa iyong isipan nang mabasa mo ang mga salita ni Pangulong Woodruff tungkol sa Propetang Joseph Smith?
- Bakit mahalagang makatanggap ng patotoo tungkol sa Propetang Joseph Smith? Ano ang magagawa natin para mapalakas ang ating mga patotoo tungkol sa Propeta?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan: 2 Nephi 3:6–15; D at T 5:10; 135; Joseph Smith—Kasaysayan*

## *Mga Tala*


1. *Deseret News,* Enero 20, 1858, 363.
2. *Deseret News,* Enero 20, 1858, 363.
3. *The Discourses of Wilford Woodruff,* seleksyon ni G. Homer Durham (1946), 29–30.
4. *Testimonies of the Presidents of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints* (videocassette, 1986, aytem bilang 53242).
5. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 31.
6. *Deseret News,* Enero 20, 1858, 363.
7. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 36.
8. *Deseret News,* Disyembre 16, 1857, 324.
9. *Deseret Weekly,* Oktubre 26, 1889, 560.
10. "Revelation and Judgment," *Deseret Weekly,* Agosto 25, 1894, 289.
11. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 281–82.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 20, 1873, 1.
13. *Deseret Weekly,* Nobyembre 14, 1891, 658.
14. *Millennial Star,* Abril 28, 1890, 258.
15. *Deseret Weekly,* Agosto 30, 1890, 306.
16. *Deseret News: Semi-Weekly,* Nobyembre 25, 1873, 1.
17. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 31.
18. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 42–43.
19. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 31–32.
20. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 36.
21. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 33.
22. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 21, 1869, 1.
23. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 35.
24. "An Epistle to the Members of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 722.
25. *Deseret News: Semi-Weekly,* Nobyembre 25, 1873, 1.
26. *Deseret Weekly,* Nobyembre 14, 1891, 658–59.
27. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 21, 1869, 1.
28. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 2, 1876, 4.



*Bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, nagsikap na mabuti si Elder Wilford Woodruff upang makatulong sa pagtatatag ng Simbahan ni Jesucristo sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon.*

# Ang Dispensasyon ng Kaganapan ng Panahon

*Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, may banal tayong tungkulin na tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa huling dispensasyong ito.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Sa magkakaibang pagkakataon sa kasaysayan ng mundo ay itinatag ng Panginoon ang mga dispensasyon ng ebanghelyo. Sa bawat dispensasyon ay inihayag Niya ang Kanyang ebanghelyo sa pamamagitan ng isa o mas marami pang awtorisadong tagapaglingkod. Ang Propetang Joseph Smith ang instrumento ng Panginoon sa pagtatatag ng kasalukuyang dispensasyon, na binabanggit sa mga banal na kasulatan bilang "ang dispensasyon ng kaganapan ng panahon" (Mga Taga Efeso 1:10; D at T 128:20).

Noong tagsibol ng 1834, dumalo si Wilford Woodruff sa isang miting ng priesthood sa Kirtland, Ohio. Sa miting na ito ay nagsimula niyang maunawaan ang kahihinatnan ng Simbahan sa dispensasyong ito. Naikuwento niya sa huli:

"Nanawagan ang Propeta sa lahat ng maytaglay ng Pagkasaserdote na magtipon sa munting paaralang yari sa kahoy na naroon. Maliit na bahay lang ito, marahil ay mga 14 na piye- [4.2 metro] kuwadrado. Pero nagkasya rito ang lahat ng maytaglay ng Pagkasaserdote ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na noon ay nasa bayan ng Kirtland. . . . Iyon ang unang pagkakataong nakita ko si Oliver Cowdery, at narinig magsalita; unang pagkakataong nakita sina Brigham Young at Heber C. Kimball, at ang dalawang Pratt, at si Orson Hyde at marami pang iba. Wala pang mga apostol sa Simbahan noon maliban kina Joseph Smith at Oliver Cowdery. Nang magkasama-sama na kami, nanawagan ang Propeta sa mga Elder ng Israel na magpatotoo sa gawaing

ito. Yaong mga nabanggit ko ay nagsalita, at maraming iba pa na hindi ko kilala ang nagpatotoo. Nang matapos sila ay sinabi ng Propeta, 'Mga kapatid lubos akong napatibay at naturuan ng mga patotoo ninyo ngayong gabi, ngunit nais kong sabihin sa inyo sa harapan ng Panginoon, na hinggil sa kahihinatnan ng Simbahang ito, hindi nakahihigit ang nalalaman ninyo sa isang sanggol sa kandungan ng kanyang ina. Hindi ninyo nauunawaan ito.' Bahagya akong nagulat. Sabi niya 'kakaunti lang ang nakikita ninyong Pagkasaserdote ngayong gabi, subalit pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang daigdig.' "[1]

Inilaan ni Wilford Woodruff ang kanyang buhay sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, at patuloy siyang tumanggap ng tagubilin mula kay Joseph Smith, kahit nang mamatay na ang Propeta. Ikinuwento niya ang isang pangitaing natanggap niya kung saan nakausap niya si Joseph Smith: "Nakita ko siya sa pintuan ng templo sa langit. Lumapit siya sa akin at kinausap niya ako. Sinabi niya na hindi siya maaaring huminto upang makipag-usap sa akin dahil siya ay nagmamadali. Ang sumunod na nakasalubong ko ay si Tatay Smith [Joseph Smith Sr.]; hindi rin siya maaaring makipag-usap sa akin dahil siya ay nagmamadali. Nakasalubong ako ng anim pang mga kapatid na lalaki na humawak ng matataas na tungkulin sa mundo, at wala isa man sa kanila ang maaaring huminto para kausapin ako dahil sila ay nagmamadali. Manghang-mangha talaga ako. Maya-maya, nakita kong muli ang propeta at nagkaroon ako ang pagkakataong tanungin siya.

" 'Ngayon,' sabi ko, 'gusto kong malaman kung bakit po kayo nagmamadali. Lagi rin akong nagmamadali sa buong buhay ko; ngunit inasahan kong matatapos ang aking pagmamadali sa sandaling mapunta ako sa kaharian ng langit, kung mapupunta man ako roon.'

"Sabi ni Joseph: 'Sasabihin ko sa iyo, Kapatid na Woodruff. Ang bawat dispensasyon na nagkaroon ng pagkasaserdote sa mundo at napunta sa kahariang selestiyal ay may kaukulang gawaing dapat gawin upang maghanda sa pagpunta sa mundo kasama ng Tagapagligtas sa sandaling maghari Siya sa mundo. Ang bawat dispensasyon ay may sapat na panahon para magawa ito. Tayo ay wala. Tayo ang huling dispensasyon at napakaraming dapat gawin, at kailangan nating magmadali upang maisakatuparan ito.' "[2]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Hinintay ng Panginoon at ng Kanyang mga propeta ang dispensasyong ito bago pa man likhain ang daigdig.

Lahat ng mga inspiradong tao, mula pa noong panahon ng amang Adan hanggang sa panahon ni Jesus, ay nakasulyap na, kahit paano, sa dakila at huling dispensasyon ng kaganapan ng panahon, kung saan kikilos ang Panginoon para ihanda ang mundo at ang mga tao para sa pagparito ng Anak ng Tao at sa paghahari ng kabutihan.[3]

Itinuturing ko ang gawain . . . na patuloy na ginagawa mula pa noong itatag ang simbahang ito, na pagsasakatuparan ng dakilang plano ng ating Ama sa Langit,—ang planong iyon na inorden magmula pa sa pagkakatatag ng daigdig. Sa katunayan walang dispensasyon na inasam na mabuti ng lahat ng mga propeta ng Diyos at mga inspiradong tao. . . .

Si Isaias, na may pananaw ng propeta sa araw na ito, ay gumamit ng mabigat na pananalita sa pagsisikap na maipahayag ang kanyang damdamin ukol dito. Minsan ay sinabi niyang "Ikaw ay umawit, Oh langit; at magalak, Oh lupa; at kayo'y biglang magsiawit, Oh mga bundok: sapagka't inaliw ng Panginoon ang kaniyang bayan, at mahahabag sa kaniyang nagdadalamhati." Sinabi ng Sion "Pinabayaan ako ni Jehova, at nilimot ako ng Panginoon." "Malilimutan ba ng babae ang kaniyang batang pasusuhin; na siya'y hindi mahahabag sa anak ng kaniyang bahay-bata?" "Oo," sabi ng Panginoon, "ito'y makalilimot," ngunit hindi Niya malilimot ang Sion. Sabi Niya "Narito aking inanyuan ka [Sion] sa mga palad ng aking mga kamay; ang iyong mga kuta ay laging nangasa harap ko." [Tingnan sa Isaias 49:13–16.]

Ngayon ang Sion na ito ng Diyos ay nasa Kanyang harapan na bago pa man itatag ang daigdig.[4]

Hindi basta nilikha ng Panginoon ang daigdig na ito; wala siyang ginawa nang basta-basta lang. Ang mundo ay nilikha dahil sa tiyak na mga layunin; at isa sa mga layuning ito ay ang pagkatubos nito sa huli at ang pagkakatatag ng kanyang pamahalaan at kaharian dito sa mga huling araw, upang ihanda ito sa paghahari ng Panginoong Jesucristo, na Siyang may karapatang maghari.

Ang takdang panahong iyon ay dumating na, ang dispensasyong iyon ay nasa ating harapan, nabubuhay tayo sa panahong iyon.[5]

---

**Walang makapipigil sa magiging kapalaran ng Simbahan.**

Ang simbahang ito'y patuloy na nagbangon. Ito lang ang tanging tunay na simbahan sa ibabaw ng buong mundo. Ang kasaysayan nito'y noon pang bago malikha ang mundo. Patuloy itong umunlad at dumami simula noong araw na itatag ito hanggang sa kasalukuyang panahon. . . . Nilikha ito ng Kataastaasang Diyos upang manatiling nakatayo sa ibabaw ng lupa sa kapangyarihan at kaluwalhatian at sakop, tulad ng pagkakita rito ng mga propeta ng Diyos sa kanilang panahon at henerasyon. Ito ang kahariang nakita ni Daniel, at patuloy itong lalaganap hanggang sa mapuno nito ang buong mundo [tingnan sa Daniel 2:34–35, 44–45; D at T 65:2).[6]

Naniniwala tayo na ihahanda ng Simbahang ito ang daan para sa pagdating ni Cristo upang maghari, at pagkatapos ang Simbahang ito ang magiging kaharian ng Diyos, na ipinagdarasal ng lahat ng Kristiyano na mangyari; upang ang kalooban ng Diyos ay matupad sa lupa gayundin sa langit [tingnan sa Mateo 6:10].[7]

Walang kapangyarihan sa mundong ito na makasisira sa Simbahang ito. Bakit? Dahil hawak ito ng Diyos sa Kanyang mga kamay. Siya ang May-akda nito, at nangako Siya, sa pamamagitan ng bibig ng napakaraming propeta, na mananatili itong nakatayo.[8]

Nang patayin nila sina Joseph at Hyrum hindi nila napatay ang "Mormonismo," hindi nila napatay ang pananampalataya sa Diyos, hindi nila napatay ang pag-asa at ang tunay na pag-ibig ni Cristo, hindi nila naalis ang mga ordenansa ng bahay ng Diyos, ni ang kapangyarihan ng Banal na Priesthood. Ang Diyos ng kalangitan ang nag-orden sa mga bagay na ito.[9]

Ang kaharian ng Diyos ay susulong; hindi ito mabibigo o maglalaho.[10]

Nasaan ang Banal sa mga Huling Araw o ibang tao na nakakita sa kabiguan ng simbahan o kahariang ito? . . . Kahit ano pa ang ating naging kalagayan ang kahariang ito ay patuloy sa pagsulong at pag-angat hanggang sa mga oras na ito. Mabibigo o maglalaho ba ito? Hindi, kailanman. Ang Sion ng Panginoon, sa buong



*Ang simbahang ito'y patuloy na nagbangon. . . . Ito ang kahariang nakita ni Daniel, at patuloy itong lalaganap hanggang sa mapuno nito ang buong mundo.*

kagandahan, kapangyarihan at kaluwalhatian nito ay nasa mga palad ng Diyos, at laging nasa harapan Niya; itinakda ang kanyang mga utos at walang taong maaaring magbago nito.[11]

Kahit kalabanin pa tayo ng lahat ng kapangyarihan ng kadiliman, ang Panginoon ay ating Kaibigan at itataguyod Niya tayo at bibigyan tayo ng kapangyarihang itatag ang Sion at isulong ang gawaing ito hanggang sa pagparito ng Anak ng Tao. Samakatuwid, hayaang mapanatag ang inyong mga puso. . . . Dapat tayong lahat ay magkaisa sa layuning ating kinasasangkutan. Kapag ginawa natin ito ay magtatagumpay tayo.[12]

Hindi naman talaga madali para sa atin, nariyan ang digmaan at oposisyon mula sa simula hanggang sa ngayon; ngunit mapapanatag ang ating mga puso sa "Mormonismo," dahil hindi ito titigil hanggang sa dumating ang Panginoong Jesucristo sa mga ulap ng langit.[13]

Ang ginto't pilak ay maaaring maglaho; ang mga bahay at lupain ay maaaring mawala; lahat ng temporal na bagay ay lilipas; ngunit hindi kailanman ang priesthood, hindi ang kaligtasan, hindi ang kaharian ng Diyos, at ang propesiya ay palaging matutupad.[14]

**Inireserba tayo sa daigdig ng mga espiritu para itayo ang kaharian ng Diyos sa dispensasyong ito.**

Libu-libong taon tayong inireserba sa daigdig ng mga espiritu, para mabuhay sa mundo sa mga huling araw, at dalhin ang kaharian ng Diyos at itatag ito. Sa pagkaunawa sa mga bagay na ito, ano ngayon ang iniisip nating mga Banal sa mga Huling Araw? Masasabak tayo sa malaking digmaan. Si Lucifer, ang anak ng umaga, at lahat ng kanyang kampon, ay nagkakaisa laban sa atin. Kakaunti lang tayo, kung ikukumpara sa mga naninirahan sa mundo. Kakaunti lang ang mga lalaki at babae, sa alinmang panahon ng mundo, na may sapat na kakayahan para talikuran ang masama at maglingkod sa Panginoon. At itinuring tayong karapat-dapat na mapabilang sa Kanyang mga tao. Samakatuwid, panahon na para magising tayo at maging aktibo, at, dahil nasa atin ang kapangyarihan ng Diyos at ang Banal na Priesthood, dapat nating gamiting mabuti ang Priesthood na ito at kamtin ang mga biyayang nakapaloob dito.[15]

Wala pang grupo ng mga tao na tulad nito. Wala pang gawaing naging tulad nito simula nang likhain ng Diyos ang mundo. Totoo na may mga taong nangaral ng ebanghelyo; ngunit sa kaganapan ng panahon ay sinimulan ng Panginoon na itatag ang kanyang kaharian. Ito ang huling dispensasyon. Tumawag siya ng mga lalaki at babae na magsusulong ng kanyang gawain, at tulad ng madalas kong sabihin, marami sa atin ang pinamalagi sa daigdig ng mga espiritu mula noong itatag ang mundong ito hanggang sa ating kapanahunan.[16]

Ang mga paghahayag ng Diyos sa Biblia, Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan ay nangatutupad. Isinasakatuparan natin ang mga ito. At habang narito tayo manatili tayong tapat sa Diyos, ang Dakilang Elohim, ang Diyos ng mga Judio gayundin ng mga Gentil. Tayo lang ang Kanyang inaasahan. Umaasa siya sa mga Banal sa mga Huling Araw. Bakit? Dahil walang ibang taong nakatanggap ng kaganapan ng walang hanggang Ebanghelyo; walang ibang umako sa responsibilidad na itatag ang Kahariang ito. Nananalig ako at nadarama ko na hinirang tayo bago pa naitatag ang mundo, tulad ng mga sinaunang apostol, upang mabuhay sa mundo at simulan ang Kahariang ito, at kailangan

nating gawin ito, dahil kung hindi ay isusumpa tayo. Iyan ang ating katayuan sa ngayon. Nakamasid sa atin ang mga hukbo ng langit; nakamasid sa atin mismo ang Diyos at ang kanyang anak na si Jesucristo at lahat ng apostol at mga propeta na nagbuwis ng kanilang buhay ay nakamasid sa mga taong ito. Dinadalaw nila kayo, pinagmamasdan ang ginagawa ninyo, dahil alam na alam nila na nakatadhanang itatag ninyo ang Kahariang ito, upang itatag ang Sion, pabanalin ito, pabanalin ang lupa at ihanda ang daigdig para sa pagparito ng Anak ng Tao.[17]

---

**Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, may malaking gawain tayong gagawin.**

Si Joseph Smith . . . ay dumating bilang katuparan ng propesiya, isinagawa ang iniutos sa kanya, inilatag ang pundasyon ng gawain, tinanggap ang mga susi ng priesthood at pagka-apostol, at bawat kaloob at biyaya sa pag-oorganisa ng simbahan na kinakailangan upang maipagpatuloy ito. Tinawag tayo upang itayo ang pundasyong itinatag niya.[18]

Kung mabubuksan lamang ang pangitain sa ating mga isipan at matatanaw ang hinaharap at makikita ang kahariang ito at ang nakatakdang maisagawa nito, at ang kailangan nating gawin, ang digmaang dapat nating harapin, tiyak na makikita nating may malaking gawaing naghihintay sa atin.[19]

Ang ating natatanging tungkulin ay ang itayo ang Sion, at ihanda ang mga tao na tumayo sa mga banal na lugar habang ang mga paghuhukom ng Panginoon ay ibinubuhos sa masasama.[20]

Kagustuhan at kalooban ng Diyos na maunawaang mabuti ng mga Banal sa mga Huling Araw na sila ay nasa gitna ng dakila at huling dispensasyon ng Diyos sa mga tao; at na dapat nilang maunawaang mabuti ang mga responsibilidad na mapapasakanila bilang mga tauhan ng dispensasyong iyon. At hindi nila dapat kalimutan ang katotohanan na ang lahat ng pinagsama-samang kapangyarihan ng kadiliman ay hindi kailanman makahahadlang sa mga layunin ng Diyos sa gawaing sinimulan Niyang isagawa, sa ating panahon at henerasyon. Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay dapat mamuhay sa harap ng Panginoon sa paraang mauunawaan natin ang ating kinalalagyan, at ang mga tungkuling

hinihingi sa atin. Ito ay dahil humihingi ang Panginoon ng ilang bagay sa ating panahon at henerasyon, tulad din ng ginawa Niya sa Kanyang mga tao sa bawat panahon, nang ibigay Niya sa kanila ang kaganapan ng walang hanggang Ebanghelyo, at ang kapangyarihan at awtoridad ng banal na priesthood. . . .

Nais din ng Diyos na magbayad tayo ng ating ikapu at mga handog; nais Niyang sundin natin ang Word of Wisdom; nais Niyang sundin natin ang mga utos, at ituro ang mga ito sa iba. Pananagutin tayo sa lahat ng di natin nagawa na dapat nating gawin, gayundin sa ating mga ginagawa. Dapat maging isa ang ating puso at isipan, at huwag hayaang ilayo tayo sa pagmamahal ng Diyos at ng tao ng anumang bagay na temporal o espirituwal.

. . . Dapat tayong magkaisa at magmalasakit sa kapakanan ng iba. Dapat nating ituro ang mga alituntunin ng Ebanghelyo ni Jesucristo sa ating mga anak, gayundin sa daigdig, at ihanda ang ating sarili sa mga mangyayari na binanggit sa mga paghahayag na ibinigay sa atin ng Panginoon. Nasimulan na Niya ang Kanyang gawain, ang Kanyang kagila-gilalas na gawain, at kamangha-mangha, sa mga tao sa mundo, na tinukoy ni Isaias [tingnan sa Isaias 29:14]. Hindi Niya kailanman aalisin ang Kanyang kamay hanggang sa maisagawa ang Kanyang mga layunin.[21]

May malaking gawaing naghihintay sa atin, at kailangan nito ang lahat ng ating pagsisikap at lahat ng ating talino at kakayahang gawin ito. Dapat nating hingin ang Espiritu ng Diyos upang alalayan tayo; dahil kung wala ang Espiritung ito kaunti lamang ang magagawa natin.[22]

Sinasabi ko sa inyo na kapag lumingon kayo sa inyong paligid at nakita ang kalagayan ng mundo sa isang panig at ang dapat nating gawin sa isa pang panig, at ano ang dapat marating ng kaharian ng Diyos upang maisakatuparan ang tadhana nito at ang mga paghahayag ni Jesucristo, ang dapat maging pangunahin nating layunin ay itayo ang kaharian ng Diyos at paunlarin ito. . . .

. . . Dapat nating hangarin ang pagtatayo ng kaharian, at hindi lang maghangad ng biyaya para sa ating sarili, kundi hangaring maging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion, at sikaping gawin ang lahat ng magagawa nating kabutihan, at isulong ang adhikain



*Ang ating natatanging tungkulin ay ang itayo ang Sion, at ihanda ang mga tao na tumayo sa mga banal na lugar.*

at layunin ng Sion sa bawat bahagi nito kung saan tayo tinawag na maglingkod.

Sa pagpapatuloy ng adhikaing ito tayo ay uunlad, at magkakaroon lagi ng kapayapaan sa ating mga isipan at tulad nga ng sabi ng Panginoon, walang ipagkakait sa sinumang tao na naghahangad ng kabutihan at mga biyaya sa kaharian ng Diyos. . . .

. . . Maraming dakilang mangyayari sa atin, maraming dakilang pagbabago na magaganap sa mundo, at lumalago ang kaharian. Hinihikayat ko ang lahat ng Banal sa mga Huling Araw na nakakarinig sa akin sa araw na ito na pag-aralang mabuti ang katayuan ninyo ngayon. Saliksikin ang inyong mga puso at alamin kung tayo ba ay panig sa Panginoon nating Diyos, at pagkatapos ay patuloy tayong lumago sa ating pananampalataya, pag-asa, kabutihan, at sa bawat mabuting alituntuning kailangan natin upang palakasin tayo sa bawat pagsubok na maaari nating danasin upang patunayan kung tayo, bilang mga kaibigan ng Diyos, ay tutupad ba sa tipan o hindi. Susubukin tayo mula sa panahong ito hanggang sa pagdating ng Mesiyas o habang nabubuhay tayo sa mundo.[23]

Walang dapat ikatakot kung mananatili lamang tapat ang mga Banal sa mga Huling Araw sa mga tipang ginawa nila sa Diyos at mahigpit na sinusunod ang mga alituntuning sinabi Niya sa atin na dapat gumabay sa atin sa pagtatayo ng Kanyang Sion.

Subalit kung kinalimutan natin ang ating mga tipan, at lumayo at binalewala ang mga turong ibinigay Niya sa atin, kung gayon, asahan ninyo, mga Banal sa mga Huling Araw, na malalagay tayo sa panganib. Hindi mahahadlangan ang mga layunin ng Diyos; ngunit tayo'y magdurusa, at ang mga patuloy na lumilimot sa kanilang mga tipan ay di tatanggapin at pagkakaitan ng mga biyayang ipinangako sa Sion.[24]

Ang Panginoon ay nasa mga taong ito, ngunit bilang mga Banal sa mga Huling Araw, palagay ko'y hindi natin laging pinahahalagahan ang ating mga pribilehiyo. Tinawag tayo upang gawin ang isang gawain; ipinagkatiwala ng Panginoon "ang gawaing ito sa ating mga kamay, at tayo ay may responsibilidad sa langit at lupa na gamitin ang mga talino—ang liwanag at katotohanan, na ibinigay sa ating mga kamay."[25]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Rebyuhin ang mga pahina 27–28. Paano natupad ang propesiya ni Joseph Smith? Ano ang matututuhan natin sa pangitain ni Pangulong Woodruff?
- Bakit hinihintay ng mga propeta ang dispensasyong ito? Bakit mahalagang maunawaan natin na "namumuhay tayo sa gitna ng" huling dispensasyon? (Tingnan sa mga pahina 29–30.)
- Ano ang ibig sabihin ng patotoo natin na kasapi tayo sa "nag-iisang tunay na Simbahan sa buong mundo"? (pahina 30; tingnan din sa D at T 1:30). Paano natin mapagpakumbabang ibabahagi ang katotohanang ito sa iba?
- Ano ang natanim sa inyong isipan habang pinag-aaralan ninyo ang mga turo ni Pangulong Woodruff tungkol sa kahihinatnan ng Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 30–31.)

- Tingnan ang mga pahina 30–31 at hanapin ang mga bagay na maglalaho at mananatili magpakailanman. Ano ang ilang pagkakaiba ng mga bagay na maglalaho at mananatili?
- Basahin ang mga turo ni Pangulong Woodruff tungkol sa "[pagka]laan sa daigdig ng mga espiritu" upang isilang sa dispensasyong ito (mga pahina 32–33). Ano ang nadama ninyo habang pinag-iisipan ang mga pahayag na ito?
- Tingnan ang larawan sa pahina 35. Ano ang kinalaman ng larawang ito sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos? Ayon kay Pangulong Woodruff, ano ang ilan nating mga tungkulin sa pagtulong na itatag ang kaharian ng Diyos? (Tingnan sa mga pahina 33–36.)
- Basahin ang huling talata sa pahina 35–36. Ano ang mga pribilehiyo natin sa dispensasyong ito? Sa palagay ninyo, ano ang ibig sabihin ng "pinahahalagahan ang ating mga pribilehiyo"?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* D at T 6:32–34; 64:33–34; 121:26–32; 138:53–56

## *Mga Tala*


1. Sa Conference Report, Abril 1898, 57.
2. *The Discourses of Wilford Woodruff,* tinipon ni G. Homer Durham (1946), 288–89.
3. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 12, 1875, 1.
4. *Deseret News: Semi-Weekly,* Setyembre 20, 1870, 2.
5. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 174.
6. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 6, 1880, 1.
7. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 193.
8. *Deseret Weekly,* Agosto 6, 1892, 194.
9. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 31, 1882, 1.
10. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 21, 1880, 1.
11. *Deseret News,* Abril 24, 1872, 152.
12. "Discourse by President Wilford Woodruff," *Millennial Star,* Hunyo 6, 1895, 354.
13. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 110.
14. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 131.
15. *Deseret Weekly,* Hunyo 22, 1889, 824.
16. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 14, 1880, 1.
17. Sa Conference Report, Abril 1880, 84–85.
18. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 10, 1871, 2.
19. *Deseret News,* Marso 4, 1857, 411.
20. *Deseret Weekly,* Oktubre 26, 1889, 562.
21. *Salt Lake Herald Church and Farm,* Hunyo 15, 1895, 385, 386.
22. *Deseret Weekly,* Hunyo 22, 1889, 823.
23. *Deseret News,* Marso 4, 1857, 411.
24. "Epistle," *Woman's Exponent,* Abril 15, 1888, 174.
25. *Deseret News,* Disyembre 23, 1874, 741.

# Ang Kapangyarihan at Awtoridad ng Banal na Priesthood

*Ipinagkakaloob ng Diyos ang priesthood sa Kanyang mga tao para sa kanilang pagpapala at kaluwalhatian.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Noong bata pa siya, inasam ni Wilford Woodruff na makahanap ng simbahan na may tunay na awtoridad ng priesthood—na may "kapangyarihang kinikilala ng langit at ng lupa."[1] Sa mensaheng ibinigay niya noong 1889, sinabi niyang:

"Pumupunta ako sa Sunday school, noong bata pa ako. . . . Nabasa ko roon ang Bagong Tipan. Napag-aralan ko ang bawat talata at bawat kabanata. Ano ang itinuro sa akin ng Bagong Tipan? Itinuro nito sa akin ang Ebanghelyo ng buhay at kaligtasan; itinuro nito sa akin ang Ebanghelyo ng kapangyarihan sa langit at lupa. Itinuro nito sa akin ang organisasyon ng Simbahan na binubuo ng mga Propeta, Apostol, Pastor at mga Guro, na may mga katuwang at tagapamahala. Para ano? 'Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod; sa ikatitibay ng katawan ni Cristo hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo.' [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:28; Mga Taga Efeso 4:11–13.]

"Ito ang mga bagay na natutuhan ko, at nasa isip ko pa rin ang mga ito. Naniwala ako rito; subalit hindi ko kailanman narinig na itinuro ito ng sinumang pari o ministro sa mundo. Noong magbibinata na ako dumalo ako sa mga pulong ng halos lahat ng relihiyon noong panahong iyon. Minsan nakadalo ako sa isa sa mga malakihang pulong na ginaganap kung minsan sa Connecticut, kung saan nagtitipon ang mga apatnapu o limampung ministro ng



*Pinagagaling nina Pedro at Juan ang isang pilay (tingnan sa Mga Gawa 3). Hinangad ng batang si Wilford Woodruff ang "pananampalataya na ibinigay na minsan sa mga Banal" —isang relihiyong may gayunding "kapangyarihan sa harapan ng Diyos" tulad ng Simbahan ng Tagapagligtas noong kalagitnaan ng panahon.*

iba't ibang relihiyon doon. Ipinagdasal nila na magkaroon ng pagbuhos ng Espiritu tulad ng nangyari sa Pentecostes at sa marami pang ibang mabubuting bagay. Sa pulong na ito pinahihintulutan ang sinuman na magsalita. Batang-bata pa ako noon. Tumayo ako at pumunta sa pasilyo, at sinabi ko sa grupong iyon ng mga ministro: 'Mga kaibigan, Maaari bang sabihin ninyo sa akin kung bakit hindi ninyo ipinangangaral ang pananampalatayang ibinigay na minsan sa mga Banal? Sabihin nga ninyo kung bakit hindi ninyo ipinangangaral ang Ebanghelyong itinuro ni Jesucristo, at ng Kanyang mga Apostol? Bakit hindi ninyo ipinangangaral ang relihiyong nagbibigay sa inyo ng kapangyarihan sa harapan ng Diyos, ng kapangyarihang magpagaling ng maysakit, mabigyan ng paningin ang bulag, mapalakad ang mga lumpo, at kapangyarihang nagbibigay sa inyo ng Espiritu Santo at ng mga kaloob at biyayang inihayag simula pa nang likhain ang daigdig? Bakit hindi ninyo itinuturo sa mga tao ang mga alituntuning itinuro ng mga Patriarch at Propeta noon habang sila ay puno ng mga paghahayag ng

Diyos? Nasa kanila ang paglilingkod ng mga anghel; sila'y may mga panaginip at pangitain, at patuloy na paghahayag upang gabayan at patnubayan sila sa landas na dapat nilang tahakin.'

"Sabi ng namumunong elder: 'Iho, magiging napakatalino mong tao, at lubos na kapaki-pakinabang sa mundo kung hindi mo paniniwalaan ang mga kahangalang iyon. Ibinigay iyon sa mga anak ng tao sa panahon ng kadiliman sa mundo, at ibinigay ito upang bigyang-liwanag mismo ang mga anak ng tao noong panahong iyon, upang maniwala sila kay Jesucristo. Ngayon ay nabubuhay tayo sa kaningningan ng maluwalhating liwanag ng ebanghelyo, at hindi natin kailangan ang mga ito.' Sabi ko: 'Kung ganoon doon na lang ako sa panahon ng kadiliman ng mundo; doon na lang ako sa panahon kung kailan natanggap ng mga tao ang mga alituntuning ito.' "[2]



*Zera Pulsipher*

Noong Disyembre 29, 1833, sa wakas ay narinig ni Wilford Woodruff ang ebanghelyo mula sa mga awtorisadong tagapaglingkod ng Diyos. Isinalaysay niya: Sa unang pagkakataon sa buhay ko, nakakita ako ng Elder mula sa Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Siya si Zera Pulsipher. Sinabi niya sa akin na binigyang-inspirasyon siya ng Panginoon. Naggigiik siya ng butil sa kanyang kamalig nang marinig niya ang tinig ng Panginoon at sinabi sa kanyang maghanda at pumunta sa hilaga, dahil may ipagagawa sa kanya ang Panginoon doon. Pinuntahan niya si Kapatid na [Elijah] Cheney, na kanyang kapitbahay at miyembro ng Simbahan. Naglakbay sila ng animnapung milya nang naglalakad lamang . . . sa makapal na niyebe, at ang unang lugar na naisip nilang puntahan ay ang bahay namin ng kapatid ko. Pumasok sila sa bahay at kinausap ang hipag ko, at nagpakilala sila at sinabi kung ano ang pakay nila. Sinabi nila sa hipag ko na nakatanggap sila ng inspirasyon na pumunta sa hilaga, at nadama lang nila na dapat silang tumigil nang makarating sila sa bahay na iyon. Nang sabihin nila sa [hipag ko] ang kanilang mga alituntunin,

sinabi niyang pinaniniwalaan ng kanyang asawa at bayaw ang mga alituntuning iyon, at matagal na nilang ipinagdarasal ito. Nagtakda sila ng pulong sa paaralan na nasa aming bukirin.

"Gabi na akong umuwi, at sinabi sa akin ng hipag ko ang tungkol sa pagkikitang ito. Kahahakot ko pa lang ng mga troso mula sa mga baybayin ng Lake Ontario (sa pagawaan ng tabla ang trabaho ko), at inilagak ko na sa pastulan ang mga kabayo ko, hindi na ako huminto para kumain, at nagpunta na sa miting. Nadatnan kong puno ng tao ang bahay at ang bakuran. Sa unang pagkakataon sa buhay ko ay nakarinig ako ng pangaral ng Ebanghelyo na itinuro ng mga Elder ng Simbahang ito. Iyon ang hinahanap ko mula pa pagkabata ko. Inanyayahan ko ang mga lalaking ito sa aking tahanan. Hiniram ko ang 'Aklat ni Mormon, at magdamag na nagbasa. Kinaumagahan sinabi ko kay Brother Pulsipher na gusto kong magpabinyag. May patotoo ako sa aking sarili na totoo ang mga alituntuning iyon. Kami ng aking kapatid . . . ay nabinyagan—ang dalawang nauna sa bayang iyon."[3]

Bininyagan ni Elder Pulsipher si Wilford Woodruff sa isang ilog noong Disyembre 31, 1833, at kinumpirma siya nang araw ding iyon. Pagkalipas ng tatlong araw, tinanggap ni Wilford Woodruff ang Aaronic Priesthood at naorden sa katungkulan ng teacher. Ito ang simula ng habambuhay na paglilingkod sa Panginoon. Sa paggunita sa araw na iyon, sinabi niya, "Kaagad na nagsimula ang aking misyon."[4]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Isinasagawa ng Diyos ang lahat ng Kanyang gawain sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood.

Wala akong alam na ibang paksa sa Simbahan na mas mahalaga para sa mga naninirahan sa mundo at sa ating sarili kaysa sa Banal na Priesthood.[5]

Sa pamamagitan ng kapangyarihan [ng] Priesthood, ang Diyos, na ating Amang Walang Hanggan, ay nagtatag ng lahat ng daigdig, at tinubos ang lahat ng natubos na daigdig. Sa Priesthood ding iyon, pinangasiwaan ng kalalakihan sa mundo ang mga ordenansa ng Ebanghelyo ni Cristo.[6]



*Itinuro ni Pangulong Wilford Woodruff na ang priesthood ay "kapangyarihang ipinagkatiwala ng Diyos sa tao na nagpapahintulot sa tao na maging kinatawan ng Diyos."*

Ang Banal na Priesthood ang paraan na gamit ng Diyos sa pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan sa mga tao sa mundo; at ang mga sugo ng langit na dumalaw sa mundo upang makipag-usap sa tao ay mga lalaking nagtaglay at gumalang sa priesthood noong nabubuhay pa sila sa mundo, at lahat ng bagay na ginawa ng Diyos para sa kaligtasan ng tao, simula pa sa pagdating ng tao sa mundo hanggang sa pagtubos sa mundo, ay sa bisa at magiging sa bisa ng walang hanggang priesthood.[7]

Hindi kailanman nagkaroon ang Panginoon ng simbahan sa ibabaw ng mundo, simula pa nang unang itatag ito hanggang ngayon, nang hindi inoorganisa ang simbahang iyon sa pamamagitan ng paghahayag, kasama na ang mga propeta at apostol, pastor, guro, katuwang at tagapamahalang pinagkalooban ng Banal na Priesthood—ang kapangyarihang ipinagkatiwala ng Diyos sa tao. Ito ang nagpapahintulot sa tao na maging kinatawan ng Diyos; at kung wala ang Priesthood na ito walang lalaki, mula pa sa pag-iral ng mundo, na may karapatang mangasiwa sa alinman sa mga ordenansa ng kanyang banal na bahay. Ni walang karapatan ang

sinumang lalaki sa Priesthood na iyon maliban kung siya ay tawagin ng Diyos tulad ni Aaron na, sabi sa atin, ay tinawag sa pamamagitan ng paghahayag [tingnan sa Mga Hebreo 5:4]. Para saan ang Priesthood na ito? Ito ay para mapangasiwaan ang mga ordenansa ng Ebanghelyo, maging ang Ebanghelyo ng ating Ama sa Langit, ang walang hanggang Diyos, ang Elohim ng mga Judio at ang Diyos ng mga Gentil.[8]

Tanging sa kapangyarihan lamang ng Banal na Priesthood nagkakaroon ang tao ng awtoridad mula sa Diyos para isagawa ang mga ordenansa ng buhay at kaligtasan sa mga anak ng tao. Ang kapangyarihan ng Priesthood na iyon ay nasa mga Banal sa mga Huling Araw.[9]

## Ang mga maytaglay ng Priesthood ay dapat gamitin ang priesthood sa paglilingkod at pagtatayo ng kaharian ng Diyos, hindi para iangat ang kanilang sarili.

Napakalaking responsibilidad ang magtaglay ng makalangit, walang hanggan, walang katapusang priesthood na ito![4] At dapat nating panagutan ito. Ang mga Apostol, Pitumpu, High Priest, Elder, at lahat ng mga taong may bahagi sa Priesthood na ito na ibinigay sa atin, ay pananagutin dito.[10]

May gawaing nakaatang sa ating mga balikat. Mayroon din si Joseph Smith, mayroon din si Brigham Young, mayroon din ang Labindalawang Apostol, mayroon tayong lahat, at parurusahan tayo kung hindi natin ito gagawin. Malalaman natin ito kapag sumakabilang-buhay na tayo. . . . Sa pag-iisip ko maraming beses kong pinangarap na maunawaan ko nang ganap ang responsibilidad ko sa Diyos, at ang responsibilidad ng bawat lalaking maytaglay na priesthood sa henerasyong ito. Ngunit sinasabi ko sa inyo mga kapatid, sa aking palagay ang ating mga puso ay labis na nakatuon sa mga bagay ng daigdig na ito. Hindi natin pinahahalagahan, tulad ng dapat asahan sa mga kalalakihang nagtataglay ng Banal na Priesthood sa henerasyong ito, ang malaking responsibilidad sa Diyos at sa langit, gayundin sa lupa. Sa palagay ko'y napakalayo natin sa Panginoon.[11]

Kung tayo . . . , na nagtataglay ng banal na priesthood ay ginamit ang priesthood na iyon sa ibang layunin sa ilalim ng langit at

hindi upang itayo ang Kaharian ng Diyos, kung gayon ang ating gagawin ay babagsak ang ating kapangyarihan. . . . Maraming mabubuting tao ang sumubok nito—mga lalaking may priesthood, maging mga Apostol . . . upang iangat ang kanilang sarili sa awtoridad ng priesthood. At nasaan na sila ngayon? Maaari na ninyong sabihing amen sa kanilang kapangyarihan at awtoridad. . . . Pag-isipan natin ang mga bagay na ito. Sinasabi ko rin ito sa sarili ko. Sinasabi ko rin ito sa mga Apostol, Pitumpu at High Priest. Hindi ninyo magagamit ang priesthood sa iba pang layunin sa mundong ito maliban lamang sa pagtatayo ng kaharian at paggawa ng kagustuhan ng Diyos; at kung tangkain ninyong gawin ang kabaligtaran nito, aalisin sa inyo ang inyong kapangyarihan.[12]

Binasa kong mabuti ang pahayag na ibinigay kay Joseph Smith bilang sagot sa kanyang dalangin sa piitan sa Liberty [tingnan sa D at T 121:34–46]. Inisip ko ang paghahayag ng Diyos sa taong iyon, na iilang pangungusap lamang, na naglalaman ng mga alituntuning singdami ng alinmang paghahayag na ibinigay ng Diyos sa tao. Ipinaunawa niya kay Joseph na tinaglay niya ang priesthood, priesthood na ayon sa orden ng Diyos, alinsunod sa orden ni Melchizedek, ang priesthood na gamit ng Diyos nang isagawa niya ang lahat ng kanyang mga gawain sa langit at lupa, at sinumang tao na maytaglay ng priesthood na iyon ay may ganoon ding kapangyarihan. Ang priesthood na iyon ay may pakikipag-ugnayan sa kalangitan, may kapangyarihang pakilusin ang kalangitan, kapangyarihang isagawa ang gawain ng kalangitan. Sa tuwing gagampanang mabuti ng sinumang tao ang tungkuling iyon, inuutusan ng Diyos ang kanyang mga anghel na bantayan siya at ang kanyang paglilingkod ay may kapangyarihan at bisa sa daigdig na ito at sa susunod na daigdig. Ngunit kung gagamitin ng taong iyon ang priesthood sa ibang layunin at hindi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, na siyang talagang layunin nito, ang kalangitan ay lalayo, mawawala ang bisa ng priesthood, at maiiwan siyang lumalakad sa kadiliman at hindi sa liwanag, at ito ang susi ng apostasiya ng lahat ng tao sa henerasyon mang ito o sa iba pa.[13]

Taglay natin ang priesthood na ibinigay sa atin, at kung hindi natin ito gagamitin nang wasto, tayo ay parurusahan. Samakatwid, ihanda natin ang ating sarili at itayo ang kaharian. Sikapin nating

kamtin ang Espiritu Santo—at kapangyarihan ng ebanghelyo ni Jesucristo—na ipinagkatiwala sa ating mga kamay, at kung gagawin natin ito, pagpapalain ng Diyos ang ating mga pagsisikap.[14]

Tinutulungan ng Panginoon ang sinumang maytaglay ng Priesthood, siya man ay Priest, Elder, pitumpu, o Apostol, kung ginagampanan niyang mabuti ang kanyang tungkulin.

Tuwang-tuwa ako nang makita ko minsan ang ilang Deacon na ginagampanan ang kanilang tungkulin. . . . Naglibot sila sa buong lungsod at ipinagsibak nila ng kahoy ang bawat balo sa bayang iyon. Si Brother [George] Teasdale, Pangulo ng Stake, ay may tatlo o apat na salansan ng panggatong sa bakuran niya. Pag-uwi niya isang gabi natuklasan niyang nawala ito. Nagtaka siya kung ano ang nangyari, ngunit nang hanapin niya ito sa paligid nakita niyang nasibak na itong lahat sa kanyang bodega ng kahoy. Ginawang mabuti [ng mga Deacon] ang tungkulin doon.

Tayo ngayon, sa ilang aspeto, ay kakaiba ang kalagayan. Dapat tayong magtiwala sa Panginoon at gawin ang tama. Alam kong ibinigay ang Priesthood para iligtas ang mga tao at pangasiwaan ang mga ordenansa para sa mga buhay at patay. Libu-libo ang natubos sa daigdig ng mga espiritu ng kanilang mga kaanak na nabubuhay sa mundo at may hawak ng mga susi ng kaligtasan ng kanilang mga patay. Ang mga Tagapagligtas sa Bundok ng Sion ay inihanda, habang ang kaharian ay sa Panginoon, tulad ng sabi ni Obadias [tingnan sa Obadias 1:21]. Ginagawa ng mga taong ito ang gawaing ito ngayon. Kasama ninyo ang Panginoon, at ang inyong mga ninuno sa daigdig ng mga espiritu ay magagalak. Maging tapat tayo, kung gayon, habang tayo'y naririto. Pinili tayo ng Panginoon na taglayin ang Priesthood na ito. Sa . . . milyun-milyong tao sa mundo pinili ng Panginoon ang maliit na bilang ng kalalakihang ito upang taglayin ito; mag-orden, mag-organisa, bigyang-babala ang daigdig, ipangaral ang Ebanghelyo sa kanila. Umaasa ako na tatandaan ng kalalakihang nagtataglay nito ang kahalagahan nito. . . .

. . . Maging totoo at tapat tayo. Huwag nating hayaang mawala ang karapatan natin sa Priesthood, ni sa kaharian ng Diyos. Manalangin tayo nang lihim sa Panginoon at magsumamo sa Kanyang banal na pangalan. Doon nakasalalay ang ating lakas.[16]

**Kung tayo ay tapat sa ating mga tipan at responsibilidad, matatanggap natin ang mga pagpapala ng priesthood sa buhay na ito at sa buhay na darating.**

Kapag nagbibigay ang Panginoon sa mga anak ng tao ng mga kaloob na may kaugnayan sa priesthood, ang mga tumatanggap ng mga kaloob na iyon ay mananagot sa paggamit nila ng mga ito.[17]

Kapag ang isang apostol o pangulo, bishop o sinumang maytaglay ng priesthood ay tumutupad sa tungkulin, siya ay nangangasiwa sa pamamagitan ng awtoridad ng Panginoong Jesucristo. Sa ganitong paraan ay magkakabisa ang priesthood na iyon at lahat ng pagpapalang ibibigay ng Diyos sa mga anak ng tao ay magkakabisa sa buhay na ito at sa buhay na darating. Kung may pagpapalang ibinigay sa akin ang banal na priesthood, o kung nakatanggap ako ng pagpapala mula sa patriarch, ang mga kaloob at pagpapalang iyon ay magkakabisa sa kabilang daigdig. At, kung ako ay tapat sa aking mga tipan sa buhay na ito, makakamtan ko ang bawat pagpapalang ipagkakaloob sa akin, dahil ang awtoridad na ginamit upang maibigay iyon ay inorden ng Diyos. Sa pamamagitan ng awtoridad na iyon isinasagawa ng mga anak na lalaki ng Kataastaasan ang mga ordenansa ng buhay at kaligtasan sa mga anak ng tao, at ang mga pangangasiwang iyon ay magkakabisa sa mga taong iyon sa kabilang buhay gayundin sa buhay na ito. Ito ang mga totoong kayamanan; ito ang kayamanang tatagal magpakailanman, at sa pamamagitan ng mga pagpapalang ito na ipinagkaloob ng ebanghelyo, may kapangyarihan tayong matanggap muli ang mga katawang ito at mapanatili nang walang hanggan ang ating identidad. Oo, makakamtan natin ito sa bisa ng banal na priesthood.[18]

Madalas kong pag-isipan ang mga pangakong ginawa tungkol sa priesthood. Sa isang paghahayag tungkol sa paksang ito, sinabi ng Panginoon, . . . "Sinuman ang matapat sa pagtatamo ng dalawang pagkasaserdoteng ito na aking sinabi, at ang pagtupad sa kanilang mga tungkulin, ay pababanalin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng kanilang mga katawan. . . . [L]ahat ng mayroon ang aking Ama ay ibibigay sa kanya. Kaya nga, lahat yaong tumanggap ng [Priesthood], ay tumanggap ng sumpa at tipang ito ng aking Ama, na hindi niya masisira, ni matitinag."



*"Napakalaking responsibilidad ang magtaglay ng makalangit, walang hanggan, walang katapusang priesthood na ito!"*

[Tingnan sa D at T 84:33–40.] Kung minsan ay itinatanong ko ito sa aking sarili, Nauunawaan ba natin ang mga bagay na ito? Nauunawaan ba natin na kung susundin natin ang mga batas ng Priesthood tayo ay magiging mga tagapagmana ng Diyos at kasamang mga tagapagmana ni Jesucristo? Natanto ko na hindi pa nakita ng ating mga mata, hindi pa narinig ng ating mga tainga, ni hindi pa pumasok sa ating mga puso ang bagay na ito upang maunawaan ang kaluwalhatiang inilalaan para sa matatapat [tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:9].[19]

Anong uri ba ng mga tao tayo nararapat maging, tayo na tinawag na makibahagi sa dakilang gawain sa mga huling araw? Dapat tayong maging mga lalaki at babae na may pananampalataya, masigasig sa katotohanang inihayag at ibinigay sa ating mga kamay. Dapat tayong maging mga lalaki at babae na may integridad sa Diyos at sa Kanyang banal na Priesthood, tapat sa Kanya at sa isa't isa. Hindi natin dapat hayaan ang mga bahay at lupain, ginto at pilak, ni ang anumang yaman sa daigdig na ito na maging hadlang sa pagkakamit ng dakilang layuning ipinatutupad sa atin ng Diyos. Maringal ang ating layunin, dakila ang ating kahihinatnan

at hindi natin dapat biguin ang milyun-milyong nasa daigdig ng mga espiritu, na sabik na nagmamasid sa atin at nag-aalala na baka hindi natin gaanong nauunawaan. Ang mga ito ang dakila at napakalaking bagay na hinihingi sa atin ng Diyos. Hindi tayo magiging karapat-dapat sa kaligtasan, sa buhay na walang hanggan sa kaharian ng ating Diyos, kung may hahadlang sa atin sa katotohanan o sa pagmamahal dito.[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Ano ang mga impresyong naisip at nadama ng batang si Wilford Woodruff na humikayat sa kanya para saliksikin ang totoong Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 38–41.) Paano nauugnay ang mga impresyong ito sa priesthood?
- Rebyuhin ang mga pahina 41–43 at hanapin ang mga bagay na isinasagawa ng Panginoon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood. Paano nakikibahagi ang mga may taglay ng priesthood sa gawain ng Panginoon?
- Bakit mahalagang malaman kapwa ng mga lalaki at babae ang tungkol sa priesthood?
- Paano pinagpapala ng Priesthood ang inyong buhay?
- Sa pagbabasa ninyo ng mga turo ni Pangulong Woodruff tungkol sa mga responsibilidad ng maytaglay ng priesthood, ano ang mga partikular na alituntuning nakita ninyo? (Tingnan sa mga pahina 43–45.)
- Ayon kay Pangulong Woodruff, anong mga pag-uugali at kilos ang magiging dahilan para lumayo ang kalangitan sa isang maytaglay ng priesthood? Bakit imposible para sa isang tao na gamitin ang priesthood para sa sariling pakinabang? (Tingnan sa mga pahina 43–45; tingnan din sa D at T 121:34–40.) Paano dapat mamuhay ang isang maytaglay ng priesthood upang magkaroon ng "kapangyarihang isagawa ang gawain ng kalangitan"? (Tingnan sa mga pahina 43–45; Tingnan din sa D at T 121:41–46.)

- Ano ang ibig sabihin ng gampanang mabuti ang tungkulin sa priesthood? (Tingnan sa mga pahina 45.) Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa mga kapatid na gumaganap na mabuti sa kanilang mga tungkulin sa priesthood?
- Rebyuhin ang huling bahagi sa kabanata (mga pahina 46–48). Sa anong mga paraan nagbibigay ng mga pagpapala ang priesthood sa buhay na ito at sa buhay na darating?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Juan 15:16; Sa Mga Hebreo 5:4–6; Alma 13:1–20; D at T 84:17–18; 107:18–20; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5

## *Mga Tala*


1. *Deseret Weekly,* Abril 6, 1889, 450.
2. *Deseret Weekly,* Abril 6, 1889, 450.
3. *Deseret Evening News,* Marso 1, 1897, 1.
4. "The Rights of the Priesthood," *Deseret Weekly,* Marso 17, 1894, 381.
5. *Deseret Weekly,* Marso 17, 1894, 381.
6. *Deseret Weekly,* Abril 6, 1889, 450.
7. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 64.
8. *Deseret News:Semi-Weekly,* Hulyo 30, 1878, 1.
9. *Deseret Weekly,* Marso 17, 1894, 381.
10. *Deseret Weekly,* Marso 2, 1889, 294.
11. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 102.
12. Sa Conference Report, Abril 1880, 83.
13. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 67–68.
14. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 6, 1880, 1.
15. *Deseret Weekly,* Nobyembre 7, 1896, 641.
16. *Deseret Weekly,* Marso 17, 1894, 381–82.
17. *Deseret Weekly,* Marso 17, 1894, 381.
18. *Deseret News,* Pebrero 26, 1862, 273.
19. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 15, 1883, 1.
20. *Deseret News:Semi-Weekly,* Oktubre 18, 1881, 1.

# Ang Espiritu Santo at Personal na Paghahayag

*Batay sa ating katapatan ay matatanggap natin ang patnubay ng Espiritu Santo na magpapaunawa at gagabay sa ating buhay at aakay sa atin sa buhay na walang hanggan.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Noong Oktubre 1880, sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff na binisita siya kamakailan nina Pangulong Brigham Young, na namatay noong 1877, at Pangulong Heber C. Kimball, na namatay noong 1868. "Nang makarating kami sa aming pupuntahan," kuwento ni Pangulong Woodruff, "tinanong ko si Pangulong Young kung tuturuan niya kami. Sabi niya, 'Hindi, nakapagpatotoo na ako sa mundo. Hindi na ako magsasalita pa sa mga taong ito.' 'Subalit,' sabi niya, 'naparito ako para makita ka; para bantayan ka, at tingnan ang ginagawa ng mga tao.' Pagkatapos, sabi niya, 'Gusto kong turuan mo ang mga tao—at gusto kong sundin mo mismo ang payo na ito—na dapat silang gumawa at mamuhay sa paraan na mapapasakanila ang Banal na Espiritu, sapagkat kung wala ito hindi ninyo maitatayo ang kaharian. Kung walang Espiritu ng Diyos, kayo ay nanganganib na lumakad sa kadiliman, at nanganganib na di-maisakatuparan ang inyong tungkulin bilang mga apostol at elder sa simbahan at kaharian ng Diyos.' "[1]

Hindi na bago ang payo na ito kay Pangulong Woodruff. Kilala siya ng kanyang mga kapatid bilang "isang taong sensitibo sa mga pahiwatig ng Espiritu ng Panginoon, isang taong ginagabayan ng inspirasyon sa pagsasagawa ng kanyang tungkulin, nang higit pa sa anumang kaloob na karunungan o kahusayan sa pagpapasiya na taglay niya mismo."[2] Madalas niyang ikuwento ang isang karanasan ng pagpapahiwatig ng Espiritu. Nangyari ito noong silang

pamilya ay naglakbay sa silangang bahagi ng Estados Unidos, kung saan tinawag siyang magmisyon. Sabi niya:

"Pinatakbo ko ang aking karwahe isang gabi sa bakuran ni Brother Williams [isang miyembro sa Simbahan natin doon]. Si Brother Orson Hyde [ng Korum ng Labindalawang Apostol] ay nagpapatakbo ng bagon sa aking tabi. Nakasakay ang aking asawa at mga anak sa karwahe. Pagkatapos kong pakainin ang aking mga kabayo at makapaghapunan ako, nahiga na ako sa karwahe. Ilang minuto pa lang akong nakahiga roon nang sabihin sa akin ng Espiritu, 'Bumangon ka at ilipat mo ang karwaheng iyan.' Sinabi ko sa asawa ko na kailangan kong bumangon at ilipat ang karwahe. Sabi niya, 'Bakit pa?' Sabi ko, 'Hindi ko alam.' Iyon lamang ang itinatanong niya sa akin sa ganoong mga pangyayari; kapag sinasabi ko sa kanyang hindi ko alam, sapat na iyon. Bumangon ako at inilipat ang aking karwahe. . . . Lumingun-lingon ako sa paligid at nahiga na. At muli sinabi ng Espiritu, 'Puntahan mo at alisin ang iyong mga hayop sa puno ng *oak* na iyan.' . . . Pumunta ako at inalis ang aking mga kabayo at inilagay ang mga ito sa maliit na puno ng *hickory.* Muli akong nahiga.

"Pagkalipas ng tatlumpung minuto isang ipuipo ang dumaan at iniangat ang punong iyon ng oak nang dalawang talampakan ang taas mula sa lupa. Winasak nito ang tatlo o apat na bakod at eksaktong bumagsak sa bakurang iyon, malapit sa bagon ni Brother Orson Hyde, at sa mismong lugar na unang kinalagyan ng aking karwahe. Ano kaya ang nangyari kung hindi ako nakinig sa Espiritung iyon? Aba, siguradong namatay ako, ang aking asawa at mga anak. Iyan ang marahan at banayad na tinig sa akin—hindi lindol, hindi kulog, hindi kidlat; kundi ang marahan, at banayad na tinig ng Espiritu ng Diyos. Iniligtas nito ang buhay ko. Ito'y diwa ng paghahayag sa akin." [3]

Binigyang-diin ni Pangulong Woodruff na kinakailangang magabayan ng Espiritu Santo ang lahat ng miyembro ng Simbahan—sa paghahangad ng personal na paghahayag. Sinabi niya, "Hindi nagtatagal ang Simbahan ng Diyos nang dalawampu't apat na oras nang walang paghahayag."[4]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu na sumasaksi sa Diyos Ama, kay Jesucristo, at sa katotohanan ng ebanghelyo.

Ang Espiritu Santo ay isa sa mga personahe sa Panguluhang Diyos. May tabernakulo [katawang may laman at buto] ang Diyos Ama at Diyos Anak, at nilikha mismo ng Diyos ang tao sa Kanyang wangis; subalit ang Espiritu Santo ay isang personaheng Espiritu, na sumasaksi sa Ama at Anak sa mga anak ng tao [tingnan sa D at T 130:22].[5]

Ano ang pinakadakilang patotoo na matatamo ng sinumang lalaki o babae maliban sa ito ay gawain ng Diyos? Sasabihin ko sa inyo ang pinakadakilang patotoong nakamtan ko, ang pinakatiyak na patotoo, iyon ay ang patotoo ng Espiritu Santo, ang patotoo ng Ama at Anak.[6]

Maaaring madaya ang ating mga mata at tainga ng katusuhan at panloloko ng tao; subalit hindi kailanman dinadaya ng Espiritu Santo ang sinuman.[7]

Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na may espiritu sa tao at ang inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos ay nagbibigay ng pag-unawa [tingnan sa Job 32:8]. Dahil sa alituntuning ito kaya nalaman natin ang katotohanan at ang kapangyarihan ng ebanghelyo na natanggap natin. Ang mga alituntunin ng buhay na walang hanggan ay ipinakita sa atin sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu Santo, sapagkat nananahan sa atin ang Espiritu, naiimpluwensyahan nito ang ating isipan, at kung susundin natin ang mga turong iyon, nang may tamang damdamin, mauunawaan nating mabuti ang mga bagay na ito.[8]

### Ang bawat matapat na Banal sa mga Huling Araw ay makatatanggap ng kaloob na Espiritu Santo, na siyang pinakadakilang kaloob na matatanggap ninuman sa buhay na ito.

Ang bawat taong nagsisisi ng kanyang mga kasalanan, nabinyagan para sa kapatawaran nito, alinsunod sa orden ng Diyos, at



*Ang kaloob na Espiritu Santo ay maibibigay "sa bawat matapat na lalaki at babae at sa bawat bata na nasa hustong edad na para tumanggap ng ebanghelyo ni Cristo."*

kawangis ni Jesucristo, na inilubog sa tubig na wangis ng kanyang kamatayan, at babangon na wangis ng kanyang pagkabuhay na muli, ay may karapatan sa Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay ipinangako, at pag-aari niya; karapatan ng lahat ng tao na matamasa ito, at kung natanggap nila ang Espiritu Santo at [Kanyang] mga kaloob, sila'y magkakaroon ng inspirasyon, liwanag at katotohanan; makakikita sila, makaririnig, at makauunawa.[9]

Ngayon, kung nasa inyo ang Espiritu Santo—at dapat mapasainyong lahat ito—masasabi kong wala nang hihigit pang kaloob, wala nang hihigit pang biyaya, wala nang hihigit pang patotoo na ibinigay sa sinumang tao sa mundo. Maaaring mapasainyo ang paglilingkod ng mga anghel; makakita ng maraming himala; makakita ng maraming kababalaghan sa lupa; pero masasabi ko na ang kaloob na Espiritu Santo ang pinakadakilang kaloob na maibibigay sa tao. Dahil sa kapangyarihan nito kung kaya naisagawa natin ang bagay

na nasa atin. Ito ang tumutulong sa atin sa lahat ng pag-uusig, pagsubok at paghihirap na dumarating sa atin.[10]

Ang bawat lalaki o babae na pumasok sa simbahan ng Diyos at nabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan ay may karapatan sa paghahayag, karapatan sa Espiritu ng Diyos, na tutulong sa kanilang mga gawain, sa pangangalaga at pagpapayo sa kanilang mga anak at sa mga taong inatas na pamunuan nila. Ang Espiritu Santo ay hindi lamang para sa kalalakihan, o sa mga apostol o mga propeta; ito'y para sa bawat matapat na lalaki at babae, at sa bawat bata na nasa hustong edad para tumanggap ng ebanghelyo ni Cristo.[11]

---

**Dapat nating sanayin ang ating sarili sa marahan, at banayad na tinig ng Espiritu Santo—ang tinig ng paghahayag.**

May itinalagang pamamaraan . . . kung saan natatanggap ang paghahayag mula sa Panginoon para sa pamamahala ng kanyang simbahan. Iisang tao lamang sa mundo, sa isang panahon, ang maytaglay ng kapangyarihang ito. Subalit bawat miyembro ay may pagkakataong tumanggap ng paghahayag mula sa Panginoon na papatnubay sa kanyang sariling mga gawain, at magpapatotoo sa kanya ukol sa kawastuhan ng mga turo at pagkilos ng tao.[12]

Ano ang paghahayag? Ito'y inspirasyong bigay ng Espiritu Santo sa tao. Sinabi ni Joseph Smith kay Brother John Taylor noon: "Brother Taylor, pansinin mo ang ipinahihiwatig ng Espiritu ng Diyos; pansinin mo ang mga bulong ng Espiritu sa iyo; gawin mo ito sa iyong buhay, at [ito] ay magiging alituntunin ng paghahayag sa iyo, at malalaman at mauunawaan mo ang Espiritu at kapangyarihang ito." Ito ang susi, ang batong pundasyon ng lahat ng paghahayag. . . . Sa sarili kong karanasan, sinikap kong makilala ang Espiritung ito, at matutuhan ang pagkilos nito.[13]

Ilan na sa inyo ang nakatanggap ng paghahayag? Ilan na sa inyo ang nabulungan ng Espiritu Santo—ang marahan at banayad na tinig? . . . Marami na akong patotoo mula nang maugnay ako sa Simbahan at kahariang ito. Maraming beses na akong nabiyayaan ng ilang kaloob at biyaya, paghahayag at pagmiministeryo; subalit sa pagkakaroon nito ay hindi ako kailanman nakakita ng anumang

bagay na higit kong maaasahan maliban sa marahan at banayad na tinig ng Espiritu Santo.[14]

Ang tao ay mahilig tumingin o umasa sa malalaki at kagila-gilalas na mga bagay kaya kadalasan inaakala nila itong Espiritu ng Diyos at inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos. Wala sa kulog o hangin ang hinahanap nating Espiritu ng Diyos kundi sa marahan at banayad na tinig [tingnan sa I Mga Hari 19:11–12].[15]

---

**Sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo, tumatanggap tayo ng mga biyaya na gagabay sa ating buhay ngayon at maghahanda sa atin sa buhay na walang hanggan.**

Mapalilibutan ninyo ang sinumang lalaki o babae ng lahat ng kayamanan at kaluwalhatian na maiisip ng tao, ngunit masisiyahan ba naman sila? Hindi. Mayroon pa ring kulang sa buhay nila. Sa kabilang dako, kung may isang pulubi sa kalsada, at nasa kanya ang Espiritu Santo, at puspos ang isipan ng Espiritu at kapangyarihan, iyon ang taong may kapayapaan sa isipan, na nagtataglay ng totoong mga kayamanan, at ng mga kasiyahang hindi makukuha ng sinuman sa iba pang paraan.[16]

Kapag tinatamasa natin ang Banal na Espiritu, kapag sinisikap nating ipamuhay ang ating relihiyon dito sa lupa, tayo ang pinakamaligayang tao sa mundo, anuman ang ating kalagayan. Wala akong pakialam kung tayo man ay mayaman o mahirap, masaya o namimighati, kung ipinamumuhay ng tao ang kanyang relihiyon at tinatamasa ang pagpapala at Espiritu ng Diyos, balewala sa kanya ang mga nangyayari sa mundo. Maaaring magkaroon ng lindol, digmaan, sunog o alitan sa lupain, subalit nadarama niyang ayos lang ito sa kanya. Ganito ang nadarama ko.[17]

Bawat tao na tumatanggap ng Espiritung iyon ay may mang-aaliw na kasama—isang lider na magbibigay ng tagubilin at gagabay sa kanya. Ipinahahayag ng Espiritung ito, araw-araw, sa bawat tao na nananampalataya, ang mga bagay para sa kanyang kapakanan. . . . Ang inspirasyong ito ng Diyos sa kanyang mga anak sa bawat kapanahunan ng mundo ang isa sa mahahalagang kaloob para tulungan ang tao at makapamuhay sa pananampalataya, at humayo at sundin ang lahat ng tagubilin at utos at paghahayag na

ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak para gabayan at patnubayan sila habambuhay.[18]

Dapat matamo ng bawat tao ang Espiritu ng Diyos, at sundin ang mga tagubilin nito. Ito ay paghahayag. Mahalaga ang sinasabi ng Espiritu na gagawin ninyo; hindi kayo nito kailanman sasabihang gumawa ng masama.[19]

Napalilibutan tayo ng . . . masasamang espiritu na kumakalaban sa Diyos at sa lahat ng nangangasiwa sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos; at kailangan natin ang Banal na Espiritung ito para mapaglabanan ang mga impluwensyang iyon. . . .

. . . Ang Espiritung ito ang dapat mapasaatin upang maisakatupuran ang mga layunin ng Diyos sa mundo. Mas kailangan natin ito kaysa sa ibang kaloob. . . . Napapagitnaan tayo ng mga kaaway, ng kadiliman at tukso, at kailangan nating magabayan ng Espiritu ng Diyos. Dapat tayong manalangin sa Panginoon hanggang sa mapasaatin ang Mang-aaliw. Ito ang pangako sa atin nang tayo'y binyagan. Ito'y espiritu ng liwanag, ng katotohanan, at ng paghahayag at mapapasa ating lahat nang sabay-sabay.[20]

Makikita ninyo na kapag hinangad nating gawin ang ibang bagay sa halip na gawin ang mga tagubilin ng Banal na Espiritu ay mapupunta tayo sa kadiliman at kaguluhan, at walang direksyon ang ating buhay. Sa araw-araw na nabubuhay tayo kailangan natin ang kapangyarihan ng Panginoon—ang kapangyarihan ng kanyang Banal na Espiritu at ang lakas ng priesthood ay mapasaatin nawa upang malaman natin ang dapat nating gawin. At kung namuhay tayo nang matwid sa harapan ng Panginoon, ipahahayag sa atin ng Espiritu sa araw-araw ang ating mga tungkulin. Hindi mahalaga sa akin kung ano ang ginagawa natin, dapat muna nating alamin ang kalooban ng Panginoon at gawin ito pagkatapos, at nang sa gayon magawa nating mabuti ang ating gawain at maging karapat-dapat ito sa harapan ng Panginoon.[21]

Sa buong buhay ko at gawain, kapag sinasabihan ako ng Espiritu ng Panginoon na gawin ang anumang bagay, palagi kong nakikitang mabuti itong gawin. Ako'y napangalagaan ng kapangyarihang iyon. . . . Kamtin ninyo ang diwa ng paghahayag. At kapag nakamit



*Ang karapat-dapat na mga Banal sa mga Huling Araw ay makatatanggap ng Espiritu Santo "na tutulong sa kanilang mga gawain, sa pangangalaga at pagpapayo sa kanilang mga anak at sa mga taong iniatas na pamunuan nila."*

ninyo ito, ligtas na kayo, at gagawin ninyo nang husto ang nais ng Panginoon na gawin ninyo.[22]

Ang isiping makasusunod tayo at mapababanal ng ebanghelyo, at makapaghahanda para magmana ng buhay na walang hanggan, ay isa sa mga pinakamaluwalhating alituntunin na inihayag sa tao. . . . Umaasa tayo sa isang bagay na hindi nalalaman ng mundo, at hindi nila ito maiisip. Maliban sa sila'y ipanganak sa Espiritu ng Diyos, hindi nila kailanman makikita ang kaharian ng Diyos, at hindi sila makapapasok dito maliban sa sila'y ipanganak sa tubig at sa Espiritu [tingnan sa Juan 3:5]. Dahil dito, hindi sila makababahagi sa nakalulugod na pag-asa na tinataglay natin. Ang kanilang mga mata, tainga at puso ay hindi bukas para makita at marinig at madama ang kapangyarihan ng ebanghelyo ni Cristo. [23]

May pribilehiyo tayong sundin ang mga tagubilin ng Espiritu ng Panginoon, at mapasaatin ito para gabayan tayo at samahan. Sa pamamagitan ng paggawa nito ang mga biyaya ng kalangitan ay mapapasaatin kaagad kung handa tayong tanggapin ang mga ito.[24]

**Ang pagsama tuwina ng Espiritu ay nangangailangan ng palagiang paggawa at katapatan natin.**

Umaasa ako . . . na maisasagawa nating mga tao ang ating tungkulin, maipamumuhay ang ating relihiyon, mapananatili ang pananampalataya, mamumuhay nang matwid sa harapan ng Panginoon upang makasama natin sa tuwina ang Espiritu Santo na gagabay sa atin sa mga araw na darating. Ito ang aking dalangin at hangarin.[25]

Alam kong kailangan ang patuloy na pagsisikap, paggawa at katapatan sa harapan ng Panginoon para laging mapasaatin ang Banal na Espiritu, at mamuhay sa paraang makakamtan natin ang mga biyayang ito.[26]

Wala tayong ibang dapat sikaping makamit habang nasa mundong ito maliban sa Espiritu ng Diyos, ang Espiritu Santo, ang Mang-aaliw, na karapatan nating matanggap dahil sa pagsunod sa mga hinihingi ng Ebanghelyo.[27]

Ang magandang pangako na kaakibat ng pangangaral ng Ebanghelyo, tulad ng inihayag ng langit sa ating panahon, ay ang ipagkakaloob ang Espiritu Santo sa mga tunay na nagsisi at sumusunod sa mga banal na ordenansa nito. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, naipaaalam ang mga bagay ng nakaraan, kasalukuyan at darating at naipaaalam ang isipan at kalooban ng Ama. Sa paraang ito naihahayag ng Makapangyarihang Diyos ang Kanyang mga layunin sa mga sumusunod sa Kanyang mga kautusan na namuhay ng dalisay at karapat-dapat sa Kanya, nang sa gayon maging handa sila sa lahat ng mangyayari at pagsubok na daraanan nila.

Kung mayroon mang mga miyembro ng Simbahan na hindi nalamang totoo ito sa pamamagitan ng sarili nilang karanasan, siguradong hindi nila ipinamumuhay ang kanilang mga pribilehiyo. Ang lahat ng Banal ay dapat na malapit sa Espiritu Santo, at, sa pamamagitan nito, ay mapalapit sa Ama, dahil kung hindi malamang na madaig sila ng masama at maligaw ng landas.

Samakatwid, sinasabi namin sa mga Banal sa mga Huling Araw: Ang Espiritu Santo ay hindi mananahan sa maruming tabernakulo. Kung nais ninyong matamasa ang buong kapangyarihan at mga kaloob ng inyong relihiyon, dapat kayong maging

dalisay. Kung nakokonsensya kayo sa mga kahinaan, kalokohan, at mga kasalanan ninyo, kailangang pagsisihan ninyo ang mga ito; dapat ninyo itong lubos na iwaksi. Wala ng iba pang paraan na malulugod sa atin ang Diyos. "Tao ng Kabanalan" ang Kanyang pangalan [tingnan sa Moises 6:57], at nalulugod Siya sa mga pagsisikap ng Kanyang mga anak na maging dalisay.[28]

Kung wala tayong paghahayag, ito ay dahil sa hindi tayo namumuhay nang karapat-dapat, hindi natin tinutupad ang ating [mga tungkulin sa] priesthood, na tulad ng nararapat. Kung namuhay tayo sa wastong paraan hindi tayo mawawalan ng paghahayag, lahat ay makagagawa nang mabuti.[29]

Iwaksi natin ang masasamang ugali, lahat ng mga gawi na hahadlang sa ugnayan natin sa Diyos. . . . Kung ang maliliit na bagay na ito ay magiging hadlang sa ating kaligayahan at magpapababa ng ating pagkatao sa harap ng Panginoon, dapat natin itong iwaksi at ipakita ang determinasyon na gawin ang kalooban ng ating Ama sa Langit, at isakatuparan ang ipinagagagawa sa atin. . . . Kapag nakagagawa ako ng anumang bagay na nagiging hadlang sa pagtamasa ko ng Espiritu ng Panginoon, sa sandaling mapagtanto ko ito ay kaagad ko itong iwinawaksi.[30]

Sinisikap nating sumunod sa selestiyal na batas ng Diyos; ipinangangaral natin ang ebanghelyo ni Jesucristo at masigasig na isinasagawa ang mga alituntunin nito. Ang tanong ngayon ay, makikinabang ba tayo sa paggawa nito? Makikinabang ba tayo sa pagiging matapat? Makikinabang ba tayo sa pagtatagumpay natin sa anumang pagsubok o paghihirap, o pag-uusig, o maging kamatayan mismo, para sa kaharian ng Diyos, para sa kaligtasan at buhay na walang hanggan, na siyang pinakadakilang kaloob na maibibigay ng Diyos sa mga anak ng tao? Sinasabi kong oo, at umaasa ako na ang mga Banal sa mga Huling Araw, na lahat ng kalalakihang may awtoridad—ay magiging tapat lahat sa harapan ng Panginoon. Maalala nawa natin ang ating mga panalangin, sikaping masapasaatin ang Banal na Espiritu, sikaping alamin ang isipan at kalooban ng Diyos, nang sa gayon malaman natin ang landas na ating tatahakin, upang matamo natin ang Espiritu ng Panginoon at ang Espiritu Santo, at madaig ang daigdig at magawa ang ating tungkulin hanggang sa matapos ang ating buhay dito sa lupa.[31]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo


Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Ano ang natutuhan ninyo sa mga kuwento sa mga pahina 50–51?
- Sa pag-aaral ninyo sa kabanatang ito, ano ang natutuhan ninyo tungkol sa Espiritu Santo at sa Kanyang mga tungkulin?
- Rebyuhin ang buong huling talata sa pahina 53. Bakit maaari nating ituring ang kaloob na Espiritu Santo bilang "pinakadakilang kaloob" na matatanggap natin sa mortalidad? Rebyuhin ang huling talata sa kabanata, sa mga pahina 59. Paano tayo inihahanda ng kaloob na Espiritu Santo sa buhay na walang hanggan, na siyang "pinakadakila sa lahat ng kaloob"?
- Paano makatutulong sa atin ang mga turo ni Pangulong Woodruff sa pagkilala sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo? (Tingnan sa mga pahina 51, 54–55; tingnan din sa D at T 6:15, 22–23; 11:12–14.) Bakit mahalagang tandaan na karaniwang nakikipag-usap ang Espiritu Santo sa "marahan at banayad na tinig"?
- Basahin ang ikalawang talata sa pahina 55. Ano ang ilan sa mga "tunay na kayamanan" na tinatanggap natin kapag nasa atin ang Espiritu Santo? (Tingnan sa mga pahina 55–57.)
- Mag-isip ng isang karanasan kung saan nagabayan kayo ng Espiritu Santo. Sa paanong paraan kayo nabiyayaan ng pagsama ng Espiritu Santo?
- Rebyuhin ang huling bahagi ng kabanata (mga pahina 58–59). Bakit kailangan nating palagiang gumawa upang mapasaatin tuwina ang Espiritu Santo? Ano ang maaaring humadlang sa atin sa pagdama sa impluwensya ng Espiritu Santo? Ano ang makatutulong sa atin para madama ang impluwensya ng Espiritu Santo?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Juan 14:26; 15:26; 16:13; I Mga Taga Corinto 2:9–14; 1 Nephi 10:17–19; 2 Nephi 32:1–5; Moroni 10:5; D at T 8:2–3; 14:7

## *Mga Tala*

1. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 290; tingnan din sa pahina 289.
2. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon (1939), 171.
3. Deseret Weekly, September 5, 1891, 323.
4. *The Discourses of Wilford Woodruff*, 61
5. *Deseret Weekly,* September 21, 1889, 393.
6. *Deseret News: Semi-Weekly*, Setyembre 7, 1880, 1.
7. *Deseret News: Semi-Weekly*, Hulyo 30, 1878, 1.
8. *Deseret News*, Hunyo 26, 1861, 130.
9. *Deseret News: Semi-Weekly*, Mayo 2, 1876, 4.
10. *Deseret Weekly,* April 6, 1889, 451.
11. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 53.
12. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 54.
13. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 45–46.
14. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 45.
15. Journal of Wilford Woodruff, Enero 20, 1872, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.
16. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 5.
17. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 20, 1875, 1.
18. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 7–8.
19. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 293–94.
20. *Deseret Weekly,* November 7, 1896, 643.
21. *Deseret News,* Marso 4, 1857, 411.
22. Sa Conference Report, Abril 1898, 31.
23. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 4, 1873, 3.
24. *Deseret News,* Disyembre 26, 1860, 338.
25. *Deseret Weekly,* March 6, 1897, 371.
26. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 20, 1875, 1.
27. *Contributor,* August 1895, 637.
28. "Epistle," *Woman's Exponent,* Abril 15, 1888, 174; mula sa isinulat na liham ni Pangulong Woodruff alang-alang sa Korum ng Labindalawa.
29. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 51.
30. *Deseret News,* Pebrero 26, 1862, 274.
31. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 129.



*Bilang mga guro ng ebanghelyo, dapat nating hangarin ang Espiritu upang masundan natin ang halimbawa ni Jesus. Kapag nagpupulong tayo para pag-aralan ang ebanghelyo, dapat tayong makinig at maging matapat, tulad ni Maria nang siya ay "naupo . . . sa mga paanan [ni Jesus], at pinakikinggan ang kaniyang salita" (tingnan sa Lucas 10:38–42).*

# Pagtuturo at Pag-aaral sa Pamamagitan ng Espiritu

*Kailangan natin ang patnubay ng Espiritu Santo habang pinag-aaralan natin ang ebanghelyo at itinuturo ito sa iba.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Habang naghahanda si Elder Wilford Woodruff para sa kumperensya noong Oktubre 1855, nanalangin siya para humingi ng patnubay. Itinanong niya kung ano ang dapat niyang ituro at ng mga kapatid sa mga tao. Bilang sagot sa kanyang panalangin, natanggap niya ang paghahayag na ito: "Tamuhin ng aking mga tagapaglingkod ang Espiritu Santo at panatilihin ang aking Espiritu sa kanila, at ito ang patuloy na magtatagubilin sa kanila ng ituturo sa mga tao; at tagubilinan sila na panatilihin ang aking Espiritu sa kanila, at mauunawaan nila ang salita ng Panginoon kapag itinuro ang mga ito sa kanila."[1]

Taglay ang matibay na patotoo tungkol sa alituntuning ito, madalas simulan ni Pangulong Woodruff ang kanyang mga mensahe sa kumperensya sa pagbanggit sa kanyang hangarin na magturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Dagdag pa rito, madalas niyang paalalahanan ang mga Banal sa kanilang tungkulin na makinig at matuto sa pamamagitan ng kapangyarihan ding iyon. Minsan sinabi niya, "Tayong lahat ay umaasa sa Espiritu ng Panginoon, sa paghahayag, sa inspirasyon, sa Espiritu Santo, upang maging karapat-dapat tayo na magturo sa mga tao dahil ito ang ating tungkulin. At kung hindi ibibigay ng Panginoon ang Banal na Espiritu sa akin sa hapong ito, tinitiyak ko sa inyong lahat [na] wala kayong gaanong matututuhan mula kay Brother Woodruff."[2]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Ituturo lamang natin ang ebanghelyo kapag tayo'y nabigyang-inspirasyon ng Espiritu Santo.

Ako o sinuman ay hindi makapagtuturo sa mga anak ng tao at hindi sila mapalalakas sa Ebanghelyo ni Jesucristo kung wala ang Banal na Espiritu, ang paghahayag, ang inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos. Samakatwid, kailangan ko ang pananampalataya ng mga Banal sa mga Huling araw, at ang kanila ring mga panalangin. Kailangan ko ang Espiritu ng Diyos upang tulungan ako, tulad ng bawat taong nagbabalak magturo sa mga tao ng mga bagay ukol sa kaharian ng langit.[3]

Naniniwala ako na walang tao, dito o sa iba pang henerasyon, ang makapagtuturo at makapagpapalakas sa mga naninirahan sa mundo kung walang inspirasyon ng Espiritu ng Diyos. Bilang mga tao tayo'y nalagay sa mga tungkulin . . . na nagtuturo, sa lahat ng ating pangangasiwa at paggawa, ng mahalagang kilalanin ang kamay ng Diyos sa lahat ng bagay. Dama natin ang kahalagahan nito ngayon. Alam ko na hindi ako karapat-dapat magturo sa mga Banal sa mga Huling araw o sa daigdig man nang wala ang Espiritu ng Diyos. Hangad ko ito . . . gayundin ang inyong pananampalataya at mga panalangin, na maituon ang aking isipan sa paraang magiging kapakipakinabang sa inyo. Sa pagtuturo ko sa mga tao, hindi ko hinahayaang sundin ng aking isipan ang anumang paraan maliban kung ito ang sinasabi sa akin ng Espiritu, at ito ang tungkulin nating lahat kapag pinupulong natin ang mga Banal, o kapag ipinangangaral natin ang ebanghelyo.[4]

Sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ni Joseph Smith: "At anuman ang kanilang sasabihin kapag pinakikilos ng Espiritu Santo ay magiging mga banal na kasulatan, ang magiging kalooban ng Panginoon, ang magiging kaisipan ng Panginoon, ang magiging salita ng Panginoon, ang magiging tinig ng Panginoon, at ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan" [D at T 68:4]. Bakit ganito? Dahil ang Espiritu Santo ay isa sa Panguluhang Diyos, at samakatwid kapag ang isang tao ay nagsasalita sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ito ay salita ng Panginoon. Dapat nating hangaring makamtan ang Espiritung ito upang ito'y mapasaatin tuwina at maging alituntunin ng paghahayag sa atin.[5]

Kailangang patuloy na turuan ang isipan ng mga taong ito, at lahat tayo ay dapat umasa sa Banal na Espiritu at sa Panginoon na magtuturo sa ating isipan mula sa saganang bukal ng katalinuhan na nanggagaling sa Diyos. Ito ay dahil sa hindi tayo makakakuha ng kaalaman sa iba pang panggagalingan para maturuan ang imortal na isipan ng tao.[6]

Taglay ng tao ang espiritu na mabubuhay magpakailanman, isang espiritu na nanggaling sa Diyos, at kung hindi siya naturuan sa pinanggalingan o kapangyarihang iyon na siyang lumikha sa kanya hinding-hindi siya masisiyahan.[7]

Kung wala sa atin ang Espiritu Santo wala tayong karapatan na magturo.[8]

---

**Sa pagtuturo natin ng ebanghelyo, dapat nating alalahanin na ang mga pinakamalinaw at pinakasimpleng katotohanan ang higit na nagpapatibay sa isang tao.**

Itinuro sa atin ng mga paghahayag ni Jesucristo na isinilang ang Tagapagligtas sa mundong ito, at sinabi ng Ama na hindi Niya ibinigay sa simula ang kaganapan kundi nagpatuloy Siya nang biyaya sa biyaya hanggang sa tanggapin Niya ang kaganapan at tawagin Siyang Anak ng Diyos sapagkat hindi Niya tinanggap ang kaganapan sa simula [tingnan sa D at T 93:12–14]; dapat ding hangarin natin nang buong kaluluwa sa ganitong paraan na umunlad sa biyaya, liwanag at katotohanan, upang sa takdang panahon ay matanggap natin ang kaganapan [tingnan sa D at T 93:20].

Ang Panginoon ay may maraming dakilang alituntunin na nakahanda para sa atin, at ang mga pinakadakilang alituntunin na ibibigay niya sa atin ay mga pinakasimple at pinakamalinaw. Ang mga unang alituntunin ng ebanghelyo na umaakay sa atin sa buhay na walang hanggan ang pinakasimple ngunit walang hihigit sa kaluwalhatian o kahalagahan nito sa atin. Maaaring sikapin ng mga tao na maipakita ang kanilang talento, natutuhan at kaalaman sa pagsusulat o pangangaral. Maaari nilang subukang ipangaral ang mga hiwaga at ilahad ang bagay na kakaiba, maganda at kahanga-hanga, at gagawin nila ito nang buo nilang lakas, sa espiritu at lakas ng tao nang walang tulong ng Banal na Espiritu ng Diyos. Gayunpaman, hindi mapalalakas ang mga tao at hindi gaanong magbibigay ng

kasiyahan ang kanilang pangangaral. Ang pinakamalinaw at pinakasimpleng mga bagay ang higit na nagpapalakas sa atin, kung ituturo ito sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, at wala nang higit na mahalaga o kapakipakinabang sa atin. Kapag nananahan ang Espiritu sa atin, kapag patuloy itong nananatili sa atin, nililiwanag nito ang ating isipan sa araw at gabi—nasa ligtas tayong daan. [9]

Gusto kong sabihin na batay sa pagkakaalam ko sa Simbahang ito ay may nakikita akong kalalakihan na paminsan-minsan ay lumilitaw at nagtatangkang maging mga tagapaglingkod ng Diyos. Sinusubukan nilang ipaliwanag ang mga bagay na hindi nila malalaman, para ipakitang sila'y magaling. Maraming ganito sa panahong ito. Minsa'y isang kilalang Elder ng Simbahan ang nagpunta sa mga tao at nangaral ng ilang alituntunin. Nabalitaan ito ni Joseph at hiniling sa kanya na ipakita sa kanya ang doktrina nang nakasulat. Isinulat niya ito, at nang matapos, binasa niya ito sa Propeta. Tinanong niya si Joseph kung ano ang palagay niya rito. Sabi ni Joseph, "Ito'y magandang sistema, isa lang ang mali rito—." "Ano iyon, Brother Joseph?" Sabi ni Joseph—"Hindi ito totoo." Kaya't sinasabi ko, na minsan ay may tao na dahil sa pag-aakalang siya'y magaling, ay nagtatangkang ituro ang mga bagay na wala sa Doktrina at mga Tipan at mga aklat ng Simbahan, at hindi ito totoo. . . .

. . . Ipangaral ang katotohanan ayon sa pagkaunawa ninyo nito. Huwag ninyong hulaan ang mga bagay na hindi ninyo alam, sapagkat walang makikinabang dito. Kung makikinig kayo sa maling doktrina, ililigaw kayo ng masasamang espiritu. Alalahanin at sundin ito, at mapapabuti kayo. Manatili sa mga landas ng katotohanan, at magiging mainam ang lahat sa inyo.[10]

---

## Kapag nagmimiting tayo para pag-aralan ang ebanghelyo, kailangan din natin ang Espiritu tulad ng guro.

Tiwala ako na hindi lamang mananahan ang Espiritu ng Diyos sa mga nagsasalita at nagtuturo . . . kundi maging sa mga nakaupo at nakikinig.[11]

Kailangan nating lahat ang inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos . . . , nangangaral man tayo o nakikinig.[12]

Sinasabi ko sa aking mga kapatid, sikapin natin at ihanda ang ating isipan at puso sa pamamagitan ng pananalangin sa Panginoon, nang sa gayon ay makamtan natin nang sapat ang liwanag ng Espiritu at ang impluwensya ng Espiritu Santo, upang makaunawa at maligtas sa landas ng buhay. At kapag tinanggap natin ang mga turo at payo ng mga tagapaglingkod ng Diyos, alalahanin natin ang mga ito at pahalagahan sa ating puso at ipamuhay.[13]

Kung nasa atin ang bahagi ng Espiritu ng Diyos na pribilehiyo nating matamasa, at tinutupad ang ating tungkulin, magkakaroon tayo ng patotoo na dapat mapasaatin kapag may inilahad na bagong doktrina, o dating doktrina na ipinaliliwanag pa nang lubos. Sa ganitong paraan makikinabang tayo sa pangangaral ng ating mga kapatid, at mapahahalagahan natin ang mga alituntunin ng buhay na walang hanggan.[14]

Umaasa ako at dumadalangin na habang nagtitipon tayo ay mapasaatin ang Espiritu ng Diyos at magkaisa ang ating mga puso na para bang iisang tao lang tayo. Mabigkas nawa natin ang ating mga panalangin sa harapan ng Panginoon, mapasaatin ang Kanyang mga biyaya at nawa'y magawa ito ng mga magsasalita sa atin sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu Santo at kapangyarihan ng Diyos. [15]

Makinig tayo sa [guro], ipagdasal natin siya at manampalataya, at kung ginagawa natin ito matatanggap natin mula sa kasaganaan ng kanyang puso ang mga bagay na kapaki-pakinabang sa atin.[16]

Kapag tumatayo ang sinuman sa Panguluhan ng Simbahang ito, o ang Korum ng Labindalawa, o sinuman sa mga Elder . . . para magsalita, nagtitiwala ang mga taong ito sa kanila, at umaasang matatamasa nila ang Banal na Espiritu na sapat para magsalita sila ng mga bagay na magpapasigla sa kanila; halos inaasahan ito ng mga tao. Sasabihin ko rin sa kabilang dako na ang Panguluhan, ang Labindalawa, at ang mga Elder . . . ay umaasa na mapasa mga tao [rin] ang Espiritu ng Panginoon upang makaunawa sila, at ito'y hinihiling rin, upang maunawaan nila ang sinabi sa kanila tulad ng hinihiling sa mga kapatid na nagsasalita upang ituro ang doktrina, alituntunin, katotohanan at mga paghahayag ni Jesucristo.

Kapag ang isipan ng mga tao ay napasigla at naliwanagan ng kapangyarihan ng Diyos at ng kaloob na Espiritu Santo, at dahil dito'y mapahalagahan nila ang mga alituntunin ng walang hanggang katotohanan at mga paghahayag na ibinigay ng Diyos . . . ibig sabihin sila'y handa nang makinabang sa mga biyayang ibibigay sa kanila. Sinuman sa inyo na tumanggap ng mga biyayang ito, at palagay ko minsan na itong naranasan ng lahat, ay namangha sa ilang panahon sa kanilang buhay kaya't nagkaroon ng kaibhan sa kanilang isipan. Nangyari na ito sa akin at palagay ko sa iba rin.

May pagkakataong nabuksan ang kakayahan ng aking pag-una wa sa salita ng Diyos at mga turo ng kanyang mga tagapaglingkod.—Ang pang-unawa ko ay nabuksan at pinasigla ng kapangyarihan ng Diyos at kaloob na Espiritu Santo. Kaya nang makaupo ako rito at marinig ang Panguluhan, at ang mga tagapaglingkod ng Diyos na itinuturo ang alituntunin ng kabutihan, at ang salita ng Diyos sa amin, nadama ko ang lakas, ang kapangyarihan at kahalagahan ng mga walang hanggang katotohanang ito. Inilahad nila ito sa aming mga isipan, bagamat maaaring naituro na sa ibang pagkakataon ang mga katotohanang iyon, subalit naglaho lang at hindi man lang nag-iwan ng gayunding impresyon sa aking isipan.

. . . Para sa akin ay mahalagang sikaping makamtan ang Espiritu, palakasin ito sa atin at makasama ito para kapag tinuturuan tayo ay handa itong tanggapin ng ating isipan. . . .

Sasabihin ko sa inyo ngayon na dahil marami sa atin ang tumanggap ng ebanghelyo at natipon kasama ng mga Banal ng Diyos, mahalagang magsikap tayo ngayon, mamuhay sa impluwensya ng Espiritung iyon upang patuloy itong lumakas at gabayan tayo sa ating mga gawain sa mga anak ng tao.—Ngayon kapag nasa tao ang Banal na Espiritu at narinig ang malinaw at mga simpleng katotohanan ng kaligtasan, ang mga ito'y nagiging mas mahalaga kaysa iba pa, at handa siyang isakripisyo ang lahat ng bagay na temporal upang matiyak ang kanyang kaligtasan. Ngunit kapag madilim ang isipan ng mga tao, nawawala sa kanila ang Banal na Espiritu at ang kahalagahan ng ebanghelyong iyon, at hindi nila natatanto ang pribilehiyo at karangalan na mapabilang sa mga Banal ng Diyos . . . , ni hindi sila mananatiling tapat sa ating Ama sa Langit, at hindi rin



*"Kailangan nating lahat ang inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos . . . , nangangaral man tayo o nakikinig."*

nila igagalang ang Kanyang pangalan dito sa lupa ni pahahalagahan ang samahan nila ng mga maytaglay ng banal na priesthood, at samakatwid mapupunta sila sa kadiliman. . . . Nagtataka at nagugulat tayo kapag napasisigla tayo ng Espiritu ng Diyos at ng mga paghahayag na ibinigay niya sa atin. Kapag naunawaan natin ang kahalagahan ng mga bagay na ito, makikita natin ang epektong idudulot nito sa atin. Hindi lamang magiging handa ang ating mga isipan sa pagpunta sa daigdig ng mga espiritu, kundi ihahanda rin tayo nito sa pagharap sa ating Ama sa Langit.[17]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Basahin ang mga pahayag ni Pangulong Woodruff sa unang dalawang talata ng kabanatang ito (pahina 63). Anong mga kaalaman ang ibinibigay ng mga pahayag na ito tungkol sa kanya?


Ano ang mga ibinibigay na kaalaman ng mga ito tungkol sa pagtuturo at pag-aaral?

- Ano ang natutuhan ninyo sa mga salita ni Pangulong Woodruff tungkol sa pagtuturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu? (Tingnan sa mga pahina 63, 64–65; tingnan din sa 2 Nephi 33:1–2.) Paano tayo makapaghahanda na tanggapin ang patnubay ng Espiritu Santo kapag nagtuturo tayo?
- Ano ang mga naranasan ninyo tungkol sa pagtuturo at pag-aaral sa pamamagitan ng Espiritu?
- Rebyuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 65. Bakit mapanganib na magbigay ng kuru-kuro sa mga bagay na hindi natin nauunawaan? Bakit higit tayong napapasigla ng malinaw at simpleng mga katotohanan?
- Ano ang ilang tungkulin ng mga nag-aaral? (Tingnan sa mga pahina 66–69.) Paano tayo makikinabang na mabuti mula sa aralin o pangaral ng ebanghelyo? Isipin o pag-usapan ang mga paraan kung paano kayo magiging handa na maturuan ng Espiritu.
- Rebyuhin ang ikaapat na talata sa pahina 67. Sa inyong mga karanasan sa pagtuturo ng ebanghelyo, paano kayo nakinabang sa "pakikinig, panalangin at pananampalataya" ng mga tinuturuan ninyo?
- Paano makatutulong sa atin ang mga alituntunin sa kabanatang ito sa pag-aaral natin ng aklat na ito? (Tingnan din sa mga pahina v–x.) Paano maipamumuhay ang mga alituntuning ito habang pinag-aaralan natin at itinuturo ang ebanghelyo sa ating mga tahanan?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Sa Mga Hebreo 4:2; II Ni Pedro 1:21; 2 Nephi 31:3; Alma 17:2–3; D at T 11:18–21; 42:14; 50:13–22; 52:9; 100:5–8

## *Mga Tala*

1. Journal of Wilford Woodruff, Oktubre 19, 1855, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.
2. *Deseret News: Semi-Weekly,* Setyembre 11, 1883,1.
3. *Millennial Star,* November 21, 1895, 737–38.
4. *Deseret News: Semi-Weekly,* Pebrero 4, 1873, 2.
5. *Deseret Weekly,* August 17, 1889, 226.
6. *Deseret News,* Marso 4, 1857, 410.
7. *Deseret News,* Disyembre 26, 1860, 338.
8. *Deseret Weekly,* April 19, 1890, 560.
9. *Deseret News,* Abril 1, 1857, 27.
10. *Millennial Star,* May 26, 1890, 324.
11. Sa Conference Report, Abril 1898, 2.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 26, 1878, 1.
13. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 20, 1873, 1.
14. *Deseret News,* Hulyo 30, 1862, 33.
15. *Deseret Weekly,* April 13, 1895, 513.
16. *Deseret News,* Abril 1, 1857, 27.
17. *Deseret News,* Abril 1, 1857, 27.



*"Isinagawa ng Kordero ng Diyos ang bagay na hindi maisasagawa ng tao sa kanyang sarili."*

# Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

*Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay napakahalagang alituntunin ng kaligtasan at pangunahing pinagmumulan ng pag-asa ng lahat ng tao.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Nang magsimula si Elder Wilford Woodruff sa kanyang ministeryo bilang Apostol, siya at ang kanyang mga kapatid ay nagturo sa mga tao sa Estados Unidos at Inglatera na sumasamba kay Jesucristo bilang Anak ng Diyos at Manunubos ng sangkatauhan. Dahil alam nila na ang kanilang mga tagapakinig ay mayroon nang batayan ng paniniwala sa Pagbabayad ni Jesucristo, itinuon nila ang kanilang pagtuturo sa mga paksang tulad ng pagkatawag kay Propetang Joseph Smith, ang pagdating ng Aklat ni Mormon, at panunumbalik ng priesthood.[1] Gayunpaman, nang tutulan ng mga tao ang doktrina ng Pagbabayad-sala, pinatunayan ni Elder Woodruff nang may kapangyarihan at kalinawan na sila ay mali. Pinatotohanan niya na "ang layunin ng misyon ni Cristo sa mundo ay ialay ang Kanyang sarili bilang sakripisyo upang tubusin ang sangkatauhan sa walang hanggang kamatayan."[2]

Noong 1845, isang miyembro ng Simbahan sa British Isles ang naglathala ng isang polyeto sa pagtatangkang patunayan na hindi na kinakailangan na magdusa at mamatay si Jesucristo para matubos ang sangkatauhan. Hayagang pinabulaanan ni Elder Woodruff, na noon ay naglilingkod bilang nangungulong awtoridad ng Simbahan sa British Isles, ang pahayag na ito sa isang artikulo na pinamagatang "Rationality of the Atonement." Sa paglalathala ng artikulo, tiniyak niya "na ang pananaw [ng Simbahan] sa paksa ay mauunawaang mabuti ng lahat, at magiging handa ang mga Banal ng Diyos na labanan ang mga pagsalakay ng pangunahing kaaway

ng kaligtasan ng tao, at upang tuluyan nang masagot ang tanong na ito sa isipan ng mga taong naniniwala sa mga paghahayag ng Diyos."[3] Ang kanyang mga salita, sa paglaban sa maling turo at pagpuri sa Tagapagligtas, ay naghahayag ng kanyang matibay na pagmamahal sa Panginoon at lubos na pasasalamat sa plano ng pagtubos.

Nagpahayag siya ng kalungkutan na ang taong nagsulat ng polyeto "ay labis na nagpadaig sa mga kapangyarihan ng kadiliman, kaya't naligaw nang lubos sa kaayusan at payo ng kaharian ng Diyos." Sinabi pa niya na, "Mas mainam pa sa isang tao na lubusang mawalan ng mga talento, kaysa gamitin ang mga ito sa pagsisikap na patunayang hindi na kailangan ang pagbabayad-sala ni Cristo, at tuligsain ang pinakamahalagang alituntunin ng kaligtasan tulad ng ginawa niya."[4]

Itinuon ni Elder Woodruff ang karamihan sa kanyang mga artikulo sa pagsipi mula sa mga banal na kasulatan, at ipinakita ang "napakaraming patotoo" mula sa mga propeta noon at sa Panginoon mismo.[5] Sinabi niya na ang doktrina ng Pagbabayad-sala ay "hindi lamang paksa na malugod na ipinangaral ng mga propeta at tagapaglingkod ng Diyos noon, kundi ito ang pangunahing pinagmumulan ng lahat ng kanilang inaasam, at ang pinagkukunan nila ng lakas at tulong."[6]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Ayon sa kagustuhan ng Kanyang Ama, naparito si Jesucristo sa lupa para tubusin tayo sa mga epekto ng Pagkahulog.

Naniniwala ako na alam ng Makapangyarihang Diyos ang Kanyang gagawin sa mundong ito bago Niya ito nilikha. Alam niya kung anong uri ng mga espiritu ang mananahan dito, at anong uri ng gawain ang gagawin upang iligtas ang Kanyang mga anak na lalaki at babae na isisilang dito sa mundo. At sa pagbabasa ng kasaysayan ng pakikitungo ng Diyos sa mga tao, mula sa paglikha ng mundo hanggang sa dispensasyong ito, nakita nating kumikilos ang Ama upang pagpalain ang Kanyang mga anak. Ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang mamatay

para matubos ang sanlibutan—isang sakripisyo na tanging Diyos lamang mismo ang makapagbibigay. At sa mga huling araw na ito pinasimulan Niya ang pagtatatag ng dakila at huling dispensasyon—ang pinakadakila sa lahat ng dispensasyon.[7]

Ipinaalam sa atin mismo ng Tagapagligtas ang layunin ng Ama sa Kanyang pagsilang sa mundo. "Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan: sapagkat hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya." [Juan 3:16–17.]

Ang mga paghahayag na ibinigay ng Diyos sa tao, ay lubos na nagpapatunay na batas na selestiyal ang sinusunod ng Diyos at ng mga walang hanggang daigdig; at upang makamtan ng tao ang gayunding kaluwalhatian ng Diyos, kinakailangang sundin ng tao ang batas ding iyon, "yaong pinamamahalaan ng batas ay pinangangalagaan din ng batas at ginagawang ganap at pinababanal ng gayon din." [D at T 88:34.] Subalit ang tao, na nagkasala sa batas ng Diyos, ay nararapat lamang na kamtan ang sumpa ng di pagsunod, at dahil doon hindi niya kayang tubusin ang kanyang sarili, ni ng iba pa liban sa walang hanggang sakripisyo na ibabayad sa kanyang pagkakasala.

Ang epekto ng di niya pagsunod, ay malinaw na kamatayan, at ang sumpang ito ay napasalahat ng angkan ni Adan. Alalahanin natin na ang tao, habang napapasailalim sa kaparusahang ito, ay walang taglay na sariling kapangyarihan, upang maisakatuparan niya ang kanyang pagkabuhay na mag-uli at pagbalik sa kinaroroonan ng Diyos at kaluwalhatian nito. Siya ngayon ay napapasailalim sa kapangyarihan at sakop ng kamatayan, at upang mapagtagumpayan ang kamatayan kailangang mapasok ng isang mas banal at dalisay kaysa taong nagkasala ang sakop ng kamatayan, nang sa gayon mawasak niya ito. Kung hindi ito maisasagawa, ang paghahari ng kamatayan sa sangkatauhan ay magiging walang hanggan. Mangangailangan ng kaunting pagtatalo upang patunayan na ang Anak ng Diyos, sa lahat ng bagay, ay may kakayahan na gawin ito. Ito ay sa dahilang Siya ay dalisay, banal, at walang kasalanan; at [ang katotohanang] siya ang taong itinalaga upang isakatuparan



*"Ang layunin ng misyon ni Cristo sa mundo ay ialay ang kanyang sarili bilang sakripisyo para tubusin ang sangkatauhan mula sa kamatayang walang hanggan."*

ito, ay lubos na pinatunayan ng patotoo ni Juan hinggil sa kanya— "Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan" [tingnan sa Juan 1:29]—na "Sapagkat kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin." [I Mga Taga Corinto 15:22.] . . .

. . . Ito'y lubos nang naitatag sa kabila ng lahat ng kontrobersiya, mula sa maraming patotoo . . . mula sa mga paghahayag ng Diyos, na ibinigay sa iba't ibang dispensasyon at panahon ng mundo, at sa iba't ibang dako ng mundo, na ang layunin ng misyon ni Cristo sa lupa ay ialay ang kanyang sarili bilang sakripisyo para tubusin ang sangkatauhan mula sa walang hanggang kamatayan, at lubos na naaayon sa kalooban ng Ama na isagawa ang gayong pagsasakripisyo. Mahigpit Niyang sinunod ang kalooban ng Ama sa lahat ng bagay mula sa simula, at ininom ang mapait na saro na ibinigay sa Kanya. Kalakip nito ang inihayag na kaluwalhatian, karangalan, imortalidad, at buhay na walang kamatayan, kasama ang pag-ibig sa kapwa na mas dakila sa pananampalataya o pag-asa, sapagkat isinagawa ng Kordero ng Diyos ang bagay na hindi maisasagawa ng tao sa kanyang sarili.[8]

**Matatanggap natin ang kaloob na kadakilaan sa pamamagitan lamang ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagsunod natin sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo.**

Bilang mga tao, dapat alam natin ang katotohanan na ginawa ng Ama sa Langit ang lahat ng kanyang magagawa para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ipinaalam niya sa atin ang mahahalagang batas para sa kadakilaan at kaluwalhatian ng tao at nagawa ang lahat sa pamamagitan ng batas. . . . Namatay si Jesus para tubusin ang lahat ng tao; subalit upang makinabang sila sa Kanyang kamatayan at malinis sila ng Kanyang dugo sa lahat ng kasalanang nagawa sa lupa, dapat nilang sundin ang batas ng ebanghelyo. Natubos na tayo ng dugo ni Cristo mula sa mga kasalanan ni Adan; at upang makamtan ang kaligtasan dapat tayong maging masunurin at matapat sa mga tuntunin ng ebanghelyo.[9]

Kung sakali mang makamtan ko ang lubos na kaligtasan ito'y sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ng Diyos.[10]

Sa kabilang dako ang katarungan ay natugunan, at ang mga salita ng Diyos ay napatunayan—"Sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka." [Tingnan sa Genesis 2:17.] Kaya, sa kabilang dako, ipinakita ang pagkahabag, at nakita ang pagmamahal ng Diyos sa paglagot sa gapos ng kamatayan, upang muling magsama ang mga espiritu at katawan. Ang mga espiritu ng matwid ay tatanggap ng kadakilaan sa kinaroroonan ng Diyos at Kordero—sa gayunding tabernakulo [katawan] kung saan sila nagpagal, nagtrabaho, at naghirap habang nasa lupa, na kung wala ang pagsasamang iyon hindi makatatanggap ang mga kaluluwa ng mga tao ng lubos na kaluwalhatian. May kaluwalhatian na kasama ito, iyon ay magiging walang hanggang pagmumulan ng kagalakan ng bawat mamamayan ng kahariang selestiyal. Ang mga espiritu naman ng mga tumanggi sa Ebanghelyo ni Cristo at hinamak ang awa na ibinigay ng Diyos sa kanila, ay kailangang bumalik sa kanilang mga katawan sa huling pagkabuhay na mag-uli upang tanggapin nang lubusan ang kanilang kaparusahan sa gayunding katawan na pinanahanan nila habang kinakalaban ang Diyos. Sa pamamagitan ng mensaheng ito, binibigyang babala namin ang lahat ng makaririnig sa mga salitang ito, na magsisi ng kanilang mga kasalanan at sundin ang ebanghelyo ng Anak ng Diyos.[11]

Ano ang ebanghelyo na tinuro mismo ni Jesus? Ang pinakaunang alituntunin ay pananampalataya sa Mesiyas; ito ang unang alituntunin na laging itinuturo sa tao. Nang si Adan, matapos paalisin sa Halamanan ng Eden, ay pumunta sa Adan-ondi-Ahman upang magalay ng sakripisyo, tinanong siya ng anghel ng Panginoon kung bakit niya ginawa ito. Sumagot si Adan na hindi niya alam, maliban sa inutusan siya ng Panginoon na gawin ito. Sinabi sa kanya na dapat ibuhos sa altar ang dugo ng mga toro at, kambing, lalaking tupa at batang tupa bilang simbolo ng dakila at huling sakripisyo na iaalay para sa mga kasalanan ng sanlibutan. [Tingnan sa Moises 5:4–7.] Samakatwid, ang unang alituntunin na itinuro kay Amang Adan ay pananampalataya sa Mesiyas, na paparito sa kalagitnaan ng panahon upang ialay ang Kanyang buhay sa pagtubos sa tao. Ang pangalawang alituntunin ay pagsisisi. At ano ang pagsisisi? Pagwaksi ng kasalanan. Ang taong nagsisisi, kung siya'y sinungaling, ay hindi na magsisinungaling; o isang magnanakaw, ay di na magnanakaw; iwawaksi niya ang lahat ng dating kasalanan at hindi na uulitin pa ito. Hindi pagsisisi ang sabihing, nagsisisi na ako ngayon, at pagkatapos ay magnanakaw kinabukasan; ganito ang pagsisisi ng sanlibutan, na hindi kasiya-siya sa paningin ng Diyos. Pagsisisi ang pangalawang alituntunin.

Narinig kong sinasabi ng maraming tao na di na kailangan ang mga ordenansa, na ang kailangan lamang para maligtas ay paniniwala sa Panginoong Jesucristo. Ako mismo ay hindi natutuhan iyon mula sa anumang paghahayag ng Diyos sa tao, sa sinauna o makabagong panahon man. Subalit sa kabilang dako, ang pananampalataya kay Cristo, pagsisisi, at pagpapabinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan ay itinuro ng mga patriarch at propeta at ni Jesucristo at ng Kanyang mga apostol. Ang pagpapabinyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan ay ordenansa ng ebanghelyo. Sabi ng isa, hindi kailangan ang binyag para maligtas. Hindi lamang ito itinuro ni Jesus, kundi sinunod Niya ito mismo. Hindi Siya nabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan—kundi, tulad ng sabi Niya, para sa "pagganap ng buong katwiran." Sa gayon, tulad ng lahat ng iba pang bagay, ito ay nagbibigay ng halimbawa na susundin ng lahat [tingnan sa Mateo 3:15]. Kapag ang mga alituntuning ito ng ebanghelyo ay sinunod, handa na ang isang tao na tanggapin ang Espiritu Santo; at ibinibigay ang



*"Walang nilalang na may kapangyarihang iligtas ang kaluluwa ng mga tao at bigyan sila ng buhay na walang hanggan, maliban sa Panginoong Jesucristo, sa utos ng Kanyang Ama."*

banal na kaloob na ito ngayon tulad noon, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga lalaking maytaglay ng awtoridad na mangasiwa sa mga ordenansa ng ebanghelyo. Ito ang mga unang alituntunin ng ebanghelyo na pinaniniwalaan ng mga Banal sa mga Huling Araw at itinuturo sa ating kapwa.[12]

Kapag sinabing magsisi ang mga tao ng kanilang mga kasalanan, ang tinutukoy nito ay ang sarili nilang kasalanan, hindi ang kasalanan ni Adan. Ang tinatawag na orihinal na kasalanan ay binayaran sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo na di nagsa alang-alang ng anumang paggawa sa panig ng tao; ang sariling kasalanan ng tao ay binayaran sa pamamagitan ng sakripisyo ding iyon, subalit sa kundisyong susundin niya ang plano ng kaligtasan ng ebanghelyo kapag narinig niyang ipinangaral ito.[13]

Ang lahat ng bata na [nasa] edad ng pananagutan ay nagkasala. Likas na sa tao ang gumawa ng masama tulad ng likas na papaitaas ang lipad ng alipato. "Ano ang gagawin natin para maligtas" ang tanong ng mga tao na nakarinig sa mga pangangaral ni Pedro noong araw ng Pentecostes [tingnan sa Mga Gawa 2:37]. Ito ay maaari ding iangkop sa lahat ng tao sa bawat henerasyon. Ang sagot ay, sundin ang batas ng Ebanghelyo. Ito ang ligtas na paraan na ibinigay para sa kaligtasan ng sangkatauhan.[14]

Nadarama ko na tayo bilang mga tao ay nararapat magalak; at dapat nating pahalagahan ang mga kaloob at biyayang ito na ibinigay sa atin ng Diyos. Dapat nating hangaring gampanan ang ating mga tungkulin, at bilang mga tao dapat nating ibigay ang inaasahan ng ating Ama sa Langit, at ng mga nauna sa atin. . . .

. . . Ang Ebanghelyo ni Cristo ay isa sa mga pinakadakilang biyaya na maibibigay sa tao. Ang buhay na walang hanggan, sabi ng Panginoon, ay pinakadakilang kaloob ng Diyos [tingnan sa D at T 14:7]. Makakamtan natin ito, sa pamamagitan lamang ng pagsunod sa Ebanghelyo. Ito, mga kapatid, ang ating biyaya.[15]

Ang taimtim kong dalangin ay mapasaatin ang mga biyaya ng Diyos sa buhay na ito, upang kapag namatay na tayo at pupunta sa kabilang buhay, ay nagawa na natin ang lahat ng iniutos sa atin, at maging handa na manahan kasama ang pinabanal at ganap na pinasakdal sa pamamagitan ng dugo ng Kordero.[16]

---

## Sa pamamagitan ng mga biyaya ng Pagbabayad-sala, magiging ganap tayo kay Cristo.

Walang nilalang na may kapangyarihang iligtas ang mga kaluluwa ng tao at bigyan sila ng buhay na walang hanggan, maliban kay Jesucristo, sa utos ng Kanyang Ama.[17]

Mahalagang pag-aralan nating pahalagahan ang mga salita ng buhay nang sa gayo'y sumulong tayo sa biyaya at sa kaalaman sa Diyos at maging ganap kay Cristo Jesus, upang matanggap natin ang kabuuan at maging tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Jesucristo. [Tingnan sa Mga Taga Roma 8:16–17.][18]

Mga kapatid, hindi ba tayo mga anak na lalaki at babae ng Diyos, at kung siya'y mahayag, at tayo'y tapat, magiging katulad

ba niya tayo? [Tingnan sa I Ni Juan 3:2.] Oo; at kapag dumating ang maluwalhating araw ay magkakaroon tayo minsan pa ng pagkakataong tumayo sa mundong ito at makasama sa kagalakan at pasasalamat . . . ang libu-libong iba pa na nangaghugas ng kanilang mga damit at pinaputi sa dugo ng Kordero, at na, sa pamamagitan ng mga biyaya ng Kanyang pagbabayad-sala, ay hinirang na mga hari at saserdote sa Diyos at kasama Niyang mamamahala na nadakila sa Kanyang kaharian. Nawa'y maging karapat-dapat tayo sa gantimpalang ito; at ngayon, samantalang naglalakbay tayo sa daigdig na ito na pabagu-bago at malungkot, nawa'y sundin natin ang halimbawang ipinakita ng mga matwid . . . at, higit sa lahat, sundan ang mga yapak ng dakilang Huwaran ng lahat ng kabutihan, na ating Panginoong Jesucristo, na ang biyaya ay mapasainyo nawang lahat.[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o habang naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Ano ang inihayag ng kuwento sa mga pahina 73–74 na nadarama ni Pangulong Woodruff tungkol kay Jesucristo?
- Rebyuhin ang mga turo sa mga pahina 74–76. Ano ang itinuro ni Pangulong Woodruff tungkol sa pangangailangan natin sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?
- Basahing mabuti ang kabanata at pag-aralan ang ilan sa mga banal na kasulatan na nakasulat sa ibaba ng pahinang ito. Sa paggawa ninyo nito, hanapin ang mga pariralang naglalarawan sa hirap na tiniis ni Jesucristo para mailigtas tayong lahat sa kamatayan ng katawan at ibigay sa atin ang kaligtasan mula sa ating mga kasalanan. Ano ang nadama ninyo habang pinag-iisipan ninyong mabuti ang ginawa ng Tagapagligtas para sa inyo?
- Ano ang sasabihin mo sa isang tao na nagsasabing "walang kailangang mga ordenansa, kailangan lamang na maniwala sa Panginoong Jesucristo upang maligtas?" (Tingnan sa mga pahina 77–80.)

- Basahin ang huling bahagi ng kabanatang ito (pahina 80–81). Pagtuunang mabuti ng pansin ang pariralang "ang mga biyaya ng Kanyang Pagbabayad-sala." Pagkatapos ay pag-aralan ang 2 Nephi 2:6–8 at Alma 22:14. Paano pinalakas ng mga turong ito ang iyong pang-unawa sa Pagbabayad-sala?
- Paano nakaimpluwensya sa inyong buhay ang inyong patotoo sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*: Sa artikulo na binanggit sa mga pahina 73–74, sinipi o binanggit ni Elder Woodruff ang sumusunod na talata sa mga banal na kasulatan tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo: Job 19:25; Mateo 26:28; 27:52; Juan 1:29; 3:16–17; Mga Gawa 2:23; 4:12; 20:28; Mga Taga Roma 3:24–25; I Mga Taga Corinto 15:22; Mga Taga Galacia 3:17–24; Mga Taga Efeso 1:7; Mga Taga Colosas 1:19–20; Mga Hebreo 9:28; 10:7–10, 29; 11:26, 35; I Ni Pedro 1:18–21; I Ni Juan 2:2; Apocalipsis 1:5; 5:9–10; 13:8; 1 Nephi 10:5–6; 11:32–33; 2 Nephi 2:26; 9:3–14; 26:23–24; Jacob 6:8–9; Mosias 3:11, 16–18; 15:19–20; 18:2; Alma 7:12; 11:42; 21:9; 34:8–15; 42:13–17; 3 Nephi 11:9–11; 27:14; Mormon 9:13; Eter 3:14; Moroni 10:33; D at T 18:10–11; 19:16–19; 35:2; 38:4; 45:3–4; 88:34

## Mga Tala


1. Tingnan sa Dallin H. Oaks, sa Conference Report, Oktubre 1990, 38; o *Ensign*, Nobyembre 1990, 31.
2. "Rationality of the Atonement," *Millennial Star*, Oktubre 1, 1845, 118.
3. *Millennial Star,* Oktubre 1, 1845, 113.
4. *Millennial Star,* Oktubre 1, 1845, 113.
5. *Millennial Star,* Oktubre 1, 1845, 118.
6. *Millennial Star,* Oktubre 1, 1845, 113–14.
7. *Deseret Weekly,* August 17, 1889, 225.
8. *Millennial Star,* Oktubre 1, 1845, 114–15, 118.
9. *Deseret News: Semi-Weekly,* Agosto 11, 1868, 2.
10. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 23.
11. *Millennial Star,* Oktubre 1, 1845, 118–19.
12. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 18–19.
13. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 3–4.
14. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 13, 1882, 1.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Agosto 11, 1868, 2.
16. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 26, 1881, 1.
17. *Deseret Semi-Weekly News,* February 15, 1898, 7.
18. *Deseret News,* Abril 1, 1857, 27.
19. *Millennial Star,* July 9, 1888, 436–37.

# Pag-unawa sa Kamatayan at Pagkabuhay na Muli

*Kapag namatay ang mga mahal sa buhay at kapag iniisip natin ang ating sariling mortalidad, makahahanap tayo ng kaaliwan at katiyakan sa ibinalik na ebanghelyo ni Jesucristo at sa walang hanggang katotohanan ng pagkabuhay na muli.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Noong unang bahagi ng Agosto 1839, nilisan ni Elder Wilford Woodruff ang kanyang tahanan sa Montrose, Iowa, sa pagsunod sa tawag ng Panginoon na magmisyon sa British Isles. Nagpaalam siya sa kanyang asawa, na si Phoebe, at sa kanyang nag-iisang anak, si Sarah Emma na isang taong gulang. Si Phoebe ay buntis noon kay Wilford Jr., na isisilang pa lang noong Marso 22, 1840.

Ilang buwan pagkaalis sa Montrose, si Elder Woodruff ay nasa silangang bahagi ng Estados Unidos, na nangangaral ng ebanghelyo at naghahandang maglakbay sa Great Britain. Sa kanyang pananatili rito, isinulat niya sa kanyang journal ang tatlong magkakahiwalay na panaginip kung saan nakita niya ang kanyang asawa. Matapos ang unang panaginip isinulat niya ang sumusunod sa kanyang journal: "Nakita ko sa panaginip si Gng. Woodruff na labis na nagdadalamhati doon sa Montrose. Hindi ko nakita si Sarah Emma."[1] Ang ulat niya tungkol sa kanyang pangalawang panaginip ay maikli rin: "Nanaginip ako kagabi at kinakausap si Mrs. Woodruff subalit hindi ko nakita si Sarah Emma."[2] Ang pangatlong panaginip ay mas detalyado: "Labis kaming natuwa sa pag-uusap namin, gayunpaman ang aming pagyayakapan ay may halong lungkot, sapagkat matapos pag-usapan ang tungkol sa kanyang mga gawain sa bahay, tinanong ko kung nasaan si Sarah Emma. . . . Umiiyak na sinabi niyang. . . . 'Patay na siya.' Nalungkot kami nang labis sa pangyayaring iyon, at nagising ako. . . . Totoo ba ang panaginip na ito? Matagal bago ko ito nalaman."[3]



*Pinatotohanan ni Pangulong Woodruff na ang Tagapagligtas ang "pangunahing bunga ng pagkabuhay na muli."*

Noong Hulyo 14, 1840, si Elder Woodruff, na nasa Great Britain noon, ay sumulat sa kanyang journal at ginunita ang isang mahalagang araw para sa kanyang pamilya: "Dalawang taon na si Sarah Emma sa araw na ito. Nawa'y pangalagaan ng Panginoon ang aking asawa at mga anak mula sa sakit at kamatayan hanggang sa ako'y makabalik." Sapagkat siya'y isang taong palaging tinatanggap ang kalooban ng Panginoon, idinagdag niya, "O Panginoon, ipinauubaya ko po sila sa inyong mga kamay; pakainin, damitan, at aliwin po ninyo sila at mapasainyo ang kaluwalhatian."[4] Pagkalipas ng tatlong araw, namatay ang munting si Sarah Emma.

Hindi agad nalaman ni Elder Woodruff ang pagkamatay ng kanyang anak hanggang sa sumapit ang Oktubre 22, 1840, nang mabasa niya ang mga balita sa sulat na ipinadala sa isa sa kanyang mga kapatid sa Korum ng Labindalawa.[5] Pagkalipas ng apat na araw nakatanggap siya sa wakas ng balita mula kay Phoebe, sa sulat na may petsang Hulyo 18. Kinopya niya ang bahagi ng sulat ni Phoebe sa kanyang journal:

"Mahal kong Wilford, ano ang madarama mo kapag sinabi ko sa iyo na nasaksihan ko ang pagpanaw ng ating munting si Sarah Emma sa mundong ito? Oo, wala na siya. Inagaw siya ng malupit na kamay ng kamatayan mula sa aking mga yakap. . . . Kapag tinitingnan ko siya, madalas kong iniisip na hindi ko kakayanin ang mawalay sa kanya. Naisip ko na hindi ako mabubuhay kung wala siya, lalo na't wala ang aking asawa. Subalit pumanaw na siya. Iniuwi na siya ng Panginoon sa ilang matalinong layunin.

"Ito'y pagsubok sa akin, subalit dinamayan ako ng Panginoon sa kahanga-hangang paraan. Nakikita ko at nadarama na siya ay iniuwi Niya at higit na mapangangalagaan kaysa sa makakaya kong gawin sa maikling panahong ito hanggang sa pumanaw ako at makita siyang muli. Oo, Wilford, may isang munting anghel tayo sa Langit, at palagay ko'y tila dinalaw ka ng kanyang espiritu bago ang panahong ito.

"Mahirap mabuhay nang wala siya. . . . Nag-iwan siya ng halik sa akin para sa kanyang tatay bago siya namatay. . . . Binasbasan siya ng mga elder nang maraming beses subalit kinabukasan payapang lumisan ang kanyang espiritu patungo sa kabilang buhay.

"Ngayon, kami ni Wilford Woodruff [Jr.], kasama ang ilang mga kaibigan, ay nagpunta sa Commerce, [Illinois] para makita sa huling pagkakataon ang ating mahal na anak at maayos na ilibing siya. Wala siyang ibang kamag-anak na makikipaglibing at iiyak maliban sa kanyang nanay at ang munting si Wilford. . . . Paalis ako ngayon para pumunta nang may saya at lungkot sa puntod ni Sarah. Payapa siyang nahihimlay nang mag-isa. Masasabi kong ang Panginoon ang nagbigay at ang Panginoon ang bumawi, at purihin ang pangalan ng Panginoon [tingnan sa Job 1:21]."[6]

Maliban sa pagkopya ng liham ni Phoebe, sumulat si Elder Woodruff nang kaunti tungkol sa pagkamatay ng kanyang anak. Sinabi lang niya na si Sarah Emma ay "kinuha sa buhay na ito" at siya'y "lumisan at hindi na makikita pa sa buhay na ito."[7]

Sa kanyang edad na 91, nakayanan ni Wilford Woodruff ang pagkamatay ng maraming mahal sa buhay, kabilang na ang maraming miyembro ng pamilya at lahat ng Apostol na pinaglingkuran niya sa pamamahala ni Propetang Joseph Smith. Sa mga panahong ito ng kalungkutan, nakahanap siya ng kaaliwan sa kanyang patotoo tungkol sa ibinalik na ebanghelyo at sa "walang hanggang katotohanan" ng pagkabuhay na muli.[8] Madalas niyang ituro na ang pagkamatay ng isang matwid na Banal sa mga Huling Araw ay panahon ng kalungkutan at panahon din para magalak. Sa katunayan, tungkol sa katapusan ng kanyang buhay, isinulat niya ang mga sumusunod na tagubilin sa paglilibing sa kanya: "Hindi ko nais magsuot ng anumang tanda ng pagdadalamhati ang aking pamilya o mga kaibigan sa aking libing o pagkatapos nito, sapagkat ako'y tunay at matapat hanggang kamatayan, hindi na kailangan pang ako'y tangisan ng sinuman."[9]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Sa pagkamatay ang bawat espiritu ng tao ay pumapasok sa daigdig ng mga espiritu, kung saan magkasamang nagagalak ang mabubuti at nagpapatuloy sa gawain ng Panginoon.

Napakaraming [tao] ang naniniwala na kapag namatay ang isang tao, ito na ang katapusan niya, na wala nang buhay matapos ang kamatayan. Sinong makatwirang tao ang maniniwala na lumikha ang Diyos ng langit ng dalawa o tatlong daang libong

milyung espiritu, at binigyan sila ng mga tabernakulo [mga katawan], upang pumarito lamang at mabuhay sa mundo at pagkamatay ay mabaon sa limot o kaya'y tuluyang mawala? Para sa akin walang taong mag-iisip na panghawakan ang ganitong paniniwala. Ito'y taliwas sa pang-unawa at mabuting pag-iisip.[10]

Kapag nalulungkot sa pagkamatay ng ating mga kaibigan, naniniwala ako na sa bawat kamatayan ay may pagsilang; iniiwan ng espiritu ang patay na katawan sa atin, at pumaparoon sa kabilang buhay kapiling ang mga dakila at mararangal na tao na gumagawa rin para maisakatuparan ang mga layunin ng Diyos, sa pagtubos at kaligtasan ng nagkasalang mundo."[11]

Nagkakaroon ng kagalakan kapag ang espiritu ng Banal ng Buhay na Diyos ay pumapasok sa daigdig ng mga espiritu at sinasalubong ng mga Banal na namatay noon.[12]

Ang ilan ay gumagawa sa buhay na ito, ang iba ay sa kabilang buhay. Kung mabubuhay tayo rito, inaasahan tayong gagawa para sa layunin ng kaligtasan, at kung paroroon tayo sa kabilang buhay inaasahang itutuloy natin ang ating gawain hanggang sa pagdating ng Anak ng Tao.[13]

---

### Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang lahat ng tao ay mabubuhay na muli, magsasanib muli ang kanilang espiritu at imortal na katawan.

Tanggap natin na sa pamamagitan ni Adan ang lahat ay mamamatay, dahil sa pagkahulog ang kamatayan ay daranasin ng buong sangkatauhan, gayundin ng mga hayop sa lupa, mga isda sa dagat at mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng nilikha ng Diyos, na may kaugnayan sa mundong ito. Ito'y isang batas na di nagbabago at di napapalitan. . . . Ang Tagapagligtas mismo ay dumanas ng kamatayan; namatay Siya para tubusin ang sanlibutan; ang Kanyang katawan ay inihimlay sa libingan, subalit hindi nakaranas ng kabulukan; at pagkaraan ng tatlong araw ay bumangon sa libingan at naging imortal. Siya ang pangunahing bunga ng pagkabuhay na muli.[14]

Nasisiyahan ako, palagi, sa mga bagay tungkol sa pagkabuhay na muli. Nagagalak ako rito. Ang daan ay nabuksan sa atin sa pamamagitan ng dugo ng Anak ng Diyos.[15]


Kapag nangyari ang pagkabuhay na muli, babangon tayo na may mga imortal na katawan; at ang pag-uusig, paghihirap, lungkot, sakit at kamatayan, na kaugnay ng mortalidad, ay maaalis magpakailanman.[16]

Ang doktrina tungkol sa pagkabuhay na muli ng mga patay ay napakaluwalhati. Nakaaaliw, kahit sa espiritu ko man lang, na isipin, na, sa simula ng pagkabuhay na muli, ang aking espiritu ay magkakaroon ng pagkakataong makasamang muli ang katawan ding ito. Bilang mga elder ng Israel, naglakbay kami sa nakapanghihina at nakapapagod na libu-libong kilometro, na ipinangangaral ang ebanghelyo ni Jesucristo sa mga anak ng tao. Napakasaya na makamtan muli sa pagkabuhay na muli ang katawan ding iyon na lumakad sa mga latian, kanal, naglakbay at kumilos para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos dito sa lupa.[17]

---

## Ang ebanghelyo ay nagbibigay-kaaliwan kapag namatayan tayo ng mahal sa buhay.

Kung wala ang ebanghelyo ni Cristo ang paghihiwalay dahil sa kamatayan ay isa sa mga pinakamalungkot na paksa na maiisip natin. Ngunit kapag nasa atin ang ebanghelyo at nalaman ang alituntunin ng pagkabuhay na muli, ang kapighatian, kalungkutan at paghihirap na dulot ng kamatayan ay lubos na mapapawi. Madalas kong isipin na, ang makakita ng patay, at ilibing iyon at tabunan ng lupa, ay pinakamalungkot na sandali sa mundo; kung wala ang ebanghelyo ito'y tila pagtalon sa kadiliman. Subalit sa sandaling mapasaatin ang ebanghelyo, sa sandaling maliwanagan ang espiritu ng tao ng inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos, mabibigkas niya ang sinabi ng tao noong una—"Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong tibo? Ang tibo ng kamatayan ay ang kasalanan, [at ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan], sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo." [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:55–57.] Ang pagkabuhay na muli ng mga patay ay inilahad mismo sa naliwanagang isipan ng tao, at nagkaroon siya ng pundasyon na sasaligan ng kanyang espiritu. Ganito ang kalagayan ng mga Banal sa mga Huling Araw ngayon. Alam natin mismo, na may alam tayo sa bagay na ito; ipinahayag ito ng Diyos sa atin



*"Kapag nasa atin ang ebanghelyo at nalaman ang alituntunin ng pagkabuhay na muli, ang kapighatian, kalungkutan at paghihirap na dulot ng kamatayan ay lubos na mapapawi."*

at nauunawaan natin ang pagkabuhay na muli ng mga patay, at ang ebanghelyo ay nagdala sa liwanag ng buhay at imortalidad [tingnan sa II Kay Timoteo 1:10].[18]

Mahirap, siyempre pa, na mahiwalay sa ating mga kaibigan. . . . Likas sa atin na ibulalas ang ating nadarama sa pag-iyak kapag inililibing natin ang katawan ng ating mga mahal na kaibigan, at may hangganan ang kalungkutan na siyang nararapat at tama. Subalit kadalasan ay sumusobra ang pagluluksa at kalungkutan, na hindi nararapat o tama para gayahin ng mga Banal sa mga Huling Araw.[19]

Sa di ko malamang dahilan, naranasan ko ang dumalaw sa burol at makipaglibing sa maraming namatay na Propeta at Apostol at marami sa mga Banal na gumawa sa Simbahang ito sa kanilang panahon at henerasyon. . . . Hindi ko kailanman nadama ang kalungkutan sa aking espiritu sa pakikipaglibing ko sa kahit sinong Propeta, Apostol, at Banal ng buhay na Diyos, na tunay at tapat sa Diyos, at sa Kanyang mga tipan, na tumanggap sa Ebanghelyo ni Jesucristo at sa mga ordenansa nito, at sa banal na Priesthood.

Natapos ng kalalakihan at kababaihang iyon ang kanilang misyon dito sa lupa nang may dangal, may paggawa, may pagmamahal, hanggang sa sila'y bawian ng buhay. Namatay sila nang may pananampalataya, at tatanggap sila ng korona ng kaluwalhatian.

Ganito ang nadarama ko sa pagkamatay nina Pangulong [Brigham] Young, Brother [Heber C.] Kimball, Brother [John] Taylor, ng Labindalawang Apostol, at lahat ng kalalakihang tumanggap ng Ebanghelyo ni Cristo at naging tunay at tapat sa misyong iyon. May walang hanggang katotohanan—na malalaman ng buong mundo—sa buhay. May walang hanggang katotohanan sa kamatayan. May walang hanggang katotohanan sa pagkabuhay na muli, at sa darating na paghuhukom, at sa pakikitungo ng Diyos sa lahat ng tao sa hinaharap ayon sa mga nagawa nila dito sa lupa. At kapag tinanggap ng isang lalaki o babae na nakipagtipan sa Panginoon ang Ebanghelyo at mga ordenansa nito, at naging tunay at tapat sa kanyang araw at henerasyon, at pinauwi na sa daigdig ng mga espiritu, sinong tao na nakauunawa sa mga alituntuning ito ang magdadalamhati para sa kapatid na lalaki o babae na iyon?[20]

---

### Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, lahat ng bata na namatay bago sumapit sa edad ng pagkakaroon ng pananagutan ay magmamana ng kaluwalhatiang selestiyal.

Lahat ng sanggol o bata na namatay bago sumapit sa edad ng pagkakaroon ng pananagutan ay tinubos, at samakatwid ay di sakop ng mga paghihirap sa impiyerno. . . . Hinahamon ko ang sinumang tao na maghanap ng anumang ordenansa na itinatag para sa kaligtasan ng mga walang malay na bata sa alinmang talaan ng banal na katotohanan; hindi na ito kailangan pa, at ang bagay lamang na makikita rito ay kinarga ni Jesus ang mga bata at binasbasan sila, na siyang tamang gawin ayon sa kaayusan ng Diyos. Subalit ang pagbibinyag ng mga sanggol sa pamamagitan ng pagwiwisik ng tubig o ang doktrinang pumupunta ang mga sanggol sa impiyerno sa anupamang kalagayan, ay doktrinang itinatag ng tao at hindi ng Diyos, at samakatwid ay hindi mahalaga at talagang mali at hindi kalugud-lugod sa paningin ng Diyos. Iyan lamang ang masasabi namin tungkol sa mga sanggol. . . . Sila'y tinubos ng dugo ni Jesucristo.[21]



*Sa pagpapatotoo sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, humiling ng kaaliwan si Pangulong Wilford Woodruff para sa mga magulang na namatayan ng maliliit na anak.*

Ang mga bata ay inosente sa harapan ng Panginoon; tungkol sa kanilang kamatayan at ang dahilan nito, iyon ay nasa pagpapasiya ng Diyos, at hindi tayo dapat magreklamo kailanman sa Panginoon o sa Kanyang ginagawa tulad ni Job. . . . May kasiyahang kaugnay ang bagay na ito—sila'y mga inosente at hindi sila nagkasala. Nabayaran na nila ang kaparusahan ng batas ng kamatayan na ibinigay ng Diyos kay Adan at sa buo niyang angkan; subalit kapag iniwan na ng kanilang espiritu ang kanilang mga katawan at naparoon sa daigdig ng mga espiritu, natatapos ang kanilang pagdurusa at paghihirap. . . . Babangon sila sa kanilang libingan sa simula ng pagkabuhay na muli, . . . na nabibihisan nang kaluwalhatian, imortalidad at buhay na walang hanggan, sa walang hanggang kagandahan at kasiglahan, at sila'y ibibigay sa mga kamay ng kanilang mga magulang, at sila'y tatanggapin nila sa organisasyon ng pamilya sa selestiyal na mundo, at makakapiling ng kanilang mga magulang magpakailanman. Sila'y mabubuhay habang buhay ang kanilang Diyos. Ito, para sa mga Banal sa mga Huling Araw, na naniniwala sa pagkabuhay na muli, ang dapat pagkunan ng kaaliwan at kaligayahan.

. . . Maaaring maitanong natin—"Bakit kinuha ng Panginoon ang aking mga anak?" Ngunit hindi ko masasagot iyan, dahil hindi

ko alam; ito'y kapasiyahan ng Panginoon, at ganito na mula nang likhain ang mundo hanggang sa katapusan. Ang mga bata ay namamatay sa kanilang kamusmusan, at pumupunta sila sa daigdig ng mga espiritu. Isinisilang sila sa lupa at tinutupad ang layunin ng kanilang pagparito, iyon ay ang pagkakaroon ng katawan. Isinisilang sila para subukin at tumanggap ng mana sa mundo; nagkaroon sila ng katawan, o tabernakulo, at ilalaan ang katawang iyon para sa kanila. At sa simula ng pagkabuhay na muli ang mga espiritu at katawan ay magsasamang muli. At tulad ng nakikita natin sa pamilya dito sa lupa na may mga anak na iba-iba ang edad, mula sa pinasususong sanggol sa dibdib ng ina hanggang paglaki, ganoon din ang organisasyon ng pamilya sa selestiyal na daigdig. Ibabalik sa atin ang ating mga anak sa gayunding anyo tulad ng sila'y ilibing, kung tayo, na kanilang mga magulang, ay mananatiling tapat at mapatunayang karapat-dapat para makamtan ang buhay na walang hanggan; at kung tayo ay hindi karapat-dapat, maliligtas pa rin ang ating mga anak at magmamana ng kaluwalhatiang selestiyal. Ito ang pananaw ko tungkol sa lahat ng sanggol na namatay, sila man ay ipinanganak na Judio o Gentil, sa mabuti o masama. Sila'y nagmula sa kanilang walang hanggang Ama at Ina na nagsilang sa kanila sa walang hanggang daigdig, at ibabalik sila sa kanilang walang hanggang angkan; at lahat ng mga magulang dito na nagkaroon ng mga anak ayon sa orden ng Diyos at banal na priesthood, kahit sa alinmang panahon sila nabuhay, ay makukuha ang mga batang iyon sa simula ng pagkabuhay na muli, at sila ay ibibigay sa kanilang mga magulang at magiging biyaya sa kanilang pamilya sa kahariang selestiyal . . .

. . . Sasabihin ko sa mga nagdadalamhati nating mga kaibigan, kinuha ang inyong mga anak at wala kayong magagawa rito, walang magagawa ang sinuman sa atin rito; hindi sisisihin ang mga magulang kapag ginawa na nila ang lahat ng kanilang makakaya. Hindi dapat sisihin ang isang ina dahil hindi niya maililigtas ang kanyang maysakit na anak, at ipaubaya natin ito sa kamay ng Diyos. Maikling panahon lang ito at sila'y muling ibabalik sa atin. . . .

Tungkol sa pag-unlad, kaluwalhatian o kadakilaan ng mga bata sa buhay na darating, walang anumang inihayag ang Diyos sa akin tungkol sa paksang ito, o tungkol sa mga anak ninyo, sa mga anak ko o ninuman, basta't ang nalalaman natin ay ligtas sila. At

nadarama kong dapat tayong magtiwala sa Panginoon sa mga pagdadalamhating ito, dapat tayong umasa sa Kanya at humingi ng kaaliwan. Hindi tayo nagdadalamhati sa mga kalungkutang ito na para bang wala nang pag-asa; hindi tayo nagdadalamhati sa pagkamatay ng ating mga anak na para bang hindi na natin sila makikitang muli, sapagkat higit pa rito ang nalalaman natin. Tinuruan tayo nang lubos ng Panginoon, at gayundin ng ebanghelyo; ipinakita sa atin ng mga paghahayag ni Jesucristo na ibabalik sila sa atin sa pagkabuhay na muli ng mabubuti. . . .

. . . Dalangin ko sa aking Ama sa Langit na basbasan niya sina Brother at Sister Wheeler [mag-asawang namatayan kamakailan ng mga anak na lalaki na may edad apat at anim] sa kanilang kalungkutan, at ipagkaloob sa kanila ang Banal na Espiritu, na, kapag natulog sila sa gabi at nagising kinaumagahan at maalala ang kanilang mga anak, ay umasa sila sa Panginoon, at maunawaan na ang pagkawalay ng kanilang mga anak ay hindi magpakailanman, subalit sa maikling panahon ay ibabalik silang muli sa kanila. Ito'y para sa ating lahat na namatayan ng mga anak. Inihimlay natin sila sa kanilang libingan, subalit babangon sila sa simula ng pagkabuhay na muli, at kung matapat tayo sa katotohanan, matatanggap natin sila at magagalak kasama nila.[22]

---

## Mamuhay tayo sa paraang magiging handa tayo na tanggapin ang mga biyayang ibibigay ng Diyos sa atin kapag tayo'y namatay.

Ang ating pupuntahan sa hinaharap ay nakasalalay sa kabilang buhay. Kapag ako'y namatay, gusto kong mapunta sa kinaroroonan ng aking Ama sa Langit at ni Jesucristo, ang Tagapagligtas ng sanlibutan.[23]

Dapat nating sikaping pagbutihin ang ating buhay, ang ating mga talento at pagkakataon habang naririto tayo sa lupa. Natanto ko na ang daigdig na ito ay hindi ang lugar na pamamalagian natin. May katibayan tayo nito araw-araw sa ating buhay. Kailangan nating ilibing ang ating mga propeta, apostol, elder, ama, ina, asawa, at anak, ang lahat ng ito ay nagpapakita na hindi tayo mananatili sa mortal na buhay. Samakatwid dapat nating pagbutihin ang ating buhay ngayon.[24]

Ang sumusunod na babala ay mahigpit na tumutukoy sa mga buhay, "Kayo'y magsihanda naman." [Mateo 24:44.] At ang tinutukoy nito ay tayong lahat. At nasa atin na bilang mga magulang at elder ng Israel ang paggawa sa layunin ng Diyos, habang pinahihintulutan tayong mabuhay sa mundo; mamuhay alinsunod sa liwanag at kaalaman na ibinigay sa atin. Sapagkat may itinalagang oras sa lahat ng tao; at hinahayaan niyang mamatay ang marami ayon sa kanyang kalooban. Kukunin niya ang gusto niyang kunin, at hahayaang mabuhay ang gusto niyang mabuhay para sa matalino niyang layunin mismo.[25]

Kapag namatay na tayo at nakamtan ang kagalakan at kaluwalhatiang ipinagkaloob sa atin sa kahariang selestiyal, malalaman na natin ang dahilan ng pagkakaroon ng mga kahirapan sa mortalidad at mapahahalagahan ang mga biyaya na ibibigay ng Diyos sa matatapat.[26]

Dalangin ko na nawa'y pagsisihan ng mga taong ito ang lahat ng kanilang kasalanan at maging matatag sa espirituwal at magkaroon ng lakas na lumapit sa Diyos, nang sa gayon ay marinig ang kanilang mga panalangin. Nawa'y maging handa ang mga taong ito na ipagtanggol ang kaharian at huwag kailanman talikuran ang kanilang mga tipan at mga kapatid o ipagkanulo ang ebanghelyo. Nawa'y daigin nila ang sanlibutan at maging handa na maging mga kasamang tagapagmana ni Cristo, maging sa kaganapan ng unang pagkabuhay na muli, na inihanda sa mga sumusunod sa mga kautusan ng Diyos.[27]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Rebyuhin ang kuwento tungkol sa pagkamatay ni Sarah Emma Woodruff (mga pahina 83, 85–86.) Anong mga doktrina ang nagbigay-aliw at nagpalakas kina Elder at Sister Woodruff? Ano ang matututuhan natin sa kuwentong ito?

- Ayon kay Pangulong Woodruff, anong mga karanasan ang aasahan natin sa daigdig ng mga espiritu? (Tingnan sa mga pahina 86–87.) Paano makatutulong ang kaalamang ito sa inyo?
- Habang binabasa ninyo ang payo ni Pangulong Woodruff tungkol sa pagdadalamhati sa pagkamatay ng ating mga mahal sa buhay, anong mga alituntunin ang nakikita ninyo? (Tingnan sa mga pahina 88–90.) Paano kayo nakadama ng kapayapaan sa pagkamatay ng inyong mga mahal sa buhay? Paano natin matutulungan ang mga namatayan sa kanilang kalungkutan?
- Paano inaalis ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang tibo ng kamatayan? (Tingnan sa mga pahina 87–90, tingnan din sa I Mga Taga Corinto 15:55–57; Mosias 16:6–9.)
- Ano ang natutuhan ninyo sa mga turo ni Pangulong Woodruff tungkol sa mga namatay na maliliit na bata? (Tingnan sa mga pahina 90–93.)
- Rebyuhin ang pahina 94. Sikaping maalala ang mga kapamilya o kaibigan na parang handa na noong oras na nilang mamatay. Ano ang matututuhan natin sa mga taong ito? Ayon kay Pangulong Woodruff, ano ang dapat nating gawin para makapaghanda sa kabilang buhay? (Tingnan sa mga pahina 93–94.)
- Paano nakaragdag ang mga turo ni Pangulong Woodruff sa inyong pag-unawa sa kamatayan at pagkabuhay na muli?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 15; Alma 11:42–45; 28:12; 34:32–41; Moroni 8:12–19; D at T 42:45–47; 76:50–70; 138:57

## *Mga Tala*

1. Journal of Wilford Woodruff, Nobyembre 8, 1839, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.
2. Journal of Wilford Woodruff, Nobyembre 11, 1839.
3. Journal of Wilford Woodruff, Nobyembre 28, 1839.
4. Journal of Wilford Woodruff, Hulyo 14, 1840.
5. Tingnan sa Journal of Wilford Woodruff, Oktubre 22, 1840.
6. Sa Journal of Wilford Woodruff, Oktubre 26, 1840.
7. Journal of Wilford Woodruff, buod ng taong 1840.
8. "Leaves from My Journal," *Millennial Star,* September 19, 1881, 606.
9. Sa "President Wilford Woodruff," *Millennial Star,* Setyembre 22, 1898, 604.
10. *The Discourses of Wilford Woodruff,* sel. G. Homer Durham (1946), 259.

11. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 245.
12. *Millennial Star,* November 28, 1895, 755.
13. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 246.
14. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 244.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 17, 1882, 1.
16. *Salt Lake Herald Church and Farm,* June 15, 1895, 385.
17. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 28, 1875, 1.
18. *Deseret News: Semi-Weekly*, Hulyo 20, 1875, 1.
19. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 247.
20. "To the Officers and Members of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints in the British Islands," *Millennial Star,* February 1845, 141–42.
21. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 232–33.
22. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 20, 1875, 1.
23. *Deseret Weekly,* March 2, 1889, 294.
24. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 135–36.
25. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 246.
26. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 20, 1875, 1.
27. *Deseret News,* Disyembre 31, 1856, 340.

# Pagpapahayag ng Ebanghelyo

*Dapat tayong maging masigasig at tapat sa pagtulong sa iba na matanggap ang mga biyaya ng ibinalik na ebanghelyo.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Di nagtagal matapos mabinyagan at makumpirmang miyembro ng Simbahan si Wilford Woodruff, siya ay "nagkaroon ng matinding hangaring ipangaral ang Ebanghelyo." Naalaala niya: "Isang Linggo ng gabi mag-isa akong pumunta sa kakahuyan, at taimtim na nanalangin sa Panginoon, na bigyang-daan na makaalis ako at maipangaral ang Ebanghelyo sa mga tao sa mundo. Ipinadama sa akin ng Espiritu ng Panginoon na narinig ang aking panalangin, at dapat sagutin. Masaya akong tumayo, at lumakad ng [mga dalawandaang metro o dalawandaan at dalawampung yarda], at nakasalubong si Elias Higbee, isang High Priest, kung saan nakitira ako noon nang ilang buwan. Habang palapit ako sa kanya, sinabi niya: 'Brother Wilford, sinasabi sa akin ng Espiritu ng Panginoon na dapat kang maorden, at magmisyon.' Sumagot ako, 'Nakahanda ako.' "[1]

Sa ilalim ng patnubay ng kanyang bishop, si Wilford Woodruff ay naordenang priest noong Nobyembre 5, 1834, at tinawag na magmisyon sa Katimugan ng Estados Unidos. Naglingkod siya nang tapat at masigasig, sinimulan ang habambuhay na paglilingkod bilang misyonero na nakatulong para tanggapin ng libu libong tao ang ibinalik na ebanghelyo. Ito ang sinabi ni Pangulong Heber J. Grant tungkol sa kanya, "Naniniwala ako na walang ibang taong nabuhay sa mundo na higit na makapagbabalik-loob ng kaluluwa sa ebanghelyo ni Jesucristo."[2]

Noong Enero 1840, pagkaorden bilang Apostol, dumating si Elder Wilford Woodruff sa England upang maglingkod bilang misyonero. Sinimulan niya ang paglilingkod sa bayan ng Staffordshire



*Ang bukirin ni John Benbow. Sa masigasig na pag-aaral ng Biblia, inihanda ni John Benbow at ng kanyang pamilya at mga kaibigan ang kanilang sarili sa pagtanggap ng ibinalik na ebanghelyo.*

at nagtagumpay nang lubos. "May karagdagang 40 ang nabinyagan sa simbahan," ang iniulat niya, "at maraming nabuksang pagkakataon; at sa gitna ng pag-unlad ng gawain, nang tumayo ako upang magsalita sa malaking kongregasyon sa Hanly, sa unang araw ng Marso, ipinahiwatig sa akin ng Panginoon na ito na ang huling pagkakataon na dapat kong bigyang-babala ang mga taong iyon sa loob ng maraming araw. Nang ipaalam ko sa mga tao na iyon na ang huling pagkakataon na maririnig nila ang tinig ko sa loob ng maraming araw, nagtaka sila, dahil inaasahan nila, at gayundin ako, nang pumasok ako sa bahay, na magtatagal ako sa piling nila; ngunit ang pamamaraan at isipan ng Diyos ay iba sa pamamaraan at iniisip natin sa bawat aspeto."

Kinabukasan, nanalangin si Elder Woodruff sa Panginoon, nagtatanong kung saan siya dapat pumunta. Isinalaysay niya: "Dahil naniniwala ako na pribilehiyo at tungkulin ko ang malaman ang kagustuhan ng Diyos sa bagay na ito, kaya hiniling ko sa aking Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo na ituro sa akin ang kagustuhan niya sa bagay na ito, at habang nagtatanong ako, sumagot ang

Panginoon, at ipinakita sa akin na gusto niyang pumunta ako kaagad sa katimugang bahagi ng England. Nakipag-usap ako kay Brother William Benbow tungkol sa bagay na ito, na natira noon sa Herefordshire at may mga kaibigang nakatira pa roon. Gustung-gusto niyang mabisita ko ang lugar na iyon, at bukas-palad [niyang] inalok na samahan ako sa bahay ng kanyang kapatid at bayaran ang pamasahe ko, na kaagad ko namang tinanggap."[3]

Noong ika-4 ng Marso, 1840, dumating sina Elder Woodruff at William Benbow sa tahanan ng kapatid ni William na si John. "Isang oras pagkarating ko sa bahay niya," paggunita ni Pangulong Woodruff, "Nalaman ko kung bakit ako ipinadala ng Panginoon doon. . . . Natagpuan ko ang pangkat ng mga anim na raang kalalakihan at kababaihan, na nagsama-sama sa ilalim ng grupong United Brethren, at nagsisikap na iayos ang mga bagay-bagay ayon sa sinauna. Gusto nilang ituro sa kanila ang Ebanghelyo ayon sa pagkakaturo ng mga propeta at apostol, na ginusto ko rin noong kabataan ko."[4]

Mabilis na tinanggap ng pamilyang Benbow ang mensahe ng Panunumbalik, at nagbalik si William sa Staffordshire "matapos makamit ang masayang pribilehiyong makita ang kanyang kapatid na si Brother John Benbow, at lahat ng kanyang kamag-anak, . . . na mabinyagan sa bago at walang hanggang tipan."[5] Namalagi si Elder Woodruff sa lugar nang mga walong buwan. Ikinuwento niya kalaunan: "Sa unang tatlumpung araw pagkarating ko sa Herefordshire nagbinyag ako ng apatnapung-limang mangangaral at ilang daan pang miyembro. . . . Nakapagbinyag kami sa Simbahan ng 2,000 katao pagkalipas ng mga walong buwang pagpupunyagi."[6]

Sa pagtukoy sa karanasang ito, isinulat ni Pangulong Woodruff: "Ipinakita ng buong kasaysayan ng misyong ito sa Herefordshire ang kahalagahan ng pakikinig sa marahan at banayad na tinig ng Diyos at sa mga paghahayag ng Espiritu Santo. Inihanda ng Panginoon ang mga tao roon para sa Ebanghelyo. Nagdarasal sila para sa liwanag at katotohanan, at ipinadala ako ng Panginoon sa kanila."[7]

Mga dalawang taon bago naglingkod sa England si Elder Woodruff, dinala siya ng Espiritu para mangaral ng ebanghelyo sa mas maliit na pangkat ng mga tao—ang kanyang sariling pamilya.

Sa kanyang patriarchal blessing, na ibinigay sa pamamagitan ni Joseph Smith Sr., pinangakuan siya na kanyang "dadalhin ang sambayanan ng [kanyang] ama sa kaharian ng Diyos."[8] Noong 1838, habang nagmimisyon siya sa lugar na malapit sa bayang pinagmulan niya, nadama niya na dumating na ang oras para matupad ang propesiyang ito: Isinulat niya:

"Gumugol . . . ako ng labingwalong araw sa Farmington at Avon sa pagbisita sa kamag-anak ng aking ama, aking mga tiyuhin, tiyahin, pinsan, kapitbahay at kaibigan ko, sa pangangaral ng Ebanghelyo ni Jesucristo sa kanila, at pagsisikap na madala sila sa kaharian ng Diyos. . . . Sa tulong ng Diyos, tapat akong nangaral ng Ebanghelyo sa mga kaanak ng aking ama at sa lahat ng kasama niya, gayundin sa iba ko pang kamag-anak."

Noong Hulyo 1, 1838, nagbinyag si Elder Woodruff ng anim katao, kabilang ang lahat ng nakatira sa bahay ng kanyang ama, tulad ng ipinangako sa kanyang patriarchal blessing. "Napakasaya ng araw na iyon para sa akin," sabi niya. "Kabilang sa nabinyagan ang aking ama, pangalawang ina at kapatid na babae sa ama. Pagkatapos ay nagbinyag pa ako ng ilang kamag-anak. Para sa akin sobra-sobrang kabayaran sa lahat ng pagod ko sa misyon ang nangyari noong araw na iyon.

"Sino ang makauunawa sa galak, luwalhati, kaligayahan at aliw na nadarama ng isang Elder ng Israel sa pagiging kasangkapan ng Diyos sa pagdadala ng kanyang ama, ina, kapatid na babae't lalaki, o sinuman sa angkan ni Adan sa pintuang papasok sa buhay at kaligtasan? Walang sinumang makauunawa, maliban kung naranasan niya ang mga bagay na ito, at nagtataglay ng patotoo kay Jesucristo at sa inspirasyon ng Pinakamakapangyarihang Diyos."[9]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Tayo ay binigyan ng responsibilidad ng Diyos na ibahagi ang ebanghelyo sa iba.

Ang mga tao sa lahat ng panahon ay naghahanap ng kaligayahan; gusto nila ng payapang lipunan at tahanan; at kapag iniisip nila ang malaking hinaharap, gusto nilang makibahagi sa mga biyayang binabanggit tungkol sa panahong iyon; pero hindi nila

alam kung paano makakamit ang mga iyon, maliban kung darating ang isang tagapaglingkod ng Diyos at ituturo ang paraan.[10]

Tayo lamang ang mga taong binigyan ng banal na ebanghelyo, priesthood at mga tipang ito sa ating panahon, at pananagutan natin kung paano natin gagamitin ito. Kaya dapat tayong maging masigasig at tapat sa pag-aalok ng dakilang kaligtasang ito sa mga anak ng tao at pagtatayo ng Sion at kaharian ng ating Diyos."[11]

Gaano man kaliit ang halaga ng mga taong ito sa mga mata ng mundo, binigyan tayo ng responsibilidad ng Diyos ng langit na ipangaral ang Ebanghelyong ito sa bawat bansa sa ibabaw ng mundo, at kailangan nating gawin ito dahil kung hindi tayo ay parurusahan. Hindi natin maiiwasan ito. Bakit? Sapagkat, tulad ng sabi ni Pablo: "Sa aba ko, kung hindi ko ipangaral ang evangelio." [1 Mga Taga Corinto 9:16.] Mayroon lamang isang Ebanghelyo; kailanman noo'y iisa lang, at mananatiling iisa kailanman; at sinabi ni Pablo: "Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay matakuwil." [Mga Taga Galacia 1:8.] Ang Ebanghelyong iyon, mga Banal ng buhay na Diyos, . . . ay nasa ating mga kamay, ipinadala sa atin sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga Anghel—ang Ebanghelyong itinuro din mula kay Adan hanggang kay Cristo, at mula kay Cristo hanggang sa ating panahon at henerasyon, kapag ang Diyos ay may mga tao sa mundo.[12]

Wala pa kailanman noon na pangkat ng mga tao mula nang likhain ng Diyos ang mundo na may mas mabigat na responsibilidad na bigyang-babala ang henerasyong ito, na isigaw natin nang matagal at malakas, gabi't araw hangga't may pagkakataon tayo at ipahayag ang mga salita ng Diyos sa henerasyong ito. Inuutos sa ating gawin ito. Ito ang ating tungkulin. Ito ang ating gawain.[13]

Nilusong ko ang mga latian at nilangoy ang mga ilog, at nagba bahay upang humingi ng pagkaing pantawid-gutom, at inilaan ang halos limampung taon sa gawaing ito. At bakit? May sapat bang ginto sa California para upahan akong gawin ito? Wala, sa totoo lang; at ang ginawa ko at ng aking mga kapatid sa Simbahan, ay ginawa namin dahil inutusan kami ng Diyos. At ito ang tungkulin natin sa ngayon. Mangaral at maglingkod tayo sa sariling bayan at



*Kapag tapat nating pinangangalagaan ang ating pakikipagkaibigan sa iba, bibigyan tayo ng Panginoon ng pagkakataon na maibahagi ang ebanghelyo.*

sa ibang bansa, at layunin nating ipagpatuloy ang ating gawain, sa tulong ng Diyos, hangga't malaya tayong gawin ito.[14]

Palagay ko, bilang mga elder ng Israel, maraming beses na di natin gaanong nauunawaan ang katayuan natin sa harap ng Panginoon. Ang gawaing inuutos sa atin ay dakila at mabigat; Ito ay gawain ng Pinakamakapangyarihang Diyos. Responsibilidad nating ipangaral ang ebanghelyo ni Cristo sa lahat ng bansa sa mundo. . . . Responsibilidad natin ang lahat ng ito at ang pagtatayo ng mga templo sa Kataas-taasan, kung saan makapapasok tayo at makagagawa ng mga ordenansa para sa kaligtasan ng ating mga patay.[15]

At sumunod, napapaligiran tayo sa tahanan ng mga taong tungkulin nating turuan, dahil kailangan ding turuan sila tulad ng mga nasa ibang lugar.[16]

---

## Nagkakaroon tayo ng malaking kagalakan sa pagtulong sa iba na lumapit kay Cristo at sumusulong tungo sa kadakilaan.

Bigyan mo ang sinumang tao ng mga alituntunin ng buhay at kaligtasan at igawad ang mga ordenansang ito sa kanya, at naging

kasangkapan ka ng Diyos sa kaligtasan ng taong iyon. Walang ibinigay sa mga anak ng tao na makapapantay dito. . . .

. . . Ang Panginoon [ay nagsabi], "At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama." [D at T 18:15.] . . . Ipinangaral natin ang Ebanghelyo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao hangga't ang Panginoon ay nagbibigay-daan sa atin at may pribilehiyo tayong magpatuloy. Hanggang ngayon puno pa rin ang daigdig ng mga taong hindi pa nakarinig ng Ebanghelyo ni Jesucristo; at habang nasa ating mga balikat ang Priesthood, obligasyon at responsibilidad pa rin natin ang kaligtasan ng mga anak ng tao, hangga't may pagkakataon tayong ibigay ang mga handog na ito sa mga anak na lalaki at babae ni Adan. Isipin lang na sa pagtanggap ng Ebanghelyo ni Cristo tayo magiging mga tagapagmana sa Diyos, at mga kasamang tagapagmana ni Jesucristo, na tayo ay may bahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli, at babangon mula sa ating mga libingan at madaramitan ng kaluwalhatian, kawalangkamatayan at buhay na walang hanggan, at makapapasok sa kinaroroonan ng Diyos at ng Kordero at makakasama sila nang walang hanggan sa langit! Sino ang makauunawa nito? Ang mga nilalang ba sa mundo? Hindi nila magagawa. . . . Ako mismo ay umaasa sa Panginoon sa lahat ng bagay. Ang Panginoon ang ating tagapangalaga. Siya ang gumawa ng ating kaligtasan. Inalay ni Jesucristo ang Kanyang buhay sa atin upang tubusin tayo ng Kanyang dugo, at sa pamamagitan niyan ay maibigay sa atin ang mga biyayang ito. . . .

. . . Hindi makatatanggap ang isang tao ng tungkuling higit na dakila kaysa sa pagkakaroon ng karapatang ito at pribilehiyong humayo at iligtas ang kaluluwa ng mga tao—iligtas sila sa pamamagitan ng pangangaral ng Ebanghelyo, sa paggawad sa kanila ng mga ordenansa sa bahay ng Diyos, nang sila mismo ay handang makapasok sa kaharian ng langit at sa selestiyal na kaluwalhatian. . . .

Palagay ko sa maraming pagkakataon hindi natin pinahahalagahan mismo ang mga biyayang tinatamasa natin at naghihintay sa atin. Ang ating mga puso ay dapat na nakatuon sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, ng Sion ng Diyos, at ng gawain ng Diyos, habang

tayo ay narito at may kapangyarihang gawin ang mga bagay na ito. Tungkulin namin bilang Panguluhan at mga Apostol, na hindi lamang maglingkod mismo, kundi ipadala ang mga Elder ng Israel sa mga bansa ng mundo upang ipahayag ang Ebanghelyo. Nariyan na ang mga oportunidad sa nakararaming bansa para ipalaganap ang Ebanghelyo ni Cristo, at ilapit ang mga tao kay Cristo, upang matanggap nila ang mga biyayang ito.[17]

Halos buong buhay ay ginugol ko sa Simbahang ito; at mula nang dumating ako sa Simbahan, nagpunta ako sa mga misyon at hindi kailanman tumigil mula noon hanggang ngayon. Lagi kong ikinatuwa ito noon at hanggang ngayon. Kapag ako'y namatay at inihimlay ang aking katawan, ayokong may sinumang magbangon at magsabing hindi ko ginawa ang aking tungkulin na sikaping iligtas siya sa abot ng aking makakaya. Lagi akong nagagalak na ipangaral ang Ebanghelyo; Nagagalak ako sa paggawad ng mga ordenansa ng buhay at kaligtasan sa bayan ko at sa ibang bayan, dahil nalaman ko na ito ay gawain ng Diyos, at alam ko na ito ay ganoon din ngayon. [18]

---

**Sa halip na pintasan ang relihiyon ng iba, dapat tayong mamuhay sa paraang makikita ang katotohanan at kabutihan ng ating sariling relihiyon.**

Kapag kayo'y nagpunta sa isang komunidad upang ipangaral ang ebanghelyo, huwag ninyong tangkaing sirain ang relihiyon ng iba, bago ninyo siya bigyan ng mas mabuting relihiyon; kailanma'y huwag ninyong tuligsain ang relihiyon ng ibang tao, saanman kayo naroon. Maging handa na hayaang tamasahin ng bawat tao ang kanyang sariling relihiyon. Karapatan niyang gawin iyon. Kung hindi niya matanggap ang inyong patotoo tungkol sa Ebanghelyo ni Cristo, siya na ang bahala roon, at hindi kayo. Huwag ninyong gugulin ang panahon sa paninira ng ibang sekta at relihiyon. Wala tayong panahong gawin iyon. Kailanman hindi tamang gawin iyan.[19]

Manampalataya, magdasal, at magpakumbaba, upang magtamo ng katalinuhan, at ng Espiritu ng Diyos na gagabay sa lahat ng inyong mga ginagawa. Ang talino ay isa sa mga pinakadakilang handog ng Diyos, at hindi sasabihin sa atin ng tinig ng katalinuhan na gugulin ang panahon sa pakikipagtalo sa mga sekta, pagsalungat sa

mga opinyon ng tao, pangungutya sa mga relihiyong nakapalibot sa atin, na nagiging sanhi ng di pakikinig ng mga tao sa atin, pagsasara ng puso ng tao sa liwanag at katotohanan. Ang mga opinyon at relihiyon ng ibang tao ay mahalaga sa kanila tulad din naman na mahalaga sa atin ang ating opinyon at relihiyon. . . . Hayaang pag-usapan ninyo ang *Kaligtasan* nang may kapakumbabaan, taglay ang kapangyarihan ng walang hanggang katotohanan, talino, liwanag at kaalaman na nakatago sa unang mga alituntunin ng ebanghelyo ng Anak ng Diyos. Sa pamamagitan ninyo maaaring maligtas ang kaluluwa ng mga tao, at kasama ninyo silang magagalak dahil nakita nila ang liwanag ng ebanghelyo; hindi tayo dapat magturo nang hindi bahagi ng ebanghelyo o isantabi ito para magturo ng naiiba sa ating katungkulan; o makipagtalo sa mga bagay na walang kabuluhan; kung ano ang puno siya rin ang bunga; kung tapat tayo sa Panginoon, tahakin ang matalino at mabuting landas, walang dudang mabuting bunga ang dulot ng ating pagpapakahirap.[20]

Dapat maging layunin ng lahat ng miyembro ng Simbahan na ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Walang ibang paraan na higit nating makukumbinsi ang daigdig sa katotohanan ng mga ito maliban sa makita nila sa ating mga kilos at pakikitungo sa isa't isa at sa sangkatauhan ang nakapagpapabuting epekto ng mga ito sa atin. Nagsasabi tayo ng mga espirituwal na bagay, at dapat lang na mamuhay tayo nang may mataas na pamantayan ng kali nisang puri upang tumugma sa mga sinasabi natin.[21]

---

## Ginagabayan ng Espiritu Santo ang nagbabahagi ng ebanghelyo at ang mga tumatanggap nito.

Ang buong sikreto ng ating tagumpay kung pag-uusapan ang pagpapabalik-loob ay ang pangangaral natin ng ebanghelyo ring ito sa buong kasimplihan at kalinawan nito na itinuro ni Jesus, at na ang Espiritu Santo ay lumalagi sa tumatanggap nito, pinupuno ng di mailarawang tuwa at galak ang kanilang mga puso, at pinag-iisa sila; at pagkatapos niyon ay makikilala nila ang doktrina kung ito'y sa Diyos o sa tao.[22]

Bakit ang daan-daan at libu-libong Elder ng Israel na ito . . . ay may kapangyarihang mangibang-bansa . . . at ipangaral ang Ebanghelyo para hikayatin ang mga anak na lalaki at babae ni Adan?



*Habang sinisikap nating ibahagi ang ebanghelyo, dapat nating hingin ang patnubay ng Espiritu Santo.*

Nagawa ito dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Walang Elder sa Simbahang ito ang may kapangyarihang humayo at gawin ang kagustuhan ng Diyos [maliban] sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Kung mayroon man tayong kapangyarihan, ito ay sa Diyos, at dapat tayong magtiwala sa Kanya sa lahat ng bagay.[23]

Kapag siya na may awtoridad ay nangangaral ng ebanghelyo, ipinangangako niya, sa pangalan ni Jesucristo, sa lahat ng naniniwala at sumusunod, na ibibigay sa kanila ang Espiritu Santo. Sa bisa ng pangakong ito, lahat ng taong iyon, ay makikilala sa kanilang sarili, kung ito ay sa Diyos o sa tao. Kung hahayo ang isang taong di binigyan ng awtoridad, na nagkukunwaring ipinangangaral ang ebanghelyong ito, gaano man siya kahusay o katalino ay matutuklasang di tunay ang kanyang doktrina. Ito ay dahil sa ang mga ipinangako sa mga naniniwala kay Cristo ay hindi matutupad, hindi matatanggap ang Espiritu Santo na nagbibigay ng kaloob sa mga tao, at dahil dito, mabubunyag ang kamalian ng mga doktrina ng tao, upang wala ni isa mang malinlang.[24]

Kapag kayo ay humayo para ipangaral ang Ebanghelyo, hindi ninyo magagawa ang tungkulin ninyo maliban kung nasa inyo

ang Espiritu Santo; at kapag nasa inyo ang Espiritu Santo, kayo ay ligtas saanman kayo pumunta at magkakaroon ng epekto ang mga sinasabi ninyo sa puso ng matatapat at mapagpakumbaba.[25]

Walang problema anuman ang edad ng isang nangangaral ng ebanghelyo; dalawampu't limang taong gulang man siya o siyamnapu, o limandaang taon basta't siya ay may inspirasyon ng Espiritu at kapangyarihan ng Diyos.[26]

Nawa'y gabayan tayo ng Diyos at ihanda ang daan at bigyan tayo ng puwang sa puso ng mga tao, upang maisagawa ang kabutihan at maipalaganap ang kaharian ng Diyos.[27]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan ang mga pahina v–x.

- Rebyuhin ang salaysay tungkol sa pagpunta ni Elder Wilford Woodruff sa tahanan ni John Benbow (mga pahina 98–99). Sa anu-anong paraan napapunta si Elder Woodruff sa bukid ni Benbow? Sa pagbabasa ninyo ng salaysay na ito, ano ang natutuhan ninyo mula sa halimbawa ni William Benbow?
- Sa mga pahina 99–100, hanapin ang mga salita o parirala na nagpapakita ng nadama nina William Benbow at Wilford Woodruff nang tanggapin ng kanilang pamilya ang ebanghelyo. Ano ang nadama ninyo nang sumapi sa Simbahan ang mga mahal ninyo sa buhay o naging aktibong muli sa Simbahan?
- Rebyuhin ang mga salita ni Pangulong Woodruff tungkol sa ating responsibilidad na ibahagi ang ebanghelyo (mga pahina 100–102). Anu-ano ang magagawa natin para maibahagi ang ebanghelyo sa mga miyembro ng pamilya at kaibigan? Sa anong mga paraan tayo maaaring makipagtulungan sa mga misyonero sa gawaing ito?
- Sa anong mga paraan natin magagampanan ang ating responsibilidad na ituro ang ebanghelyo "sa lahat ng bansa sa mundo"? (pahina 102).
- Bakit kung minsan ay nag-aalangan tayong ibahagi ang ebanghelyo? Paano natin mapaglalabanan ang ating takot?

- Bakit napakasayang karanasan ang gawaing misyonero? (Tingnan sa mga pahina 103–104.) Anu-anong karanasan ang nagpasaya sa inyo sa pagbabahagi ng ebanghelyo?
- Bakit mahalagang iwasang pintasan ang relihiyon ng iba? (Tingnan sa pahina 104.) Paano tayo makapagpapatotoo sa katotohanan ng Simbahan nang hindi pinipintasan ang ibang simbahan?
- Rebyuhin ang unang talata sa pahina 105. Sa anong mga paraan naiimpluwensiyahan ng ating mga kilos ang opinyon ng mga tao tungkol sa Simbahan?
- Habang binabasa ninyo ang sinabi ni Pangulong Woodruff tungkol sa Espiritu Santo at gawaing misyonero, ano ang natutuhan ninyo? (Tingnan sa mga pahina 105–107.) Ano ang dapat nating gawin para maging karapat-dapat na makasama ang Espiritu?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Mateo 28:19–20; D at T 4; 18:10–16; 42:11–14; 50:13–22; 60:2–3; 84:88; 88:81

## *Mga Tala*


1. "History of Wilford Woodruff (mula sa His Own Pen)," *Millennial Star,* Marso 25, 1865, 183.
2. *Gospel Standards,* tinipon ni G. Homer Durham (1941), 20.
3. "Elder Woodruff's Letter," *Times and Seasons,* Marso 1, 1841, 327.
4. *Millennial Star,* November 28, 1895, 754.
5. *Times and Seasons,* Marso 1, 1841, 328.
6. *Millennial Star,* November 28, 1895, 754.
7. "Leaves from My Journal," *Millennial Star,* Nobyembre 28, 1881, 767.
8. "Leaves from My Journal," *Millennial Star,* Setyembre 19, 1881, 606.
9. *Millennial Star,* Setyembre 19, 1881, 606–7.
10. *The Discourses of Wilford Woodruff,* seleskyon ni G. Homer Durham (1946), 259.
11. *Deseret News,* Mayo 27, 1857, 91.
12. *Millennial Star,* November 28, 1895, 755.
13. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 6, 1880, 1.
14. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 133.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Pebrero 29, 1876, 1.
16. *Salt Lake Herald Church and Farm,* June 15, 1895, 385.
17. *Millennial Star,* May 14, 1896, 307–9.
18. *Millennial Star,* May 14, 1896, 310.
19. *Contributor,* August 1895, 636–37.
20. "To the Officers and Members of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints in the British Islands," *Millennial Star,* Pebrero 1845, 141–42.
21. "An Epistle to the Members of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 729.
22. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 136.
23. *Deseret Weekly,* March 2, 1889, 294.
24. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 135–36.
25. Sa *Conference Report,* Abril 1898, 32.
26. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 275.
27. "Correspondence," *Millennial Star,* Agosto 1840, 93.

# Mapagpakumbabang Pag-asa sa Diyos


*Ang tunay na lakas ay nagmumula sa mapagpakumbabang pag-asa sa Diyos.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

"Ang tanging ipinagtataka ko lang sa buong buhay ko," sabi ni Pangulong Wilford Woodruff, "ay ang pagpili sa akin ng Panginoon sa lahat ng bagay, lalo na bilang Apostol at bilang Pangulo. Ngunit siya ang may gawa noon; hindi ako."[1]

Bagama't pinagtakhan ni Pangulong Woodruff ang mga tungkulin niya sa Simbahan, alam niya kung bakit siya tinawag ng Panginoon. Sinabi niya: "Bakit pinili ng Panginoon ang isang mahinang taong tulad ni Wilford Woodruff na mangulo sa Kanyang Simbahan? Bakit Niya pinili si Joseph Smith—isang batang walang pinag-aralan, tulad ng bansag sa kanya? Bakit Niya pinili ang ganoong klase ng kalalakihan? Dahil sila ay kaya Niyang hubugin. Pumipili Siya ng kalalakihang kumikilala sa kapangyarihan ng Diyos."[2]

Laging kinikilala ni Pangulong Woodruff ang kapangyarihan ng Diyos, sa Kanyang personal na pag-unlad at pagsulong ng Simbahan. Sa mensaheng ibinigay niya sa Salt Lake Tabernacle, sinabi niya: "Pinasasalamatan ko ang Diyos sa buhay ko, sa Kanyang mga biyaya at awa sa akin. May dahilan para matuwa ako rito, at tungkulin kong ibigay sa Diyos ang karangalan sa lahat ng natanggap ko. Kung may nagawa man akong mabuti; kung nagawa ko mang ipangaral ang ebanghelyo at ginawa ang bagay na makapagpapabuti sa aking kapwa, sa bansang ito at sa ibang bansa, ito ay dahil sa kapangyarihan ng Diyos. . . . Nasa atin ang kapangyarihang ito. Kaya tayo narito ngayon. Kaya nakatayo ang Tabernakulong ito ngayon, bilang katuparan ng mga hula ng mga



*Sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff: "Tungkulin kong ibigay sa Diyos ang karangalan sa lahat ng natanggap ko. Kung may nagawa man akong mabuti . . . ito ay dahil sa kapangyarihan ng Diyos."*

propeta ng Diyos noong unang panahon. Ito ang dahilan kung bakit nakatayo sa mga lambak na ito sa kabundukan ang Sion ng Diyos. Ito ay dahil sa kapangyarihan ng Diyos, at hindi ng tao."[3]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Sa Diyos tayo umaasa sa lahat ng ating espirituwal at temporal na pagpapala.

Umaasa ako nang lubos sa Panginoon. Umaasa ako palagi sa buong buhay ko, sa aking mga pagbibiyahe at paglalakbay sa banal na lugar, sa pangangaral ng ebanghelyo ni Cristo sa aking kapwa.[4]

Dapat nasimulan nating unawain na ang mga pamamaraan ng Diyos ay walang alinlangang mas higit sa ating mga pamamaraan, at ang Kanyang mga payo, kahit na tila kailangan dito ang sakripisyo, ay laging siyang pinakamagaling at pinakaligtas para gamitin at sundin natin. Libu-libo sa atin ang makapagpapatotoo sa katunayan nito batay sa kaniya-kanyang karanasan. . . . Dapat din nating malaman ang dakilang katotohanang ito, na sa Diyos mapupunta ang lahat ng karangalan at parangal sa pagkakatatag ng Kanyang Simbahan at kaharian sa mundo. Hindi ito maaangkin ng tao ngayon o sa iba pa mang panahon ng mundo. Tanging kapangyarihan ng Diyos ang nakapagpalabas ng kabuuan ng Ebanghelyo, nakapagtatag ng Simbahan, nakapagtipon sa Kanyang mga tao sa Sion bilang katuparan ng paghahayag at nagsagawa ng gawaing naisagawa.[5]

Gusto nating isaisip na ang ating lakas, ating pag-asa at ating kapangyarihan ay nasa mga kamay ng Diyos, at hindi sa mga tao. Pinakilos ng Panginoon mismo ang Kanyang kamay upang itatag ang Simbahang ito, na Kanyang kaharian at Kanyang gawain. . . . Wala tayong kapangyarihan kung sa sarili lang natin. Kailanman ay hindi tayo nagkaroon ng kapangyarihang gabayan at pangasiwaan ang kahariang ito, tanging sa pamamagitan lang ng Pinakamakapangyarihang Diyos.[6]

Ang mismong katotohanan na tayo ay may pangkat ng mga tao, na tayo ay may Sion, may kaharian, may Simbahan at priesthood na may kaugnayan sa kalangitan, at may kapangyarihang antigin ang langit, at na ang kalangitan ay nakikipag-ugnayan sa

atin, pinangangasiwaan ang pagsasagawa ng dakilang gawaing ito sa mga huling araw na kinabibilangan ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay sapat nang katotohanan na dapat pumuspos sa ating puso ng kapakumbabaan sa harapan ng ating Panginoong Diyos. Ito ay dapat patuloy na magpaalala sa ating ikinikilos at nadarama tungkol sa responsibilidad natin sa Kanya at sa isa't isa, gayundin sa ating pag-asa sa Kanya sa lahat ng biyayang tinatamasa natin, espirituwal at temporal man.[7]

Sa palagay ko ang Panginoon ay hindi kailanman nagkaroon ng mga tao mula pa noong panahon ni Amang Adan hanggang sa kasalukuyan na tinawag upang itayo ang Kanyang Kaharian at itatag ang Kanyang Sion sa daigdig, o mangaral ng ebanghelyo ng pagsisisi sa mga anak ng tao, na hindi lubos na umasa sa tulong ng Diyos [ng] langit.[8]

Nalalaman at nauunawaan nating mabuti na ang ating tadhana, ating katayuan, at ating mga biyaya ay nasa kanyang mga kamay.[9]

Sinasabi ko sa lahat ng tao—Judio at Gentil, maringal at hamak, mayaman at mahirap—na ang Pinakamakapangyarihang Panginoon ay may sariling kapangyarihan, at hindi umaasa sa sinumang tao, para isagawa ang Kanyang gawain; kaya't kapag tumawag Siya ng kalalakihang gagawa ng Kanyang gawain dapat silang magtiwala sa Kanya.[10]

---

## Pinipili ng Diyos ang mga mapagpakumbabang tao para sila ang gumawa ng Kanyang gawain.

Pinipili ng Panginoon ang mahihinang bagay ng daigdig para sila ang gumawa ng Kanyang gawain. At nagawa Niyang turuan ako, o ang sinuman sa aking mga kapatid sa Simbahan, tulad ng ginagawa Niya sa alinmang panahon sa mundo. Lagi niyang pinipili ang mahihinang bagay. Halimbawa ay si Moises na namuno sa mga anak ni Israel. Sinabi ni Moises na siya ay kiming magsalita at inisip niyang wala siyang magagawa. Ngunit sinabi ng Panginoon na siya ay magtatalaga ng tagapagsalita para sa kanya. Noong nais ng Panginoon ng hari para sa Israel, pinili niya si David, ang anak ni Jesse, na isang pastol. Ang lahat ng anak ni Jesse, maliban kay David, ay dinala sa harapan ng Propeta; pero hindi hinirang ni

Samuel [ang sinuman] sa kanila. Tinanong niya si Jesse kung may iba pa siyang anak na lalaki. Sinabi ni Jesse na, Oo; may isa pang batang lalaki roon na nag-aalaga ng mga tupa. Gusto siyang makita ng Propeta. Nang siya'y dumating, hinirang siya ni Samuel bilang hari ng Israel. Ganoon din sa panahon ng mga Apostol. Sino ba sila? Mga [walang pinag-aralang] mangingisda. Ganoon din ngayon. Simulan ninyo kay Joseph Smith hanggang sa aming lahat. Sino ba kami? Kami'y mahihirap, mahihinang uod ng alabok. Ngunit pinili kami ng Panginoon dahil inisip Niya na may magagawa Siya sa amin. Sana nga magawa Niya.

Sa palagay ko mas matagal na akong Apostol kaysa sa sinumang tao sa ibabaw ng mundo sa mga huling araw na ito. Dapat ko bang ipagyabang ito o magmalaki at dakilain dahil napakatagal ko nang hawak ang Priesthood? Kung ginawa ko iyon, isa akong hangal. Obligasyon nating parangalan ang Diyos; tungkulin nating kilalanin ang kapangyarihan ng Diyos. Mula noong isilang ako hanggang sa ngayon hangad na ng diyablo na wasakin ako. Ngunit lagi nang nariyan ang Panginoon sa aking kanang kamay at iniligtas ako. May dalawang kapangyarihang kumikilos—ang isa ay upang wasakin ako, ang isa'y upang iligtas ako. At ako ay narito ngayon, isang mahinang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos. Ngunit, dahil ang Diyos ay buhay, kung sasabihin Niya sa akin kung ano ang tungkulin ko, ito ay gagawin ko!

. . . Dalangin ko sa Diyos na bigyan tayo ng talino, at tulungan tayong maging mapagpakumbaba at tapat.[11]

Ilang beses ko na bang narinig ito sa mga tao sa paglalakbay ko—Bakit pinili ng Diyos si Joseph Smith, bakit niya pinili ang batang lalaking iyon para simulan ang dispensasyong ito at ilatag ang pundasyon ng Simbahang ito? Bakit hindi siya pumili ng magaling na tao . . . ? Iisa lang ang sagot ko sa tanong na iyan, ito ay, na walang magagawa ang Makapangyarihang Panginoon sa kanila, hindi Niya sila mapagpapakumbaba. Hindi sila ang klase ng mga tao na pinili para sa ganitong uri ng gawain sa alinmang panahon sa mundo. Pinipili ng Makapangyarihang Panginoon ang mahihinang bagay ng daigdig na ito. Kaya Niya silang hubugin. Kaya nga pinili niya si Joseph Smith dahil siya ay mahina, at sapat ang pag-iisip niya para malaman ito.[12]

**Kapag mapagmataas ang mga tao, hindi sila nagtatagumpay.**

Hindi ninyo kailanman nakita ang panahon, hindi ninyo kailanman makikita ang panahon, sa lupa man o sa kawalang hang gan, na hindi nangangailangan ng pangangalaga at pagkalinga ng Diyos. Kailangan ninyo ito habambuhay. Kapag inakala ng ating mga kabataang lalaki at babae, o ng mga nakatatanda sa atin, na narating na nila ang puntong hindi na nila kailangang umasa sa Panginoon, matutuklasan nilang nagkamali sila nang lubos.[13]

Kung sa pakiramdam ng Pangulo ng Simbahan o ng kanyang mga tagapayo o ng mga apostol o sino pa man na hindi makakaya ng Diyos kung wala siya, at napakaimportante niya para maisagawa ang gawain ng Panginoon, siya'y nalalagay sa panganib. Narinig kong sinabi ni Joseph Smith ang sinabi sa kanya ni Oliver Cowdery, na dating pangalawang apostol sa Simbahang ito, "Kung iiwan ko ang Simbahang ito, babagsak ito."

Sinabi ni Joseph, "Oliver, sige subukan mo." Sinubukan ito ni Oliver. Bumagsak siya: ngunit hindi bumagsak ang kaharian ng Diyos. May mga nakasama akong ibang apostol sa aking panahon na inakalang hindi makakaya ng Panginoon kung wala sila; ngunit nagpatuloy ang Panginoon sa Kanyang gawain kahit wala sila.[14]

Nakita ko si Oliver Cowdery noong nasa kanya pa ang kapangyarihan ng Diyos. Wala pa akong napakinggan na nagbahagi ng malakas na patotoo tulad ng ginawa niya noong nasa kanya pa ang impluwensya ng Espiritu. Ngunit nang sandaling iwan niya ang kaharian ng Diyos, ay iyon na rin ang sandali ng pagbagsak ng kanyang kapangyarihan. . . . Nawalan siya ng lakas, tulad ni Samson sa kandungan ni Dalila. Nawala sa kanya ang kapangyarihan at patotoong dati niyang taglay, at hindi niya ito ganap na nabawi noong buhay pa siya, bagama't namatay siyang [miyembro ng] Simbahan.[15]

Sangkatlo ng hukbo ng langit ang itinaboy dahil sa kanilang paghihimagsik. . . . Sila ay nasa bawat lungsod at nayon kung saan nakatira ang mga tao sa mundo, lalo na kung saan may mga Banal sa mga Huling Araw. . . . Palagay ba ninyo nakapaligid sa atin ang mga diyablong ito nang walang anumang binabalak? Sinasabi ko

sa mga kalalakihang may taglay na Priesthood, may malaking digmaan tayong gagawin laban sa mga espiritung ito. Hindi natin matatakasan ito. Ano ang gagawin nila sa inyo? Pipilitin nilang pagawain kayo ng anumang bagay na mali. Tuwang-tuwa ang mga diyablong ito kapag inisip namin ng aking mga kapatid sa simbahan na kami'y mga dakilang tao, mas marunong kaysa sa sinuman; upang paglaban-labanin kami, at udyukan kaming ipagtapat ang kasalanan ng aming kapatid sa halip na ipagtapat ang kasalanan namin. Kung gayon dapat din nating bantayan ang ating sarili. Dapat kong gawin ito; dapat itong gawin ng aking mga Tagapayo at ng mga Apostol; dapat nating gawing lahat ito. . . . At kung mulat ang ating mga mata sa pag-unawa sa mga bagay ng Diyos, mauunawaan natin ang ating mga responsibilidad; mauunawaan natin ang mga kapangyarihan ng Banal na Priesthood at ang ating pakikipag-ugnayan sa Diyos. Tunay ngang dapat tayong magpakumbaba sa harapan ng Panginoon.[16]

Maging mapagpakumbaba, maingat, mapagdasal. Mag-ingat sa kapalaluan, upang huwag bumagsak tulad ng iba.[17]

---

**Kapag mapagpakumbaba tayong umaasa sa Panginoon, pinangangalagaan at pinalalakas Niya tayo.**

May dalawang dakilang katangian . . . na nagbibigay sa tao ng kapangyarihan ng langit—integridad at dalisay na pag-uugali. Hayaang taglayin ito ng isang tao, hayaang maging tapat at di-nagbabago ang kanyang puso, hayaang maging dalisay ang kanyang buhay, at, kung daragdagan natin ito ng kapakumbabaan, siya ay [poprotektahan] laban sa napakaraming kahinaan at mapaglalabanan niya ang di mabilang na tukso. Lahat tayo ay may kahinaan; itinulot ito ng Diyos upang maturuan tayong magpakumbaba at pagmalasakitan ang iba.

Walang sinuman sa atin na perpekto habang narito tayo sa mundo; ngunit ang taong hindi kailanman nag-atubiling ipaglaban ang tama, hindi kailanman nagbago ng pagpanig sa katotohanan, at nanatiling masunurin sa kanyang mga tipan bilang pagpapakumbaba sa Diyos, ay taong dapat nating hangaan, at sikaping tularan, sa tulong ng langit.[18]

Nais kong sabihin sa mga Banal sa mga Huling Araw, na ang kailangan lang nating gawin ay maging tapat, sundin ang

Kanyang mga utos, maging mapagpakumbaba, at manalangin nang tapat sa Kanya, at magiging maayos ang lahat para sa atin.[19]

Ang Diyos ay nasa mga taong ito. Ngunit inuutos sa ating makinig sa Kanyang tinig, sundin ang Kanyang mga utos, at magpakumbaba sa Kanya. . . . May kapanatagang nananaig sa mga Mormon—tulad ng tawag sa atin ng mga tao—na ipinagtataka at ikinamamangha ng mundo. . . . Panatag tayo dahil—kaibigan natin ang Diyos, Siya ang ating tagapagbigay ng batas, ating Tagapagligtas. Kung hindi mapapanatili ng Panginoon ang Kanyang gawain, walang dudang ganoon din tayo. Ngunit kaya Niya. Lagi na Niyang ginagawa ito, at gagawin hanggang wakas. Kaya nga sinasabi ko sa mga Banal, huwag matakot. Magtiwala sa Diyos. Huwag panghinaan ng loob. Paabutin sa pandinig ng Panginoon ng mga hukbo ang inyong mga dalangin araw at gabi. Hilingin ang gusto ninyo. Kapag ginawa ninyo iyan, sasagutin ng Panginoon ang inyong mga dasal, kung hihilingin ninyo ang tama. Diyan nakasalalay ang ating lakas. Ito ay nasa Diyos.[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Bakit mahalagang kilalaning umaasa tayo sa Diyos? (Tingnan sa mga pahina 111–2.) Paano naiimpluwensiyahan ng pagkilalang ito ang ating pamumuhay?
- Sino ang tinutukoy ni Pangulong Woodruff na "mahihinang bagay ng mundo"? (Tingnan sa mga pahina 109, 112–3; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 1:25–28.) Bakit pinipili ng Panginoon ang ganoong mga tao para isagawa ang Kanyang gawain? Kailan ninyo nakitang kumilos ang Panginoon sa pamamagitan ng "mahihinang bagay ng mundo"?
- Basahin ang buong unang talata sa pahina 114, at pag-isipan o pag-usapan kung ano ang magiging buhay ninyo kung wala ang pangangalaga at kalinga ng Diyos. Ano ang itinuturo nito sa inyo tungkol sa kapalaluan? Ano ang ilan sa mga resulta ng kapalaluan?

- Ano ang matututuhan natin sa kuwento tungkol kay Oliver Cowdery sa mga pahina 114–15?
- Basahin ang buong ikalimang talata sa pahina 114–15. Bakit gusto ni Satanas at ng kanyang hukbo na "isipin nating mas dakila [at] marunong tayo kaysa sinuman"? Bakit gusto nilang "ipagtapat [natin] ang mga kasalanan ng ating kapatid sa halip na ipagtapat ang kasalanan natin"? Paano natin mapaglalabanan ang mga tuksong ito?
- Rebyuhin ang apat na huling talata ng kabanata at pansinin ang mga salita at pariralang makahulugan sa inyo (mga pahina 115–6). Anong mga biyaya ang natatanggap natin kapag umaasa tayo sa Panginoon?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Mga Kawikaan 3:5–7; Lucas 18:9–14; Jacob 2:13–21; Alma 36:3; Helaman 3:35; D at T 112:10; 121:34–40.

## *Mga Tala*

1. *Millennial Star,* November 21, 1895, 739.
2. *Millennial Star,* November 21, 1895, 739.
3. *Deseret Semi-Weekly News,* December 21, 1897, 1.
4. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 275.
5. "An Epistle to the Members of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 729.
6. *Millennial Star,* April 28, 1890, 258.
7. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 14, 1878,1.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* January 22, 1884, 1.
9. In Conference Report, April 1880, 10.
10. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 123–24.
11. *Deseret Weekly,* March 23, 1889, 391.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Setyembre 7, 1880, 1.
13. *Deseret Weekly,* July 20, 1889, 115.
14. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 123.
15. *Deseret Weekly,* March 23, 1889, 391.
16. *Deseret Weekly,* April 20, 1889, 515.
17. In *Elders' Journal,* July 1838, 36.
18. *Millennial Star,* July 9, 1888, 436.
19. "Priesthood, and the Right of Succession," *Millennial Star,* August 22, 1892, 532.
20. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 22, 1884, 1.



*“May ipinayo ang ating Tagapagligtas na dapat sundin ng lahat ng mga Banal ng Diyos, ngunit nangangamba ako na hindi natin ginagawa ito tulad ng dapat asahan sa atin, at iyan ay, ang manalangin sa tuwina at huwag manghina.”*

# Manalangin Upang Matanggap ang mga Biyaya ng Langit

*Kapag tapat tayong nananalangin, inihahanda natin ang ating sarili sa pagtanggap ng mga biyayang inilaan sa atin ng Ama sa Langit.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruf

Noong Marso 1835, habang nasa kanyang unang misyon, kinailangang dumaan sa mga ilog at latian si Wilford Woodruff sa kanyang paglalakbay sa katimugan ng Estados Unidos. Para matawid ang mga latian, pinutol nilang magkompanyon ang isang puno at ginawa itong bangka. Ligtas silang nagsagwan nang mga 150 milya bago bumaba ng bangka at naglakad. Kalaunan ginunita ni Pangulong Woodruff nang maglakad sila ng 270 kilometro sa daanang "tumutumbok sa mga sapa, at halos natatabunan ng putik at matubig. Maghapon kaming naglakad ng mga 64 kilometro sa putik at tubig na hanggang tuhod ang lalim. Noong ika-24 ng Marso, matapos maglakbay ng mga 16 na kilometro sa putik, napaika ako sa matinding kirot sa tuhod. Naupo ako sa troso."

Sa bahaging ito ng paglalakbay, ipinasiya ng kompanyon niya, na napagod sa ginagawa nila, na umuwi, at iniwan siya roong nakaupo sa troso sa latiang pinamumugaran ng mga buwaya. Taglay pa rin ang tatag ng loob, bumaling si Wilford Woodruff sa Panginoon. Sinabi niya, "Lumuhod ako sa putik at nanalangin, at pinagaling ako ng Panginoon, at masaya akong nagpatuloy sa paglalakbay."[1]

Pagkalipas ng ilang taon, ipinakita ni Pangulong Woodruff ang kanyang pananampalataya nang maglakbay silang mag-asawa at ilang kasama sakay ng barko upang maglingkod sa England. "Tatlong araw at gabi kaming naglakbay sa gitna ng malakas na hangin, na tumatangay sa amin pabalik," paggunita niya. "Sa huli, hiniling ko sa aking mga kasama na samahan ako sa kamarote, at

sinabi ko sa kanilang ipanalanging baguhin ng Panginoon ang direksyon ng hangin. Hindi ako natatakot maligaw; ngunit ayokong matangay pabalik sa New York, dahil gusto kong ipagpatuloy ang aking paglalakbay. Lahat kami, lalaki at babae, ay ganoon ang idinalangin; at nang matapos kami, tumuntong kami sa kubyerta at wala pang isang minuto ay parang may isang taong kumuha ng espada at pinutol ang malakas na hangin, at makapaghahagis ka ng panyo roon at ni hindi ito matatangay ng hangin."[2]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Tungkulin nating ipanalangin nang tapat ang tulong na kailangan natin.

May ipinayo ang ating Tagapagligtas na dapat sundin ng lahat ng mga Banal ng Diyos, ngunit nangangamba ako na hindi natin ginagawa ito tulad ng dapat asahan sa atin, at iyan ay, ang manalangin sa tuwina at huwag manghina [tingnan sa Lucas 18:1; D at T 88:126]. Nag-aalala ako, na bilang tao, hindi sapat ang pananalangin natin nang tapat. Dapat tayong magsumamo sa Panginoon sa masigasig na panalangin, at ipaalam sa Kanya ang lahat ng gusto natin. Sapagkat kung hindi Niya tayo pangangalagaan at ililigtas, wala ng iba pang makagagawa nito. Kaya dapat tayong lubos na magtiwala sa Kanya. Kaya dapat na ang ating mga panalangin ay umabot sa pandinig ng ating Ama sa Langit araw at gabi.[3]

Hindi natatanto ng mga tao sa mundo ang epekto at kapakinabangan ng panalangin. Pinakikinggan ng Panginoon ang panalangin ng kalalakihan, kababaihan at mga bata. Ang panalangin ay mas makapangyarihan, nang higit-higit pa kaysa halos anumang bagay, na ibuhos ang mga biyaya ng Diyos.[4]

Kapag ang daigdig ay sumasalungat sa kaharian ng Diyos sa mga huling araw na ito, dapat bang matakot ang mga Banal? . . . Hindi. May isang bagay tayong dapat gawin, at iyan ay, magdasal sa Diyos. Ginagawa ito ng bawat mabuting tao; maging si Jesus na Tagapagligtas, ang Bugtong ng Ama sa laman, ay kinailangang manalangin, mula sa sabsaban hanggang sa krus, sa buong panahon; araw-araw kinailangan Niyang manalangin sa Kanyang Ama na pagpalain Siya upang mapalakas Siya sa oras ng Kanyang

paghihirap at makayanang inumin ang mapait na saro. Gayundin ang Kanyang mga disipulo.[5]

Anuman ang kailangan nating matanggap at matamasa, tungkulin nating hingin ito sa Panginoon. Dapat tayong manalangin sa Kanya sa ating mga tagong lugar at ipaalam ang mga gusto natin, nang ang ating mga panalangin ay marinig at masagot. Dito nakasalalay ang ating lakas. Ang ating tiwala ay nasa Diyos, at hindi sa tao.[6]

Tungkulin ng bawat Banal ng Diyos . . . na ipaabot ang kanyang mga panalangin sa pandinig ng Panginoon ng mga Hukbo, araw at gabi sa tamang panahon, sa loob ng tahanan at sa mga pribadong lugar, upang mapalakas ng Panginoon ang Kanyang mga tao, maitatag ang Sion at matupad ang Kanyang mga pangako. . . .

. . . Mas higit ang paniniwala ko sa pananalangin sa Panginoon kaysa halos iba pang alituntunin sa mundo. Kung hindi tayo naniniwala sa pananalangin sa Diyos, hindi rin tayo naniniwala sa Kanya o sa ebanghelyo. Dapat tayong manalangin sa Panginoon at hilingin sa Kanya ang gusto natin. Hayaang patuloy na umabot ang mga panalangin ng mga taong ito sa harapan ng Panginoon sa tamang panahon, at hindi itataboy ng Panginoon ang mga ito, kundi pakikinggan sila at sasagutin, at ang kaharian ng Sion ng Diyos ay babangon at magniningning, isusuot niya ang kanyang magagarang damit at madaramitan ng kaluwalhatian ng kanyang Diyos, at isasakatuparan ang layunin ng kanyang pagkakatatag sa mundong ito [tingnan sa D at T 82:14].[7]

Bilang pangkat ng mga tao dapat tayong bumangon nang may pananampalataya at kapangyarihan sa harapan ng Diyos at dapat nating ipaalam ang mga nais natin, at ipaubaya ang ating kapalaran sa Kanyang mga kamay. Ito naman ay talagang naroon. Mananatili ito roon.[8]

---

### Kailangan tayong manalangin upang maunawaan ang kagustuhan ng Panginoon at matanggap ang Kanyang patnubay.

Nadarama ko na dapat nating ibaling ang ating puso sa pananalangin sa Diyos na ating Ama sa Langit para sa Kanyang awa, at

paggabay at pagtagubilin sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu Santo, upang maliwanagan ang ating isipan at mabuksan ang ating pang-unawa at maunawaan ang Kanyang iniisip at ninanais para sa Kanyang mga tao.[9]

Sa tuwing nag-aalinlangan kayo sa anumang tungkulin o gawain na kailangan ninyong gampanan, huwag kaagad gagawa ng anupaman hangga't hindi kayo nananalangin nang lubos at hangga't di ninyo nadarama ang Espiritu Santo. Anuman ang idikta ng Espiritu na puntahan ninyo o gawin, tama iyon; at, sa pagsunod ninyo sa mga idinikta nito, kayo'y mapapabuti.

Tayo ay dadalhin sa maraming lugar sa panahon ng ating paglilingkod sa mga bansa ng mundo, kung saan maaaring ituring nating tama ang isang partikular na hakbang; ngunit, kung hindi natin alam, makabubuting bumaling sa Panginoon, at tapat na manalangin upang magabayan tayo sa buhay.[10]

Tayo nang maglingkod nang tapat at ipanalangin sa Panginoon na bigyan tayo ng talino araw-araw, nang tayo ay magkaroon ng lakas na magtagumpay at manaig.[11]

---

**Ang mga magulang ay may sagradong tungkuling turuan ang kanilang mga anak na manalangin at tiyaking sama-samang nananalangin ang pamilya.**

Nasa isipan at kalooban ng Diyos na ang bawat lalaki at babae na ikinasal sa tipan, at nabigyan ng mga anak, ay dapat na turuang manalangin ang mga anak na iyon, sa sandaling sila'y nasa tamang edad.

Tungkulin ng mga Banal sa mga Huling Araw na turuang manalangin ang kanilang mga anak habang bata pa lang; turuan sila upang maunawaan nila ang mga alituntunin at pakinabang ng panalangin, upang makapanalangin sila para sa kanilang mga magulang at sa lahat ng kinakailangan. Kung sisimulan ninyo ang mga bata sa ganitong paraan, at palalakihin ninyo sila nang may takot sa Panginoon, mas malamang na hindi nila ito makalimutan. Hindi dapat na ang ulo ng pamilya lamang ang nagdarasal, kundi dapat niyang pagdasalin ang mga miyembro ng kanyang pamilya, at pababasbasan ang pagkain sa hapag-kainan.[12]

**Kapag ipinamumuhay natin ang ebanghelyo, ang ating mga panalangin ay tutugunan ng pagpapala sa ating mga ulo.**

Tayo bilang tao ay dapat maging mapagpakumbaba, madasalin, nagpapasakop sa kapangyarihan ng Diyos upang matanggap natin ang mga pangakong biyaya ng ating Ama sa Langit.[13]

Dapat tayong mamuhay sa paraan na makakaharap tayo sa Panginoon at makahihingi ng mga biyayang iyon, nang may pananampalataya at kapangyarihan, na kailangan natin upang tulungan tayong isagawa ang mga layunin ng Diyos. . . . Kailangan ito sa ating pag-unlad.[14]

Layon ng Diyos na ibigay sa Kanyang mga Banal ang mabubuting bagay ng daigdig, pati na ang mga biyaya ng langit, kapag kaya na nilang gamitin ang mga ito sa wastong paraan. . . .

. . . Marami sa inyo ang natuto nang magdasal; kung gayon huwag hayaang di makaabot ang inyong mga dalangin sa pandinig ng Diyos ng mga Hukbo; at kayo ay Kanyang pakikinggan. . . . Ngunit ang mga biyaya ng langit ay makakamtan at mapamamahalaan tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan.[15]

Wala tayong dapat sayanging panahon sa paghahanda sa ating sarili sa mangyayari sa mundo; at sino ang gustong mawalan ng gantimpala, karangalan, at pag-asa ng buhay na walang hanggan na taglay niya noon sa pagtanggap ng ebanghelyo ni Jesucristo? Wala sa sinumang tao na may bahagi ng Espiritu ng Diyos. Tayo nang kumilos at gampanan ang ating tungkulin, at gumawa sa harapan ng Diyos hanggang sa madama natin ang Espiritu Santo, at hanggang sa punitin ng ating mga panalangin ang tabing ng kawalang-hanggan at marinig ng Diyos ng mga Hukbo at tugunan ng mga pagpapala sa ating mga ulo.[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Rebyuhin ang mga kuwento sa mga pahina 119–20. Pag-isipan o talakayin ang maaaring isagot ni Elder Woodruff sa bawat isa sa mga sitwasyong ito. Ano ang matututuhan natin sa kanyang mga sagot?
- Ano ang nakapagbigay-inspirasyon sa inyo habang binabasa ninyo ang mga itinuro ni Pangulong Woodruff tungkol sa ating tungkuling manalangin? (Tingnan sa mga pahina 120–21.) Ano ang ibig sabihin sa inyo ng manalangin nang tapat? Bakit dapat tayong manalangin para matanggap ang mga biyayang kailangan natin? Ano ang ilan sa mga layunin ng panalangin?
- Basahin ang buong ikatlong talata sa pahina 120. Bakit kailangang manalangin ang Tagapagligtas? Ano ang matututuhan natin sa Kanyang mga panalangin? (Tingnan sa Mateo 26:39; Juan 11:41; 3 Nephi 13:9–13.)
- Paano nakatutulong sa atin ang panalangin kapag may desisyon tayong gagawin o kapag may mga tanong tayo tungkol sa ating mga tungkulin? (Tingnan sa pahina 121.)
- Sa anong mga paraan sinagot ng Ama sa Langit ang inyong mga panalangin? Paano tayo dapat tumugon kapag ang sagot sa isang panalangin ay iba sa inaasahan natin?
- Anong katiyakan ang ibinigay ni Pangulong Woodruff sa mga magulang na magtuturo sa kanilang mga anak na manalangin? (Tingnan sa pahina 122.) Ano ang ilang alituntunin ng panalangin na dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak? Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na gawing bahagi ng kanilang buhay ang panalangin?
- Sa mga panalangin ng pamilya, bakit mahalagang mabigyan ng pagkakataong manalangin ang lahat ng miyembro ng pamilya? (Tingnan sa pahina 122.) Paano napalakas ng panalangin ang inyong pamilya?
- Pag-aralan ang huling bahagi ng kabanata (mga pahina 122–23), at hanapin ang mga katangian na dapat nating taglayin ayon kay Pangulong Woodruff. Bakit kailangan ang mga katangiang ito sa ating pagdarasal at habang humihingi tayo ng sagot sa ating mga panalangin?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Mateo 7:7; Santiago 1:5–6; 5:16; 2 Nephi 32:8–9; Alma 33:3–11; 34:17–28; 37:36–37; 3 Nephi 18:19–21; D at T 10:5; 68:28; 112:10

## Mga Tala


1. Tingnan sa "Leaves from My Journal," *Millennial Star,* Hunyo 20, 1881, 390–91.
2. *The Discourses of Wilford Woodruff,* seleksyon ni G. Homer Durham (1946), 288.
3. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 221.
4. *Millennial Star,* Mayo 7, 1893, 305.
5. *Deseret News: Semi-Weekly,* Pebrero 4, 1873, 2.
6. "The Rights of the Priesthood," *Deseret Weekly,* March 17, 1894, 381.
7. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 12, 1875, 1.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 22, 1884, 1.
9. *Millennial Star,* May 18, 1891, 306.
10. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 134.
11. *Deseret Semi-Weekly News,* December 21, 1897, 1.
12. *Salt Lake Herald Church and Farm,* June 15, 1895, 385.
13. *Deseret News,* Nobyembre 26, 1856, 299.
14. *Deseret Weekly,* August 30, 1890, 307.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 20, 1883, 1.
16. *Deseret News,* Disyembre 31, 1856, 340.



*"Dapat nating papagyamanin ang mga salita ng buhay. Dapat nating saliksikin ang tala ng banal na katotohanan."*

# Mahahalagang Yaman sa mga Banal na Kasulatan

*Kapag sinasaliksik natin ang mga banal na kasulatan ayon sa Diwa ng pagkakabigay sa mga ito, lalo nating nauunawaan ang kagustuhan ng Diyos.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Noong Marso 1, 1845, nakatanggap ng sulat si Elder Woodruff na noo'y naglilingkod bilang nangungulong awtoridad ng Simbahan sa British Isles, mula sa isang kaibigan sa Estados Unidos. Kalakip ng sulat na iyon ang isa pang sulat, kung saan idinitalye roon ng isang tao ang planong ilimbag ang Doktrina at mga Tipan sa England at kumuha roon ng karapatang-sipi para sa kanyang sarili. Ang gagawin ng taong ito ay maaaring makahadlang sa Simbahan sa pagpapalimbag ng aklat sa England. Ganito ang isinulat ni Elder Woodruff sa kanyang journal: "Walang dudang mapangahas ang gagawing ito, na isang tumiwalag o mga tumiwalag ang magpapalimbag ng mga ginawa ng Simbahan at aagawin ang kikitain nito. Sa pananaw ko awa lamang ng Diyos ang magbibigay sa akin ng dapat kong malaman sa bagay na ito. Ginugol ko ang araw sa pag-aaral ng batas upang tingnan kung ano ang maaari kong malaman tungkol sa pagkuha ng karapatang-sipi."[1] Umupa siya ng tagalimbag para mag-typeset at maglimbag ng 3,000 kopya ng aklat.[2] At nang maintindihan niya ang mga batas ng Britanya tungkol sa ka rapatang sipi, kumuha siya ng karapatang-sipi sa pangalan niya noong Hunyo 7, 1845, "apatnapung-walong oras matapos makuha ang huling mga pahina mula sa mga tagalimbag."[3] Kaya naingatan niya ang legal na karapatang ilimbag ang aklat sa England.

Hindi lang ito ang unang pagkakataon na sinikap ni Wilford Woodruff na mapasakamay ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga banal na kasulatan. Bago pa man nailimbag ang Doktrina at

mga Tipan, kinopya niya sa pamamagitan ng pagsulat ang marami sa mga paghahayag at dinala ito sa kanyang mga paglalakbay sa misyon. Habang naglilingkod siya sa kanyang unang misyon sa England, mula Enero 1840 hanggang Abril 1841, nakipagtulungan siya kina Pangulong Brigham Young at sa iba pa sa pagpapalathala ng unang edisyon ng Aklat ni Mormon sa labas ng Estados Unidos. Kalaunan ay tinulungan niya si Propetang Joseph Smith sa Nauvoo, Illinois, para i-typeset ang pahayagan ng Simbahan na pinamagatang *Times and Seasons.* Sa pagitan ng Marso 1, 1842 at Enero 16, 1843, lumabas ang sumusunod na mga dokumento sa *Times and Seasons,* maraming taon bago nailathala ang mga ito sa Mahalagang Perlas: ang aklat ni Abraham; Joseph Smith—Kasaysayan; ang sulat ni Wentworth, na naglalaman ng Mga Saligan ng Pananampalataya; at bahagi ng aklat ni Moises.

Matapos tulungan ang mga Banal na mapasakamay nila ang mga banal na kasulatan, hinikayat sila ni Pangulong Woodruff na "isapuso [nila] ang mga ito."[4] Sinabi niya: "Dapat nating ipamuhay ang ating relihiyon. Dapat nating gawin mismo ang ipinangangaral natin. Dapat nating papagyamanin ang mga salita ng buhay. Dapat nating saliksikin ang mga talaan ng banal na katotohanan. Dapat nating unawain ang panahon kung kailan tayo nabubuhay. Sa ganitong paraan ko tinitingnan ang kalagayan natin ngayon. Hindi ko itinuturing ang mga paghahayag na itinala sa mga aklat na ito, tungkol sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon, bilang isang bagay na lilipas nang hindi natutupad."[5]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Dapat nating pag-aralan ang mga katotohanan sa mga banal na kasulatan, papagyamanin ito sa ating mga puso, at isabuhay ang mga ito.

Basahin ang Biblia, ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan at ang mga talang ibinigay sa atin ng Panginoon, at papagyamanin ang mga paghahayag na ito at alamin ang ipinangako sa atin ng Panginoon. Sa ganitong paraan ay pinagyayaman natin ang isang bagay na mahalaga sa atin.[6]

Tungkulin natin . . . bilang mga Banal sa mga Huling Araw na pagnilayin, pag-isipang mabuti, basahin ang salita ng Diyos, at

sikaping unawain ang ating kalagayan, katayuan, at responsibilidad sa Panginoon.[7]

Ang daigdig ay malayo sa Panginoon. Tayo rin mismo ay napakalayo sa Panginoon bilang mga tao. Kailangan nating lumapit sa Panginoon, at sikaping mapasaatin ang Banal na Espiritu, upang kapag binabasa natin ang mga paghahayag ng Diyos ay mabasa natin ang mga ito ayon sa Diwa ng pagkakabigay sa mga ito. Sa gayong paraan ay mauunawaan natin ang [kahulugan] ng mga ito kapag ibinigay sa mga anak ng tao.[8]

Ang diyablo ay nasa lupa, at wawasakin niya ang bawat taong mawawasak niya. Saliksikin ang mga banal na kasulatan na ibinigay para talaga sa atin, gayundin ang mga nakasulat sa Biblia, at pag-aralang unawain ang iniisip at ninanais ng Diyos, na magagawa natin sa pamamagitan ng pagbasa sa mga ito kapag nasa atin ang liwanag ng Banal na Espiritu, at sa gayon ay maihanda ninyo ang inyong sarili sa mga mangyayari sa buhay.[9]

Ang mga bagay [mga alituntuning itinuro sa mga banal na kasulatan] ay totoo. Dapat nating pag-aralan ang mga ito; isapuso ang mga ito, at ipamuhay.[10]

Itinala ng mga Propeta, Apostol, at mga Patriarch ang kanilang binigyang-inspirasyong mensahe upang magamit at mapakinabangan natin, at pananagutin tayo sa pipiliin nating paraan ng pagtanggap sa Salita ng Diyos na ipinarating sa atin.[11]

---

## Ang Biblia at Aklat ni Mormon ay nagkakaisa sa pagpapahayag ng kabuuan ng ebanghelyo.

Hindi ako nahihiyang aminin na matibay ang paniniwala ko sa literal na katuparan ng Biblia, gayundin ang bawat pakikipag-ugnayan ng Diyos sa tao. . . . Naniniwala ako na ang mga banal na tao noong unang panahon ay nagsulat at nagsalita ayon sa patnubay ng Espiritu Santo, at ginawa nila ang sinabi nila at sinabi ang ginawa nila, at . . . "alin mang hula ng kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag." [Tingnan sa II Ni Pedro 1:20–21.][12]

Pinatototohanan ko na si Joseph Smith ay itinalaga ng Makapangyarihang Diyos bilang Propeta sa huling dispensasyon at kaganapan ng panahon; na inilabas niya ang Aklat ni Mormon at isinalin ito sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos

para sa kapakinabangan ng daigdig sa mga huling araw. Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo at isang talang binigyang-inspirasyon ng langit.[13]

Nasa atin ang Biblia—ang tungkod ng Juda—na naglalaman ng batas ng Diyos sa pamamagitan ni Moises at ng mga propeta at patriarch noong unang panahon. Ipinasa-pasa ito sa nakalipas na libu-libong taon hanggang sa mapasaatin. Samantalang ang mga aklatan, tulad ng akalatan ni Alexandria . . . ay nawala na, ang Biblia ay iningatan para sa atin, at kailangan natin itong basahin. Ibinibigay sa atin nito ang batas ng Diyos na ibinigay sa mga tao noong unang panahon. Ngunit walang binago sa batas na iyon, kung ebanghelyo ang pag-uusapan, mula sa araw na iyon hanggang ngayon. Ang Biblia—ang Luma at ang Bagong Tipan—ay nagbibigay sa atin ng batas kung saan tayo maaaring madakila at makabalik sa piling ng Diyos at mamuhay na kasama Siya magpakailanman. Ibinibigay sa atin ang landas na tatahakin upang makabahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli, nang tayo'y makabangon na nadaramitan ng kaluwalhatian, kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan. Ibinibigay rin sa atin nito ang kasaysayan, hindi lamang ang nangyari sa mga Judio, kundi pati ang mangyayari sa hinaharap. At mayroon tayong Aklat ni Mormon—ang tungkod ng Jose sa mga kamay ng Ephraim—isinulat iyon sa kontinente [ng Amerika] ng mga Apostol at propeta. Kabilang sa mga nilalaman nito ang mga turo ni Jesucristo nang Siya'y nagpakita, matapos Siyang mabuhay na mag-uli, sa Kanyang imortal at niluwalhating katawan, at itinuro ang ebanghelyo rito. Naglalaman ng maraming dakilang alituntunin ang mga paghahayag na iyon. Ipinakikita nito sa atin ang mga huling araw ng mundo, ang sitwasyon ng dakilang Babilonia at ang paghuhukom na magaganap sa mga huling araw bago dumating ang Anak ng Tao.[14]

Sinabi ni Ezekiel na sa mga huling araw ang tungkod ng Jose sa mga kamay ng Ephraim ay dapat isama sa tungkod ng Juda, sa paningin ng mga bansa sa mga kamay ng Panginoon, para sa isang espesyal na layunin—ang tipunin ang sangbahayan ni Israel sa mga huling araw [tingnan sa Ezekiel 37:15–28]. Ang dalawang talaang ito ay gagamitin din sa pangangaral ng kabuuan ng walang katapusang ebanghelyo sa mga Judio at Gentil; at ang mga ito ay sasaksi

sa hukuman laban sa mga henerasyon na nabuhay sa mundo nang maganap ang mga ito.[15]

Narito ang Biblia, ang talaan ng mga Judio, ibinigay nang may inspirasyon ng Panginoon sa pamamagitan nina Moises at mga sinaunang patriarch at propeta. Isa ba itong huwad, at gawa ng tao tulad ng sinasabi ng mga di naniniwala? Hindi, walang kapangyarihan ang sinumang taong nabuhay sa mundo na gumawa ng gayong aklat nang walang inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos. Ganoon din sa Aklat ni Mormon—lahat ng katalinuhan ng lahat ng tao sa ilalim ng langit ay hindi makalilikha at makapaglalahad sa daigdig ng aklat tulad ng Aklat ni Mormon. Banal ang mga alituntunin nito—mula ito sa Diyos. Hindi ito kailanman manggagaling sa isipan ng isang manlilinlang, o mula sa isipan ng nobelista. Bakit? Sapagkat ang mga pangako at propesiya ng mga nilalaman nito ay natutupad sa paningin ng buong mundo.[16]

Naiiba ba ang nilalamang ebanghelyo ng Aklat ni Mormon sa nilalaman ng Biblia? Hindi. Ito ang kasaysayan ng mga taong nanirahan sa lupalop [ng Amerika] noong unang panahon, na nagsasabi ng pinagmulan nila at paano sila napunta rito, nagsasabi ng paki kipag-ugnayan sa kanila ng Diyos, at ng pagtatatag ng Simbahan ni Cristo sa kanila. Dinalaw sila ni Jesus matapos ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Kaya nga sinabi Niya "Mayroon akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito: sila'y kailangan din namang dalhin ko, at kanilang diringgin ang aking tinig; at sila'y magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastor" [Juan 10:16.] . . . Pareho ang ebanghelyong nilalaman ng dalawang aklat. Kahit kailan iisa lang ang ebanghelyo at walang ibang ipapahayag sa pamilya ng tao.[17]

---

**Ang Doktrina at mga Tipan ay ating tipan sa mga huling araw**

Mayroon din tayong Aklat ng Doktrina at mga Tipan, na nasa inyong mga bahay at mababasa ninyo. Ang tinipong paghahayag na ito ay ipinasabi kay Propetang Joseph Smith sa pamamagitan ng Urim at Tummim at iba pang pamamaraan. Ang aklat na ito ay naglalaman ng ilan sa mga pinakamaluwalhati at pinakadakilang paghahayag na ibinigay ng Diyos sa tao. Ipinakikita nito sa atin kung ano ang ating hinaharap, ano ang naghihintay sa bansang ito at sa mga bansa ng mundo; at ano ang malapit nang mangyari sa mga




*Ang Aklat ng mga Kautusan, mga naunang tinipon na paghahayag kay Joseph Smith. Ang kopya na ito ng aklat ay nagtataglay ng lagda ni Wilford Woodruff.*

nabubuhay sa mundo. Malinaw ang mga bagay na ito, maliwanag ang mga ito, matibay ang mga ito, at ang mga ito'y paghahayag ng Diyos, at matutupad, maniwala man o hindi ang mga tao.[18]

Hawak ko ngayon ang Doktrina at mga Tipan, na naglalaman ng mga paghahayag na ibinigay kay Propetang Joseph Smith noong nabubuhay pa siya. Basahin ang mga paghahayag na iyon, at mula sa simula hanggang katapusan ay nakikiisa ang mga ito sa lahat ng dispensasyon ng Diyos sa mundo.[19]

Para sa akin ang Doktrina at mga Tipan, na ating Tipan, ay naglalaman ng tinipong paghahayag na napakabanal at makadiyos na ibinigay sa pamilya ng tao. Tutukuyin ko lang ang "Pangitain" [sa bahagi 76], bilang isang paghahayag na nagbibigay ng higit na liwanag, higit na katotohanan at higit na alituntunin kaysa alinmang paghahayag na nasa alinmang aklat na nabasa natin. Malinaw na ipinauunawa sa atin nito ang ating kasalukuyang kalagayan; saan tayo galing, bakit tayo naririto, at saan tayo pupunta. Maaaring malaman ng sinuman ang kanyang magiging bahagi at kalagayan sa pamamagitan ng paghahayag na iyon. Sapagkat alam ng sinumang tao ang mga batas na sinusunod nila, at ang

mga batas na sinusunod ng mga tao ang magtatakda ng kanilang magiging kalagayan; pangangalagaan sila ng mga batas na iyon at makatatanggap ng mga biyayang para sa kanila.[20]

Ang Doktrina at mga Tipan [ay] tinipong paghahayag na ibinigay ng Panginoon kay Joseph Smith. Nilalaman ng aklat na ito ang ilan sa mga pinakamaluwalhating paghahayag ng doktrina, ng alituntunin, ng pamamahala, ng kaharian ng Diyos at iba't ibang kaluwalhatian, at ng maraming dakilang bagay na umaabot sa walang hanggang mga daigdig.[21]

---

**Ang Mahalagang Perlas ay naglalaman ng maluwalhating mga katotohanang ipinahayag kay Propetang Joseph Smith.**

*Paalala: Halos sa buong buhay ni Wilford Woodruff hindi kabilang sa mga aklat ng Simbahan ang Mahalagang Perlas. Gayunman, madalas na binabasa ng mga Banal ang mga turo nito, na ang mga halaw ay unang inilathala sa ilang pahayagan ng Simbahan. Noong Oktubre 10, 1880, ang Mahalagang Perlas ay naging kasama na sa mga aklat ng Simbahan dahil sa pagkilos ng Unang Panguluhan at ng boto ng pagsang-ayon sa pangkalahatang kumperensya.*

*Sa sumusunod na mga halaw sa kanyang journal, ipinahayag ni Elder Woodruff ang kanyang patotoo tungkol sa aklat ni Abraham na isinalin ni Propetang Joseph Smith sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos at kalaunan ay isinama sa Mahalagang Perlas.*

Pinagkalooban ng Panginoon si Joseph Smith ng kapangyarihang ihayag ang mga hiwaga ng kaharian ng Diyos, magsalin . . . ng sinaunang mga tala at hieroglyphics na singtanda nina Abraham at Adan, na nagpaalab ng aming puso habang pinagmamasdan namin ang maluwalhating katotohanang nabuksan sa amin. Ipinakita sa amin ni Joseph, ang Tagakita, ang ilang bahagi ng aklat ni Abraham, na isinulat ng sariling kamay [ni Abraham] ngunit itinago sa kaalaman ng tao sa nakalipas na apat na libong taon ngunit ngayo'y inilabas na sa liwanag sa pamamagitan ng awa ng Diyos.[22]

Ang mga katotohanan sa aklat ni Abraham ay tunay na nakapagpapabuti, dakila, at maluwalhati, na kabilang sa mahahalagang yamang inihayag sa atin sa mga huling araw.[23]

---

## Ang mga propesiya sa mga banal na kasulatan ay makatutulong sa atin upang mapaghandaan ang mga mangyayari sa mga huling araw.

Mga kapatid, basahin natin ang mga ipinahayag ng Diyos para sa atin, at kapag binabasa natin ang mga ito, paniwalaan natin ang mga ito, at sikaping mamuhay sa paraang magiging handa tayo sa anumang pagpapalang ilalaan sa atin ng Panginoon. Ito ay upang makilala natin ang Kanyang kapangyarihan nang tulad ni Job, at hindi makakita ng mali sa Kanya dahil sa mga ibinibigay Niya sa atin. Kung hindi natin maunawaan ang mga ito ngayon, di magtatagal ay mauunawaan din natin ito.[24]

"Sino ako, wika ng Panginoon, na nag-uutos at hindi sinusunod? Sino ako, wika ng Panginoon, na nangako at hindi tumupad" [tingnan sa D at T 58:30–32]. . . . Sinasabi natin, sa tuwi-tuwina, at taun-taon, na nabubuhay tayo sa kakaibang panahon, henerasyon at dispensasyon, at ito ay totoo. Lumilipas ang panahon, taglay ang mga kaganapan nito, at tinutupad ang mga paghahayag ng Diyos, lalung-lalo na sa atin. Nabubuhay tayo sa kadiliman; ang kawalang-paniniwala at kawalang-katapatan ay laganap sa ibabaw ng mundo. . . . Ikinagugulat ng mga Banal sa mga Huling Araw na makita ang lawak ng kadiliman at kawalang-katapatan na laganap sa mundo. Kaya nga, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, palagay ko hinihingi sa ating dagdagan ang ating katapatan sa pamumuhay ng ating relihiyon, at sa iba't ibang paghahayag ng Diyos na nasa Biblia, Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan.

Nakikita natin mismo, taun-taon, ang mga tanda sa langit at sa lupa, at ang katuparan ng propesiya, ngunit bilang mga tao gaano ba ang idinaragdag ng pananampalataya natin sa Diyos? Kasingtindi ba ng pag-ibayo ng kawalang-katapatan ng mundo ang pag-ibayo ng pananampalataya natin sa Diyos? Marahil hindi ako hukom, ngunit sa tingin ko hindi natin ito nauunawaan. Ang gawaing kinabibilangan natin, at ang Biblia, ang Aklat ni Mormon at ang Aklat ng Doktrina at mga Tipan ay totoo ngayon tulad din na

totoo ito noong nakalipas na dalawampu, tatlumpu, o apatnapung taon. . . . Sinasabi ko na totoo ang gawaing ito ngayon at noon, gayundin ang kawikaang binanggit ko—"Sino ako, wika ng Panginoon, na nag-uutos at hindi sinusunod? Sino ako, wika ng Panginoon, na nangako at hindi tumupad?" Naniniwala ako na tutuparin ng Panginoon ang sinasabi Niya; Naniniwala ako na tutuparin niya ang mga ipinangako niya sa mga Banal sa mga Huling Araw at sa mundo, sa Sion at sa Babilonia; at kung gagawin niya iyon ay may naghihintay sa atin, isang bagay na gagawin natin, bilang mga Banal sa mga Huling Araw.[25]

Nais kong sabihin sa mga Banal sa mga Huling Araw: Manampalataya sa Diyos, at manampalataya sa Kanyang mga paghahayag, at basahin at pag-isipang mabuti ang mga ito at taimtim na ipanalanging bigyan kayo ng tamang pang-unawa sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, nang kayo ay lumago sa liwanag at kaalaman ng Diyos, at makita ang kahalagahan ng pamumuhay ng inyong relihiyon at ang pamumuhay nang matwid sa harapan Niya.[26]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang mga kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng magbasa ng mga banal na kasulatan "ayon sa Diwa ng pagkakabigay sa mga ito"? (pahina 127).
- Rebyuhin ang ikalawang talata sa pahina 129. Paano nagbibigay ng proteksyon ang mga banal na kasulatan laban sa impluwensya ng diyablo?
- Sa ikatlong talata sa pahina 129, pinayuhan tayo ni Pangulong Woodruff na gawin ang tatlong bagay sa mga banal na kasulatan. Bakit mahalaga ang mga gagawing ito?
- Bakit mahalagang pag-aralan ang Biblia at ang Aklat ni Mormon? (Tingnan sa mga pahina 129–31; tingnan din sa 1 Nephi 13:40; 2 Nephi 3:12.)
- Ano ang nadama ninyo sa patotoo ni Pangulong Woodruff tungkol sa Doktrina at mga Tipan? (Tingnan sa mga pahina

131–33.) Sa anu-anong paraan nagiging "ating Tipan" ang Doktrina at mga Tipan?

- Sinabi ni Wilford Woodruff na ang mga katotohanan sa aklat ni Abraham ay "mahahalagang yaman" (pahina 134). Ano ang mga yamang natagpuan ninyo sa Mahalagang Perlas?
- Paano tayo inihahanda ng mga banal na kasulatan "sa mga mangyayari sa buhay"? (Tingnan sa mga pahina 129, 134–35.)
- Ano ang ginagawa ninyo para gawing makahulugan ang pag-aaral ninyo ng banal na kasulatan? Anong mga talata sa banal na kasulatan ang lubos na nakatulong sa inyo? Paano nakatulong sa inyo ang mga talatang ito?
- Paano matutulungan ng mga magulang, lolo't lola, at guro ang mga bata at kabataan sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagsasabuhay ng mga ito?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* I Kay Timoteo 4:13–16; II Kay Timoteo 3:16; 1 Nephi 15:24; Helaman 3:29–30; Moroni 10:3–5

## *Mga Tala*

1. Journal of Wilford Woodruff, Marso 1, 1845, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.
2. Tingnan sa Journal of Wilford Woodruff, Hunyo 7, 1845.
3. *History of the Church,* 7:426; tingnan din sa Journal of Wilford Woodruff, Hunyo 7, 1845.
4. *Millennial Star,* November 21, 1887, 742.
5. *Deseret News:Semi-Weekly,* Hulyo 6, 1880, 1.
6. *Deseret Weekly,* August 17, 1889, 226.
7. *Deseret News: Semi-Weekly,* Setyembre 7, 1880, 1.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 6, 1880, 1.
9. *Contributor,* August 1895, 639.
10. *Millennial Star,* November 21, 1887, 742.
11. *Deseret Weekly,* September 21, 1889, 394.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 26, 1878, 1.
13. "Mormonism Brought Prominently before the Public," *Millennial Star,* Agosto 5, 1897, 493.
14. *Deseret Weekly,* April 19, 1890, 560.
15. *Deseret News:Semi-Weekly,* Mayo 2, 1876, 4.
16. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 20, 1873, 1.
17. *Deseret News: Semi-Weekly,* Agosto 16, 1881, 1.
18. *Deseret Weekly,* April 19, 1890, 560.
19. *Millennial Star,* November 10, 1896, 741.
20. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 26, 1881, 1.
21. "The Keys of the Kingdom," *Millennial Star,* September 2, 1889, 548.
22. Journal of Wilford Woodruff, Pebrero 19, 1842.
23. Journal of Wilford Woodruff, Marso 19, 1842.
24. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 20, 1875, 1.
25. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 2, 1876, 4.
26. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 30, 1878, 1.


# Mga Journal: "Higit na Mahalaga Kaysa Ginto"

*Mahalaga sa atin ang ating mga journal, at makapagdadala rin ang mga ito ng mga biyaya sa ating pamilya at sa lahat ng henerasyong darating.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Noong 1835, sinimulan ni Wilford Woodruff ang kanyang unang journal, "naniniwalang ito ay magiging kapaki-pakinabang sa pagsusuri ng ating nakaraang buhay at hindi lamang ito pribilehiyo natin kundi tungkulin din nating sumulat ng tamang talaan ng ating mga ginawa." Isinulat niya, "Sa layuning ito kaya sinikap ko mula noon na magsulat sa journal ng tungkol sa aking mga paglalakbay, upang kapag ako'y hiningian ay makapagbibigay ako ng ulat sa mga bagay na ipinagkatiwala sa akin."[1] Nagsulat siya sa journal sa loob ng 63 taon, na ang huling naisulat ay noong Agosto 31, 1898, dalawang araw bago siya mamatay. Ang mga nakasulat sa kanyang journal ay nag-iwan ng totoo at tunay na rekord ng kanyang personal na buhay, na nagpapakita ng pagmamahal niya sa kanyang pamilya, pagkawili sa kanyang kapaligiran, pagsisikap na matupad ang kanyang gawain sa araw-araw, pananampalataya sa panahon ng mga pagsubok, at patotoo at pagkaunawa sa ebanghelyo. Ang mga nakasulat ay nagbigay-sulyap din sa buhay ng ibang miyembro ng Simbahan noong panahong iyon.

Dagdag pa sa pagsusulat ng tungkol sa kanyang personal na buhay at ministeryo, maingat ding itinala ni Wilford Woodruff ang kasaysayan ng Simbahan. Ipinaliwanag niya: "Ako'y nabigyang inspirasyon at nahikayat na magkaroon ng journal at isulat ang mga gawain ng Simbahang ito hangga't makakaya ko. Hindi ko maunawaan kung bakit labis akong nahikayat na magsulat sa




*Sa pahinang ito ng kanyang journal, isinulat ni Wilford Woodruff ang kanyang damdamin tungkol sa pagpapakasal niya kay Phoebe Whittemore Carter.*

journal sa panahong nagsisimula pa lamang ang Simbahan, subalit ngayo'y nauunawaan ko na. Palagi na lang, kapag naririnig ko si Brother Joseph o ang Labindalawa na nagtuturo ng anumang alituntunin, di ako mapalagay tulad ng isang isdang inalis sa tubig hangga't hindi ko naisusulat ito. At pagkatapos noon, magaan na ang aking pakiramdam. Maisusulat ko ang isang talumpati ni Joseph nang isang linggo pagkasabi nito nang halos eksaktong-eksakto ang mga salita, at matapos maisulat ito, hindi ko na ito maaalala. Ito ay kaloob ng Diyos sa akin."[2]

Bilang bahagi ng kanyang pagsisikap na isalaysay ang kasaysayan ng Simbahan, inerekord ni Pangulong Woodruff ang mahahalagang detalye sa mga miting na kanyang dinaluhan. Sa isang miting, nagturo siya ng isang alituntunin na maisasagawa sa mga journal gayundin sa mga opisyal na rekord ng Simbahan: "Hindi na natin malalakarang muli ang tubig na nilakaran natin sa rumaragasang agos. Gayundin hindi natin maibabalik ang panahong lumipas. Kapag nilampasan natin ang silid kung saan idinaraos ang miting, ang mga ginawa sa miting na ito ay hindi natin malalaman kailanman. Hindi natin maibabalik ang oras ng gabing ito. Ngayon dapat ba nating irekord ang ating mga ginawa, itinuro, at ipinayo na ibinigay natin sa miting na ito? Dapat lang."[3]

Sa pamamagitan ng kanyang mga journal, nagbigay si Pangulong Woodruff ng isang walang hanggang handog sa kanyang mga inapo at sa lahat ng miyembro ng Simbahan. Puna ng mananalambuhay na si Matthias F. Cowley: "Ang buhay ni Wilford Woodruff ay puno ng kahangang-hangang bagay. Isa itong simpleng buhay kung saan inihayag niya nang malaya ang kanyang saloobin at mga layunin. Ang hayagan niyang pagsasalita, pag-iingat sa mga detalye, at tapat na pagsasaalang-alang sa katotohanan ang naglagay sa kanya, marahil, bilang pinakamahusay na mananalaysay ng mga pangyayari sa buong kasaysayan ng Simbahan."[4] Ganito ang isinulat ni Elder B. H. Roberts, miyembro ng First Council ng Seventy at kilalang mananalaysay ng Simbahan: "Si Pangulong Woodruff ay nagbigay ng isang napakahalagang serbisyo sa simbahan. Ang kanyang mga *Journal*, na palaging sinusulatan at may sistema at malinis ang pagkasulat at maayos na na-i-book-bind, . . . ay naglalaman ng orihinal na dokumentaryo ng yamang pangkasaysayan na walang kasinghalaga.

Utang ng simbahan sa mga *Journal* na ito ang tunay na rekord ng mga turo at pananalita ng Propeta ng Bagong Dispensasyon—si Joseph Smith—na kung wala si Wilford Woodruff ay nawala na rin magpakailanman. Totoo rin ito sa mga turo at pananalita ni Brigham Young, at ng iba pang namumunong elder ng simbahan; [at] para sa mga kaganapan ng mahahalagang miting, desisyon, hatol, patakaran at marami pang opisyal na pribadong gawain ng konseho, na kung wala ang mga ito ay hindi makakukuha ang manunulat ng kasaysayan ng tamang pananaw sa maraming bagay—sa lahat ng bagay na ito napakahalaga ng mga *Journal* na ito ni Pangulong Woodruff."[5]

Karamihan sa mga pahayag sa kabanatang ito ay kinuha mula sa rekord ng mga pangangaral ni Pangulong Woodruff na kanyang sinabi sa mga miting ng priesthood. Kahit madalas niyang tukuyin ang mga elder sa mga pahayag na ito, ang mga turo niya ay mahalaga sa lahat ng miyembro ng Simbahan.

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Kapag inerererekord natin ang kasaysayan ng ating buhay, nakikinabang tayo, ang ating angkan, at Simbahan.

Ang rekord at kasaysayan ng Simbahan at kahariang ito ay kakailanganin sa hinaharap. Walang ibang dispensasyon sa mundo na magiging higit na kasiya-siya ang mga pangyayari kaysa sa dispensasyong ito ng ating buhay. . . .

Totoong nagsulat si Joseph Smith ng kasaysayan ng kanyang buhay at ng mga bagay na kahit paano'y may kaugnayan sa kanya. Patay na siya, gayunpaman ang kanyang buhay at patotoo ay nailalathala ngayon sa mundo. . . . Si Pangulong Young [ay may] mga tagasulat din na nagrekord ng kanyang pang-araw-araw na gawain at buhay, na tama at mabuti. Subalit nakarekord ba rito ang kasaysayan ng buhay at pakikitungo ng Diyos sa libu-libong Apostol at elder na naroon o mapaparoon sa bawat bansa sa buong mundo sa silong ng langit? Hinding-hindi. Kung gayon lahat kayong elder ng Israel ay magsulat ng inyong kasaysayan at ng pakikitungo ng Diyos sa inyo sa buong mundo para sa inyong kapakinabangan at ng inyong angkan, para sa kapakinabangan ng sambahayan ng Israel, ng Judio at Gentil, ng mga darating na henerasyon.[6]

Maaaring isipin ng iba na hindi mahalaga ang magsulat o mag-ingat ng rekord ng ating gawain o gawain ng Diyos, subalit naniniwala akong mahalaga ito. Kung hindi, hindi bibigyang-inspirasyon ang mga propeta na hikayatin tayo na maging matapat sa bagay na ito. Sinabi ng Panginoon sa atin na anuman ang inyong ibinuklod sa lupa ay pagbubuklurin sa langit at anuman ang itinala natin sa lupa ay maitatala sa langit, at ang hindi ibinuklod o itinala sa lupa ay hindi pagbubuklurin o itatala sa langit [tingnan sa D at T 128:7–8]. Samakatwid lumalabas na napakahalaga na magsulat tayo nang totoo at tunay na rekord ng lahat ng bagay.[7]

Maaaring sabihin ng iba [na ang pagsusulat sa journal] ay malaking abala. Subalit huwag nating tawaging kaabalahan ang anumang bagay na may mabuting nagagawa. Itinuturing kong lubos na kapaki-pakinabang ang bahaging iyon ng aking buhay na ginugol ko sa pagsusulat sa mga journal at kasaysayan.[8]

Kahit na ang layunin lamang na nasa isipan natin sa pagsusulat sa journal ay mabasa natin itong muli at ng ating mga anak, makabuluhan na ang paggugol natin ng oras sa pagsusulat sa ating journal.[9]

---

**Dapat nating irekord ang mga biyayang bigay ng Diyos sa atin at ang ating mga tungkulin sa Simbahan.**

Bawat tao ay dapat sumulat ng maikling kasaysayan ng kanyang buhay: ang kanyang mga magulang, kapanganakan, relihiyon, kailan bininyagan at sino ang nagbinyag, kailan inorden, at anong katungkulan sa priesthood at sino ang nag-orden—magbigay ng maikling paliwanag sa lahat ng kanyang misyon at tungkulin at pakikitungo ng Diyos sa kanya. At kung namatay na siya at nais ilathala ng mga mananalaysay ang kanyang kasaysayan, may magagamit silang ilang impormasyon. Maaaring isipin ng marami na walang kuwenta ang paksang ito at hindi mahalaga, subalit hindi ito gayon sa akin.[10]

Pinapayo ko sa inyo na isulat ang lahat ng biyayang natanggap ninyo at ingatan ang mga ito. . . . Iniuutos ko sa inyo na irekord ang bawat nagampanang tungkulin sa inyong buhay. Kung nagbinyag kayo, nagkumpirma, nag-orden, o nagbasbas sa sinuman o nangasiwa sa maysakit, sumulat ng tala tungkol dito. Kung gagawin ito ng

bawat tao, makasusulat ng tamang tala ang Simbahan tungkol dito. . . . Kung ang kapangyarihan at pagpapala ng Diyos ay ipinakita sa pagliligtas sa inyo sa panganib, . . . dapat ninyong irekord ito. Isulat ang tungkol sa pakikitungo ng Diyos sa inyo sa araw-araw. Isinusulat ko ang lahat ng biyayang natanggap ko, at hindi ko ito ipagpapalit sa ginto.[11]

Hindi ba dapat tayong magbigay-galang sa Diyos sa pamamagitan ng pagrerekord ng mga biyayang ibinuhos Niya sa atin at pagganap sa mga tungkulin natin sa Kanyang pangalan sa ibabaw ng lupa? Sa palagay ko dapat nating gawin ito.[12]

Ang Panguluhan ng Simbahan na namumuno sa atin ngayon . . . ay sumusulat ng kasaysayan ng mga pakikitungo ng Diyos at tao sa kanila . . . na magiging kapaki-pakinabang sa milyun-milyong tao sa hinaharap. Subalit dahilan ba ito [para huwag nang magsulat] ang libu-libong elder at high priest at Apostol na naglakbay nang maraming taon at nagtatag ng Simbahan at kahariang ito at may mga kaloob ng Espiritu Santo nang sa gayo'y may kapangyarihan sila na magpagaling ng mga may sakit at magtaboy ng mga diyablo, magbigay ng paningin sa mga bulag, magbigay ng pandinig sa mga bingi, at palakarin ang pilay . . . , at utusan ang mga demonyo at pasunurin dito, at maligtas sila sa panganib at kamatayan ng mga anghel na tagabantay nila? Sinasabi ko, pagkakalooban ba ang mga elder ng mga bagay na ito at hindi man lang nila maisip na mahalagang isulat ang mga ito? Hindi man lang ba ito isusulat para maiwanang nakarekord ang kuwento at mabasa ng kanilang mga anak at ng mga darating na henerasyon? Sinasabi kong dapat nilang gawin ito. Palagay ko hinihingi ito ng Diyos sa atin, at ito ay yaman at banal na pamana na nararapat lamang para sa ating angkan.[13]

---

## Dapat nating irekord ang mga kaganapan ng mga tunay na pangyayari.

Tayo ay mga taong inorden ng Diyos para itatag ang Kanyang kaharian dito sa lupa, itayo ang Sion, at ihanda ang daan sa pagdating ni Jesucristo. Ngayon, dapat ba tayong magsulat sa journal, rekord, at kasaysayan ng mga pakikitungo ng Diyos sa [atin] na nakikita natin sa araw-araw? Dapat lang. . . .

. . .Sa halip na balewalain ang bahaging ito ng ating gawain hayaan ang bawat taong nakakasulat, na magsulat sa journal at magrekord ng mga kaganapan na nakikita nating nangyayari sa araw-araw. Ito ay magiging mahalagang pamana sa ating mga anak at malaking pakinabang sa mga darating na henerasyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng totoong kasaysayan ng pagkakatatag at pagsulong ng Simbahan at kaharian ng Diyos sa lupa sa huling dispensasyong ito, sa halip na ipaubaya ito sa ating mga kaaway na susulat ng maling kasaysayan tungkol sa totoong Simbahan ni Cristo.[14]

Hindi natin kaagad naiisip ang kahalagahan ng mga pangyayaring nakikita natin, subalit madarama natin ang kahalagahan nito pagkatapos. Nabubuhay tayo sa isa sa mga pinakamahalagang henerasyon mula nang mamuhay ang tao sa mundo, at dapat nating isulat ang mahahalagang pangyayaring nakita natin bilang katuparan sa mga propesiya at paghahayag ng Diyos. Marami nang mga paghahayag na natupad sa ating panahon, at habang nagaganap ito at nakikita natin ay gusto nating irekord ang mga ito.[15]

---

**Dapat maagang simulan ng mga bata ang pagsusulat sa journal.**

Gusto kong sabihin sa mga bata kong kaibigan na magiging malaking biyaya sa kanila, at sa kanilang mga anak, kung magsusulat sila araw-araw sa journal tungkol sa mga nangyayari sa kanila at sa paligid nila. Pakuhanin ng maliit na notbuk ang lahat ng batang lalaki at babae, at magpasulat nang kaunti rito araw-araw.

"Ano ang isusulat ko?" ang tanong mo. Sumulat ng tungkol sa anumang bagay na kapaki-pakinabang, o ng pinakamagandang nangyari sa iyo; at kung sisimulan mo ito habang bata ka pa, madali na ito para sa iyo kapag ika'y malaki na. Magiging kasiya-siya ito sa iyo, at sa iyong mga anak, tatlumpu, limampu, o walumpung taon mula ngayon, ang maupo at basahin ang nangyari sa iyong kamusmusan at kabataan! Hindi mo ba gugustuhing basahin ang nangyari sa ating mga ama, at ina, at lolo't lola, noong sila'y bata pa at nabubuhay pa? Gayunpaman ang layunin ay hindi lamang magsulat sa journal habang ikaw ay bata pa kundi hanggang sa iyong paglaki, maging sa iyong buong buhay. Ito ay lalong kailangan sa



*"Pakuhanin ng maliit na notbuk ang lahat ng batang lalaki at babae, at magpasulat nang kaunti rito araw-araw."*

henerasyong kinabibilangan mo, sapagkat nabubuhay ka sa mahalagang henerasyong nakita ng mga anak ng tao, at napakahalagang maaga kang magsimulang magsulat sa journal at gawin ito habang ika'y nabubuhay, kaysa ang ibang henerasyon ang gumawa nito.

Kayo ay mga anak ng Sion, at tinawag ng Diyos ang inyong mga magulang upang itatag ang Simbahan ni Cristo at ang Kaharian ng Diyos dito sa lupa sa mga huling araw, at sa sandaling mamatay ang inyong mga magulang, kayo ang papalit sa kanila. Kayo'y magiging mga ama at ina, at [kayo] na mga batang lalaki . . . ay magiging propeta, apostol at elder, at mamumuhay na naglalakbay at nangangaral ng ebanghelyo, at para tanggapin ang salita ng Panginoon. Kung gayon napakahalaga na magsulat kayo sa journal at itala ang mga pakikitungo ng Panginoon sa inyo. . . .

. . . Ngayon malaking kasiyahan sa akin at sa aking pamilya ang maupo at basahin ang tala ng aming mga paglalakbay, kung saan kami pumunta, at ano ang ginawa namin, at ang pakikitungo ng Diyos sa amin, at ang maraming masasayang panahon na kasama ang aming mga kaibigan. Mababasa ko sa aking mga journal ang

magagandang turo na narinig ko maraming taon na ang nakalipas mula kina Pangulong Joseph Smith, Brigham Young, Heber C. Kimball, sa Labindalawang Apostol, at iba pang mabubuting elder, at ang masasayang sandali na sama-sama kami. Kung sisimulan na ng mga bata kong kaibigan na gawin ito at ipagpapatuloy ito, ito'y magiging higit pa kaysa ginto sa kanila sa hinaharap.[16]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa pahina v–x.

- Bakit mahalaga ang mga journal ni Pangulong Woodruff sa Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 137, 139–40.) Ano ang maaaring sabihin ni Pangulong Woodruff sa mga taong nag-iisip na walang idudulot na kaibhan sa iba ang kanilang mga journal?
- Ano ang ilan sa mga kaganapan na nangyari sa Simbahan sa inyong kapanahunan? Paano makatutulong ang pagrerekord ng mga pangyayaring ito sa inyong mga anak at apo?
- Rebyuhin ang unang talata sa pahina 139. Paano maiaangkop sa pagsusulat sa journal ang sinabi ni Pangulong Woodruff sa talatang ito? Isiping mabuti ang idudulot ng pagkawala ng mahahalagang pangyayari sa henerasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap.
- Basahing mabuti ang kabanata, hanapin ang iba't ibang uri ng impormasyon na maisasama natin sa ating journal. Paano tayo personal na nakinabang sa mga rekord na iyon? Sa paanong paraan makikinabang ang pamilya natin dito?
- Ano ang gusto ninyong malaman sa buhay ng inyong mga ninuno? Ano ang iminumungkahi nito sa dapat ninyong isulat sa inyong journal?
- Bakit mahalagang isulat ang mga pangyayari pagkatapos na pagkatapos maganap ang mga ito? (Tingnan sa pahina 142–43.) Ano ang magagawa natin para magkapanahon sa pagsusulat sa journal?
- Ilipat sa mga pahina 143–45 at rebyuhin ang payo ni Pangulong Woodruff sa mga bata at kabataan. Paano maibabahagi ng mga

magulang at lolo't lola ang mga ideyang ito sa kanilang mga anak at apo? Paano ninyo magagamit ang mga ideyang ito sa family home evening o family council?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* 1 Nephi 1:1; Omni 1:17; Mosias 1:1–6; Alma 37:1–9; Moises 6:5–6

## *Mga Tala*

1. Journal of Wilford Woodruff, walang petsa, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.
2. Journal of Wilford Woodruff, Marso 17, 1857.
3. Journal of Wilford Woodruff, Marso 17, 1857.
4. *Wilford Woodruff: History of His Life and Labors As Recorded in His Daily Journals* (1964), v.
5. *A Comprehensive History of the Church,* 6:354–55.
6. Journal of Wilford Woodruff, Pebrero 15, 1853.
7. Journal of Wilford Woodruff, Marso 17, 1857.
8. Journal of Wilford Woodruff, Pebrero12, 1862.
9. Journal of Wilford Woodruff, Setyembre 6, 1856.
10. Journal of Wilford Woodruff, Marso 17, 1857.
11. Journal of Wilford Woodruff, Setyembre 6, 1856.
12. Journal of Wilford Woodruff, Pebrero 12, 1862.
13. Journal of Wilford Woodruff, Nobyembre 18, 1855.
14. Journal of Wilford Woodruff, Pebrero 12, 1862.
15. Journal of Wilford Woodruff, Setyembre 6, 1856.
16. "Keep a Journal," *Juvenile Instructor,* Enero 1, 1867, 5–6.

# Pag-alaala sa Ating Espirituwal na Pamana

*Ang mga kuwento tungkol sa mga pagsasakripisyo at pananampalataya ng mga naunang Banal sa mga Huling Araw ay makapagbibigay-inspirasyon sa atin na maging mas masigasig sa pagtupad sa ating mga tipan at pagtatayo ng kaharian ng Diyos.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Sa pagtuturo sa mga miyembro ng Simbahan, madalas ulit-ulitin ni Pangulong Wilford Woodruff ang mga kuwento tungkol sa pananampalataya at tapang ng mga naunang Banal sa mga Huling Araw. Hinikayat niya ang mga tao noong kanyang henerasyon na patuloy na manampalataya, at hinikayat niya ang mga darating na henerasyon na sundin ang halimbawa ng kanilang mga ninuno—na "isaisip ang pagpapagal, alalahanin, at mga paghihirap na tiniis ng [kanilang] mga ninuno sa pagtatatag ng saligan ng Sion ng ating Diyos."[1] Sinabi niya: "Dahil sa awa ng [Diyos] kung kaya't ginagabayan pa rin Niya tayo hanggang ngayon. Ang mga biyaya ng Diyos sa atin ay dumarami taun-taon, at nabiyayaan tayo nang higit pa sa karapat-dapat nating tanggapin, at magaganda ang payo at mga tagubilin na ibinigay sa atin. Umaasa ako na magiging matalino tayo. Huwag hayaang malimutan ang mahahalagang espirituwal na pangyayaring iyon na para bang mga kuwento lang ito na puro kasinungalingan, sa halip ay alamin ang katotohanan sa mga kuwento at maging handa sa lahat ng bagay na hihingin sa atin ng Panginoon."[2]

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng salaysay ni Pangulong Woodruff tungkol sa apat na kaganapan na mahalaga sa kanyang personal na buhay at sa kasaysayan ng Simbahan: (1) Kampo ng


Sion; (2) pagtupad sa utos ng Panginoon na magpulong sa lugar na kinatatayuan ng templo sa Far West, Missouri; (3) pagpapagaling ng mga may sakit sa Commerce, Illinois, at Montrose, Iowa; at (4) ang pagdating ng mga pioneer sa Salt Lake Valley. Ang mga salaysay na ito ay bahagi ng espirituwal na pamana ng bawat miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Kampo ng Sion

Noong 1833 ang mga Banal ng Diyos ay pinaalis sa Jackson County, Missouri, ng masasamang tao, patungo sa Clay County. . . . Sinunog ang kanilang mga bahay at sinira ang kanilang ari-arian, at sila'y pinalayas, na wala ni isang kusing at hikahos, patawid sa ilog [Missouri]. Ang Konseho [sa lugar na iyon] ay tumawag ng mga boluntaryo na pupunta sa Kirtland, 1600 kilometro ang layo, upang makipagkita kay Propetang Joseph at humingi ng payo tungkol sa nararapat gawin. Si Parley P. Pratt, kasama ang kanyang pamilya na salat na salat sa lahat ng bagay ng mundo, at si Lyman Wight, kasama ang kanyang asawa na nakahiga sa troso sa kakahuyan, katabi ang sanggol na tatlong araw ang edad, at walang pagkain, damit o bahay, ay nagboluntaryo na humayo para bisitahin ang Propeta ng Diyos. . . .

Nang dumating sina Elder Pratt at Wight sa Kirtland, ikinuwento nila kay Propetang Joseph ang hirap na dinanas nila, at nagtanong naman si Joseph sa Panginoon kung ano ang nararapat niyang gawin. Sinabi sa kanya ng Panginoon na humayo at tipunin ang lakas ng sambahayan ng Panginoon, ang mga kabataang lalaki at mga nasa katanghaliang-gulang, at lumakad at tubusin ang Sion. . . . Kagustuhan ng Diyos na makatipon sila ng hanggang 500 kalalakihan, subalit hindi sila aalis doon nang wala sa 100 ang bilang nila [tingnan sa D at T 103]. Nakatipon ang mga Banal ng Panginoon ng 205 kalalakihan, karamihan sa mga ito ay nagtipon sa Kirtland noong tagsibol ng 1834. . . . Kami'y binuo sa tig-sasampu na may kapitan sa bawat isa, at ang Propeta ng Diyos ang namuno sa grupong ito ng 205 kalalakihan ng Kampo ng Sion sa paglalakbay nang 1600 kilometro.



*Sa pagtukoy sa Kampo ng Sion, sinabi ni Pangulong Woodruff, "Nakamtan namin ang karanasan na hindi namin makakamtan kailanman sa ibang paraan."*

. . . Ang payo at ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta ng Panginoon, at ang katuparan nito, at ang aming kagalakan at kalungkutan na may kaugnayan sa mga pangyayaring iyon, ay nangaukit sa aming mga puso gaya ng panulat na bakal at tingga sa bato, at ang kasaysayang ito ay mananatili sa lahat ng panahon at sa kawalang-hanggan.[3]

Ako ay nasa kampo ng Sion kasama ang Propeta ng Diyos. Nakita ko ang pakikitungo ng Diyos sa kanya. Nakita ko ang kapangyarihan ng Diyos sa kanya. Nakita ko na siya ay isang Propeta. Ang ipinakita sa kanya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa misyong iyon ay napakahalaga sa akin at sa lahat ng tumanggap ng kanyang mga tagubilin. Babanggit ako ng isang pangyayari. Kaunting oras na lang bago kami dumating sa Missouri, tinipon ni Joseph ang buong kampo. Nagpropesiya siya sa amin doon, at sinabi kung ano ang mangyayari sa amin. Sinabi niya sa amin ang dahilan kung bakit kami mapaparusahan. Sinabi niya: "Itinuturing akong bata ng ilan sa inyo. Hindi ninyo natatanto ang aking katayuan sa harap ng Panginoon.

Subalit may parusang darating sa kampong ito." Sinabi niya na darating ito sa amin sapagkat hindi siya sinunod sa kanyang mga payo. Isang oras pagkarating namin sa Missouri at itayo ang aming mga tolda . . . , isa-isang nagkasakit ang mga tao at sa loob lang ng ilang sandali isang dosena na sa kampo namin ang nakaratay dahil sa sakit na kolera. Nang makita ito ng Propeta ng Diyos, naawa siya sa kanila, at ipinatong nila ni Hyrum ang kanilang mga kamay kay Brother Carter. Siya ang unang lalaking nagkasakit, subalit nang gawin nila ito sila man ay biglang nagkasakit, at kailangan nilang parehong umalis sa kampo. Sinabi niya pagkatapos: "Sinabi ko na sa inyo ang mangyayari, at nang dumating ang karamdaman iniunat ko ang aking kamay para pigilan ito, at ako mismo ay halos magkasakit." Ang misyong iyon ay lubos na kasiya-siya sa akin.[4]

Nang papalapit na kami sa Clay County, Missouri, ang mga naninirahan sa Jackson County ay lubhang nabahala, at isang barko na may sakay na labindalawang kalalakihan, ang tumawid sa Ilog Missouri patungo sa Liberty, Clay County. Tumawag sila ng miting sa mga naninirahan sa State House, at madamdaming nagsalita para galitin ang mga tao na humayo at wasakin ang kampo ng Mormon. Gayunpaman hindi ito ninais gawin ng mga taga Clay County. . . .

Gayunpaman, nakatipon na ang mga mandurumog sa Jackson County, mga hukbong nakasakay ng kabayo at impanteriya (infantry), na tumawid sa ilog patungo sa Clay County para salubungin kami at patayin. Nagkampo kami sa silangang bahagi ng Fishing River, at doon binalak nilang lusubin kami. Nagkampo kami sa gilid ng meetinghouse ng Baptist, sa maaliwalas na kalangitan na walang kaulap-ulap. Katatayo pa lamang ng aming mga tolda, nang dalawang lalaking nakasakay sa kabayo ang dumaan sa aming kampo, na nanumpa ng kasamaan. . . . Nang papunta na sila sa gawing silangan palabas ng kampo ay lumitaw ang maliit na ulap sa hilagang-kanluran, na lumatag na parang balumbon ng papel, at maya-maya ang buong kalangitan sa aming ulunan ay nalatagan ng maitim na ulap. Ilang sandali pa ay kumidlat, kumulog, bumuhos ang malakas na ulan, at bumagsak ang mga piraso ng ulang may yelo, ang ilan ay mismo sa aming

kampo na may sukat na 2.5 sentimetro, na maya-maya pa'y tumakip sa lupa gaya ng puting mantel. Lahat kami ay nagtakbuhan papasok sa meetinghouse para sumilong. Si Propetang Joseph ang huling pumasok.[5]

Habang pumapasok na ipinapagpag ni Propetang Joseph ang tubig sa kanyang sombrero at damit, sinabi niyang, "Mga kasama, may kahulugan ito. Nasa bagyong ito ang Diyos." Umawit kami ng papuri sa Diyos, at nahiga sa buong magdamag sa mga upuan nang nakasilong habang ang aming mga kaaway ay lantad sa nagngangalit na bagyo.[6]

Ang ilog, na natawid namin na halos hindi nabasa ang aming sapatos nang magkampo kami, ay tumaas nang anim na metro. Dahil dito, hindi kami nasalakay ng kaaway mula sa kanluran, at ang hukbong nakasakay ng kabayo, na nasa silangan, ay nagtakbuhan sa bahay-paaralan, o sa kahit saang masisilungan mula sa malalaking ulang may yelo na bumagsak sa kanila. Pinaalis ng ulang may yelo at bagyo ang kanilang mga kabayo, at nabulabog nang ilang kilometro sa loob ng kagubatan, na nakalagay ang siya (saddle) at kabisada (bridle) sa mga ito, at hindi nahanap sa loob ng maraming araw.[7]

Nabalitang sinabi ng kapitan ng hukbo sa bahay-paaralan na isa itong kakatwang bagay na kapag kakalabanin nila ang mga Mormon ay nagkakaroon ng ulang may yelo o iba pang bagay na humahadlang sa kanila sa paggawa nila ng kahit ano, gayunman hindi nila kinikilalang Diyos ang nakikipaglaban para sa amin.[8]

Nagpapasalamat kami na ang Panginoon ang nakipaglaban sa aming mga digmaan at iniligtas kami, at hindi na tinangka pa ng aming mga kaaway na salakayin kami.

Kinaumagahan (noong ika-22 ng Hunyo) ang paghahayag na iyon ay ibinigay, sa Fishing River, na nakatala sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 105 [tingnan sa mga talata 9–14, kung kailan tinapos ng Panginoon ang orihinal na misyon ng kampo ng Sion]. Mula nang araw na iyon, lumambot ang puso ng mga tao sa Clay County, at nagpatuloy kami sa aming paglalakbay sa bayang iyon, at nagkampo sa huling pagkakataon . . . , kung saan nakaranas kami ng hirap bilang katuparan ng salita ng Panginoon sa pamamagitan ng bibig ni Joseph, ang Propeta. . . .

Matapos manatili nang ilang araw at isaayos ang Simbahan sa Clay County, bumalik si Propetang Joseph sa Kirtland kasama ang mga miyembro ng Kampo ng Sion na may mga pamilya na, subalit kami na wala pa, ay nanatili sa Missouri hanggang [kami] ay humayo sa ibang bahagi ng bansa upang ipangaral ang Ebanghelyo ni Cristo.[9]

Nang tawagin ang mga miyembro ng Kampo ng Sion, marami sa amin ang hindi pa kailanman nagkita; at hindi kami magkakakilala at marami ang hindi pa nakakita sa propeta. Kami'y ikinalat, tulad ng mais na ibinistay, sa buong bansa. Kami'y mga kabataang lalaki, at tinawag nang maaga para humayo at tubusin ang Sion, at anuman ang gawin namin ay dapat gawin nang may pananampalataya. Natipon kami mula sa iba't ibang bayan sa Kirtland at humayo upang tubusin ang Sion, bilang katuparan sa utos ng Diyos sa amin. Tinanggap ng Diyos ang aming gawain tulad ng pagtanggap Niya sa mga ginawa ni Abraham. Marami kaming naisagawa, kahit maraming beses nang nagtanong ang mga nag-apostasiya at di-naniniwala ng, "Ano ang mga nagawa ninyo?" Nakamtan namin ang isang karanasan na hindi namin kailanman makakamtan sa ibang paraan. Nagkaroon kami ng pagkakataong makita ang mukha ng propeta, at naglakbay nang 160 kilometro na kasama siya, at nakita ang pagkilos ng Espiritu ng Diyos sa kanya, at ang mga paghahayag ni Jesucristo sa kanya at ang katuparan ng mga paghahayag na iyon.[10]

Ang naging karanasan [namin] sa paglalakbay sa Kampo ng Sion ay mas mahalaga kaysa ginto, at ang kasaysayan ng kampong iyon ay maipapasa hanggang sa huling henerasyon ng mga tao.[11]

---

### Pagtupad sa utos ng Panginoon na magpulong sa lugar na kinatatayuan ng templo sa Far West, Missouri

*Tala: Noong Abril 26, 1838, ipinahayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith na ang mga namumunong lider ng Simbahan ay magsisimula na sa pagtatayo ng isang templo sa lungsod ng Far West, Missouri (tingnan sa D at T 115:7–10). Kanya ring iniutos sa kanila na "muling (simulan ang) paglalagay ng saligan" noong Abril 26, 1839, eksaktong isang taon mula noong araw na ibigay ang*

*paghahayag na ito (tingnan sa D at T 115:11). Ipinaliwanag ni Wilford Woodruff na isang kautusan ang "ilagay ang batong panulok ng Templo."[12] Noong Hulyo 8, 1838, isinamo ni Propetang Joseph, "Ipakita mo sa amin ang inyong kalooban, O Panginoon, hinggil sa Labindalawa" (section heading, D at T 118). Bilang sagot, inihayag ng Panginoon na sa susunod na tagsibol, pupunta ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Inglatera upang ipangaral ang ebanghelyo. Magkikita ang Korum sa pagtatayuan ng templo sa Far West sa Abril 26, 1839, na tanda ng pagsisimula ng misyong iyon. Hinirang nila sina Elder John Taylor, John E. Page, Wilford Woodruff, at Willard Richards upang punan ang bakante sa Korum ng Labindalawa. (Tingnan sa D at T 118:4–6.)*

Nang ibigay ang paghahayag [noong 1838], lahat ay payapa at tahimik sa Far West, Missouri, ang lungsod kung saan naninirahan ang maraming Banal sa mga Huling Araw. Gayunman, bago dumating ang panahong matupad ito, itinaboy ang mga Banal ng Diyos sa Estado ng Missouri papunta sa Estado ng Illinois, sa utos ni Gobernador Boggs. Isinumpa ng mga taga Missouri na kung ang lahat man ng ibang paghahayag ni Joseph Smith ay natupad, ang isang paghahayag na iyon ay hindi. Nakasaad dito ang araw at lugar kung saan magpapaalam ang Labindalawang Apostol sa mga Banal, upang magmisyon sa kabilang ibayo ng dagat, at sinabi ng grupo ng mandurumog sa Missouri na titiyakin nilang hindi iyon mangyayari. . .

Nang malapit na ang katuparan ng kautusang ito ng Panginoon, si Brigham Young ang Pangulo ng Labindalawang Apostol; si [Thomas] B. Marsh, na senior na Apostol, ay nag-apostasiya. Ipinatawag ni Brother Brigham ang Labindalawa na noon ay nasa Quincy, Illinois, para alamin ang saloobin nila tungkol sa pagpunta sa Far West, upang tuparin ang paghahayag. Si Propetang Joseph at ang kanyang kapatid na si Hyrum, sina Sidney Rigdon, Lyman Wight at Parley Pratt ay nakabilanggo sa Missouri, nang panahong iyon; subalit si Amang Joseph Smith [Sr.], ang Patriarch, ay nasa Quincy, Illinois. Naisip niya at ng iba pa na naroon na hindi mabuting tangkain naming maglakbay, dahil malalagay sa malaking panganib ang aming buhay. Inakala nilang tatanggapin na ng

Panginoon ang hangarin lamang namin na gawin ito nang hindi namin ito ginagawa. Subalit nang tanungin ni Pangulong Young ang Labindalawa kung ano ang saloobin namin sa paksang ito, kaming lahat, na nagkakaisa, ay sinabing nagsalita na ang Panginoong Diyos, at dapat tayong sumunod. Bahala na ang Panginoon na pangalagaan ang Kanyang mga tagapaglingkod, at susundin namin ang kautusan, o kaya'y mamamatay na sinisikap gawin ito.

Upang lubos na maunawaan ang panganib na haharapin ng Labindalawang Apostol sa paglalakbay na ito, dapat alalahanin ng aking mga mambabasa na si Lilburn W. Boggs, ang gobernador ng Estado ng Missouri, ay naghayag na kailangang lisanin ng lahat ng Banal sa mga Huling Araw ang Estado dahil kung hindi, silang lahat ay papatayin. Ang Far West ay nasakop ng mga militia, na mga inorganisa lamang ng mandurumog. Napilitan ang mga mamamayan na isuko ang kanilang mga sandata; lahat ng namumunong kalalakihan [ng Simbahan] na nahuhuli ay ikinukulong. Ang natitirang mga Banal—kalalakihan, kababaihan at mga bata—ay nagsitakas sa abot ng kanilang makakaya palabas sa Estado para iligtas ang kanilang buhay. Iniwan nila ang kanilang mga bahay, lupain at iba pang ari-arian na hindi nila madadala, na kinuha naman ng masasamang tao. Sa katunayan, binabaril nila ang mga baka at baboy ng mga Banal kapag nakikita nila ang mga ito, at ninakaw sa kanila ang halos lahat ng bagay na mahawakan nila. Walang awang pinagmalupitan ang mga Banal sa mga Huling Araw at tiniis nila ang nakapangingilabot na pang-aabuso. Nahirapang mabuti ang marami sa kanila na lumabas ng Estado, lalo na ang mga kilalang kalalakihan; sapagkat maraming lalaki sa Estadong iyon noong panahong iyon na kung kumilos ay para bang iniisip nilang hindi masamang bumaril ng isang "Mormon" dahil para lang silang bumaril ng asong ulol. . . .

Dahil determinado kaming isakatuparan ang hinihingi ng paghahayag, . . . nagsimula kaming maglakbay papuntang Far West . . .

Noong umaga ng ika-26 ng Abril, 1839, sa kabila ng mga pagbabanta ng aming mga kaaway na hindi matutupad ang paghahayag sa araw na ito, at sa kabila ng sampung libong Banal na napalayas na sa Estado sa utos ng gobernador, at kahit nasa kamay



*Ang lugar na kinatatayuan ng templo sa Far West, Missouri, kung saan nagpulong ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol noong Abril 26, 1839, bilang pagsunod sa utos ng Panginoon.*

ng aming mga kaaway si Propetang Joseph at ang kanyang kapatid na si Hyrum Smith, kasama ang iba pang namumunong kalalakihan, na nakakadena at nakakulong, nagpunta kami sa pagtatayuan ng templo sa lungsod ng Far West, at nagpulong, at tinupad ang paghahayag at kautusang ibinigay sa amin, at nagsagawa ng maraming bagay sa konsehong ito. . . .

Nagpaalam kami sa ilang natirang mga Banal na nanatili sa bakuran ng templo para tingnan ang pagtupad namin sa paghahayag at mga kautusan ng Diyos. Umalis na kami sa Far West, sa Missouri, at bumalik sa Illinois. Naisakatuparan namin ang misyon nang walang isa mang asong naggalaw ng kanyang dila sa amin [tingnan sa Exodo 11:7], o ni isa mang nagsabing, “Bakit kayo narito?”

Tinawid namin ang Mississippi River sakay ng bapor, pumasok sa Quincy noong ika-2 ng Mayo at lahat ay nagalak sa pagdating muli sa aming pamilya nang payapa at ligtas.[13]

## Pagpapagaling ng mga may sakit sa Commerce, Illinois, at Montrose, Iowa

Bago kami magsimula sa aming misyon sa Inglatera [noong 1839], kinailangan naming isaayos ang aming pamilya. Isang lugar na tinatawag na Commerce, na sa huli'y pinangalanang Nauvoo, ang napiling lugar na titirhan ng aming mga tao.

Lumisan ako sa Quincy, kasama si Brother Brigham Young at ang aming pamilya noong ika-15 ng Mayo, at dumating sa Commerce [noong] ika-18. Pagkainterbyu ni Joseph ay tinawid na namin ang ilog [Mississippi] sa Montrose, Iowa. Ako at si Pangulong Brigham Young kasama ang aming pamilya, ay inokupahan ang isang silid na mga labing-apat na talampakang kuwadrado ang sukat. Sa wakas nakakuha ng isa pang silid si Brother Young. . . . Lumipat naman si Brother Orson Pratt at ang kanyang pamilya sa silid na kinaroroonan ng aming pamilya.

Habang nakatira ako sa kabin na ito sa lumang gusali, naranasan namin nang isang araw ang kapangyarihan ng Diyos na kasama si Propetang Joseph. Maraming nagkasakit noong panahong iyon at ipinagamit ni Joseph ang kanyang tahanan sa Commerce sa mga maysakit, at nagtayo ng tolda sa kanyang bakuran at tumira roon mismo. Ang malaking bilang ng mga Banal na pinalayas sa Missouri, ay nagtipon sa Commerce; subalit walang matuluyan, at nanirahan na lang sa mga bagon, tolda, at bakuran. Samakatwid marami ang nalantad sa sakit. Pinagsilbihan ni Joseph ang mga maysakit, hanggang sa manghina siya at halos magkasakit na rin.

Noong umaga ng ika-22 ng Hulyo, 1839, bumangon siyang pinag-iisipang mabuti ang sitwasyon ng mga Banal ng Diyos sa kanilang kaapihan at paghihirap, at nanalangin siya sa Panginoon, at napasakanya ang kapangyarihan ng Diyos. At tulad ni Jesus na pinagaling ang mga maysakit na nakapaligid sa Kanya noong Kanyang panahon, pinagaling din ni Joseph, ang Propeta ng Diyos, ang lahat sa pagkakataong ito. Pinagaling niya ang nasa kanyang bahay at bakuran; tapos, kasama si Sidney Rigdon at ang ilan sa Labindalawa, pumaroon siya sa mga maysakit na nakahiga sa pampang ng ilog, at inutusan sila sa malakas na tinig, sa pangalan ni Jesucristo, na bumangon at gumaling, at lahat sila'y gumaling. Nang mapagaling niya ang lahat ng maysakit sa silangang bahagi

ng ilog, tinawid nila ang Mississippi River sakay ng bangka patungo sa kanlurang bahagi, sa Montrose, kung saan kami naroon. Ang unang bahay na pinasok nila ay ang kay Pangulong Brigham Young. Nakaratay siya sa sakit sa oras na iyon. Pumasok ang Propeta sa kanyang bahay at pinagaling siya, at lahat sila'y magkakasamang lumabas. Sa pagdaan nila sa aking pinto, sinabi ni Brother Joseph: "Brother Woodruff, sumunod ka sa akin." Ganitong salita lamang ang binanggit ng sinuman sa grupo mula noong oras na lisanin nila ang bahay ni Brother Brigham hanggang sapitin namin ang pampublikong gusali, at pumasok sa bahay ni Brother [Elijah] Fordham. Isang oras nang naghihingalo si Brother Fordham, at inakala naming huling sandali na niya ang bawat minuto.

Nadama ko ang kapangyarihan ng Diyos na pumupuspos sa kanyang Propeta.

Nang pumasok kami sa bahay, lumapit si Brother Joseph kay Brother Fordham, at hinawakan ito sa kanang kamay; at sa kanyang kaliwang kamay hawak naman niya ang kanyang sombrero.

Nakita niyang nakatitig sa kawalan si Brother Fordham, at hindi ito makapagsalita at walang malay.

Pagkahawak niya sa kamay nito, tiningnan niya ang mukha ng naghihingalong lalaki at sinabing: "Brother Fordham, nakikilala mo ba ako?" Sa una'y hindi siya sumagot; pero nakita naming lahat ang epekto ng Espiritu ng Diyos na napasakanya.

Muli niyang sinabi: "Elijah, nakikilala mo ba ako?"

Pabulong na sumagot si Brother Fordham ng, "Oo!"

Sinabi naman ng Propeta, "Nananampalataya ka ba na gagaling ka?"


Ang sagot, na mas malinaw kaysa dati, ay: "Baka huli na ang lahat. Kung nakarating ka sana nang mas maaga, marahil gagaling ako."

Para siyang isang taong nagising sa pagkakatulog. Ito'y pagkakatulog sa kamatayan.

Sinabi ni Joseph: "Naniniwala ka ba na si Jesus ang Cristo?"

"Oo, naniniwala ako, Brother Joseph," ang sagot niya.

Pagkatapos ay nagsalita nang malakas ang Propeta ng Diyos, tulad ng sa kamarhalikaan ng Panguluhang Diyos: "Elijah,



*Noong Hulyo 22, 1839, pinuntahan ni Propetang Joseph Smith ang mga maysakit sa Commerce, Illinois, at Montrose, Iowa, at pinagaling sila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood.*

inuutusan kita, sa pangalan ni Jesus ng Nazaret, na bumangon ka at gumaling!"

Ang mga salita ng Propeta ay hindi tulad ng mga salita ng tao, kundi tulad ng tinig ng Diyos. Sa tingin ko'y parang nayanig ang bahay mula sa kinatatayuan nito.

Napabangon bigla si Elijah Fordham sa kanyang higaan tulad ng taong bumangon mula sa mga patay. Gumanda ang kulay ng kanyang mukha, at siya'y masiglang-masigla.

Ang kanyang mga paa ay . . . nabebendahan. Inalis niya ito sa kanyang mga paa, nakalat ang laman na gamot, at humingi ng damit na maisusuot niya. Humingi siya ng tinapay at gatas, at kinain ito, at nagsumbrero at sumunod sa amin sa daan, para bisitahin ang iba pang maysakit.

Maaaring itanong ng mga di-naniniwala: "Hindi ba pandaraya ito?"

Kung mayroon mang pandaraya sa isipan ng di-naniniwala, tiyak na wala kay Elijah Fordham, ang naghihingalong lalaki, ni sa mga taong naroon na kasama niya, sapagkat mga ilang minuto pa ay malamang na nasa daigdig na siya ng mga espiritu, kung hindi siya napagaling. . . .

Pagkaalis namin sa bahay ni Brother Fordham, pumunta kami sa bahay ni Joseph B. Noble, na mahinang-mahina na at malala na ang sakit. Nang pumasok kami sa bahay, hinawakan ni Brother Joseph ang kanyang kamay, at inutusan siya, sa pangalan ni Jesucristo, na bumangon at gumaling. Bumangon siya at kaagad gumaling.

Habang nangyayari ito, ang masasamang tao sa lugar . . . ay nabahala, at sinundan kami sa loob ng bahay ni Brother Noble.

Bago sila dumating doon, hiniling ni Brother Joseph na manalangin si Brother Fordham.

Habang nagdarasal siya, pumasok ang mga mandurumog, kasama ang lahat ng masasamang espiritu.

Pagkapasok nila, si Brother Fordham, na nananalangin, ay nahilo at bumagsak sa sahig.

Nang makita ni Joseph ang masasamang tao sa loob ng bahay, tumayo siya at pinaalis ang masasamang taong iyon pati ang mga kampon nilang diyablo. Pagkatapos ay kaagad nahimasmasan si Brother Fordham at tinapos ang kanyang panalangin.

Ipinakikita nito ang magagawa ng masasamang espiritu sa katawan ng tao. Maliligtas lamang ang mga Banal mula sa kapangyarihan ng diyablo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

Ang kasong ito ni Brother Noble ang pinakahuling pagpapagaling nang araw na iyon. Ito ay napakadakilang araw ng pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng kaloob na pagpapagaling simula nang itatag ang Simbahan.[14]

---

**Ang pagdating ng mga pioneer sa Salt Lake Valley**

*Tala: Noong Abril 1834, narinig ni Wilford Woodruff si Propetang Joseph Smith na nagpropesiya: "Libu-libong Banal sa mga Huling Araw ang magtitipun-tipon sa Rocky Mountains at doon bubuksan nila ang pinto para sa pagtatatag ng Ebanghelyo sa mga Lamanita, na tatanggapin ang Ebanghelyo at kanilang endowment at mga pagpapala ng Diyos. Pupunta ang mga taong ito sa Rocky Mountains; doon sila ay magtatayo ng mga templo sa Kataastaasan."[15] Bilang katuparan ng propesiyang ito, nagsimulang manirahan ang mga Banal sa Salt Lake Valley makaraan ang 13 taon, matapos silang usigin at palayasin sa iba't ibang lugar. Si Elder Woodruff, na noo'y miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay kasama ng unang grupo ng mga pioneer na naglakbay patungo sa kanilang bagong lupang pangako. Nilisan nila ang Winter Quarters, Nebraska, noong 1847 at dumating sa Salt Lake Valley noong Hulyo 1847.*

Noong ika-22 [ng Hulyo 1847] sina Orson Pratt, [George] A. Smith at pitong iba pa ay pumunta sa lambak, iniwan ang kampo nila na susunod at aayusin ang kalsada. Si Pangulong Young ay may sakit, inilagay ko siya sa ginawang higaan sa aking karwahe, at nagkampo kami kasama ang malaking bilang ng grupo. . . .

Noong ika-24, pinatakbo ko ang aking karwahe, sakay si Pangulong Young na nakahiga rito, patungo sa lambak, habang kasunod ang naiwang grupo. Nang matanaw namin nang lubusan ang lambak, ipinihit ko ang aking karwahe, na nakaharap sa kanluran, at bumangon si Pangulong Young sa kanyang higaan at pinagmasdan ang lugar. Habang nakatingin sa tanawing nasa harapan namin, natuon ang kanyang kaisipan sa pangitain nang ilang minuto. Nakita na niya ang lambak noon sa pangitain, at sa pagkakataong ito nakita niya ang kaluwalhatian ng Sion at ng Israel sa hinaharap, tulad ng dapat mangyari, na itinatag sa mga lambak ng

mga bundok na ito. Nang matapos na ang pangitain, sinabi niya, "Sapat na ito. Ito ang tamang lugar. Magpatuloy ka." Kaya't tumuloy ako sa pinagkakampuhan na naitayo na ng mga nauna sa amin.

Nang dumating kami sa lupain, nagsimula nang mag-araro ang mga kapatid. Nagdala ako ng 35 litro ng patatas, at nagpasiyang hindi ako kakain o iinom hangga't hindi ko naitatanim ang mga ito. Naitanim ko ang mga ito sa lupa nang ala-una, at ang mga ito, kasama ng mga patatas na itinanim ng ibang kapatid, ang naging pundasyon ng pananim na patatas ng Utah sa hinaharap.

Kinagabihan, kasama sina Heber C. Kimball, [George] A. Smith at E. T. Benson, pinatakbo ko ang karwahe patungo sa City Creek [Canyon] para maghanap ng troso. Habang naroon kami kumulog nang kumulog, at halos umulan sa buong lambak. . . .

Noong umaga ng ika-28, . . . nagdaos ng konseho si Pangulong Young kasama ang Labindalawa, at naglakad-lakad sa gawing itaas ng aming pinagkakampuhan. Tumigil siya, itinuktok ang kanyang baston at sinabi, "Dito itatayo ang Templo ng ating Diyos." Ito ang sentro ng pagtatayuan ng Templo [ng Salt Lake].[16]

Pinagpala kami ng Diyos, pinagpala niya ang lupa, at ang aming gawain sa pagbubungkal at pagtatanim sa lupa ay lalong nanagana. . . . Ito'y tigang, mapanglaw, puno ng mga tipaklong, kriket at coyote, at ang mga bagay na ito ang tila tanging likas na produkto ng lupa. Nagtrabaho kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin, sa paglinang ng lupa. Halos lahat ng pang-araro ay nabali namin sa unang araw. Kailangan naming ayusin ang mga daluyan ng tubig para mabasa ang lupa, at kailangan naming matutuhang patubuin ang kahit ano. Nagpupunta ang dayuhan sa Salt Lake City at nakikita ang aming taniman, at ang mga puno sa aming kalsada, at iniisip niyang, napakasagana at napakaganda ng lugar na ito. Hindi niya naisip na, sa loob ng dalawampu o dalawampu't apat na taon, halos bawat punong nakikita niya, ayon sa edad ng mga ito, ay kailangang diligin nang dalawang beses isang linggo sa buong tag-init, dahil kung hindi ang mga ito ay matagal nang namatay noon pa man. Kailangan naming magkaisa sa mga bagay na ito, at pinagpala naman ng Panginoon ang aming mga gawain, at ang awa niya ay napasa mga taong ito.[17]



*Noong Hulyo 24, 1847, bumangon si Pangulong Brigham Young sa kanyang higaan sa bagon ni Wilford Woodruff, at inihayag na nakarating na ang mga Banal sa kanilang bagong tahanan.*

Sa paglalakbay ng mga pioneer, papunta rito [sa Salt Lake Valley], kailangan naming pumarito sa pamamagitan ng pananampalataya; wala kaming nalalaman sa bayang ito, subalit hangad naming pumunta sa mga bundok. Bumuo si Joseph ng isang grupo para pumunta rito, bago siya namatay. Nakita na niya ang mga bagay na ito, at naunawaan nang lubos ang mga ito. Inihayag ng Diyos sa kanya ang hinaharap ng Simbahan at Kahariang ito, at sinasabihan siya, palagi, na ang gawaing nilalagyan niya ng pundasyon ay magiging walang hanggang kaharian—mananatili magpakailanman. Pinamunuan ni Pangulong Young ang mga pioneer sa bayang ito. Nanampalataya siya na itataguyod kami ng Panginoon. Ang lahat ng naglakbay papunta rito nang panahong iyon ay may ganitong pananampalataya. Nasa amin ang Espiritu ng Diyos, ang Espiritu Santo ay nasa amin; at ang mga Anghel ng Panginoon ay nasa amin at pinagpapala kami. Ang lahat, at higit pa sa inaasahan namin, sa pagdating dito, ay natupad, ayon sa ipahihintulot ng panahon.[18]

Kami, bilang mga pioneer at mga tao ng Diyos, ay tinutupad ang propesiya at gumagawa ng kasaysayan. . . . Ang aming buong buhay, kasaysayan at paglalakbay ay nabanggit ng mga sinaunang propeta. Sa pagdating ng mga Pioneer sa tigang na disyertong ito, at sumunod sa kanila ang mga Banal para tuparin ang mga propesiya na ang ilang ay mamumulaklak na gaya ng rosas [tingnan sa Isaias 35:1], aanihin ang ating butil sa tabi ng lahat ng maliliit na ilog at sapa, at gagamitin ang abeto, pino, ang puno, upang pagandahin ang dako ng santuario ng Diyos, at gagawin ang dako ng kanyang mga paa na maluwalhati [tingnan sa Isaias 60:13]. . . . Gawin natin ang ating mga tungkulin at itatag ang Sion at kaharian ng Diyos hanggang sa ito'y maging perpekto sa harap ng langit at lupa. Huwag biguin ang mga nagsugo sa atin, ni ang mga taong nakakita sa atin sa pamamagitan ng pangitain at paghahayag. Sa halip ay tapusin natin at tuparin ang ating destinasyon sa ikalulugod ng ating Ama sa Langit, ng kanyang mga anghel, at ng lahat ng mabubuting tao.[19]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Rebyuhin ang mga puna ni Pangulong Woodruff sa pahina 147. Bakit dapat nating matutuhan ang tungkol sa mga sinaunang Banal sa mga Huling Araw? Paano natin matitiyak na ang kanilang mga kuwento ay hindi "malilimot na parang mga kuwento na puro kasinungalingan lamang"? Paano natin mapangangalagaan ang mga kuwento ng buhay ng ating sariling mga ninuno?
- Sa paanong paraan nakinabang si Wilford Woodruff sa kanyang mga karanasan sa Kampo ng Sion? (Tingnan sa mga pahina 148–52.) Sa palagay ninyo paano nakatulong ang mga karanasang ito sa kanya na maghanda sa pamumuno sa Simbahan kinalaunan sa kanyang buhay? Sa paanong paraan nakatulong sa paghahanda ninyong maglingkod ang inyong mga karanasan?
- Bakit nadama ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol na dapat silang pumunta sa pagtatayuan ng templo sa

Far West, Missouri? (Tingnan sa mga pahina 152–55.) Ano ang matututuhan natin sa kuwentong ito?

- Ano ang natutuhan ninyo sa kuwento tungkol sa pagpapagaling kay Elijah Fordham at sa iba pa? (Tingnan sa mga pahina 156–60.) Paano makatutulong ang kuwentong ito sa mga maytaglay ng Melchizedek Priesthood kapag naghahanda sila na basbasan o pagalingin ang maysakit?
- Ano ang itinuturo ng paglalakbay ng mga pioneer sa Salt Lake Valley tungkol sa pananampalataya? Anu-ano ang iba pang alituntunin ng ebanghelyo na nakikita ninyo sa buhay ng mga sinaunang pioneer? (Tingnan sa mga pahina 160–63.)
- Sino ang ilang makabagong pioneer sa inyong pamilya? sa inyong komunidad o bansa? Ano ang nagawa ng mga taong ito at natawag silang pioneer?
- Sa paanong paraan ibinabahagi ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang espirituwal na pamana ng mga sinaunang Banal sa mga Huling Araw?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Santiago 5:14–15; Alma 15:1–12; Eter 12:6; D at T 42:44–48; 103; 105; 115; 118; 136

## *Mga Tala*

1. "A Pioneer Address," *Millennial Star,* September 3, 1888, 563.
2. Sa *Journal of Discourses,* 9:223.
3. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 27, 1880, 2.
4. Sa *Conference Report,* Abril 1898, 29–30.
5. *Deseret News: Semi-Weekly*, Hulyo 27, 1880, 2.
6. Sa *History of the Church*, 2:104, talibaba.
7. *Deseret News: Semi-Weekly*, Hulyo 27, 1880, 2.
8. Sa *History of the Church*, 2:104, talibaba.
9. *Deseret News: Semi-Weekly*, Hulyo 27, 1880, 2.
10. *The Discourses of Wilford Woodruff*, pinili ni G. Homer Durham (1946), 305.
11. *Deseret News: Semi- Weekly,* Hulyo 27, 1880, 2.
12. *Deseret News: Semi-Weekly*, Disyembre 21, 1869, 1.
13. "Leaves from My Journal," *Millennial Star*, Oktubre 10, 1881, 645–47.
14. "Leaves from My Journal," *Millennial Star*, Oktubre 10 at 17, 1881, 647, 669–71.
15. Binanggit ni Wilford Woodruff sa Conference Report, Abril 1898, 57.
16. *Deseret News: Semi-Weekly*, Hulyo 27, 1880, 2.
17. *Deseret News*, Mayo 22, 1872, 216.
18. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 21, 1869, 1.
19. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 27, 1880, 2–3.

# Pamumuhay sa Pamamagitan ng Pananampalataya

*Nagsisilakad tayo sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin, na may katiyakan na palalakasin tayo ng Panginoon sa ating pagsisikap na itayo ang Kanyang kaharian sa lupa.*


## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Noong Nobyembre 1834, si Wilford Woodruff ay naordenang priest sa Aaronic Priesthood at binigyan siya ng unang gawain bilang full-time na misyonero. Nakatira siya noon sa Clay County, Missouri, mula nang matapos maglingkod sa Kampo ng Sion. Bago siya magmisyon, nakipag-usap siya sa kanyang bishop, na siyang nagbigay sa kanya ng gawain. Tinanong niya ang rutang daraanan niya sa kanyang misyon. Tinanong din niya kung maglalakbay silang magkompanyon nang walang supot ng salapi o pagkain, tulad ng iniutos ng Panginoon sa mga misyonero noong panahong iyon (tingnan sa D at T 24:18; 84:78, 86). Ang maglakbay nang walang supot ng salapi o pagkain ay nangangahulugang paglalakbay nang walang dalang pera, na umaasa sa kabutihan ng mga miyembro ng Simbahan at ng iba pa sa pagbibigay ng pagkain at tirahan. Naalala kalaunan ni Pangulong Woodruff ang pag-uusap nila ng kanyang bishop:

"Mapanganib noon para sa sinuman sa ating mga kapatid ang pumunta sa Jackson County [Missouri]. Gusto niyang pumunta ako sa Arkansas, na ang kalsada ay tuluy-tuloy papasok sa Jackson County. Tinanong ko siya kung doon kami dapat dumaan (may kompanyon ako—isang elder).

"Sabi niya, 'Kung may pananampalataya kang gawin ito, gawin mo; pero ako wala.'

"Inakala kong isa itong kakatwang sagot mula sa isang bishop.



*"Maging ang mga gawain ni Jesus, . . . ay ginawang lahat sa pamamagitan ng pananampalataya. Dahil sa kapangyarihan ng Ama, kung kaya ang gawain ay naisakatuparan Niya, kaya Siya naitaguyod."*

" 'Okay', sabi ko, 'sinasabi ng Panginoon na dapat kaming maglakbay nang walang supot ng salapi o pagkain; gagawin ba namin iyon?'

"Sabi niya, 'Iyan ang batas ng Diyos; kung may pananampalataya kang gawin ito, magagawa mo ito.' "[1]

Pagkatapos ng pag-uusap na iyon, nagpunta na si Wilford Woodruff at ang kanyang kompanyon sa kanilang misyon, at naglakbay tuluy-tuloy sa Jackson County nang walang pera o pagkain. Kalaunan sinabi ni Pangulong Woodruff: "Naglagay kami ng ilang Aklat ni Mormon at ilang damit sa aming bag, itinali ang mga ito sa aming likod, at nagsimulang maglakad. Itinawid namin ang bangka sa Jackson County, at pumasok dito. May ilang pagkakataon na iniligtas kami ng Panginoon mula sa mga mandurumog."[2]

Dagdag pa sa pagprotekta sa dalawang misyonero mula sa mga mandurumog ng Jackson County, pinangalagaan sila ng Panginoon sa iba pang panganib na madaraanan nila. Ikinuwento ni Pangulong Woodruff ang isa sa mga karanasang iyon. Nang malapit na silang magkompanyon sa kakahuyan, isang malaki't itim na oso ang lumabas papalapit sa kanila. "Hindi kami takot sa kanya," ang sabi niya, "dahil nasa gawain kami ng Panginoon at hindi namin hinamak ang propeta ng Diyos tulad ng ginawa ng apatnapu't dalawang masasamang bata na nagsabi kay Elisha na 'Umahon ka, ikaw na kalbo ang ulo,' na siyang dahilan kaya't nilapa sila ng mga oso [tingnan sa II Mga Hari 2:23–24]. . . . Nang ang layo ng oso ay walong dipa sa amin [na ang distansya ay mga 44 na yarda o 40 metro] tumingkayad siya at tiningnan kami sandali, at tapos tumakbo palayo; at nagpatuloy kami sa paglalakbay na nagagalak."[3]

Madalas banggitin ni Pangulong Woodruff ang tungkol sa una niyang misyon na ito, na naaalala ang mga biyayang natanggap niya sa paglilingkod sa Panginoon nang may pananampalataya: "Hindi pa kailanman sa buhay ko, bilang isang apostol, pitumpu, o bilang isang elder, na mas napangalagaan ako ng Panginoon kaysa noong nasa tungkulin ako [ng] priest. Ang Panginoon ay nagpahayag sa akin sa pamamagitan ng mga pangitain, paghahayag, at ng Espiritu Santo, ng maraming bagay na makikita kong mangyayari."[4]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### *Habang narito tayo sa lupa, kailangan nating magsilakad sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin.*

Ang pananampalataya ang unang alituntunin ng Ebanghelyo. Ano ang pananampalataya? Si Pablo, sa pagliham sa mga Hebreo, ay ipinaliwanag ito. Sinabi niyang "ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita," at upang patunayan ito nagpatuloy siya sa pagkukuwento ng mga naisagawa ng iba't ibang kalalakihan sa pamamagitan ng pananampalataya [tingnan sa Mga Hebreo 11]. Itinuturing ko ang pananampalataya na isa sa mga pinakamahalagang alituntunin na inihayag ng Diyos sa tao.[5]

Kung tama ang pagkakaunawa natin makakakita tayo tulad ng pagkakakita ng Panginoon, at mauunawaan kung paano maisasakatuparan ang kanyang mga layunin; subalit kailangan nating magsilakad sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin.[6]

Kapag tayo'y sumakabilang buhay na, may malalaman tayong mahahalagang bagay. Ngayon tayo'y gumagawa sa pamamagitan ng pananampalataya. Tayo'y may katunayan ng mga bagay na hindi nakikita. Ang pagkabuhay na muli, ang walang hanggang paghatol, ang kahariang selestiyal, at ang malalaking biyaya na ibinigay ng Diyos sa mga banal na paghirang at endowment sa mga templo, ay pawang sa hinaharap, at ang mga ito ay matutupad, sapagkat ang mga ito ay mga walang hanggang katotohanan. Hindi natin kailanman lubos na mauunawaan habang nasa mundong ito, at may tabing, ang mangyayari sa atin sa daigdig na darating. Kapaki-pakinabang na paglingkuran ng sinumang tao ang Diyos at sundin ang Kanyang mga kautusan sa kaunting araw na ilalagi niya sa mundo.[7]

Mga kapatid, dapat tayong mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya, na natatantong sa araw-araw ang lahat ng kapangyarihan ay taglay ng Diyos, at sa pamamagitan Niya ay nabubuhay tayo sa kapayapaan at nananagana.[8]

Hinihingi ng Ebanghelyo ni Cristo ang pananampalataya sa lahat ng panahon.[9]

---

## Ipinakikita natin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng ating mga gawa.

Tunay na mabuti na . . . marinig ang salita ng Panginoon, at tunay na magandang bagay ang maniwala rito, subalit mas maganda pa ring isagawa ito.[10]

Ang unang alituntunin ng Ebanghelyo ay pananampalataya. Siyempre, sasabihin ng mga tao sa daigdig, naniniwala kaming lahat kay Jesucristo. Oo, subalit may iba pang gagawin bukod sa paniniwala kay Cristo. Kailangang pagsisihan natin ang ating mga kasalanan, binyagan para sa kapatawaran ng mga ito, at tanggapin ang Espiritu Santo. Ito ang doktrinang itinuro ni Cristo at ng Kanyang mga Apostol.[11]

Hinihingi ang pananampalataya sa panig ng mga Banal sa pamumuhay nila ng kanilang relihiyon, sa paggawa ng kanilang tungkulin, paglakad nang matwid sa harap ng Panginoon at pagtatatag ng Kanyang Sion sa mundo. Ngayon humihingi ito ng paggawa upang tumugma sa ating pananampalataya. . . . Tungkulin natin bilang mga tao na magkaisa at huwag mangapagod sa paggawa nang mabuti.[12]

---

## Kailangan nating manampalataya sa pagtulong natin sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Itong kaloob at alituntunin ng pananampalataya ay mahalaga sa mga Banal sa bawat panahon ng mundo para maitatag nila ang kaharian ng Diyos at maisagawa ang gawaing iniuutos sa kanila.[13]

Basahin ang ikalabing-isang kabanata sa Mga Hebreo at makikita ninyo na, sa simula ng paglikha ng daigdig, ang lahat ng bagay ay naisagawa sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang buong gawain ng lahat ng sinaunang patriarch at propeta ay naisagawa sa paggamit ng alituntuning ito; at ganoon din ito sa huling dispensasyon ng kaganapan ng panahon.[14]

Maging ang mga gawain ni Jesus, mula pagsilang hanggang kamatayan, bagama't ang buong buhay Niya ay puno ng paghihirap,

kapighatian, pagdurusa, pag-uusig at panunuya, ay ginawang lahat sa pamamagitan ng pananampalataya. Dahil sa kapangyarihan ng Ama, na ang gawain ay naisakatuparan Niya, kaya Siya napalakas. Lubos Siyang naniwala na Kanyang maisasagawa ang lahat ng sa Kanya'y ipinagagawa. Dahil sa alituntuning ito kung kaya't naisakatuparan Niya ang lahat ng hinihingi at nasunod ang bawat batas, maging ang pagpapabinyag. . . . Ang mga apostol, sa kanilang mga gawain, ay kailangang gumawa sa gayunding alituntunin na pinagbatayan ng paggawa ng mga Banal noong una at sa huling araw,—ang alituntunin ng pananampalataya.

Si Joseph Smith ay kinailangang gumawa sa pamamagitan ng pananampalataya. Totoong may nalalaman siya tungkol sa maraming dakilang bagay, tulad ng mga Banal noong una, subalit sa maraming bagay ay kailangan niyang manampalataya. Naniniwala siya na tinutupad niya ang mga propesiya ng mga sinaunang propeta. Alam niyang tinawag siya ng Diyos, subalit sa pagtatayo ng Kanyang kaharian kailangang patuloy siyang gumawa sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang Simbahan ay itinatag noong ika-6 ng Abril, 1830, na may anim na miyembro, subalit si Joseph ay nanampalataya na ang kahariang sinimulan, tulad ng butil ng binhi ng mustasa, ay magiging isang malaking simbahan at kaharian sa ibabaw ng lupa. At simula nang araw na iyon hanggang sa araw na tatakan niya ng kanyang dugo ang kanyang patotoo, ang kanyang buong buhay ay tila ba paglangoy sa malalim na tubig ng pag-uusig at pagmamalupit, na dinanas niya sa mga kamay ng kanyang kapwa. Naranasan niya ang lahat ng ito at napagtiisan sa pamamagitan ng pananampalataya, at siya ay tapat at matatag sa pagpapatotoo kay Jesus hanggang sa araw ng kanyang kamatayan. . . .

. . . Sa ating gawain na itatag ang Simbahan at Kaharian ng Diyos sa ibabaw ng lupa, kailangan nating gumawa sa pamamagitan ng pananampalataya. Hinihingi pa rin ito sa atin.[15]

Daan-daang tao ang gumagawa sa [mga templo]. Para kanino? Para sa mga buhay at patay. Bakit sila gumagawa para sa mga patay? Nakita na ba nila ang pagkabuhay na muli ng mga patay? Hindi, maliban sa pamamagitan ng pangitain o paghahayag. Gayunpaman sila'y may pananampalataya rito, at bilang patunay sa pananampalatayang iyon isinasagawa nila ang gawaing ito. Inaasam nila ang pagkabuhay na muli at walang hanggang paghuhukom, sa



*Sinabi ni Pangulong Woodruff na ang mga misyonero ay "nagpagal sa pamamagitan ng pananampalataya; naglakbay sa pamamagitan ng pananampalataya; gumawa sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pananampalataya ang nagtaguyod sa kanila."*

kahariang selestiyal at ang mga dakilang biyaya na inihayag ng Diyos para sa kaligtasan at kadakilaan ng mga anak ng tao. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pananampalataya, at dahil sa kapangyarihang ito ay naisagawa nila ang dapat nilang gawin. . . . Sa pamamagitan ng pananampalataya ang tabernakulo [ng Salt Lake] ay naitayo, . . . ang mga templo ay dumami at . . . natipon ang mga tao mula sa mga bansa ng mundo.

Libu-libong Elder ang tinatawag, hindi galing sa mga kolehiyo, pero mula sa iba't ibang antas ng pamumuhay, at ipinadala sa daigdig para ipangaral ang Ebanghelyo nang walang pera at walang bayad. . . . Ang mga tao ay nakikinig sa kanila, at sa espiritu o kapangyarihan ay nahikayat sila na ang mga pagpapatototo ng mga Elder na ito ay totoo. . . . Ano ang naging resulta nito? Libu-libo ang naniwala sa patotoong iyon at napatunayang iyon ay totoo. Ang mga Elder na ito ay nagpagal sa pamamagitan ng pananampalataya; naglakbay sila sa pamamagitan ng pananampalataya; gumawa sila sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pananampalataya ang nagtaguyod sa kanila hanggang sa huli. Sila'y naglakbay nang

walang supot ng salapi at pagkain, at sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, pinakain at dinamitan sila ng Diyos ng langit, at binuksan ang daan sa harap nila. . . . At maraming tao ang naniwala sa patotoo ng mga simpleng kalalakihang ito. Sila ay nagsisi ng kanilang mga kasalanan, nabinyagan para sa mga kapatawaran ng mga ito, sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo; tinanggap nila ang Espiritu Santo na iyon, at nagpapatotoo ito sa kanila ng mga katotohanan ng Ebanghelyo.[16]

Sa alinman at sa bawat kapanahunan ng mundo kapag tinawag o inutusan ng Diyos ang isang tao o mga tao na isagawa ang isang partikular na gawain, sila sa pamamagitan ng determinasyon at pagsisikap, at pananampalataya sa kanya, ay naisasagawa ito.[17]

---

## Kapag tinupad natin ang ating mga tipan at sinunod ang mga kautusan, pinalalakas ng Panginoon ang kapangyarihan ng pananampalataya na nasa atin.

Lahat ng gawaing ginagawa natin . . . ay sa pamamagitan ng pananampalataya, at tayo, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ay dapat pahalagahan ito at lumakas sa alituntuning ito.[18]

Tungkulin natin na patuloy na palakasin ang pananampalataya, nang sa gayon makatatawag tayo sa Panginoon at maririnig Niya tayo.[19]

Kinikilala ko na hiling ng Panginoon sa bawat lalaki at babae ng Israel, sa bawat Banal sa mga Huling Araw, na kamtan muna natin ang Espiritu Santo [at] pagkatapos ay gumawa tungo sa kaligtasan. Pagkatapos makikita ninyo na tinutupad ng mga taong ito ang kanilang mga tipan at sinusunod ang mga kautusan ng Diyos; ito ang tungkulin nating lahat, at dapat nating ipamuhay ang ating relihiyon at sundin ang mga alituntunin nito. Kapag naisagawa ito, makikita ninyong nagising ang espirituwalidad ng mga taong ito at gagawa ng mga kabutihan, at magkakaroon sila ng pananampalataya, at magkakaroon sila ng kapangyarihan. Sila'y titindig at ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos ay ipakikita sa pamamagitan ng mga taong ito na pinili ng Panginoon sa dispensasyong ito sa ibabaw ng lupa, at pinagkalooban niya ng Banal na Priesthood.[20]

Nadarama ko na pinagpala tayo ng Diyos, at dapat nating pahalagahan sa lahat ng bagay ng mundo ang mga salita ng buhay

na walang hanggan na ibinigay sa atin. Hangga't tayo'y pinapatnubayan ng Espiritu Santo, ang ating isipan, at ang ating pananampalataya ay lumalakas at lalakas pa. At gagawa tayo para sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.[21]

Makapangyarihang Ama, palakasin po Ninyo sa amin ang kapangyarihan ng pananampalatayang ibinigay at taglay ng Inyong mga Banal. Palakasin po kami sa pamamagitan ng pag-alaala sa maluluwalhating pagliligtas noon, sa pag-alaala ng mga sagradong tipan na ginawa namin sa Inyo, nang sa gayon, kapag nagbanta ang masasama sa amin, kapag napaligiran kami ng kaguluhan, kapag kami'y nakaranas ng pang-aapi, hindi kami susuko, hindi mag-aalinlangan. Sa halip, sa lakas ng Inyong banal na pangalan ay maisakatuparan ang lahat ng Inyong mabubuting hangarin ukol sa amin, maisakatuparan ang layunin ng pagkakalikha sa amin, at maluwalhating magtagumpay. Sa pamamagitan ng Inyong biyaya, laban sa lahat ng kasalanang pumapalibot sa amin, matubos nawa kami mula sa bawat masama, at mapabilang sa kaharian ng langit kasama ng mga mananahan sa Inyong piling magpakailanman.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Ano ang pananampalataya? (Tingnan sa mga pahina 168–69; tingnan din sa Mga Hebreo 11:1, talibaba o footnote *b*; Alma 32:21.) Paano natin tinatanggap "ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita"? Ano ang ibig sabihin sa inyo ng "magsilakad sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin"?
- Paano nakaiimpluwensiya sa ating araw-araw na buhay ang pananampalataya kay Jesucristo? Paano naiimpluwensiyahan ng pananampalataya kay Jesucristo ang ating pag-asam sa buhay na walang hanggan? (Tingnan sa Moroni 7:41–42.)
- Sa pag-aaral ninyo sa mga turo ni Pangulong Woodruff sa kabanatang ito, ano ang nakikita ninyong kaugnayan ng ating

pananampalataya at ng ating mga gawa? (Tingnan din sa Santiago 2:17–26.)

- Paano ipinakita ni Wilford Woodruff ang kanyang pananampalataya nang tawagin siya sa kanyang unang full-time na misyon? (Tingnan sa mga pahina 165, 167.) Ano ang mga naranasan ninyo na kinailangan ninyong manampalataya?
- Ano ang matututuhan natin tungkol sa pananampalataya mula sa halimbawa ni Jesucristo? mula sa halimbawa ni Propetang Joseph Smith? mula sa halimbawa ng mga misyonero at bagong miyembro ngayon? (Tingnan sa mga pahina 169–72.)
- Sa paanong paraan biniyayaan kayo ng Panginoon sa pananampalataya ninyo sa Kanya?
- Pansinin ang salitang *kaloob* sa ikalimang talata sa pahina 169. Isipin o talakayin ang kahalagahan na alalahaning ang pananampalataya ay kaloob mula sa Diyos. Ano ang kailangan nating gawin para matanggap ang kaloob na ito? (Tingnan sa mga pahina 172–73.)

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*: Mga Taga Roma 10:17; II Mga Taga Corinto 5:7; Helaman 15:7–8; Eter 12:2–27; Moroni 7:20–33

## *Mga Tala*

1. *The Discourses of Wilford Woodruff*, pinili ni G. Homer Durham (1946), 299–300.
2. "Leaves from My Journal," *Millennial Star*, Mayo 30, 1881, 343.
3. "More of My First Mission," *Juvenile Instructor*, Mayo 1,1867, 69.
4. *The Discourses of Wilford Woodruff*, 300.
5. *Deseret Weekly,* February 3, 1894, 193.
6. *Deseret News,* Setyembre 26, 1860, 234.
7. *Deseret Weekly,* February 3, 1894, 194.
8. *The Discourses of Wilford Woodruff*, 222.
9. *Deseret News: Semi-Weekly*, Hulyo 30, 1878, 1.
10. *Deseret News,* Hunyo 26, 1861, 130.
11. *Millennial Star,* November 19, 1896, 739–40.
12. *Deseret News: Semi-Weekly*, Enero 12, 1875, 1.
13. *Deseret News: Semi-Weekly*, Disyembre 21,1869, 1
14. *Deseret News*, Disyembre 23, 1874, 741.
15. *Deseret News: Semi-Weekly*, Disyembre 21, 1869, 1.
16. *Deseret Weekly,* February 3, 1894, 193.
17. *The Discourses of Wilford Woodruff*, 278.
18. *Deseret News: Semi-Weekly*, Disyembre 21, 1869, 1
19. *Deseret News*, Enero 6, 1858, 350.
20. *Deseret News*, Pebrero 4, 1857, 379.
21. *Deseret News*, Abril 1, 1857, 27.
22. Mula sa panalangin sa dedikasyon ng Salt Lake Temple, sa *The Discourses of Wilford Woodruff,* 349.

# Pag-aasawa at Pagiging Magulang: Paghahanda sa Ating mga Pamilya para sa Buhay na Walang Hanggan


*Sa paggabay ng mabubuti at mapagmahal na mga magulang, magkakaisa ang mga pamilya para makatulong sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos at pakikibahagi sa lahat ng mga biyaya ng langit.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Sina Wilford Woodruff at Phoebe Whittermore Carter ay ikinasal noong Abril 13, 1837 sa Kirtland, Ohio. Sa buong pagsasama nila, maraming pagsubok ang kanilang tiniis na lalong nagpatindi ng kanilang katapatan sa isa't isa, sa kanilang mga anak, at sa kaharian ng Diyos. Isa sa mga pagsubok na ito ang nangyari noong taglamig ng 1838, mga limang buwan bago tawaging apostol si Wilford Woodruff. Habang pinangungunahan ni Brother Woodruff ang grupo ng mga Banal upang makipagtipon sa ibang mga miyembro ng Simbahan, nagkasakit nang malubha ang kanyang asawa. Isinalaysay niya kalaunan:


*Phoebe Woodruff*

"Noong ika-23 ng Nobyembre, nakaramdam ng matinding sakit ng ulo ang asawa kong si Phoebe, na humantong sa *brain fever*. Lalong nadagdagan ang paghihirap niya sa araw-araw naming paglalakbay. Napakahirap para sa isang babaeng may karamdaman ang maglakbay sa baku-bakong daan. Malubha rin ang sakit ng aming anak noong panahong iyon."



*Apat na henerasyon sa pamilya ni Pangulong Wilford Woodruff. Mula sa kaliwang itaas papunta sa kanan: anak na si Wilford Woodruff Jr., apo na si Wilford S. Woodruff, apo sa tuhod na si Charles W. Woodruff, at si Pangulong Wilford Woodruff.*

Nang sumunod na mga araw, lumala ang kondisyon ni Sister Woodruff, kahit na huminto sila sandali at nakahanap na ng mapagpapahingahan. Ginunita ni Brother Woodruff: "Noong ika-3 ng Disyembre lalong lumala ang sakit ng aking asawa. Buong araw ko siyang inalagaan, at kinabukasan bumalik ako sa Eaton [na kalapit bayan] upang kumuha ng ilang bagay para sa kanya. Tila unti-unti na siyang nanghihina at kinagabihan ay iniwan na ng kanyang kaluluwa ang kanyang katawan, at siya'y namatay.

"Umiiyak na pinalibutan ng mga kapatid na babae ang kanyang katawan habang malungkot akong nakatingin sa kanya. Nagsimulang mapasaakin ang Espiritu at kapangyarihan ng Diyos, [at] sa unang pagkakataon ng pagkakasakit niya, napuno ng pananampalataya ang aking puso, bagama't siya'y patay na."

Napalakas sa kanyang pananampalataya, binigyan ni Wilford Woodruff ang kanyang asawa ng basbas ng priesthood. "Ipinatong ko ang aking mga kamay sa kanya," sabi niya, "at sa pangalan ni Jesucristo nilabanan ko ang kapangyarihan ng kamatayan at ng maninira, at inutusan ito na lumisan kay [Phoebe], at pumasok sa kanyang katawan ang espiritu ng buhay.

"Nagbalik ang kanyang espiritu sa kanyang katawan, at mula sa oras na iyon siya'y gumaling; at nadama naming lahat na papurihan ang pangalan ng Diyos, at magtiwala sa kanya at sundin ang kanyang mga utos.

"Habang nangyayari ang mga ito (ayon sa ikinuwento ng asawa ko pagkatapos nito) nilisan ng kanyang kaluluwa ang kanyang katawan, at nakita niyang nakahiga ang kanyang katawan, at umiiyak ang kababaihan. Tiningnan niya sila at ako, at ang aming sanggol, at habang minamasdan ang tagpong ito, dalawang personahe ang pumasok sa silid. . . . Sinabi ng isa sa mga sugo na makapipili siya: maaari na siyang mamahinga sa daigdig ng mga espiritu, o, sa isang kondisyon, bibigyan siya ng pagkakataong bumalik sa kanyang katawan at ipagpatuloy ang kanyang gawain sa mundo. Ang kondisyon ay kung sa palagay niya ay mananatili siyang susuporta sa kanyang asawa, at kasamang haharapin ang lahat ng suliranin, pagsubok, hirap at pasakit ng buhay na ipadaranas sa kanyang [asawa] alang-alang sa Ebanghelyo hanggang sa huli. Nang makita niya ang kalagayan ng kanyang asawa at anak sinabi niyang: 'Oo, gagawin ko ito!'

"Sa sandali ng pagpapasiyang iyon napasaakin ang kapangyarihan ng pananampalataya, at nang basbasan ko siya, pumasok ang kanyang kaluluwa sa kanyang katawan. . . .

"Noong umaga ng ika-6 ng Dis., sinabi sa akin ng Espiritu: 'Bumangon ka, at magpatuloy sa inyong paglalakbay!' at sa pamamagitan ng awa ng Diyos nakayanan ng aking asawa na bumangon at magbihis mag-isa at lumakad papunta sa bagon, at masaya kaming naglakbay."[1]

Tapat sa kanyang pangako, sinuportahan ni Sister Woodruff ang kanyang asawa, kahit na kinailangan niyang malayo sa pamilya sa matagal na panahon dahil na rin sa tungkulin bilang Apostol ng kanyang asawa. Noong ika-4 ng Mayo, 1840, habang nasa misyon si Elder Woodruff sa England, pinadalhan niya ito ng sulat, na nagsasabing: "Alam ko na kagustuhan ng Diyos na magtrabaho ka sa kanyang ubasan; kaya nga, sumasang-ayon ako sa kanya sa mga bagay na ito. Hindi ako bumulung-bulong o nagreklamo mula nang iwan mo ako, kundi inaasam ko ang araw na uuwi ka sa piling ng iyong pamilya, na naisagawa ang iyong misyon nang may pagmamahal at takot sa Diyos. Lalagi ka sa piling ko sa pagharap ko sa trono ng Diyos. Kapag humihingi ako ng proteksyon at biyaya para sa sarili ko at mga anak natin, hinihingi ko rin ang mga iyon para sa mahal kong asawa, na malayo sa akin, at nasa ibang bansa, upang mangaral ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo."[2]

Sa ganyang mga sandali ng paghihiwalay, nagpahayag din ng pangungulila si Pangulong Woodruff, kasama ang pasiyang gagawin ang nais ng Panginoon. Noong Abril 3, 1847, naghanda siya para maglakbay kasama ng unang pangkat ng mga pioneer papuntang Salt Lake Valley. Isinulat niya sa kanyang Journal: "Ngayon lang ako nakadama ng higit na pag-aalala sa mga panahong iniiwan ko ang pamilya ko para magmisyon. Idinasal ko sa Diyos na tulungan Niya ako at ang aking pamilya na muling magkita sa mundong ito sa ubasan ng Panginoon tulad ng mga ginawa niya sa mga naging misyon ko."[3] Apat na araw mula noon minasdan ng kanyang pamilya ang pag-alis niya sa panirahan ng mga Banal sa Winter Quarters, Nebraska. Huminto siya sa tuktok ng palupo na di kalayuan sa lugar na iyon, at tiningnan muli ang kanyang pamilya gamit ang largabista.[4]

Nagalak si Wilford Woodruff sa pagkaalam na maaaring maging walang hanggan ang kanyang pamilya. Ang katotohanang ito ang nagpalakas sa kanya para matiis ang mga suliranin sa buhay. Sabi niya, "Maraming beses kong naisip na kung maglilingkod ako hanggang maging singtanda ko si Matusalem at bunga niyon ay makakasama ko ang aking pamilya nang maluwalhati sa kawalang-hanggang mga daigdig, masusulit ang lahat ng hirap at pasakit ko sa mundong ito."[5] Ang pangako ng buhay na walang hanggan ang umimpluwensya sa pakikitungo niya sa kanyang pamilya. Sa kanyang sulat sa anak na si Blanche, sinabi niyang: "Umaasa tayong mamumuhay na magkakasama magpakailanman matapos ang kamatayan. Palagay ko tayo bilang mga magulang at anak ay dapat kayaning lahat ang pasakit na makakaya natin upang mapasaya ang bawat isa hangga't buhay tayo upang wala tayong pagsisihan."[6]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Ang mga biyaya ng pag-aasawa at pagiging magulang ay higit na dakila kaysa yaman ng mundo.

Ipinaalam sa atin ng Panginoon na ang kasal ay inorden ng Diyos sa tao [tingnan sa D at T 49:15]. Ang institusyon ng kasal, sa ilang komunidad na nababasa natin, ay halos di na tinatanggap. Sinasabing dumarami na ang ganito sa atin. Ang sanhi nito ay walang dudang resulta ng pagyaman at ang pagtanggi ng mga kabinataan sa responsibilidad na magkaroon ng asawa at mga anak. Sa paglipas ng mga simpleng buhay ng naunang panahon, asahan na nating titindi ang ganitong saloobin dahil mapipigilan ang mga kabinataan na mag-alok ng kasal sa mga kadalagahan hangga't hindi nila sila nabibigyan ng komportableng tirahan tulad ng tinatamasa nila sa piling ng kanilang mga magulang. Ang pagkasanay sa luho rin ng mga kabataang babae ay makapipigil sa kanila para magpakasal sa mga kabataang lalaki. . . . Dapat maituro sa mga kabataang ito na di kinakailangan ang kayamanan para lumigaya sa buhay may-asawa.[7]

Kapag ang kababaihan ng Simbahan ay inaalok ng kasal ng kalalakihan, sa halip na itanong na—"Ang lalaki bang ito ay may kongkretong bahay, may pares ng matitikas na kabayo at magarang karwahe?" ang dapat nilang itanong ay—"Siya ba ay maka-Diyos? Nasa kanya ba ang Espiritu ng Diyos? Siya ba ay Banal sa mga

Huling Araw? Nagdarasal ba siya? Nasa kanya ba ang Espiritu para maging marapat sa pagtatayo ng kaharian?" Kung oo ang sagot nila sa mga ito, huwag nang isipin pa ang karwahe at kongkretong bahay, tanggapin siya at magpakasal ayon sa batas ng Diyos.[8]

Tungkulin ng mga kabataang lalaking ito [sa] Sion na pakasalan ang mga kabataang babae ng Sion, at maghanda ng mga tabernakulo [pisikal na mga katawan] para sa mga espiritu ng mga tao, na mga anak ng ating Ama sa Langit. Maghihintay sila ng mga katawan, inorden silang pumarito, at dapat lang na isilang sa lupain ng Sion sa halip na sa Babilonia.[9]

Makikiusap ako sa mga magulang sa buong Sion na gawin ang magagawa ninyo upang hikayatin ang inyong mga anak na lalaki at babae na lumakad sa mga landas ng kabutihan at katotohanan at samantalahin ang mga oportunidad upang humusay pa sila. Huwag ninyong ituon ang inyong puso sa luho at aktibidad ng daigdig, sa halip ay pag-aralang pahalagahan ang katotohanan na ang matatapat na anak ang pinakapili at dakila sa mga biyaya.[10]

Ang biyayang inihayag sa atin ng Diyos sa kaayusang patriyarkal ng kasal—ang mabuklod para sa buhay na ito at sa kawalanghanggan—ay hindi napahahalagahan nang sapat.[11]

Dapat nating pahalagahan ang ating mga pamilya, at ang pagsasama nating lahat, at alalahaning magmamana tayo ng kaluwalhatian, kawalang-kamatayan, at buhay na walang hanggan, at ito ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos sa tao [tingnan sa D at T 14:7].[12]

---

**Sa pamamagitan ng mga turo at halimbawa ng mga magulang, makapaghahanda ang mga anak na maglingkod sa Simbahan at manatiling tapat sa pananampalataya.**

Kailanman ay wala akong naging anumang alinlangan sa katotohanan at pinakahuling tagumpay ng gawaing ito. Wala akong alinlangan ngayon. Wala akong alinlangan tungkol sa kahihinatnan ng Sion tulad ng pagkakita ng mga propeta rito, sa kaluwalhatian nito, sa kapangyarihan nito, sa sakop at lakas nito, kalakip ang kapangyarihan ng Diyos.

Tungkol sa mga bagay na ito, ang unang pumasok sa isipan ko at nagpaisip sa akin nang lubos, ay, sino ang tatanggap ng kahariang



*"Sikapin nating palakihin ang ating mga anak sa pag-aalaga at pagpapayo ng Panginoon."*

ito at mananagot rito? Sino ang pagtitiwalaan ng Panginoon na magdadala ng kahariang ito sa pinakahuling tagumpay nito, at ihahanda ito sa kaganapan at kaluwalhatian nito para sa pagparito ng Anak ng Tao? Sa ating mga anak na lalaki at babae. . . . Ang responsibilidad na ito ay dapat iatang sa kanila, kapag wala na ang kanilang mga ama at matatanda. Para sa akin singliwanag ito ng sikat ng araw na nasa kalangitan. At kapag naiisip ko ito, tinatanong ko sa aking sarili kung ano ang lagay ng ating mga kabataang lalaki at babae? Ginagawa ba natin, bilang mga magulang, ang tungkulin natin sa kanila? Sinisikap ba nilang gawing karapat-dapat ang sarili at naghahanda para sa dakilang tadhana at gawaing naghihintay sa kanila?[13]

Walang nakaaalam sa atin kung ano ang landas na tatahakin ng ating mga anak. Nagpapakita tayo ng mabubuting halimbawa sa kanila, at sinisikap na turuan sila ng mabubuting alituntunin; ngunit kapag nasa edad na sila na dapat na nilang panagutan ang anumang gagawin nila, may kalayaan silang pumili at kumilos para sa kanilang sarili.[14]

Sa masigasig nating pangangaral ng Ebanghelyo sa lahat ng bansa, hindi natin dapat kalimutan ang mga tungkuling ipinasa sa atin pagdating sa pagpapalaki ng ating sariling mga anak, ipinapangaral sa kanila, habang bata pa, ang pagmamahal sa katotohanan at

kabutihang-asal, at paggalang sa mga sagradong bagay, at pagtuturo sa kanila ng mga alituntunin ng Ebanghelyo.[15]

Sikapin nating palakihin ang ating mga anak sa pag-aalaga at pagpapayo ng Panginoon (tingnan sa Mga Taga Efeso 6:4). Pakitaan natin sila ng mabubuting halimbawa at turuan sila ng mabubuting alituntunin habang bata pa. Ibinigay sila sa atin ng ating Ama sa Langit; sila ang ating kaharian, sila ang pundasyon ng ating kadakilaan at kaluwalhatian; sila ang mga halaman ng kabantugan [tingnan sa D at T 124:61]. Dapat sikapin nating palakihin sila sa lakas ng Panginoon, at turuan silang magdasal at manampalataya sa Panginoon hangga't kaya natin, upang kung tayo'y patay na at wala na at sila na ang papalit sa buhay na ito ay tanggapin nila ang dakilang gawain sa mga huling araw at kaharian ng Diyos sa lupa.[16]

Ang mga nabubuhay sa ilalim ng sibilisadong patakaran, ay tinuturuan ng batas ng kabutihang-asal—ang sampung utos—tinuturuan silang huwag magsinungaling, huwag magmura, huwag magnakaw, sa madaling salita, huwag gawin ang mga bagay na di makadiyos, di banal at di mabuti sa gitna ng lipunan. Kapag ipinapangaral ng mga magulang ang mga alituntuning ito sa kanilang mga anak habang bata pa lagi nilang naiisip ang mga ito, at sa sandaling sumapit ang mga anak sa edad na dapat na nilang panagutan ang ikinikilos nila, maiimpluwensiyahan ng mga pangaral na ito ang kanilang mga kilos habambuhay. Ang mga anak na napangaralan at sinanay nang lubos, ay nabibigla kapag naririnig nilang nagmumura ang mga kasama nila, at ginagamit ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan, at kung matutuhan man nilang magmura, matatagalan muna bago nila malimutan ang mga unang ipinangaral sa kanila.[17]

Isang . . . malaking biyaya sa mga anak ang magkaroon ng mga magulang na nagdarasal at nagtuturo sa kanilang mga anak ng mabubuting alituntunin, at nagpapakita ng mabuting halimbawa sa kanila. Hindi marapat pagbawalan ng mga magulang ang mga anak sa paggawa ng mga bagay na ginagawa rin nila mismo.[18]

Kung magpapakita tayo ng mabuting halimbawa sa ating mga anak, at sisikaping turuan sila mula pagkabata hanggang pagtanda; turuan silang magdasal at igalang ang Diyos; turuan sila ng mga alituntuning iyon na magpapalakas sa kanila sa gitna ng lahat ng pagsubok, upang ang Espiritu ng Panginoon ay mapasakanila, . . . hindi

sila madaling maliligaw. Papatnubayan sila ng mabubuting pangaral habambuhay, at anumang alituntuning makaharap nila, hindi nila malilimutan kailanman ang ipinangaral sa kanila.[19]

---

**Hindi itinutulot ng matatalinong magulang na higit na pahalagahan ang ilang bagay kaysa kanilang pamilya.**

Matagal ko nang pinaniniwalaan na desidido ang diyablo na paglayuin ang damdamin ng mga magulang at anak, at pinipilit udyukan at ipasok sa isipan ng mga anak ng mga Banal ang masasamang paniniwala na hahadlang sa pagsunod nila sa mga halimbawa ng kanilang mga ama at ina . . . .

. . . Napakahalaga na maging matalinong ama at ina tayo, at matalinong kumilos sa pagtuturo sa mura nilang isipan ng lahat ng mga alituntuning aakay sa kanila sa mabuti, at ipamuhay ang mga alituntunin ng kabutihan at katotohanan. . . .

. . . Napakahalagang malaman kung ano ang gagawin upang matamo ang pagmamalasakit at pagmamahal ng ating pamilya na aakay sa kanila sa landas na ikaliligtas nila. Ito ay pag-aaral at gawain na di dapat balewalain ng mga magulang. . . . Maraming beses na naiisip nating kailangang unahin ang negosyo kaya isinasantabi natin ang mga bagay na ito na hindi naman dapat. Sinumang tao na bukas ang isipan, at nakatuon sa mga gawaing kinakaharap, ay makikita at madarama na ang responsibilidad na nakaatang sa kanya pagdating sa sarili niyang pamilya, at lalung-lalo na sa pagpapalaki ng kanyang mga anak, ay napakabigat.

Nais nating iligtas ang ating mga anak, upang makabahagi sila sa lahat ng biyaya na kakamtin ng mga pinabanal, para matanggap nila ang mga biyaya ng kanilang mga magulang na naging matapat sa kabuuan ng ebanghelyo.[20]

Asikasuhin natin ang ating mga tahanan, at sikapin ng bawat isa na pamahalaan ang kanyang sariling pamilya at ayusin ang kanilang sambahayan.[21]

---

**Dapat pamunuan ng bawat ama ang kanyang pamilya nang may kabaitan at kabutihan.**

Noong bata pa ako at pumapasok sa eskwelahan, may guro ako na laging dumarating na may dalang patpat na mga walong

talampakan ang haba, at isa sa mga unang bagay na inaasahan naming mangyayari ay ang mapalo. Sa anumang bagay na ginawa namin na di niya gusto, isang matinding palo ang aabutin namin. Ang anumang palong natanggap ko noon ay hindi nakabuti sa akin. . . . Ang kabaitan, kahinahunan, at awa ang mas magandang paraan. Nais kong itanim sa isip ng ating mga kabataang lalaki ang alituntuning ito, para maisagawa nila ito sa kanilang buhay. Ang malupit na pamamahala ay hindi mabuti, gamitin man ito ng mga hari, ng pangulo, o ng mga tagapaglingkod ng Diyos. Higit na mabuti ang magiliw na mga salita kaysa sa masasakit na salita. Kung tayo ay may di pagkakasundo, ngunit magiliw at mabait pa rin tayo sa isa't isa, inililigtas natin ang ating sarili sa malaking problema.

. . . Pumunta ka sa pamilya kung saan magiliw na pinakikitunguhan ng lalaki ang kanyang asawa at mga anak, at makikita mo na ganoon din ang magiging pakikitungo nila sa kanya. Maraming hinaing ang nakarating sa akin tungkol sa pakikitungo ng mga lalaki sa kani-kanilang asawa. Hindi nila sila binibigyan ng suportang pinansiyal. Hindi nila pinakikitunguhan nang maayos ang kanilang kabiyak. Nalulungkot ako sa lahat ng ito. Hindi ito dapat mangyari. . . . Dapat tayong maging magiliw sa isa't isa, gawan nang mabuti ang isa't isa, at sikaping itaguyod ang kapakanan, interes at kaligayahan ng isa't isa, lalo na ang ating mga kasambahay.

Ang lalaki ang ulo ng pamilya. Siya ang patriarch ng kanyang sambahayan. . . . Wala nang tanawin sa mundo ang mas gaganda pa kaysa sa makitang pinamumunuan ng isang lalaki ang kanyang pamilya at tinuturuan sila ng mabubuting alituntunin, at pinapayuhang mabuti. Iginagalang ng mga anak na ito ang kanilang ama, at napapanatag at nagagalak silang magkaroon ng mabuting ama.[22]

---

## Ang mga turo at halimbawa ng ina ay makaiimpluwensya sa kanyang pamilya sa panahong ito at sa kawalang-hanggan.

Bilang patakaran, itinuturing natin ang ina bilang tagahubog ng ugali ng anak. Para sa akin ang ina ang mas may higit na impluwensya sa kanyang angkan kaysa sinuman. At kung minsan ay naitatanong ito, "Kailan nagsisimula ang pagtuturong ito?" Ang sagot ng ating mga propeta, "Kapag ang espiritu ng buhay na

mula sa Diyos ay pumasok sa katawan." Ang kalagayan ng ina sa oras na iyon ay makaaapekto sa bata sa kanyang sinapupunan at mula sa pagsilang ng bata, at habambuhay, ang mga turo at halimbawa ng ina ang higit na mananaig at gagabay sa batang iyon, at ang kanyang impluwensya ay madarama nito sa panahong ito at sa kawalang-hanggan.[23]

Sa balikat ninyong mga ina, higit na nakasalalay, ang reponsibilidad ng wastong paghubog ng lakas ng isip at ganda ng paguugali ng susunod na henerasyon, sila man ay mga sanggol, musmos, o kahit husto na sila sa edad. . . . Hindi dapat palampasin ng sinumang ina sa Israel ang isang araw nang hindi tinuturuan ang kanyang mga anak na magdasal. Kayo mismo ay dapat magdasal, at turuan ang inyong mga anak na gawin din iyon. Dapat palakihin ninyo sila sa ganitong paraan, upang kapag kayo ay namatay na, at sila na ang papalit sa inyo para akuin ang responsibilidad ng dakilang gawain ng Diyos, maisasaisip nila ang mga alituntuning magpapalakas sa kanila sa panahong ito at sa kawalang-hanggan. Madalas kong sinasabi na ang ina ang humuhubog ng isipan ng bata. . . .

. . . Ipakita mo sa akin ang isang inang nagdarasal, na dumaan sa mga pagsubok ng buhay nang may panalangin, na nagtiwala sa Panginoong Diyos ng Israel sa kanyang mga pagsubok at suliranin, at iyon din ang landas na tatahakin ng kanyang mga anak. Hindi nila malilimutan ang mga bagay na ito kapag panahon na para sila naman ang maglingkod sa kaharian ng Diyos.[24]

Ang ating kababaihan . . . ay may tungkuling dapat gawin sa kani-kanilang asawa. Dapat nilang unawain ang kanyang katayuan at kalagayan. . . . Bawat maybahay ay dapat maging magiliw sa kanyang asawa. Dapat niya itong aluin at gawin ang lahat ng buting magagawa niya para sa kanya, sa lahat ng kalagayan sa buhay. Kapag nagkakaisa ang buong pamilya, nadarama nila na parang langit na rin dito sa lupa. Ito ang dapat mangyari; sapagkat kapag pinakasalan ng isang lalaki sa Simbahang ito ang isang babae, inaasahang mananatili siya sa kanyang piling sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Sa simula ng unang pagkabuhay na muli inaasahang kapiling niya ang kanyang asawa at mga anak bilang isang buong pamilya, at mananatiling gayon magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Napakaluwalhating isipin iyon![25]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isipin ang mga ideyang ito habang pinag-aaaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan ang mga pahina v–x.

- Ano ang nadama ninyo sa pagsasama ng mag-asawang sina Wilford at Phoebe Woodruff? (Tingnan sa mga pahina 175, 177–79.)
- Rebyuhin ang payo ni Pangulong Woodruff sa kanyang anak na si Blanche (pahina 179). Pag-isipan o pag-usapan ang ilang partikular na bagay na magagawa ninyo para tuluyang mapasaya ang mga kapamilya.
- Ano ang inyong nadama nang mabasa ninyo ang payo ni Pangulong Woodruff sa mga kabataan tungkol sa pag-aasawa at pagiging magulang? (Tingnan sa 179–80.) Paano naaangkop sa buhay ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang payo na ito?
- Basahin ang huling tatlong talata sa unang bahagi ng mga turo (mga pahina 180). Sa anu-anong paraan magiging hadlang sa kaligayahan ng pamilya "ang mga luho at aktibidad ng mundo"? Paano natin lalabanan ang gayong mga impluwensya? Paano natin maipakikita sa mga miyembro ng pamilya na mahalaga sa atin ang makasama sila?
- Basahin ang unang buong talata sa pahina 182. Sa palagay ninyo, ano ang ibig sabihin ng "palakihin ang inyong mga anak sa pag-aalaga at pagpapayo ng Panginoon"? Ano ang ilang bagay na nagawa ninyo para maisagawa ito?
- Rebyuhin ang buong ikaanim at ikapitong na talata sa pahina 180. Paano matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na magkaroon ng hangaring maglingkod sa Simbahan?
- Sa pagbabasa ninyo sa payo ni Pangulong Wilford Woodruff tungkol sa pagtuturo sa mga anak, anong partikular na alituntunin ang nakita ninyo? (Tingnan sa mga pahina 180–83.)
- Rebyuhin ang bahagi na nagsisimula sa pahina 183. Ano ang magagawa ng mga magulang para unahing pahalagahan ang samahan ng pamilya?

- Anong mga alituntunin ang matututuhan ng mga magulang sa naranasan ni Wilford Woodruff sa kanyang guro noong bata pa siya? (Tingnan sa pahina 183–84.)
- Ano ang sabi ni Pangulong Woodruff tungkol sa impluwensya ng mga asawa at ama? (Tingnan sa pahina 183–84.) Ano ang sabi niya tungkol sa impluwensya ng mga maybahay at ina? (Tingnan sa mga pahina 184–85.) Paano magtutulungan ang mga mag-asawa sa kanilang mga responsibilidad?
- Paano nauugnay sa mga lolo't lola ang mga turo sa kabanatang ito? Anong mga karanasan ang nagpapakita kung paano magkakaroon ng mabuting impluwensya ang mga lolo't lola sa kanilang mga apo?
- Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa mga magulang at lolo't lola na tumutupad sa kanilang mga tungkulin sa pamilya?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan*: Enos 1:1; Mosias 4: 14–15; Alma 56:45–48; D at T 68:25–31; 93:38–40

## *Mga Tala*


1. "Leaves from my Journal," *Millennial Star*, Oktubre 3, 1881, 638–39.
2. Sinipi sa *Millennial Star,* Agosto 1840, 90.
3. Journal of Wilford Woodruff, Abril 3, 1847, Archives of the Church of Jesus Christ of Latter-Day Saints.
4. Tingnan sa Journal of Wilford Woodruff, Abril 7, 1847.
5. *Deseret Weekly,* August 17, 1889, 226.
6. Si Wilford Woodruff kay Blanche Woodruff, Setyembre 16, 1894; sinipi sa Daniel H. Ludlow, ed., *Encyclopedia of Mormonism,* 4 na tomo (1992), 4:1582.
7. "An Epistle to the Members of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 728.
8. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 271.
9. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 271.
10. "Y. M. M. I. A. Annual Conference," *Contributor,* August 1895, 636.
11. *Deseret News Weekly, Hunyo* 26, 1867, 202.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 4, 1873, 3.
13. *Deseret Weekly,* August 17, 1889, 225–26.
14. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 20, 1875, 1.
15. *Salt Lake Herald Church and Farm,* June 15, 1895, 385.
16. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 20, 1875, 1.
17. *Deseret News,* Pebrero 22, 1865, 162.
18. "Selfishness," *Juvenile Instructor*, Marso 15, 1867, 45.
19. *Deseret News,* Disyembre 26, 1860, 338.
20. *Deseret News,* Disyembre 26, 1860, 338.
21. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 264.
22. *Deseret Weekly,* June 22, 1889, 823.
23. *Deseret Weekly,* August 17, 1889, 225.
24. *Deseret News,* Abril 24, 1872, 152.
25. *Deseret Weekly,* June 22, 1889, 823.




*"Nais naming matunton . . . ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang mga genealogy hanggang sa henerasyong kaya nilang marating, at mabuklod sa kanilang mga ama at ina."*

# Gawain sa Templo: Pagbaliking-loob ang Ating mga Puso sa Ating Pamilya at sa Panginoon

*Kapag pumasok tayo sa bahay ng Panginoon nang karapat-dapat, tumatanggap tayo ng mga ordenansa na tutulong sa atin, sa ating mga ninuno, at mga inapo, na maghandang mamuhay sa piling ng Diyos magpakailanman.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Nang ilaan ang Kirtland Temple noong Marso 27, 1836, nasa full-time na misyon si Wilford Woodruff sa katimugang Estados Unidos. Tatlong linggo pagkaraan noon nabalitaan niya ang nangyaring dedikasyon at isinulat niya sa journal niya na ang balita ay "napakaluwalhati."[1] Matapos makumpleto ang kanyang misyon, bumalik siya sa Kirtland na nakarating nang "naglalakad sa malakas na bagyo ng niyebe." Isinulat niya, "Natanaw na namin ang templo ng Panginoon bago pa man namin narating ang bayan, at talagang nagalak ako sa tanawing iyon dahil iyon ang unang pagkakataon na makakakita ako ng bahay ng Panginoon na itinayo sa pamamagitan ng kautusan at paghahayag."[2]

Ang pagmamahal ni Wilford Woodruff sa templo ay di kailanman nawala. Nakibahagi siya sa lahat ng gawain—mula sa pagtatayo hanggang sa dedikasyon at mula sa gawaing ukol sa family history hanggang sa ordenansa para sa mga patay. Nagalak din siya sa mga ordenansa sa templo na natanggap niya at ng kanyang mga kapamilya.

Madalas banggitin ni Pangulong Wilford Woodruff ang panahong tinanggap niya ang endowment. Nang madama ni Pangulong Joseph Smith na malapit nang magwakas ang kanyang

ministeryo sa lupa, pinangasiwaan niya ang endowment ng Korum ng Labindalawang Apostol sa Nauvoo, kahit bago pa man makumpleto ang templo. Nagpatotoo si Pangulong Woodruff: "Unang ipinaalam sa akin ni Joseph Smith ang mismong mga ordenansang ibinibigay natin sa mga Banal sa mga Huling Araw sa kanilang mga endowment. Natanggap ko ang aking endowment sa pangangasiwa ni Joseph Smith."[3]

Bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at kalaunan bilang Pangulo ng Simbahan, nakibahagi si Wilford Woodruff sa patuloy na pagsisikap na magtayo ng mga templo. Tumulong siya sa mga gawain sa templo sa Nauvoo, Illinois, at sa mga templo sa apat na lungsod sa Utah: Logan, St. George, Manti, at Salt Lake City. Siya ang nag-alay ng mga panalangin ng dedikasyon sa mga templo sa Manti at Salt Lake City.

Ang Salt Lake Temple, na nakumpleto matapos ang 40 taon ng taos-pusong paggawa ng mga Banal, ay napakaespesyal para kay Pangulong Woodruff. Una niyang nakita ang templo nang detalyado sa isang pangitain bago marating ng mga Banal ang Salt Lake Valley.[4] Apat na araw pagkarating sa lambak, naroon siya nang bigyang-inspirasyon si Pangulong Brigham Young na piliin ang pagtatayuan ng templo.[5] Ilang taon bago makumpleto ang templo, napanaginipan niyang binigyan siya ng susi sa templo at tinagubilinan ni Pangulong Young na "papasukin sa templo ang lahat ng gustong maligtas."[6] Walang sawa niyang itinaguyod ang pagkumpleto sa templo, kahit sa panahon ng pagsubok at pag-uusig. At nang sa wakas ay matapos ang pagtatayo noong Abril 1893, sinunod niya ang tagubilin ni Brigham Young sa panaginip, na buuin ang tatlong linggong serbisyo para masigurong nagkaroon ng pagkakataong makadalo lahat ang mga Banal.

Matapos ang dedikasyon ng Salt Lake Temple, binigyang-diin ni Pangulong Woodruff ang kahalagahan ng pamilya sa gawain sa templo. Sabi niya: "Sa pagkakataong ito nais naming matunton ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang mga genealogy hanggang sa henerasyong kaya nilang marating, at mabuklod sa kanilang mga ama at ina. Ibuklod ang mga anak sa kanilang mga magulang, at pag-ugnay-ugnayin ang kawing hanggang sa henerasyong kaya nilang marating."[7] (Para mabasa ang kasaysayan sa

likod ng turong ito, tingnan sa mga pahina xxxvii–xxxix sa pambungad ng aklat na ito.)

Noong 1894, pinamahalaan ni Pangulong Woodruff ang pagtatatag ng Genealogical Society of Utah, na humantong sa kasalukuyang pagsisikap ng Simbahan saan mang dako ng mundo na tulungan ang mga tao na hanapin ang kanilang mga ninuno. Isandaang taon mula noon, sinabi ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang mga pangyayayari sa makasaysayang taong iyon ang naging dahilan para ituring na *iisang gawain* ang family history at paglilingkod sa templo."[8] Ang mga pangyayaring ito ay bahagi ng patuloy na katuparan ng mga propesiya na "ang mga puso ng mga anak ay magbabalik-loob sa kanilang mga ama" (D at T 2:2; tingnan din sa Malakias 4:5–6).

Dahil sa maraming mahahalagang turo ni Pangulong Woodruff tungkol sa gawain sa templo, ito ang una sa dalawang kabanata tungkol sa paksang ito sa aklat na ito. Nakatuon ang kabanatang ito sa mga biyaya ng templo at sa walang hanggang katangian ng pamilya, at ang kabanata 18 ay mas nakatuon sa mga patay.

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

---

### Nakikibahagi tayo sa gawain sa templo nang may kagalakang mula sa langit, dahil alam nating tayo, ang ating mga inapo, at ating mga ninuno ay tinutulungan nito upang makapanirahan sa piling ng Diyos.

*Walang gawain na higit na lubos na interesado ang mga Banal sa mga Huling Araw kaysa sa pagtatayo at pagkumpleto ng mga templo.[9]

Kapag iniisip ko ang kapangyarihang nasa atin sa pagtatayo ng mga Templo sa pangalan ng Kataastaasang Diyos . . . at ang mga pribilehiyong nasa atin sa pagpunta sa mga Templong iyon at gawin ang kinakailangan para sa ating sariling kaligtasan at para na rin sa kaligtasan ng ating mga patay, nagagalak akong lubos, at nadaramang labis tayong biniyayaan.[10]

Alam ninyo ang kasaysayan ng mga Templong ito. Alam ninyo na ang mga Propeta [sina Joseph at Hyrum] ay pinatay, at iniutos ng Panginoon ang pagtatayo ng [Nauvoo] Temple sa kamay ng

mga Banal bago sila itinaboy sa ilang. May tiyak na paghahayag na labis na nagbigay ng inspirasyon sa mga Elder ng Simbahan ng Diyos upang gawin iyon [tingnan sa D at T 124:25–41]. Nagtrabaho sila sa abot ng lahat ng makakaya nila, at natapos nila ang gawaing iyon. Nagpunta sila sa Templong iyon at tinanggap ang mga ordenansa at endowment bago sila umalis patungong ilang. Ang mga Templong ito na itinayo natin . . . ay nagsisilbing sagisag sa harap ng Diyos, mga anghel at mga tao, sa pananampalataya at mga gawa ng mga Banal sa mga Huling Araw.[11]

Malinaw na pinahahalagahan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga biyayang matatamo sa pamamagitan ng gawaing ito sa templo. . . . Ang ating mga puso ay puno ng galak at hindi natin mapigilang purihin ang Diyos sa Kanyang kabutihan sa Kanyang mga tao sa pagtulot sa kanila, anuman ang pagsalungat at maraming suliraning dapat nilang harapin, na makapagtayo ng gayong mga gusali at ilaan ang mga ito ayon sa huwarang ibinigay Niya para sa mga sagradong paggamit nito.

Bawat Banal sa mga Huling Araw na nag-iisip nang tama tungkol sa bagay na ito ay napupuno ng kagalakang mula sa langit dahil sa ginawa ng Diyos para sa ating henerasyon. Biniyayaan tayo, tulad ng ginawa Niya, ng bawat pamamaraan upang ihanda tayo, ang ating mga inapo at ating mga ninuno para sa daigdig na iyon na walang hanggan pagkatapos ng buhay natin dito. Ang mga Banal sa mga Huling Araw, sa katunayan, ay mga taong lubos na kinalulugdan, at ang pagpuri sa Diyos ay dapat magmula sa bawat puso at tao sa ating lupain para sa dakilang awa at kabutihang ipinakita Niya sa atin. Pinangakuan Niya tayo ng mga natatanging bagay, at tinutupad Niya ang mga ito hanggang sa kasalukuyan. Tayo ang magiging pinakawalang utang-na-loob at di mararapat na tao na nabuhay kung, matapos makatanggap ng gayong kagila-gilalas na pagpapakita ng Kanyang kabutihan, ay magkukulang tayo sa sigasig o pagsunod at katapatan sa Kanya at sa Kanyang dakilang adhikain.[12]

Nais nating ipagpatuloy ang mga templong ito. Nais nating mapuno ang mga ito ng mga Banal sa mga Huling Araw. Nais nating patuloy na magpunta roon ang ating mga kapatid upang tubusin ang mga patay at pagpalain ang mga buhay.[13]

*Mula sa Panalangin ng Dedikasyon ng Salt Lake Temple.* O Panginoon, masidhi at di-maipaliwanag ang nadarama namin sa pagkakumpleto ng sagradong bahay na ito. Itulot po ninyong tanggapin ang ikaapat na templong ito na naitayo sa mga bundok na ito sa tulong ninyo sa inyong mga pinagtipanang anak. Sa nakaraang panahon tunay na binigyang-inspirasyon ninyo ng inyong banal na Espiritu ang inyong mga tagapaglingkod, mga Propeta, na magsalita tungkol sa mga huling araw kung kailan ang bundok ng bahay ng Panginoon ay dapat na maitatag sa taluktok ng mga bundok, at maging mataas sa mga burol [tingnan sa Isaias 2:2; Mikas 4:2]. Salamat sa inyo na nagkaroon kami ng maluwalhating pagkakataon na makapag-ambag sa katuparan ng mga pangitaing ito ng inyong sinaunang mga tagakita, at kayo ay nagpakaabang tulutan kaming makibahagi sa dakilang gawain.[14]

---

## Sa pamamagitan ng gawain ng family history at mga ordenansa sa templo, ibinubuklod tayo sa ating mga pamilya, na nagiging kawing na nagdurugtong sa pagitan ng mga henerasyon.

Ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo ay may kapangyarihan at bisa matapos ang kamatayan; pagsasama-samahin nito ang mga lalaki at kanilang asawa at mga anak bilang isang buong pamilya at pag-iisahin silang muli sa mga daigdig na walang katapusan. . . . Sa mga Banal sa mga Huling Araw ang mga ordenansa ng pagbubuklod ay naipahayag na, at magkakabisa matapos ang kamatayan, at, tulad ng sinabi ko, ay pag-iisahing muli ang kalalakihan at kababaihan nang walang hanggan bilang isang buong pamilya. Iyan ang dahilan kung bakit bahagi ng ating relihiyon ang mga alituntuning ito, at sa pamamagitan ng mga ito ang mga mag-asawa, magulang at anak ay pag-iisahing muli hanggang sa maiugnay ang bawat henerasyon mula kay Amang Adan. Hindi natin matatamo ang kaganapan ng selestiyal na kaluwalhatian kung wala ang ordenansang ito ng pagbubuklod.[15]

Mga kapatid, ang kaluwalhatian ng lahat ng ito ay, na kapag nagawa natin ito makakasama natin ang ating pamilya—ating ama at ina, ating mga kapatid, ating asawa at mga anak—sa pagsisimula ng pagkabuhay na muli, sa samahan ng pamilya ng selestiyal na




*Ang mga rekomend na tulad nito ay ipinamamahagi sa mga miyembro ng Simbahan na karapat-dapat na dumalo sa serbisyo ng dedikasyon ng Salt Lake Temple.*

daigdig, upang mabuhay nang walang hanggan at magpakailanman. Sinusulit nito ang lahat ng maisasakripisyo ko o ninyo sa iilang taon na ginugugol natin sa buhay na ito.[16]

Hayaang [mabuklod] ang bawat lalaki sa kanyang ama; at pagkatapos gagawin niya ang eksaktong sinabi ng Diyos nang ipahayag Niya na isusugo Niya ang propetang si Elias sa mga huling araw [tingnan sa Malakias 4:5–6]. Nagpakita ang propetang si Elias kay Joseph Smith at sinabi sa kanya na dumating na ang araw kung kailan dapat nang isagawa ang alituntuning ito [tingnan sa D at T 110:13–16]. Hindi nabuhay nang matagal si Joseph Smith para magsabi pa tungkol sa mga bagay na ito. Inialay niya ang kanyang buhay sa gawaing ito bago siya pinatay para sa salita ng Diyos at patotoo kay Jesucristo. Sinabi niya sa atin na dapat na may kawing na nag-uugnay sa lahat ng dispensasyon at sa gawain ng Diyos sa pagitan ng mga henerasyon [tingnan sa D at T 128:18]. Ito ang higit na nasa isipan niya kaysa iba pang paksang ibinigay sa kanya.

Sa aking mga pagdarasal, ipinahayag sa akin ng Panginoon na tungkulin kong sabihin sa buong Israel na sundin ang alituntuning

ito, at bilang pagtupad sa paghahayag na iyon, ipinaalam ko ito sa mga tao . . . nais naming matunton mula ngayon ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang mga genealogy hanggang sa henerasyong kaya nilang marating, at mabuklod sa kanilang ama at ina. Ibuklod ang mga anak sa kanilang mga magulang, at pag-ugnay ugnayin ang kawing na ito hanggang sa henerasyong kaya nilang marating.[17]

*Mula sa panalangin ng dedikasyon ng Salt Lake Temple:* *Ama naming nasa langit, inilalaan namin sa inyo ang mga altar na inihanda namin para sa inyong mga tagapaglingkod upang matanggap nila ang kanilang mga biyayang maibuklod. Inilalaan namin ang mga ito sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, sa pinakabanal na ngalan ninyo, at hinihiling namin sa Inyo na pabanalin ang mga altar na ito, upang ang lahat ng papasok dito ay madama ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, at matanto ang kabanalan ng mga tipang ginawa nila. At idinadalangin namin na ang aming tipan at kasunduang ginawa sa Inyo at sa isa't isa ay mapatnubayan ng inyong Espiritu Santo, na may kasagraduhang masunod namin at tanggapin ninyo, at na ang lahat ng mga biyayang ipinangako ay madama ng lahat ng banal na pupunta sa mga altar na ito, sa pagsisimula ng pagkabuhay na muli ng mga ganap. . . .

O kayong Diyos ng aming mga amang sina Abraham, Isaac, at Jacob, na inyong ikinalulugod na tawagin na kanilang Diyos, pinasasalamatan namin kayo nang lubos dahil sa ipinahayag ninyo ang mga kapangyarihan kung saan ang mga puso ng mga Banal ay pinagbabalik-loob sa kanilang mga ama at ang mga puso ng ama sa kanilang mga anak, nang ang mga anak na lalaki ng tao, sa lahat ng kanilang mga henerasyon ay gawing kabahagi ng mga kaluwalhatian at galak ng kaharian ng langit. Pagtibayin sa amin ang espiritu ni Elias, ang dalangin namin sa inyo, nang sa gayo'y matubos namin ang aming mga patay at iugnay ang aming mga sarili sa aming mga ama na nagsipanaw na, at bukod pa riyan ay tiyaking ang aming mga patay ay magsisibangon sa pagsisimula ng pagkabuhay na muli nang kaming naninirahan sa mundo ay mabigkis sa kanilang nananahan sa langit. Salamat sa inyo alang-alang sa kanilang nakatapos ng kanilang gawain sa mortalidad, at gayundin sa amin, kung kaya't nabuksan ang mga bilanggguan, upang ipahayag ang kalayaan sa mga bihag, at luwagan ang gapos

ng naroong mga nakagapos. Pinupuri namin kayo dahil ang aming mga ama, mula sa huli pabalik sa una, sa simula't simula pa, ay maibubuklod sa amin ng di mapapatid na kawing, na pinag-ugnay ng Banal na Priesthood, at na bilang isang malaking pamilyang pinag-isa sa inyo at pinatibay ng inyong kapangyarihan ay sama-sama kaming tatayo sa inyong harapan, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng nagbabayad-salang dugo ng Inyong Anak ay mailayo kami sa lahat ng kasamaan, maligtas at mapabanal, madakila at maluwalhati.[18]

---

**Dapat nating espirituwal na ihanda ang ating mga sarili para matanggap ang mga biyaya ng paglilingkod sa templo.**

Bago kayo pumunta sa Templo, . . . manalangin kayo nang sarilinan. Ihandog ang inyong dalangin sa Panginoon at ipanalangin na hindi lamang mapatawad ang inyong mga kasalanan, kundi mapasainyong lahat ang Espiritu ng Diyos, at ang patotoo ng Panginoong Jesucristo; nang ang Espiritu ng Diyos ay mapasa mga taong magtitipon sa Templo. . . .

Nais kong gawin ito ng mga Banal, na hinihiling na ang papasok sa Templo ay papasok nang may dalisay na puso, at na mapasakanila ang Espiritu ng Diyos, nang sila mismo ay matuwa, nang madama nilang lahat ang impluwensya ng kapangyarihang iyon.[19]

Ang bawat miyembro ng Simbahan na itinuturing na karapat-dapat pumasok sa sagradong bahay na iyon ay ituturing na may alam sa mga alituntunin ng Ebanghelyo. Maipapalagay natin na alam ng bawat isa ang kanyang tungkulin sa Diyos at sa kanyang kapwa. Dapat tandaan ng bawat isa ang payo na dapat tayong mapuno ng pagmamahal at pagmamalasakit sa ating mga kapatid. At sa gayon sa sandaling iyon, hindi pagdudahan ninuman ang lubos na kahalagahan na bawat miyembro ng kongregasyon ay panatag sa piling ng lahat ng kanyang mga kapatid sa Diyos. Sa ano pang paraan natin maaasahang matamo ang mga biyayang ipinangako Niya maliban sa pagsunod sa mga utos kung saan ang mga biyayang iyon ang gantimpala!

Ang kalalakihan at kababaihan ba na lumalabag sa batas ng Diyos, o ang mga di sumusunod sa Kanyang mga utos, ay maka-aasa na ang pagpunta lamang sa Kanyang banal na bahay . . . ay

sapat na upang marapat nilang tanggapin, at magiging dahilan para matanggap nila ang Kanyang biyaya?

Palagay ba nila ay madali nang balewalain ang pagsisisi at pagwawaksi ng kasamaan?

May lakas ba sila ng loob, kahit sa isip lang, na pagbintangan ang Ama sa kawalang-katarungan at pagkiling, at ipalagay na hindi siya maingat sa pagsasakatuparan ng Kanyang sariling mga salita?

Walang alinlangan na walang sinumang nagsasabing kabilang sa kanyang mga tao ang nag-iisip ng gayong bagay.

Kung gayon dapat lang na ang mga di karapat-dapat ay huminto na sa pag-asa na mabibiyayaan sila sa pagdalo sa mga templo habang nananatili silang marumi dahil sa kasalanang di pinagsisihan, at habang ang galit o maging ang di pagpapatawad ay nasa puso nila laban sa kanilang mga kapatid.

Sa paksang ito, sa palagay namin, marami pa ang maaaring masabi. Sa pagsisikap na masunod ang tila lalong mahalagang bagay ng kautusan, may posibilidad na ang kahalagahan ng diwang ito ng pagmamahal at kabaitan at pag-ibig sa kapwa ay di gaanong mabigyang-halaga. . . .

. . . Bago pumasok sa templo upang humarap sa Panginoon . . . , dapat nating alisin sa ating sarili ang bawat masakit at di-mabuting nadama natin sa bawat isa, na hindi lamang ang ating maliliit na pinag-aawayan ang huminto, kundi maalis mismo ang sanhi ng mga ito, at bawat damdaming nag-uudyok o nagpapanatili sa mga ito ay dapat alisin. Dapat nating ipagtapat ang ating mga kasalanan sa isa't isa, at humingi ng tawad sa isa't isa; na tayo ay sasamo sa Panginoon na madama ang pagsisisi, at, matapos matamo ito, ay sundin ang mga pag-uudyok nito; nang sa ating pagpapakumbaba sa harapan Niya at paghingi ng tawad sa isa't isa, ibibigay natin ang pagmamahal at pagpaparayang iyon sa mga humihingi ng kapatawaran na siya naman nating inaasahan sa Langit.

Sa gayon pupunta tayo sa banal na lugar na may mabuting puso at kaluluwang handa sa ipinangakong lakas! Sa gayon ang ating mga pagsamo, na di ginagambala ng pagtatalu-talo ay nagkakaisang makararating sa pandinig ni Jehova at ibababa ang mga piling biyaya ng Diyos ng Kalangitan! . . .

. . . Hinihikayat namin ang [bawat miyembro ng Simbahan] na hangarin ang pakikisama ng kanilang mga kapatid, at ang kanilang buong tiwala at pagmamahal; higit sa lahat hangaring kamtan ang pakikisama at pakikiisa ng Espiritu Santo. Hayaang hangarin at pahalagahang mabuti ng pinakamaliit o pinakahamak na pamilya ang Espiritung tulad ng ginagawa ng mga miyembro ng pinakamataas na organisasyon at korum. Hayaang pumasok sa puso ng mga kapatid, mga magulang, at mga anak ng sambahayan, maging sa puso ng Unang Panguluhan at Labindalawa. Hayaang payapain at palambutin nito ang lahat ng di pagkakasundo ng mga miyembro ng Stake Presidency at High Council, maging sa pagitan ng mga magkakapit-bahay na naninirahan sa iisang ward. Hayaang pag-isahin nito ang bata at matanda, lalaki at babae, mga miyembro at lider, mga tao at Priesthood nang may pasasalamat at kapatawaran at pagmamahal, nang madama [natin] na natutuwa sa atin ang Panginoon, at nang tayong lahat ay makalapit sa harapan Niya na may malinis na budhi sa harapan ng mga tao. Sa ganitong paraan walang di mabibigyan ng mga biyayang ipinangako sa mga tapat sumamba sa Kanya. Ang matamis na bulong ng Banal na Espiritu ay ibibigay sa kanila at ang mga yaman ng Kalangitan, ang pakikipag-ugnayan ng mga anghel, ay idaragdag paminsan-minsan, dahil ang Kanyang pangako ay natupad at hindi magkukulang![20]

*Mula sa panalangin ng dedikasyon ng Salt Lake Temple*: Ama naming nasa Langit, kayo na tagalikha ng langit at lupa, at lahat ng bagay na naroroon, kayong Pinakamaluwalhati, ganap ang awa, pag-ibig, at katotohanan; kaming inyong mga anak, na pumunta sa araw na ito sa inyong harapan at sa bahay na itong itinayo namin sa pinakabanal ninyong pangalan, ay mapagpakumbabang sumasamo sa pamamagitan ng nagbabayad-salang dugo ng Inyong Bugtong na Anak. Nawa ang aming mga kasalanan ay di na maalala pa laban sa amin magpakailanman, kundi ang aming mga dalangin ay umabot sa inyo at malayang marating ang inyong luklukan, nang kami'y marinig sa inyong banal na tirahan. At nawa'y masiyahan kayong pakinggan ang aming dalangin, sagutin ang mga ito ayon sa inyong walang katapusang dunong at pagmamahal, at itulot na ibigay sa amin ang mga biyayang hinihingi namin, nang labis-labis pa, yamang kami'y naghahangad nang may dalisay na puso at buong layunin

na gawin ang inyong kagustuhan at luwalhatiin ang inyong pangalan. . . .

Lumalapit kami sa inyong harapan nang may galak at pasasalamat, nang may masiglang espiritu at pusong puno ng pagpuri dahil hinayaan Ninyong makita namin ang araw na ito, na apatnapung taon naming inasam, pinaghirapan, pinagsikapan, at ipinagdasal, kung kailan mailalaan namin sa Inyo ang bahay na ito na itinayo namin sa maluwalhati Ninyong pangalan. Isang taon ang nakalipas inilagay namin ang huling bato na sumisigaw ng Hosana sa Diyos at sa Kordero. At ngayon inilalaan namin ang buong templo sa Inyo, kasama ang lahat ng nakapaloob dito, nang ito'y maging banal sa Inyong paningin; nang ito'y maging bahay ng panalangin, bahay ng papuri at pagsamba; nang ang inyong banal na kaluwalhatian ay maparito; nang ang inyong banal na presensya ay patuloy na narito; nang ito ay maging tirahan ng inyong pinakamamahal na Anak, ang aming Tagapagligtas; nang ang mga anghel na nakatayo sa Inyong harapan ay maging banal na mga sugo na dadalaw dito, hatid sa amin ang Inyong mga hiling at kagustuhan, nang ito'y mapabanal at mailaan sa lahat ng bahaging banal para sa Inyo, na Diyos ng Israel, ang Pinakamakapangyarihang Pinuno ng sangkatauhan. At idinadalangin namin sa Inyo na madama ng lahat ng taong papasok dito sa Inyong bahay ang kapangyarihan, at mahikayat na kilalanin na Kayo ang nagpabanal nito, na ito ay tahanan Ninyo, isang lugar ng Inyong kabanalan.[21]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isipin ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan ang mga pahina v–x.

- Paano sumagot si Elder Wilford Woodruff nang marinig niya ang dedikasyon ng Kirtland Temple at nang makita niya ang templo sa unang pagkakataon? (Tingnan sa pahina 189.) May ganoon din ba kayong karanasan na angkop ibahagi?
- Sa anong paraan ipinakita ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang interes sa mga templo? (Tingnan sa mga pahina 191–93.) Bakit kailangan nating "maging lubos na interesado" sa gawain sa templo?

- Rebyuhin ang unang talata sa pahina 191. Sa paanong paraan ninyo nakikitang "iisang gawain" ang paglilingkod sa templo at pagsasaliksik ng family history? (Tingnan sa mga pahina 193–96.) Paano nakatulong sa inyo ito para mabaling ang inyong puso sa inyong mga ninuno at inapo?
- Bakit kailangan natin ang ordenansa ng pagbubuklod upang "matamo ang kaganapan ng kahariang selestiyal"? (Tingnan sa mga pahina 193; tingnan din sa D at T 131:1–4.)
- Tingnang mabuti ang buong kabanata, hanapin ang mga pahayag tungkol sa mga ugnayan ng pamilya. Ano ang matututuhan natin sa mga turong ito? Paano nakaiimpluwensya ang pang-unawa natin sa bahay ng Panginoon sa nadarama natin tungkol sa ating sariling mga tahanan?
- Sa paanong paraan kayo nabibiyayaan at ang inyong pamilya sa pagpunta sa templo? Paano matuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na igalang ang templo at maghandang tanggapin ang mga ordenansa sa templo?
- Ang mga pahina 196–91 ay naglalaman ng ilan sa mga payo ni Pangulong Wilford Woodruff para tulungan ang mga Banal sa paghahanda para sa paglalaan ng Salt Lake Temple. Paano makatutulong sa atin ang payong ito sa tuwing papasok tayo sa templo?
- Ano ang ilan sa mga alituntuning itinuro sa panalangin ng dedikasyon ng Salt Lake Temple? (Tingnan sa mga pahina 193, 195–96, 198–99.) Isiping mabuti o pag-usapan kung paano makatutulong sa atin ang mga salita sa panalangin sa pagsisikap nating gawin ang gawain sa templo at family history.

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Awit 24:3–5; Mateo 16:18–19; D at T 27:9; 97:10–17; 109; 110; 138:46–48

## *Mga Tala*

1. Journal of Wilford Woodruff, Abril 19, 1836, Archives of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.
2. Journal of Wilford Woodruff, Nobyembre 25, 1836.
3. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 148.
4. Tingnan sa *The Discourses of Wilford Woodruff,* 162.
5. Tingnan sa Journal of Wilford Woodruff, Hulyo 28, 1847.
6. Journal of Wilford Woodruff, Marso 12, 1887.
7. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 157.

8. Sa Conference Report, Oktubre 1994, 114; o *Ensign,* Nobyembre 1994, 85.
9. Sa *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* 6 na tomo (1965–75), 3:236, tinipon ni James R. Clark.
10. *Salt Lake Herald Church and Farm,* June 15, 1895, 386.
11. *Deseret Weekly,* August 6, 1892, 193.
12. "An Epistle to the Members of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 730–31.
13. *Deseret Weekly,* November 14, 1891, 660.
14. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 337.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 21, 1869, 2.
16. *Deseret Weekly,* October 22, 1892, 548.
17. *Millennial Star,* May 28, 1894, 338–39.
18. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 339–41.
19. *Millennial Star,* Mayo 7, 1893, 305. Ibinigay ni Pangulong Wilford Woodruff ang mga tagubiling ito upang tulungan ang mga Banal sa paghahanda sa pagdalo sa dedikasyon ng Salt Lake Temple.
20. Sa *Messages of the First Presidency,* 3:242–44. Ibinigay ni Pangulong Woodruff ang mga tagubiling ito upang tulungan ang mga Banal sa paghahanda sa pagdalo sa dedikasyon ng Salt Lake Temple.
21. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 335, 337–38.



*Ang Salt Lake Temple, inilaan ni Pangulong Wilford Woodruff noong Abril 6, 1893.*

# Gawain sa Templo: Pagiging Tagapagligtas sa Bundok ng Sion

*Hawak natin ang mga susi ng kaligtasan para sa ating mga ninuno na namatay nang walang ebanghelyo.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Noong Oktubre 1841, pagkabalik agad sa Nauvoo mula sa misyon sa England, dumalo si Elder Wilford Woodruff sa miting kung saan itinuro ni Joseph Smith ang doktrina ng pagtubos sa mga patay. Ito ang unang pagkakataon na narinig ni Elder Woodruff na makatatanggap ang mga buhay na miyembro ng Simbahan ng nakapagliligtas na ordenansa para sa kanilang mga namatay na ninuno. Sabi niya: "Para itong sinag ng liwanag mula sa trono ng Diyos tungo sa aming puso. Nabuksan nitong mabuti ang aming mga isipan."[1] Sabi pa niya: "Para sa akin ang Diyos na nagpahayag ng alituntuning ito sa tao ay matalino, makatarungan at totoo, taglay ang pinakamagagandang katangian at mabuting isipan at kaalaman. Nadama kong hindi pabagu-bago ang kanyang pagmamahal, awa, katarungan at paghatol, at minahal ko nang higit ang Panginoon. . . . Gusto kong purihin nang lubos ang Diyos nang ilabas ang paghahayag sa amin tungkol sa binyag para sa mga patay. Nadama kong may karapatan tayong magalak sa mga biyaya ng Langit."[2]

Pagkarinig sa doktrinang ito, naisip ni Elder Woodruff ang kanyang ina. "Ang unang pumasok sa isip ko," sabi niya, "ay ako'y may ina sa daigdig ng mga espiritu. Namatay siya noong 14 na buwan ako. Hindi ko nakilala ang [aking] ina. Naisip ko, May kapangyarihan ba akong ibuklod ang aking ina sa aking ama? Ang sagot ay, oo."[3] Kalaunan binanggit niya ang panahong nagkaroon siya ng pagkakataong maipabuklod ang kanyang ina sa kanyang ama: "Magkakaroon siya ng bahagi sa simula ng pagkabuhay na

muli, at ito lang para sa akin ay sapat ng kabayaran ng lahat ng pagpupunyagi ko sa buhay."[4] Pinatotohanan din niya ang galak na nadama niya nang isagawa niya ang mga ordenansa sa templo para sa iba pa niyang namayapang kapamilya: "Nagkaroon ako ng biyaya at pribilehiyo na tubusin sa Templo ng ating Diyos ang mga apat na libo sa kaanak ng aking ama't ina. Sinasabi ko ito dahil isa ito sa ating mga biyaya, ang kaganapan at kaluwalhatian na hindi natin malalaman hangga't hindi nabubuksan ang tabing."[5]

Habang naglilingkod bilang Pangulo ng Simbahan, inilaan ni Wilford Woodruff ang Salt Lake Temple. Sa okasyong iyon hiniling niya sa Panginoon na tulungan ang mga Banal sa pagsisikap nilang tubusin ang mga patay: "Maaari ba ninyong . . . tulutang dalawin kami ng mga banal na sugo sa loob ng mga sagradong gusaling ito at ipaalam sa amin ang gawaing dapat naming gawin para sa aming mga patay. At, hikayatin ninyo ang puso ng marami pang di nakikipagtipan sa inyo na saliksikin ang kanilang mga ninuno, upang matunton nila ang angkan ng marami sa inyong mga Banal. Idinarasal namin sa inyo na nawa'y pag-ibayuhin ninyo ang naising ito sa kanilang puso, upang sa pamamagitan nito ay makatulong sila sa pagsasagawa ng inyong gawain. Idinadalangin po namin na pagpalain ninyo sila, sa kanilang ginagawa, nang hindi sila magkamali sa paggawa ng kanilang talaangkanan; at bukod pa riyan, hiling namin sa inyo na ihayag sa kanila ang mga bagong mapagkukunan ng impormasyon, at ibigay sa kanila ang mga nakaraang tala, nang di lamang maging tama ang kanilang ginagawa kundi kumpleto rin."[6]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Ang Ama sa Langit ay maawain sa lahat ng Kanyang mga anak at hindi pinarurusahan ang mga namatay na hindi nagkaroon ng pagkakataong matanggap ang ebanghelyo.

Kung hindi narinig ng mga patay ang Ebanghelyo, hindi sila ipadadala ng Panginoon sa impiyerno dahil hindi nila natanggap ito. Ang Panginoon ang Ama ng lahat. Siya ay maawain sa lahat. . . . Milyun-milyong tao ang isinilang, nabuhay at namatay, na hindi kailanman nakita ang mukha ng propeta sa kanilang buhay; hindi kailanman nakakita ng taong tinawag ng Diyos at may



*Ang Winter Quarters Nebraska Temple, itinayo sa pinagkampohan ng maraming Banal sa mga Huling Araw noong taglamig ng 1846–47 bago sila naglakbay patungong Salt Lake Valley.*

karapatang mangasiwa sa isa mga ordenansa sa Bahay ng Diyos. Parurusahan ba sila ng Diyos dahil hindi nila natanggap ang ebanghelyo? Hindi.[7]

Ang Diyos ay hindi nagtatangi ng mga tao; hindi Siya magbibigay ng mga pribilehiyo sa isang henerasyon at ipagkakait ito sa iba. Ang buong mag-anak ng tao, mula kay Amang Adan hanggang sa ating panahon, ay kailangang magkaroon ng pribilehiyo, saan man, na marinig ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ang mga henerasyong di nakarinig ng ebanghelyo sa kabuuan, kapangyarihan at kaluwalhatian nito, ay di kailanman papananagutin ng Diyos sa di pagsunod dito. Ni hindi niya sila parurusahan sa pagtanggi sa batas na hindi nila kailanman nakita o naunawaan; at kung naging marapat sila sa kaalamang mayroon sila, mabibigyang-katwiran na sila niyon, at sila ay kailangang maturuan sa daigdig ng mga espiritu.[8]

## Tayo ay magiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion sa pagtatayo natin ng mga templo at pagtanggap ng mga nakapagliligtas na ordenansa para sa mga patay.

Marami sa ating mga ninuno, na ngayon ay nasa daigdig na ng mga espiritu, ang hindi kailanman nakakita ng apostol, propeta, o taong binigyang-inspirasyon, at sila ay nakabilanggo. Sina Joseph Smith, Heber Kimball, George A. Smith at libu-libo pang mga elder, ay maaaring mangaral sa mga espiritung iyon, at maaari nilang tanggapin ang mga patotoong ibinahagi ng mga elder; subalit ang mga naniniwala doon ay hindi bibinyagan ng mga elder; wala nang binyag sa daigdig ng mga espiritu, ni pag-aasawa at pagpapakasal.[9]

Ang ilang tao o mga tao na nabubuhay pa ang dapat gumawa nito para sa kanila; dahil pareho lang ang gagawing pagliligtas sa isang namatay na hindi kailanman nakatanggap ng Ebanghelyo at sa isang buhay pa. At lahat ng mga namatay nang walang Ebanghelyo ay may karapatang asahan ang isang taong buhay na gawin ang gawaing ito para sa kanila.[10]

Tungkulin nating kumilos at itayo ang mga Templong ito. Itinuring ko ang bahaging ito ng ating gawain bilang misyon na singhalaga ng pangangaral sa mga buhay; maririnig ng mga patay ang tinig ng mga tagapaglingkod ng Diyos sa daigdig ng mga espiritu, at hindi sila makababangon sa pagsisimula ng [unang] pagkabuhay na muli, maliban kung naisagawa ang ilang ordenansa, para sa kapakinabangan nila at alang-alang sa kanila, sa mga Templong itinayo sa ngalan ng Diyos, . . . May dapat tumubos sa kanila, sa pamamagitan ng paggawa ng mga ordenansang iyon para sa kanila dito sa lupa dahil hindi nila magagawa ito para sa kanilang sarili sa daigdig ng mga espiritu. Para magawa ito, dapat may mga templong paggagawaan ng mga ito, at nais kong sabihin sa inyo, mga kapatid, na ang Diyos ng Langit ang nag-uutos sa ating kumilos at itayo ang mga ito, upang mapadali ang gawain ng pagtubos. Kakamtin natin ang gantimpala kapag tayo'y namatay na . . . .

. . . Hindi ako nagtataka sa sinabi ni Pangulong [Brigham] Young na nadama niya na kailangang sabihan niya ang mga Banal sa mga Huling Araw na bilisan ang pagtatayo ng mga Templong ito. Nadama niya ang kahalagahan ng gawain; ngunit ngayong wala na siya, tungkulin nating ipagpatuloy ito, at pagpapalain ng

Diyos ang ating mga paggawa at magagalak tayo dito. Ito ang paghahandang kailangan para sa ikalawang pagparito ng Tagapagligtas. Kapag naitayo na natin ang mga Templo na ngayo'y nakaplano na, makikita natin na kailangang magtayo ng iba pa, dahil batay lamang sa laki ng ating pagsisikap sa gawaing ito natin mauunawaan ang lawak ng gawaing dapat isagawa, at ang kasalukuyan ay simula pa lang. Kapag dumating ang Tagapagligtas, libong taon ang ilalaan sa gawaing ito ng pagtubos, at ang mga Templong ito ay makikita sa buong lupaing ito ni Joseph,—sa Hilaga at Timog Amerika—at sa Europa rin at sa lahat ng dako. At lahat ng inapo nina Sam, Chem at Japhet na hindi nakatanggap ng ebanghelyo noong buhay pa sila, ay dapat gawan ng ordenansa sa mga Templo ng Diyos bago maipagkaloob ng Tagapagligtas ang kaharian sa Ama, at sabihing, "Natapos na."[11]

Naipakita na sa inyo . . . ang ilang bagay tungkol sa pagtubos ng ating mga patay, at ang ilang bagay tungkol sa pagtatayo ng mga templo. Ang mga ito, mga kapatid, ay mahahalagang gawain. Ito ang mga ginagawa natin para sa ibang hindi makagagawa nito para sa kanilang sarili. Ito ang ginawa ni Jesucristo nang ialay Niya ang Kanyang buhay para sa ating kaligtasan, dahil hindi natin maililigtas ang ating sarili. May mga ama at ina at mga kaanak tayo sa daigdig ng mga espiritu, at may gawain tayong dapat gawin para sa kanila. Bilang indibiduwal malaki ang malasakit ko sa gawaing pagtubos ng mga patay, gayundin ang aking mga kapatid. Ito ang gawaing dapat nating ipagpatuloy hangga't may pagkakataon tayo. . . . Ito ang gawaing nakaatang sa mga Banal sa mga Huling Araw. Gawin ang lahat ng magagawa ninyo sa mga bagay na ito, upang kapag kayo'y mamatay, bibiyayaan kayo ng inyong mga ama, ina, kamag-anak at kaibigan dahil sa ginawa ninyo, at dahil kayo ang naging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagtatamo ng kanilang kaligtasan. Makikilala kayo bilang mga Tagapagligtas sa Bundok ng Sion sa pagsasakatuparan ng propesiyang ito [tingnan sa Obadias 1:21].[12]

Tayo ay nabiyayaan ng kapangyarihan at awtoridad, hawak ang Banal na Priesthood sa utos ng Diyos, na tumayo sa ibabaw ng mundo at iligtas ang mga buhay at mga patay. Kung hindi natin nagawa ito, parurusahan tayo at aalisin sa mundo, at ang Diyos ng Israel ay magpapadala ng mga taong gagawa nito.[13]



*Ang St. George Utah Temple, kung saan naglingkod si Pangulong Wilford Woodruff bilang temple president.*

Mga kapatid, isapuso ninyo ang mga bagay na ito. Ipagpatuloy natin ang ating mga rekord sa family history, punan ang mga ito ng impormasyon sa matwid na paraan sa harap ng Panginoon, at isagawa ang alituntuning ito, at ang mga biyaya ng Diyos ay mapasasaatin, at pagpapalain tayo ng mga natubos sa mga araw na darating. Dalangin ko sa Diyos na bilang mga tao ay mabuksan ang ating mga mata, marinig ng ating mga tainga, at maunawaan ng ating mga puso, ang dakila at makapangyarihang gawaing nakaatang sa ating mga balikat, at siyang inuutos sa atin ng Diyos sa langit. Dakila at maluwalhati ang mga alituntuning ito na inihayag sa atin ng Diyos tungkol sa pagtubos ng ating mga patay.[14]

---

## Sabik na ang mga patay na tanggapin natin ang mga ordenansa para sa kanila, at tinitingnan din mismo ng Diyos ang gawain sa templo nang buong pagmamalasakit.

Malaki ang gawaing kinakaharap natin sa pagtubos sa ating mga patay. Ang gawaing ginagawa natin ay tinitingnan nang may pagmamalasakit ng buong kalangitan.[15]

Umaasa ang ating mga ninuno na gagawin natin ito. Minamasdan nila tayo nang may labis na pag-aalala, at hangad na matapos natin ang mga templong ito, at gumawa ng ilang ordenansa para sa

kanila, upang sa simula ng pagkabuhay na muli ay makabangon sila at matamasa ang mga biyayang tinatamasa rin natin.[16]

"Lahat ng nangamatay na walang kaalaman sa ebanghelyong ito, na kanilang tatanggapin ito kung sila lamang ay pinahintulutang manatili, ay magiging mga tagapagmana ng kahariang selestiyal ng Diyos, gayundin ang lahat ng mamamatay magmula ngayon, na walang kaalaman dito, na tatangap nito nang buo nilang puso, ay magiging tagapagmana ng kahariang yaon, sapagka't ako, ang Panginoon, ay hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa pagnanais ng kanilang mga puso." [Dat T 137:7–9.] Gayundin ito sa inyong mga ninuno. Kakaunti lang, kung mayroon man, ang hindi tatanggap ng Ebanghelyo. . . . Ang mga ninuno ng mga taong ito ay tatanggap sa ebanghelyo.[17]

Sinabi sa atin ni Pangulong Young, at tunay namang ganoon, na kung magagawa lamang ng mga patay, magsasalita sila sa wikang singlakas ng sampung libong kulog, mananawagan sa mga tagapaglingkod ng Diyos na kumilos at magtayo ng mga templo, gampanan ang kanilang tungkulin at tubusin ang kanilang mga patay.[18]

Kung alam at nauunawaan [natin] ang damdamin ni Propetang Joseph Smith, at ng kanyang mga kapatid [sa Simbahan] na kasa-kasama niya, at ang damdamin ng milyun-milyong pamilya ng tao na nakabilanggo, hindi tayo maghihinawa. . . . Magtatrabaho tayo para tubusin ang mga patay.[19]

Nakatuon sa atin ang mga mata ng kalangitan; ang mga mata ng Diyos mismo, ang mga mata ng bawat Propeta at Apostol sa daigdig ng mga espiritu, ay nakamasid sa inyo, nakamasid sa Priesthood na ito, upang makita kung ano ang ginagawa nila at ano ang gagawin nila. Mas mahalaga ito kaysa nalalaman at nauunawaan natin. Ating alamin ang kahalagahan ng mga ordenansa sa Bahay ng Diyos at gawin ang ating tungkulin, nang tayo'y mabiyayaan.[20]

---

## Kapag nagkita-kita tayo ng ating mga ninuno sa daigdig ng mga espiritu, ito ay magiging panahon ng galak o panghihinayang, depende sa ginawa natin dito para sa kanila.

Nasa inyo ang kapangyarihan na . . . tubusin ang inyong mga patay. Marami na sa inyo ang mga nakagawa nito, at umaasa ako na

ipagpapatuloy ninyong lahat ito hangga't may mga patay kayong dapat tubusin. Huwag tigilan ang gawain hangga't may kapangyarihan kayong pumasok sa Templo. . . . May libu-libo na akong natubos dito. Nakagawa na ako ng pagbibinyag, pag-oorden, paghuhugas at pagpapahid ng langis, endowment at pagbubuklod para sa kanila, na para bang sila mismo ang gumagawa nito para sa kanilang sarili. Papanaw ako at makikita sila sa kabilang buhay. Papanaw kayo at makikita ang inyong mga kamag-anak.[21]

Kapag nahimlay na ang aking katawan sa libingan at pumunta na ang aking espiritu sa daigdig ng mga espiritu, magagalak ako at maluluwalhating kasama nila sa simula ng pakabuhay na muli, dahil tinanggap nila ang mga alituntuning ito. "Subalit," marahil ay sasabihin ninyo, "paano kung nabinyagan ako para sa taong hindi naman tumanggap sa Ebanghelyo?" Kasalanan na nila iyon, hindi sa akin. Ito ang tungkuling nakaatang sa buong Israel, na gampanan nila ang gawaing ito, hangga't may pagkakataon sila sa lupa.[22]

Ano ang madarama ko, matapos mabuhay nang matagal, angkin ang mga pribilehiyong makapunta sa templo, kapag pumunta na ako sa daigdig ng mga espiritu nang hindi ginawa ang gawaing ito? Makikita ko ang pamilya ng aking ama, makikita ko ang pamilya ng aking ina, mga ninuno, at nakabilanggo sila; taglay ko ang mga susi ng kanilang kaligtasan pero wala akong nagawa para sa kanila; ano ang madarama ko, o ano ang [magiging] damdamin nila sa akin?[23]

Ayokong pumunta sa daigdig ng mga espiritu at makita ang aking mga ninunong hindi kailanman nakarinig sa Ebanghelyo, sa kanilang panahon at sa henerasyon, at sasabihin nila sa akin, "Nasa kamay mo ang kapangyarihang kumilos at tubusin ako, at hindi mo ito ginawa." Ayokong mangyari iyon. Ayokong mangyari iyon sa mga Banal sa mga Huling Araw. Palagay ko, mahusay naman ang ating ginagawa. Mayroon tayong apat na templong itinayo sa mga lambak na ito ng kabundukan [noong 1897], at maayos namang ginagamit ito ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ngunit gusto nating ipagpatuloy ito hanggang sa matubos natin ang lahat ng kaya nating matubos. Kung isasagawa natin ang alituntuning ito, mabibiyayaan tayo nito. Tataglayin natin ito sa simula ng pagkabuhay na muli, kapag ang ating mga ama at ina at ninuno ay babangong kasama natin dahil tinubos natin sila.[24]

Kung hindi natin gagawin ang hinihingi sa atin sa bagay na ito, parurusahan tayo. Kung gagampanan natin ito, at nakita natin ang ating mga kaibigan sa kahariang selestiyal, sasabihin nila, "Kayo ang aming mga tagapagligtas, dahil may kapangyarihan kayong gawin ito. Ginawa ninyo ang mga ordenansang ito na hiningi ng Diyos sa inyo."[25]

Tayo ay tinawag bilang mga Tagapagligtas sa Bundok ng Sion, hangga't ang kaharian ay sa Panginoon. Maluwalhati ang mga alituntuning ito. Ang maligtas tayo mismo, at maligtas ang ating kapwa, ay napakaluwalhating bagay! Ano ang ginto at pilak, ano ang mga yaman ng mundong ito! Kumukupas ang mga ito kapag ginagamit. Namamatay tayo at iniiwan ang mga ito. Ngunit kung tayo ay may buhay na walang hanggan, kung patuloy tayong mananampalataya at madadaig ang mundo, magagalak tayo kapag tayo'y sumakabilang-buhay na. Nagagalak ako sa lahat ng bagay na ito. Wala ni anumang alituntunin na inihayag ng Panginoon na ikinagalak ko nang higit pa sa pagtubos sa ating mga patay; na makakasama natin ang ating mga ama, ating ina, ating asawa at mga anak sa samahan ng pamilya, sa simula ng pagkabuhay na muli at sa Kahariang Selestiyal. Ito ay maringal na mga alituntunin. Sulit ang bawat sakripisyo para sa mga ito.[26]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan ang mga pahina v–x.

- Ano ang nadama ni Pangulong Wilford Woodruff nang una niyang marinig ang doktrina ng pagtubos sa mga patay? Ano ang una niyang naisip? (Tingnan sa pahina 202.) Ano ang matututuhan natin sa mga sagot na ito?
- Sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff na ang gawain sa templo para sa mga patay ay kasinghalaga ng gawaing misyonero para sa mga buhay (sa pahina 206). Pag-isipang mabuti o pag-usapan ang kahalagahan ng pahayag na ito. Anong mga karanasan ang nagpakita sa inyo ng kaugnayan ng gawain sa templo at gawaing misyonero?


- Sinabi ni Pangulong Woodruff na kapag tumatanggap tayo ng mga ordenansa para sa mga patay, gumagawa tayo ng gawain para sa iba na "hindi nila magagawa para sa kanilang sarili" (pahina 207). Paano naiimpluwensyahan ang nadarama ninyo ng pagkaunawang ito sa gawain sa templo?
- Rebyuhin ang bahaging nagsisimula sa pahina 208. Ayon kay Pangulong Woodruff, ano ang nadarama ng ating mga ninuno tungkol sa gawain sa templo? Paano pinahahalagahan ng Diyos Ama ang gawain? Ano ang nadama ninyo habang binabasa ninyo ang pahayag na ito?
- Rebyuhin ang huling bahagi ng kabanata, simula sa pahina 209. Isipin ninyo kung ano ang mararamdaman ninyo kapag nakita ninyo ang inyong mga ninuno sa daigdig ng mga espiritu.
- Paano tayo makapaglalaan ng oras para sa gawain sa templo at family history? Anu-anong mga mapagkukunan ang ibinibigay ng Simbahan sa atin para gabayan at tulungan tayo?
- Paano makapagpapalakas sa atin ang gawain sa templo at family history? Ano ang magagawa natin para matulungan ang mga kabataan sa Simbahan na makahanap ng galak sa kanilang responsibilidad na tubusin ang mga patay?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* I Mga Taga Corinto 15:29; D at T 128; 138

## *Mga Tala*


1. *Deseret Weekly,* December 25, 1897, 34.
2. *Deseret News,* Mayo 27, 1857, 91.
3. *Deseret Weekly,* December 25, 1897, 34.
4. *Deseret Weekly,* February 24, 1894, 288.
5. *Deseret Weekly,* February 24, 1894, 288.
6. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 341.
7. *Deseret Weekly,* April 19, 1890, 562.
8. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 149.
9. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 2, 1876, 4.
10. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 14, 1878, 1.
11. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 26, 1878, 1.
12. *Millennial Star,* November 21, 1887, 742–43.
13. *Millennial Star,* May 21, 1894, 324.
14. *Millennial Star,* May 28, 1894, 341.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Oktubre 18, 1881, 1.
16. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 150.
17. *Millennial Star,* May 28, 1894, 339–40.

18. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 26, 1878, 1.
19. *Deseret News: Semi-Weekly,* Oktubre 26, 1880, 1.
20. Sa Conference Report, Oktubre 1897, 47.
21. *Deseret Weekly,* August 6, 1892, 193.
22. *Deseret Weekly,* April 25, 1891, 555.
23. *Millennial Star,* May 14, 1896, 309.
24 *Deseret Weekly,* December 25, 1897, 34.
25. Sa Conference Report, Oktubre 1897, 47.
26. *Deseret Weekly,* August 30, 1890, 308.



*Si Wilford Woodruff ay naglingkod bilang Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Abril 7, 1889, hanggang Setyembre 2, 1898.*

# Pagsunod sa Buhay na Propeta

*Sa pagsunod natin sa salitang ipinahayag ng Panginoon sa buhay na propeta, makahahanap tayo ng kaligtasan at kaligayahan sa mundong ito at kadakilaan sa susunod na daigdig.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Nasa bahay noon si Elder Wilford Woodruff isang tanghali nang sabihan siya na gusto siyang makausap ni Pangulong Brigham Young sa Church Historian's Office. Pagkatanggap ng kahilingang ito mula sa Pangulo ng Simbahan "kaagad na pumunta sa opisina[1] si Elder Wilford Woodruff," kung saan naglilingkod siya bilang Assistant Church Historian. Isinulat niya sa kanyang journal kalaunan:

"Pagdating ko roon, sinabi sa akin ni Pangulong Young, 'May pulutong ka ba [ng mga kabayo]?' Sabi ko mayroon akong isang pares ng buriko. Tinanong niya kung maaari kong ipamigay ang mga ito. Sandali akong nag-atubili at sinabi, 'Oho sir, gagawin ko ho ang lahat ng kailangang gawin.' Pagkatapos ay sinabi niya, 'May isang pares ako ng matitikas na kabayo na gusto kong ibigay sa iyo dahil nagtatrabaho ka rito.' Nabigla ako nang husto. Hindi ko inaasahan iyon. Tinanggap ko ang mga kabayo at nagpasalamat, bagama't hindi ko yata nasabi iyon nang oras na iyon."[2]

Nang pumayag si Elder Woodruff na ibigay ang kanyang mga buriko, sinunod lamang niya ang sinabi ni Pangulong Young; hindi siya umasang gagantimpalaan siya sa kanyang ginawa. Gayunman, alam niya ang biyayang dulot ng pagsunod sa buhay na propeta. Ilang buwan bago iyon, ipinahayag niya, "Bubuksan ng Panginoon ang isipan ni Brother Brigham at aakayin siya sa mga alituntuning patungkol sa kaligtasan ng mga taong ito, at hindi natin maaaring isara ang mga isipan natin at sabihing hanggang

dito na lang kami at hindi na susunod pa; hindi natin magagawa ito nang hindi sinisira ang ating katayuan sa harapan ng Diyos."[3]

Ang pahayag na ito ay nakita sa walang maliw na katapatan niya sa mga Pangulo ng Simbahan nang maglingkod siya bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Nang siya na mismo ang Pangulo ng Simbahan, nagpatotoo siya sa kanyang banal na tungkulin at binigyang-katiyakan ang mga Banal na sila ay laging pamumunuan ng buhay na propeta. Sinabi niya:

"Nang ibigay ng Panginoon ang mga susi ng kaharian ng Diyos, ang mga susi ng Melchizedek Priesthood, ng pagkaapostol, at iginawad ito sa ulo ni Joseph Smith, iginawad Niya ito sa kanyang ulo upang manatili sa mundo hanggang sa pagdating ng Anak ng Tao. Angkop lamang sabihin ni Brigham Young na, 'Ang mga susi ng kaharian ng Diyos ay narito.' Nasa kanya ang mga ito hanggang sa araw na mamatay siya. Pagkatapos ay ipinasa ang mga ito sa ulo ng isa pang tao—si Pangulong John Taylor. Hawak niya ang mga susi hanggang sa siya'y mamatay. Pagkatapos, ayon sa kagustuhan ng Diyos, ay ipinasa ang mga ito kay Wilford Woodruff.

"Sinasabi ko sa mga Banal sa mga Huling Araw na narito ang mga susi ng kaharian ng Diyos, at mananatili rin ang mga ito, hanggang sa pagdating ng Anak ng Tao. Ipaunawa ito sa buong Israel. Maaaring nasa aking ulo ang mga ito sa kaunting panahon lamang ngunit pagkatapos nito ay igagawad ito sa ulo ng isa pang apostol, at sa isa pa na susunod sa kanya, at magpapatuloy ito hanggang sa pagdating ng Panginoong Jesucristo sa mga alapaap ng kalangitan."[4]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Mula sa panahon ni Adan, ang Panginoon ay nagpadala ng mga propeta para pamunuan ang Kanyang Simbahan at magbabala sa mga naninirahan sa mundo.[5]

Pinamunuan ng Diyos ang Simbahang ito mula sa simula, sa pamamagitan ng mga propeta at mga taong binigyang-inspirasyon. Pamumunuan niya ang Simbahang ito hanggang sa magunaw ang mundo.[5]

Ang Diyos ay hindi kailanman nagkaroon ng simbahan o mga tao, sa alinmang panahon sa daigdig, na hindi pinamahalaan at pinangasiwaan sa pamamagitan ng paghahayag. Ang mga buhay na orakulo ng Diyos ay nasa kanila—na mga humawak ng susi ng kaharian, at kailangang makatanggap sila ng paghahayag upang matulungan sila sa kanilang gawain.[6]

Ang Panginoon kailanman ay hindi humusga sa alinmang henerasyong nalalaman natin hangga't hindi siya nagpapadala ng mga propeta at mga taong binigyang-inspirasyon upang bigyang-babala ang mga naninirahan sa mundo. Ito ang paraan ng pakikitungo ng Panginoon sa lahat ng tao mula sa mga panahon ni Amang Adan hanggang sa kasalukuyan.[7]

---

## Sa pamamagitan ng mga buhay na propeta, inihahayag ng Panginoon ang Kanyang nais para sa Simbahan at inaakay tayo sa landas ng buhay na walang hanggan.

Itinuro sa atin ng Panginoon . . . na hindi mahalaga kung nagsasalita siya mula sa langit sa kayang sariling tinig, o sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga anghel, o sa tinig ng kanyang mga tagapaglingkod, kapag naantig ng Espiritu Santo, lahat ng ito ay iisa sa isipan at kagustuhan ng Diyos [tingnan sa D at T 1:38].[8]

Ang batas ng Diyos ay nasa mga bibig ng mga taong hinirang na mamuno sa atin.[9]

Kung nasa atin ang bawat paghahayag na ibinigay ng Diyos sa tao; kung nasa atin ang Aklat ni Enoc; kung nasa atin sa wikang Ingles ang di naisaling lamina; kung nasa atin ang mga nakasarang talaan ng Tagapaghayag na si San Juan, at iba pang mga paghahayag, at nakasalansan ang mga ito nang sandaang talampakan ang taas, ang simbahan at kaharian ng Diyos, ay hindi lalago, sa panahong ito o sa alinmang panahon ng daigdig, nang walang mga buhay na orakulo ng Diyos.[10]

May mga paghahayag tayo. Totoo na ang mga lider ng Simbahang ito mula nang mamatay si Propetang Joseph Smith ay hindi [nagpalabas] ng maraming paghahayag. Si Joseph Smith ay naglabas ng Aklat ng Doktrina at mga Tipan, at ito'y malaking tomo ng paghahayag—isa sa mga maluwalhating talang ibinigay ng Diyos sa tao. Ngunit gusto kong sabihin na hindi nabuhay si

Brother Brigham Young nang walang paghahayag. Lagi siyang may paghahayag. Hindi siya makagagawa nang wala ito; hindi siya makapangangaral o makagagawa ang kagustuhan ng Diyos nang wala ito. Ni hindi magagawa ng sinumang taong nasa tungkuling ito. Hindi pahihintulutan ng Panginoon ang sinuman na mamuno sa Simbahang ito maliban kung siya'y pinamamahalaan at ginagabayan ng paghahayag. Tayo ay mahihinang kasangkapan—mahihinang uod ng alabok; ngunit pinili ng Diyos ang mahihina ng sanglibutan upang itatag ang Kanyang Sion, at binigyan Niya tayo ng paghahayag at ipinaalam sa atin ang Kanyang isipan at kagustuhan.[11]

Kaiba tayo sa daigdig; mayroon tayong pangunahing mapagkukunan na pinagmumulan ng ating liwanag, kaalaman at mga biyaya. . . . Maaari ninyong kunin ang pinakamamatalinong tao na pinahusay ng talento at pag-aaral at ilagay sila sa Simbahan ng Diyos, at hindi nila kailanman mauungusan ang kanilang mga lider. Mapapalitan ng kahangalan ang kanilang katalinuhan. Bakit? Dahil hindi sila tinawag na mamuno. Kung hindi natutong magbasa kailanman ang isang tao, at tinawag siya ng Panginoon na pamunuan ang simbahan at kaharian ng Diyos, siya ay bibigyan niya ng kapangyarihang gawin ito. Itinuturo sa atin araw-araw ang mga aral na ito, hinihikayat tayong magkaisa, at pag-isahin ang ating mga puso na parang sa iisang tao upang nang ang ating dalangin at gawa ay mapag-isa sa pagsunod sa payo ng ating pinuno.

Aakayin ng Panginoon [ang Pangulo ng Simbahan] kung saan niya nais na papuntahin ito. Alam nating kasama niya ang Diyos at lagi siyang ginagabayan. . . . Kinakailangang [ang propeta] ang magsabi sa atin kung ano ang tama at mali sa maraming bagay, dahil iyon ang katayuan at tungkulin niya. . . . Isang perpektong pamamaraan ang nasa pagitan niya at ng Panginoon kung saan siya nagtatamo ng talino, na pinalalaganap sa mga tao sa ibang pamamaraan. Alam natin iyan. Kailangan nating matutuhang gamitin ang kaalamang ito.[12]

Ang Panginoon kailanman ay hindi ako pahihintulutan o sinupamang tao na nagsisilbing Pangulo ng Simbahang ito na iligaw kayo. Wala ito sa programa. Wala ito sa isipan ng Diyos. Kung tatangkain ko iyon, tatanggalin ako ng Panginoon sa aking tungkulin.[13]

Umaasa akong tatahakin natin ang landas na inihayag sa atin ng mga tagapaglingkod ng Panginoon, dahil kung gagawin natin ito alam ko na mapapanatag tayo sa mundong ito, at makasisigurong liligaya at dadakilain sa susunod na daigdig. . . . Kung tayo ay tapat, aakayin nila tayo sa daan ng buhay, at dahil naniniwala tayo sa kanilang mga tagubilin, sa mga turo ng Banal na Espiritu sa pamamagitan nila, mananatili tayo sa ligtas na daan, at makatitiyak na gagantimpalaan.[14]

---

**Sinasang-ayunan natin ang ating buhay na propeta at ibang mga lider ng Simbahan kung ipinagdarasal natin sila at sumusunod sa kanilang payo.**

Ako at ang iba pang kalakihan, ang mga apostol, at lahat ng tinawag na mamuno sa pangalan ng Panginoon ay kailangan ng pananamapalataya at mga dasal ng mga Banal sa mga Huling Araw.[15]

Habang ako'y nabubuhay nais kong maging totoo at tapat sa aking Diyos at sa mga Banal. Isa sa pinakamalalaking biyaya ng Diyos sa akin ay ang katotohanang kami ng aking mga tagapayo ay mahal ng mga Banal sa mga Huling Araw, at ako'y lubos na napakumbaba sa harapan ng Panginoon dahil dito. Alam namin na kami'y inyong ipinagdarasal. Alam namin na kami'y inyong iginagalang. At kami'y namumuhay sa alituntuning ito. . . . Ang Panginoon ay "pinili . . . ang mga bagay na mahihina ng sanglibutan upang hiyain Niya ang mga bagay na malalakas; . . . at ang mga bagay na walang halaga upang mawalanghalaga ang mga bagay na mahahalaga." [Tingnan sa I Mga Taga Corinto 1:27–28.] Nadarama natin ang ating mga kahinaan. Ako mismo'y humihiling na sana'y maging mas mabuti akong tao kaysa ngayon. Siyempre pa, nagpupunyagi akong gawin ang pinakamahusay kong magagawa sa aking kahinaan. Hinihiling ko pa ring magawa iyon. Ngunit umaasa ako sa Panginoon at sa mga dalangin ng mga Banal, tulad ng aking mga kapatid na lalaki sa Simbahan.[16]

Umaasa akong madarama ng lahat ng Banal sa mga Huling Araw na sang-ayunan ang Panguluhan ng Simbahang ito sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, mga gawa, at dalangin, at huwag silang hayaang pasanin ang lahat ng responsibilidad habang tayo ay lumiligtas sa ating tungkulin. Kung gagawin natin

ito, hindi tayo karapat-dapat, hindi tayo karapat-dapat sa katayuan natin bilang mga Elder ng Israel, at mga ama at ina sa Israel. Hayaang gawin ng bawat isa ang bahagi nila sa tungkulin; at kung itatama natin ang ating mga mali, at ilalagay sa ayos ang ating mga sarili, at gagawin ang tama, kung gayo'y makagagawa tayo ng ilang kabutihan, at makakatulong na mapagaan ang pasanin ng mga namumuno. . . . Napakalungkot para [sa Pangulo ng Simbahan] kapag nakikita niyang walang ingat na tumatahak ang mga tao sa kanilang sariling landas na humahantong sa pagkawasak nila; kapag hindi sila handang pakinggan ang payo at hindi sinusunod ang mga doktrinang itinuturo niya; ngunit kapag nakikita niyang handang pakinggan ng mga tao ang mabubuting payo at nagpupunyaging pabanalin ang kanilang sarili sa harap ng Panginoon, siya ay napalalakas at napasisigla.[17]

---

## Hindi natin dapat balewalain ang payo ng Pangulo ng Simbahan.

Kapag binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang kalalakihan at ipinadala sila sa alinmang henerasyon, pinananagot niya ang henerasyong iyon sa paraan ng pagtanggap nila ng patotoo ng kanyang mga tagapaglingkod.[18]

Kinakailangang gamitin ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang kanilang kakayahang mangatwiran at mag-isip, at unawaing mabuti kung bakit dapat nilang sundin ang landas na ipinakikita sa kanila ng Diyos. Ang matalinong pagsunod ng Kanyang mga Banal ay hangad ng ating Ama sa Langit. Tayo'y binigyan Niya ng kalayaang mamili at kumilos para sa ating sarili, sa ating sariling hangarin, upang magkaroon ng sariling patotoo mula sa Kanya tungkol sa katotohanan ng mga alituntuning Kanyang itinuturo, at pagkatapos ay maging matatag at di natitinag sa paggawa ng lahat ng kailangan para sa kaligtasan.[19]

Pribilehiyo natin na mamuhay at magkaroon ng Espiritu ng Diyos na magpapatotoo sa katotohanan ng alinmang paghahayag na mula sa Diyos sa pamamagitan ng tinig ng Kanyang propetang namumuno sa Kanyang mga tao. Pangunahing prinsipyo sa akin na kapag ang propetang namumuno ay nagpahayag ng doktrina o alituntunin o nagsasabing "ganito ang sabi ng Panginoon" sinisikap



*Kapag itinataas natin ang ating mga kamay sa boto ng pagsang-ayon, nangangako tayong "sasang-ayunan ang Panguluhan ng Simbahang ito sa pamamagitan ng [ating] pananampalataya, mga gawa, at dasal."*

kong tanggapin iyon kahit na salungat ito sa aking nakaugalian o pananaw, na lubos na naniniwala na ihahayag ng Panginoon ang katotohanan sa Kanyang propeta na tinawag Niya upang mamuno sa Kanyang Simbahan bago Niya ito sabihin sa akin. At ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta ay di mapag-aalinlanganang tunay na batas para sa akin.[20]

Gusto kong sabihin sa aking mga kapatid sa Simbahan na [ang Pangulo ng Simbahan] ang ating lider, siya ang tagabigay sa atin ng batas sa Simbahan at Kaharian ng Diyos. Siya'y tinawag sa katungkulang ito; tanging karapatan niya ang sabihin sa mga taong ito ang dapat gawin, at tungkulin nating sundin ang payo na ibinibigay niya sa atin ngayon sa mga kapatid sa Simbahan. Tayo, bilang mga tao, ay di dapat na balewalain ang payong ito, dahil sasabihin ko sa inyo sa pangalan ng Panginoon, at naobserbahan ko ito mula nang maging miyembro ako ng Simbahang ito, na walang tao na sumusuway sa payo ng binigyang-awtoridad na mamuno sa mga taong ito, ang umunlad, at walang ganoong tao ang uunlad kailanman.[21]

Ayon sa sinaunang kaugalian nalaman natin na [ang mga pastol] ay laging nauuna at inihahanda ang daan upang malaman kaagad kung mayroon mang nakaambang panganib at nang maligtas sa oras ang mga tupa. Kapag hinayaang mauna [ang mga tupa] sa pastol, malamang na mahuli sila at mapatay ng mga lobo. Sa oras din na tangkain ng mga tao sa kahariang ito na pangunahan o salungatin ang kanilang mga lider, sa alinmang paraan, mapapahamak sila sa mga mapaminsala.

Ito ang paksang pinag-isipan ko nang lubos, at nagkaroon ako ng kaunting makabuluhang kaalaman sa pagmamasid ko sa pag-uugali ng mga tao, at sa nakita ko, lagi nang nangyayari na kapag sumalungat ang mga tao sa payo ng kanilang mga lider, . . . nalalagay sila sa gulo at nagdurusa dahil dito.

Ngayon anumang kaalaman ang natamo ko, sa pagsasaliksik at pag-aaral tungkol sa mga sining at agham ng tao, anumang alituntunin ang maaaring natanggap ko sa aking siyentipikong pananaliksik, kung sasabihin sa akin ng propeta ng Diyos na ang gayong alituntunin, o teoriya na natutuhan ko ay hindi totoo, wala akong pakialam kung ano ang naging ideya ko, dapat kong ituring na tungkulin ko, sa mungkahi ng aking lider na kalimutan ang alituntunin o teoriyang iyon. . . .

Nakakita ako ng mga tao sa panahon ni Joseph na nagpahayag ng mga alituntunin, at nagbabasa at nagtuturo at nagmumungkahi ng mga teoriya kahit sinasabi ng propeta na "hindi tamang gawin ito, hindi totoo ang mga ito." Ang mga taong ito ay patuloy pa ring nakikipagtalo, iginigiit ang pinaniniwalaan nila, at nagsusulat upang ipaglaban ang kanilang mga teoriya kapag pinagsabihan na sila ng propeta, at sasabihin pa nila, "hindi kami naniniwala sa teoriya mo, ni sa sistemang sinasabi mo."

Sa sandaling gawin iyon ng isang tao, sinasalungat niya ang tagapaglingkod ng Diyos na itinalagang manguna sa daan patungo sa buhay at kaligtasan. Ito ang bagay na dapat pakaiwasan ng mga Elder. Sa katunayan napakaraming dakilang bagay na itinuturo sa pagtatayo ng kahariang ito na tila kakaiba sa atin, salungat sa ating tradisyon, at naglalayong subukan ang mga tao. Gumamit si Brother Joseph ng napakaraming paraan upang subukan ang integridad ng mga tao. Nagturo siya ng napakaraming

bagay na dahil sa tradisyon ay kinailangan ng panalangin, pananampalataya at patotoo mula sa Panginoon bago paniwalaan ang mga ito ng marami sa mga Banal. . . .

Tungkol naman sa pagsalungat sa sinumang hinirang na mamuno sa atin, hindi natin dapat gawin ito, at wala akong pakialam kung anuman ang ating damdamin o pananaw sa paksang ito kung ang pag-uusapan ay ang ating mga tradisyon o edukasyon.

Kung may ihahayag man ang Diyos, ihahayag niya ito sa taong namumuno. . . . Walang ibang plano, walang ibang sistema, na gagabay at mamamahala sa mga tao sa kahariang ito, tanging yaon lamang binuo sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Diyos para sa kaayusan ng Kanyang simbahan at kaharian, at ang pinuno ay dapat mamuno, magpayo at mamahala sa lahat ng dispensasyon kung saan ang kagustuhan ng Diyos ay ihahayag sa tao.[22]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Anu-anong alituntunin ang matututuhan natin mula sa kuwento sa pahina 215?
- Anu-ano ang mga responsibilidad ng mga propeta? (tingnan sa mga pahina 216–19.) Paano ginagampanan ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan ang mga responsibilidad na ito?
- Rebyuhin ang buong ikatlong talata sa pahina 217. Bakit mas mahalagang mapamunuan ng isang buhay na propeta kaysa ang mag-angkin ng mga talaan ng mga propeta noong unang panahon?
- Rebyuhin ang buong huling talata sa pahina 218. Paano nakatutulong sa inyo ang katiyakang ito?
- Ano ang magagawa natin upang masang-ayunan at masuportahan ang Pangulo ng Simbahan? (Tingnan sa mga pahina 219–20.) Isipin kung ano ang personal ninyong ginagawa upang masang-ayunan ang buhay na propeta.

- Anong payo ang natanggap natin sa kasalukuyang Pangulo ng Simbahan? Ano ang ginawa ninyo upang masunod ang payong iyon? Anu-anong mga biyaya ang natanggap ninyo dahil sa inyong pagsunod?
- Anong mga babala ang ibinigay ni Pangulong Woodruff sa mga tumatanggi o di pumapansin sa mga salita ng buhay na propeta? (Tingnan sa mga pahina 220–23.)
- Basahin ang buong ikalawang talata sa pahina 220. Ano ang natutuhan ninyo sa mga katagang "matalinong pagsunod"?
- Paano natin matuturuan ang mga bata na sumang-ayon sa Pangulo ng Simbahan?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Amos 3:7; Mateo 10:41; I Mga Taga Tesalonica 5:25; Mosias 2:7–9; D at T 21:4–7; 28:6–7; 43:1–3; 107:22

## *Mga Tala*



1. Journal of Wilford Woodruff, Agosto 26, 1857, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.
2. Journal of Wilford Woodruff, Agosto 26, 1857.
3. *Deseret News,* Mayo 27, 1857, 91; mula sa mensaheng ibinigay noong Abril 9, 1857.
4. *Millennial Star,* September 2, 1889, 547.
5. *Deseret Weekly,* September 5, 1891, 324.
6. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 53–54.
7. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 223.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 26, 1878, 1.
9. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 56.
10. *The Discourses of Wilfodrd Woodruff, 53.*
11. *Millennial Star,* March 5, 1896, 148.
12. *Deseret News,* Disyembre 16, 1857, 324–25.
13. *The Discoures of Wilford Woodruff,* 212.
14. *Deseret News,* Mayo 27, 1857, 91.
15. *Millennial Star,* September 2, 1889, 547–48.
16. *Deseret Weekly,* September 5, 1891, 324.
17. *Deseret News,* Marso 21*,* 1855*,* 11.
18. *Deseret News*, Hulyo 1, 1863, 1
19. "An Epistle to the Members of the The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 724.
20. Journal ni Wilford Woodruff, Enero 27, 1860,
21. *Deseret News: Semi-Weekly,* Setyembre 20, 1870, 2.
22. *Deseret News,* Mayo 27, 1857, 91.

# Kalayaang Pumili: Pagpili ng Buhay o Kamatayan

*Ngayon ang panahon para piliin natin ang mabuti o masama, sapagkat ang ating mga kilos ay may kahihinatnan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Pinatotohanan ni Pangulong Wilford Woodruff na dumarating ang kaligtasan "kay at sa pamamagitan ng dugo ni Jesucristo," at kanyang binigyang-diin rin na dumarating ang ganap na kaligtasan "sa pamamagitan ng pagsunod sa Ebanghelyo."[1] Taglay ang pang-unawang ito, itinuro niya na "may kalayaan tayong piliin ang mabuti at tanggihan ang masama, o piliin ang masama at tanggihan ang mabuti"[2] at na ang Diyos "ay pananagutin [tayo] sa paggamit ng kalayaang ito."[3] Hinikayat niya ang mga Banal na magpasiya nang wasto, ipinaaalala sa kanila ang kaibahan ng "iilang taon ng makamundong kasiyahan" sa "walang hanggang liwanag, katotohanan, biyaya, at kaalaman na iginawad ng Panginoon sa bawat taong sumusunod sa Kanyang batas."[4]


*John Benbow*

Tulad ng lahat sa atin, maraming pagkakataon ding nagamit ni Pangulong Woodruff ang kaloob na makapili nang malaya. Isa na rito ang nangyari sa Herefordshire, England, sa tahanan ni John Benbow (tingnan sa pahina 99 sa aklat na ito). "Isang marangal na tao si John Benbow," paggunita ni Pangulong Woodruff. "Katulad niya ang isang maringal na ginoong Ingles; isang mayamang tao, sa palagay ko, na sumapi sa Simbahan. Wala pang isang buwan



*Larawan ng kubong minsang naging pag-aari ni John Benbow.*

siyang nabinyagan, ngunit hindi ganoon ang naisip ko nang dumating siya kasama ang kanyang asawa sa silid-hintayan. Gumugol siya ng mga 20 minuto sa pagkukuwento sa akin tungkol sa nabasa niya sa Bagong Tipan na noong panahon ng mga Apostol ay ipinagbili nila ang lahat ng kanilang ari-arian at inilagay sa mga paanan ng mga Apostol [tingnan sa Mga Gawa 4:31–37]. Nadama niyang tungkulin niyang sundin ang batas na iyon at nais niyang gawin ito. Matiyaga akong nakinig sa kanya at nang siya'y matapos, marahil kalahating oras ang ginugol ko sa kanya para masabi ang kaibahan ng katayuan namin ngayon sa katayuan ng mga Apostol noong una. Ipinaunawa ko sa kanya na hindi ako ipinadala ng Diyos sa England para pangalagaan ang kanyang ginto, mga kabayo, mga baka, at ari-arian. Ipinadala niya ako roon para ipangaral ang Ebanghelyo. Gayunman, sinabi ko sa kanya na tatanggapin ng Panginoon ang kanyang sakripisyo, at sa tuwing may pagkakataon siyang gumawa nang mabuti, dapat niyang gawin ito; dapat niyang tulungan ang mahihirap, tumulong sa paglathala ng Aklat ni Mormon, atbp."

Tinutukoy ang karanasang, ipinahayag ni Pangulong Woodruff ang laki ng impluwensya ng kanyang desisyon na magalang na tanggihan ang alok ni Brother Benbow:

"Ngayon, ano sana ang naging resulta kung kabaligtaran ang ginawa ko, at sinabing, 'O sige, ibigay mo sa akin ang ari-arian mo at ako na ang bahala diyan'? Marahil ay nag-apostasiya na siya. Hindi lang iyan, kundi may isa ring hangal na Apostol, na tamang-tamang kandidato rin sana sa apostasiya. Ngunit naging isang tukso ba sa akin iyon? Hindi. Maaaring hindi rin sa sinumang Elder na may sapat na Espiritu ng Diyos para malaman ang kaibahan ng malaking halaga ng salapi at ng bahagi sa unang pagkabuhay na muli, na may kapangyarihang dumaan sa mga anghel at sa mga diyos patungo sa kadakilaan at kaluwalhatian, at tumayo sa harapan ng Diyos at Kordero magpakailanman at walang katapusan."[5]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Dahil binigyan tayo ng Diyos ng kalayaang pumili, tayo ay responsable sa ating mga ikinikilos.

Binigyan ng Diyos ang lahat ng kanyang anak sa dispensasyong ito at sa mga naunang dispensasyon, ng kani-kanyang kalayaang pumili. Ang kalayaang ito ay pamanang lagi nang nasa tao sa ilalim ng pamumuno at pamamahala ng Diyos. Taglay [natin] ito sa kalangitan bago pa nilikha ang daigdig, at pinangalagaan at pinagtanggol ito ng Panginoon laban sa pananalakay ni Lucifer at ng mga kakampi niya, na nagbunga ng pagbagsak ni Lucifer at ng sangkatlong bahagi ng hukbo ng langit [tingnan sa Apocalipsis 12:1–9; D at T 29:36–37; Moises 4:1–4]. Sa bisa ng kalayaang ito, ako at ikaw at ang buong sangkatauhan ay ginawang responsableng mga nilalang, responsable sa landas na tatahakin natin, sa pamumuhay natin, sa mga gagawin natin sa mundo.[6]

Bahagi ng banal na pamamahala na huwag pilitin ang sinuman sa langit, na huwag pilitin ang isipan at hayaan itong malayang makakilos para sa sarili. Inihahayag ng [Diyos] sa Kanyang nilalang ang walang hanggang ebanghelyo, ang mga alituntunin ng buhay at kaligtasan, at tapos ay hinahayaan siyang pumili o tumanggi

para sa kanyang sarili, na lubos na nauunawaan na responsibilidad niya sa Kanya ang mga resulta ng kanyang mga ikinikilos.[7]

---

**Ang ating mga desisyong gumawa ng mabuti o masama ay may kahihinatnan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.**

Kakamtin ng lahat ang kanilang pinaghirapan. Anuman ang ating itinanim, mabuti man o masama, ay aanihin natin [tingnan sa Mga Taga Galacia 6:7; D at T 6:33].[8]

Inutusan tayo ng ating Panginoon, at dapat nating sundin ang kanyang mga utos kung [nais] nating tumanggap ng mga biyayang dulot ng pagsunod.[9]

Kung mas masigasig tayong sumusunod sa mga utos ng Diyos, mas nagiging tiwala tayo na kaibigan natin ang Diyos, at binabantayan Niya tayo at ang Kanyang Anak na si Jesus ang ating Tagapamagitan sa Ama, na Siya ay nasa gitna ng mga taong ito, at ipaglalaban Niya ang karapatan ng Kanyang mga Banal, at sasalagin ang bawat sandatang kakalaban sa Sion.[10]

Dapat nating ipaisip sa ating mga anak ang masamang kahihinatnan ng pagkakasala o paglabag sa alinman sa mga batas ng Diyos. Dapat na ipaunawa sa kanila na sa paggawa ng mali makararanas sila ng lungkot at hirap na madali nilang matatakasan sa paggawa ng tama, at dapat nilang matutuhan ang alituntuning ito sa pamamagitan ng paggabay nang hindi nakararanas ng lungkot at hirap sa paggawa ng mali.[11]

Bawat kasalanang nagawa ko sa Simbahang ito at kaharian ay nagdulot sa akin ng libong beses na pasakit na higit sa nagawa. Hindi tayo maaaring magkasala nang walang kaparusahan; hindi maaaring balewalain ang anumang payo nang hindi magdurusa.[12]

Mga kapatid, hanapin ang Diyos; manalangin sa Kanya sa inyong mga lihim na lugar at huwag tumalikod sa kabutihan at katotohanan; walang mapapala sa paggawa niyan, kundi pulos kawalan.[13]

Di magtatagal, ang mga taong di namumuhay nang ayon sa katotohanang taglay nila ay daranas ng matinding pagdurusa; wala silang galak at kaligayahan at kaligtasan na taglay ng taong sumusunod sa mga utos ng Diyos at laging ginagawa ang tama. Ang masama ay laging takot. Hindi katuksu-tukso para sa isang lalaki o

babae ang gumawa ng kasalanan, wala itong gantimpala. Mas mabuti para sa ating paglingkuran ang Panginoon, sapagkat ang naglilingkod sa Panginoon nang umaga, tanghali, at gabi ay masasaya mayaman man sila o mahirap.[14]

Tanungin ninyo ang sinumang tao, bansa, kaharian, o mga henerasyon, at sasabihin nila sa inyo na naghahanap sila ng kaligayahan, pero paano nila hinahanap iyon? Gawin ninyong halimbawa ang nakakaraming tao, paano sila naghahanap ng kaligayahan? Sa pamamagitan ng paglilingkod sa diyablo hanggang sa magawa nila agad ito, at ang halos pinakahuling nilalang o bagay na dapat sambahin ng mga anak ng tao, ngunit ang huling nilalang na gusto nilang sundin ay ang mga batas ng Diyos ng kalangitan. Hindi nila sasambahin ang Diyos ni igagalang ang kanyang pangalan, ni susundin ang kanyang mga batas, kundi lalapastanganin ang kanyang pangalan, sa araw-araw, at halos lahat sa daigdig [ay] naghahanap ng kaligayahan sa pamamagitan ng paggawa ng kasalanan, paglabag sa batas ng Diyos, at paglapastangan sa kanyang pangalan at pagtanggi sa tanging pinagmumulan ng kaligayahan.

Kung talagang nauunawaan natin na hindi tayo makatatamo ng kaligayahan sa paglalakad sa landas ng kasalanan at paglabag sa mga batas ng Diyos, makikita natin ang kahangalan nito. Malalaman ng bawat lalaki at babae na upang makatamo ng kaligayahan dapat tayong kumilos at gawin ang tama, at gawin ang kagustuhan ng ating Ama sa Langit, dahil matatanggap natin sa kanyang kamay ang ganap na kaligayahan, biyaya, kaluwalhatian, kaligtasan, kadakilaan, at buhay na walang hanggan, na matatanggap natin dito o sa kawalang-hanggan.[15]

Tayo nang maging tapat at pagbutihin ang ating sarili sa mga kagandahan ng ebanghelyo. Walang mapapala sa paggawa ng mali. Ang pagsisinungaling, pagnanakaw, paglalapastangan, paglalasing, pagtatraydor at pagtatwa sa Panginoong Jesucristo ay nagdudulot ng lungkot at dusa; hinahamak nito ang tao na ginawa sa larawan ng Diyos; ngunit ang paggawa ng tama, pagsunod sa mga utos ng Diyos, pagiging mapagkawanggawa at mabait, ay nagdudulot ng galak at kapayapaan at ng Espiritu Santo, at sa huli'y kadakilaan sa kaharian ng ating Ama.[16]



*"Ang mga naglilingkod sa Panginoon sa umaga, tanghali at gabi ay masasaya mayaman man sila o mahirap."*

**Tayo ay gagantimpalaan nang walang hanggan ayon sa batas na pinili nating sundin sa maikling panahong inilagi natin sa mundo.**

Pagpalain nawa ang inyong kaluluwa, ang ating buhay dito ay maikli lamang, ngunit sa kabila ay mabubuhay tayo nang walang hanggan. Mabubuhay tayo at iiral hangga't buhay ang ating Tagapaglikha, at ang ating walang hanggang tadhana ay nakasalalay sa kung paano tayo namuhay sa maikling sandaling ito sa mundo.[17]

Kapag talagang nauunawaan natin ang ating tadhana sa hinaharap—hinaharap na kaligayahan, kadakilaan at kaluwalhatian, o ang ating hinaharap na kalungkutan, pagkahamak at dusa na nakasalalay lahat sa maikling panahong ginugol natin sa mundong ito, masasabi ko na hindi makabubuti sa sinumang nasa mundo na gugulin ang buhay niya sa paggawa ng mali. . . . Kung tatanggap man ng biyaya ang tao, dapat na matamo niya ito mula sa Panginoon, dahil ang diyablo ay walang kakayahang magbigay ng biyaya, at hindi bibiyayaan ang mga anak ng tao. Sa halip, sinisikap niyang iligaw sila mula sa landas ng kabutihan at katotohanan.[18]

Ang Diyos ng langit, na lumikha sa daigdig na ito at inilagay ang kanyang mga anak dito, ay nagbigay sa kanila ng batas kung saan sila maaaring madakila at maligtas sa maluwalhating kaharian. Sapagkat may isang batas na ibinibigay sa lahat ng kaharian, at ang lahat ng bagay ay pinamamahalaan ng batas sa buong sansinukob. Anumang batas ang sinusunod ng isang tao, pinoprotektahan siya ng batas na iyon, at tatanggapin niya ang bawat gantimpala na ipinangangako sa kanya ng batas na iyon [tingnan sa D at T 130:20–21]. Kagustuhan ng Diyos na sundin ng lahat ng kanyang anak ang pinakamataas na batas, upang matanggap nila ang pinakamataas na kaluwalhatian na inorden para sa lahat ng imortal na nilalang. Ngunit binigyan ng Diyos ang lahat ng kanyang anak ng kalayaang piliin ang batas na gusto nilang sundin.[19]

Walang makatatanggap ng selestiyal na kaluwalhatian maliban kung susundin niya ang selestiyal na batas. Walang taong tatanggap ng terestriyal na kaluwalhatian maliban kung susundin niya ang terestiyal na batas. At walang taong tatanggap ng telestiyal na kaluwalhatian maliban kung susundin niya ang telestiyal na batas

[tingnan sa D at T 88:19–33]. Malaki ang kaibahan ng sikat ng araw sa tanghali at ng kislap ng mga bituin sa gabi, ngunit hindi mahihigitan ng kaibahang iyon ang kaibahan sa kaluwalhatian ng ilang bahagi ng kaharian ng Diyos.[20]

Inihayag sa atin ng Panginoon ang selestiyal na batas nang ibigay niya sa atin ang kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo, at binigyan tayo ng kaalaman tungkol sa mga alituntunin ng buhay na walang hanggan. . . .

Kung pupunta tayo sa selestiyal na daigdig mahihikayat tayo ng diwang nangingibabaw doon, at patuloy nating tataglayin ang mga alituntuning iyon na dapat gumabay sa atin. Dapat nating angkinin ang gayunding diwa at mga alituntunin sa daigdig na ito, at dapat tayong sumunod sa selestiyal na batas dito, at makiisa sa mga alituntuning nagbubuklod sa mga tao ng Diyos na nasa piling niya, upang tayo man ay makatanggap ng kaluwalhatiang kanilang tinatamasa.

May mga alituntuning itinuturo sa atin araw-araw, at dapat nating matutuhang isagawa ang mga ito, at dapat nating isantabi ang ating kasakiman at lahat ng maling alituntunin.[21]

Gagantimpalaan ang mga taong gumagawa ng tama, at magdurusa at magsisisi ang mga tao sa henerasyong ito o sa iba pa na kumakalaban sa Diyos. . . . Kung gagawa ng tama ang tao, matatag sa patotoo kay Jesucristo, sinusunod ang ebanghelyo, at tinutupad ang kanyang mga tipan, kapag siya'y namatay na, makapapasok siya sa piling ng Diyos at ng Kordero. Dahil sinunod niya ang selestiyal na batas makapapasok siya sa selestiyal na kaluwalhatian, pangangalagaan siya ng batas na iyon, at makikibahagi siya sa kaluwalhatiang iyon nang walang hanggan. Makabubuti para sa isang tao ang sumunod at maging tapat sa batas ng Diyos sa maikling panahong ilalagi niya sa mundo.[22]

Dapat nating suriin ang ating sariling damdamin, at magdesisyon kaagad na gawin ang mabuti, igalang ang Ama sa Langit, gawin ang tungkulin sa Diyos at mga tao, at tanggapin at sumapi sa kaharian ng Diyos at itatag ito. Sa gayon ay mauunawaan natin na upang magtamo ng kaligayahan at bigyang-kasiyahan ang imortal na kaluluwa sa ganap na kaluwalhatian kailangang sundin ng tao

ang selestiyal na batas at makatanggap ng bahagi ng selestiyal na Espiritu ng Diyos. Mauunawaan din natin na ang paggawa ng kasalanan, paglabag sa batas ng Diyos at paglapastangan sa kanyang pangalan, ay magdudulot ng dusa at lungkot at temporal at espirituwal na kamatayan. Kung tayo ay lalakad sa landas ng kasamaan, pinalulungkot natin ang Espiritu Santo at ang mga kapatid at ipinapahamak ang ating sarili.[23]

Itinuro na ang daan ng buhay at kung tumanggi tayong lumakad doon, kamatayan lamang ang sasalubong sa atin. Huminto tayo sandali at mag-isip—alamin natin kung lubos na makabubuti sa atin ang makatanggap ng buhay o kamatayan. . . . Narinig na ninyo ang malinaw na mga katotohanan, at ang mga ito ay ibinigay sa kapangyarihan ng Espiritu Santo at ng patotoo kay Jesucristo, at ngayon ang panahon para magdesisyon kayo kung sino ang inyong paglilingkuran.[24]

Ang inyong hinaharap na mga biyaya, hinaharap na kadakilaan at kaluwalhatian, mga daigdig na walang katapusan, ay nakasalalay sa landas na tatahakin ninyo rito. Malinaw na sa inyo ang daan patungo sa buhay na walang hanggan. . . . Nasa inyo na kung tatahakin ninyo ito.[25]

---

### Inilalapit sa atin ng Diyos ang kaligtasan, at nagbibigay ng mga simpleng alituntunin ng pagkilos at ng lakas upang maisagawa ang mga ito.

Abot-kamay lamang ninyo ang kaligtasan, buhay na walang hanggan at bahagi ng simula ng pagkabuhay na muli; sa katunayan, lahat ng biyayang ipinangako ng Diyos sa sinumang tao na nabuhay, ay ibinibigay sa inyo at abot-kamay lang kung gagawin ninyo ang inyong tungkulin.[26]

Nasa mga Banal sa mga Huling Araw ang bawat paghihikayat; malinaw ang kanilang daan at nag-aanyaya sa kanila.[27]

Mayroon lang iisang daan, at napakatuwid nito; at ang mga alituntunin at patakaran na nakasasakop sa daang iyon ay simple at madaling maunawaan. Ito ang daang dapat nating lakaran, at itinuturing kong tunay tayong pinagpala dahil alam natin ang tunay na daan.[28]

Ngayon anuman ang ipagawa sa atin ng Panginoon, hindi niya ipagagawa sa atin ang hindi natin kayang gawin. Masusunod natin ang kanyang mga utos depende sa katayuan natin at pamamaraang taglay. Gaano man kahirap ang isang lalaki o babae masusunod pa rin nila ang ebanghelyo; makahahayo sila at makapagpapabinyag para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at kung susundin nila ang mga utos ng Panginoon sila ay bibigyan niya ng kapangyarihan at paraan upang maisagawa ang hinihingi sa kanila.[29]

Dalangin ko na ipagpatuloy natin ang gawaing ito upang kung tayo ay mamatay na, masisiyahan tayo sa ating talaan. Makikita natin ang ating kasaysayan at talaan sa malaking aklatan ng selestiyal na kaharian ng Diyos, at malalaman natin ang ating ginawa sa lupa. Kapag nakagawa tayo ng anumang mali ikalulungkot natin ito. Dapat tayong magsisi at sikaping magbago. Dalangin ko na mapasaatin ang Espiritu ng Diyos upang gabayan at turuan tayo sa ating mga ginagawa hanggang sa matapos tayo rito, at kapag tayo'y namatay na ay matanggap tayo sa kaharian ng Diyos. Magagalak tayo kung gagawin natin ang tama; sapagkat ang ating mga mata ay hindi nakakita, ang ating mga tainga ay hindi nakarinig, at hindi kailanman pumasok sa mga puso ng mga anak ng tao ang kaluwalhatiang ibinibigay sa mga anak na lalaki at babae ni Adan. Itinatago ito sa ating mga paningin ngayon, at mananatiling nakatago hanggang sa makapasok tayo sa kinaroroonan ng Diyos at ng Kordero. [30]

Walang lalaki o babae na nabuhay sa mundo at sumunod sa mga utos ng Diyos ang mahihiya, o malulungkot dahil dito, kapag sila ay nakapasok na sa kinaroroonan ng Diyos.[31]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata at naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Rebyuhin ang kuwento sa mga pahina 225–27. Anong mga alituntunin ang gumabay sa desisyon ni Elder Woodruff sa isinagot niya kay Brother Benbow?

- Basahin ang buong ikaapat na talata sa pahina 227–28. Bakit salungat sa likas na katangian ng Diyos na "pilitin ang sinuman sa langit" o "pilitin ang isipan"? Ano ang ginawa ng ating Ama sa Langit upang hikayatin tayo na piliin ang landas na patungo sa buhay na walang hanggan?
- Sinabi ni Pangulong Woodruff, "Kakamtin ng lahat ang kanilang pinaghirapan" (pahina 228). Ano ang ibig sabihin nito sa inyo? Paano maiimpluwensiyahan ng pahayag na ito ang mga desisyong ginagawa natin?
- Ayon kay Pangulong Woodruff, ano ang ilan sa mga biyayang dumarating sa buhay na ito kapag sinusunod natin ang mga utos? Ano ang ilan sa mga nagiging resulta sa buhay na ito kapag pinipili nating suwayin ang mga utos? (Tingnan sa mga pahina 228–29.)
- Rebyuhin ang ikalima at ikaanim na talata sa pahina 228. Ano ang mga kabayaran ng kasalanan?
- Paano naaapektuhan ng pang-araw-araw nating pagdedesisyon ang ating walang hanggang tadhana? (Tingnan sa mga pahina 231–32, 232–33.) Bakit mahalagang tandaan na maikli ang buhay na ito kung ihahambing sa kawalang-hanggan?
- Ano ang sasabihin ninyo sa isang kapamilya o kaibigan na naghahanap ng kaligayahan pero hindi sinusunod ang mga utos? Anong mga karanasan ang maibabahagi ninyo upang matulungan ang taong iyon?
- Sa palagay ninyo bakit kung minsan ay iniisip ng ilang tao na hindi nila makakamtan ang kaligtasan? Sa pag-aaral ninyo ng mga turo ni Pangulong Woodruff sa mga pahina 233–34, aling mga pahayag ang sa palagay ninyo ay mas makapagbibigay-katiyakan sa mga taong nakararamdam nang ganito?
- Ano ang magagawa ng mga magulang upang maigalang ang kalayaang pumili ng kanilang mga anak ngunit tinutulungan pa rin silang gumawa ng mga tamang desisyon?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Josue 24:15; Isaias 64:4; Mga Taga Colosas 3:24–25; 1 Nephi 3:7; 2 Nephi 2:25–30; Alma 7:14–25; 41:10; Helaman 14:30–31; D at T 130:20–21

## *Mga Tala*


1. *Deseret News:Semi-Weekly,* Hunyo 13, 1882, 1.
2. "Sayings and Writings of President Woodruff." *Contributor,* Hulyo 1894, 538.
3. *Deseret Weekly,* October 26, 1889, 561.
4. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 278–79.
5. *Millennial Star,* November 28, 1895, 754–55.
6. *The Discourses of Wilford Woodruff*, 8–9.
7. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 9, 1882, 1.
8. *Millennial Star,* September 2, 1889, 548.
9. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 2, 1876, 4.
10. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 26, 1881, 1.
11. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 105.
12. *Deseret News: Semi-Weekly,* Disyembre 14, 1880, 1.
13. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 262.
14. *Deseret News,* Pebrero 22, 1865, 162.
15. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 259–60.
16. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 23.
17. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 244.
18. *Deseret News,* Pebrero 22, 1865, 162.
19. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 10.
20. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 12, 1875, 1.
21. *Deseret News,* Enero 6, 1858, 350.
22. *Deseret News,* Disyembre 23, 1874, 741.
23. *Deseret News,* Pebrero 4, 1857, 879.
24. Sa *Journal of Discourses,* 9:222.
25. "Y. M. M. I. A. Annual Conference," *Contributor,* August 1895, 638.
26. *Contributor,* August 1895, 638.
27. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 26, 1881, 1.
28. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 307.
29. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 2, 1876, 4.
30. *Millennial Star,* May 14, 1896, 311.
31. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 20, 1873, 1.


# Tapat na Pagtitiis sa mga Pagsubok at Pagsalungat

*Kung tayo ay matapat at masunurin sa mga panahon ng pagsubok, palalakasin at susubukan tayo ng Panginoon upang tulungan tayong maghanda para sa selestiyal na kaluwalhatian.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

"Tayo ay ligtas hangga't ginagawa natin ang ating tungkulin," ang turo ni Pangulong Wilford Woodruff." Anumang pagsubok o paghihirap ang maaaring iparanas sa atin, mapapasaatin ang Diyos at palalakasin tayo."[1] Sa pagtuturo ng alituntuning ito, nagkuwento si Pangulong Woodruff ng kanyang karanasan. Dumanas siya ng pag-uusig sa relihiyon at pulitika, karahasan ng mga mandurumog, pagsalungat sa gawaing misyonero, karamdaman, kamatayan ng kanyang mga kapamilya at kaibigan, at ng pang-araw-araw na pagsubok sa buhay. Sa halip na malungkot, hinarap niya ang pagsubok na iyon nang may pananampalataya, nagtitiwala sa mga pangako ng Panginoon at naghahanap ng lakas sa kanyang sariling patotoo ng ebanghelyo.

Noong Nobyembre 1835, nang nagmimisyon si Wilford Woodruff sa katimugang bahagi ng Estados Unidos, natanggap niya at ng kanyang kasamang mga misyonero ang patnubay ng Panginoon sa panahon ng pagsubok. Isinulat niya: "Habang naglalakbay nang gabing iyon, . . . inabutan kami ng napakalakas na bagyo. Napapunta kami sa ilog na umapaw dahil sa lakas ng ulan, kung kaya hindi kami makatawid nang hindi nakasakay sa aming mga kabayo. . . . Ipinasiya naming dumaan sa bungad ng ilog para matawid ito; ngunit nang tangkain naming gawin ito, sa gitna ng dilim at rumaragasang hangin at ulan, naligaw kami sa masukal na kakahuyan, sa gitna ng ulan, hangin at ilog at nagbagsakang



*Tulad ng mga naunang Banal sa mga Huling Araw, lahat tayo ay may pagsubok. Itinuro ni Pangulong Woodruff na binabayaan ng Diyos na subukin ang Kanyang mga banal "upang mapatunayan nila ang kanilang integridad at malaman ang katangian ng pundasyong kinatatayuan nila."*

mga puno. Tumawid kami ng ilog nang halos dalawampung beses. . . . Ngunit kinaawaan kami ng Panginoon sa problemang ito, dahil nang nangangapa na kami sa dilim, na nanganganib na mapatay ang aming sarili at [aming] mga hayop, sa pagtahak sa matatarik na dalisdis biglang-biglang may liwanag na tumutok sa amin at nakita naming mapapahamak na kami, dahil nasa gilid na kami ng malalim na gulpo. Patuloy na tumutok sa amin ang liwanag hanggang sa makakita kami ng bahay, at natunton ang daan."[2]

Tinutukoy ang karanasang ito, sinabi ni Pangulong Woodruff, "Pagkatapos ay nagagalak kaming nagpatuloy, bagama't dumilim na muli at nagpatuloy ang ulan."[3] Makikita sa sinabi niyang ito kung paano niya hinarap ang mga pagsubok sa buhay. Lagi siyang nagpapatuloy, nagagalak sa mga biyaya ng Panginoon kahit na patuloy ang mga pagsubok.

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Ang mga pagsubok at pagsalungat ay nagbibigay sa atin ng karanasan at tinutulungan tayong maghanda para sa selestiyal na kaluwalhatian.

Walang alinlangan na sa maraming pagkakataon, nagtataka ang kalalakihan at kababaihan, kung bakit sila inilagay ng Diyos sa daigdig na tulad nito, kung bakit hinahayaan niyang maranasan ng kanyang mga anak ang lungkot at pagsubok sa buhay na ito. May ipinahayag sa atin ang Panginoon tungkol sa bagay na ito, at sapat na ang natutuhan natin para malaman kung bakit kailangan ang bagay na ito.[4]

Malinaw na layunin ng Diyos na hayaang masubok nang lubos ang Kanyang mga Banal, upang mapatunayan nila ang kanilang integridad at malaman ang katangian ng pundasyong kanilang kinatatayuan.[5]

Bagamat kung minsan ay nadarama at nadama natin sa mga nakalipas na araw, ang dumaing dahil sa mga nakakaharap na pang-aapi, pag-uusig, at paghihirap, ay nais ko pa ring sabihin sa aking mga kapatid na ang mga bagay na ito ay kaakibat na ng mga banal ng Diyos. . . . Hindi pa ako nakabasa ng tungkol sa mga tao ng Diyos sa alinmang dispensasyon, tulad ng sinasabi ng mga

taga-ibang relihiyon, na nabuhay sa ginhawa, nang walang anumang balakid. . . . Ipinaranas sa atin ang mga pagsubok sa maraming pagkakataon, at sa palagay ko hindi tayo dapat dumaing, dahil kung wala tayong mga pagsubok, di tayo mapapalagay sa kabilang buhay sa piling ng mga Propeta at Apostol na nilagare, pinako sa krus, atbp., para sa salita ng Diyos at patotoo kay Jesucristo.[6]

Hindi maaari . . . para sa mga Banal ng Diyos na magtamo ng selestiyal na kaharian nang hindi nasubukan kung sila ba ay mananatiling masunurin sa mga tipan ng Panginoon o hindi.[7]

Si Jesus . . . ay nagpakababa-baba sa lahat ng bagay upang siya ay mangibabaw sa lahat ng bagay at maunawaan ang lahat ng ito. Walang tao na mas nagpakababa kaysa sa Tagapagligtas ng daigdig. Isinilang sa kulungan ng mga hayop, inihiga sa sabsaban, nagmula Siya roon patungo sa krus sa pamamagitan ng pagdurusang hinaluan ng dugo patungong luklukan ng biyaya; at sa buong buhay Niya wala Siyang inangking yaman sa mundo. Buong buhay Siyang dumanas ng hirap, dusa, sakit, karamdaman, panalangin, dalamhati, at lungkot hanggang sa Siya'y namatay sa krus. Nanatili Siya bilang Panganay na Anak ng Diyos at Manunubos ng daigdig. Maaaring itanong kung bakit hinayaan ng Panginoon ang Kanyang Anak na maparito at mamuhay at mamatay nang tulad niya. Kapag nakarating na tayo sa daigdig ng mga espiritu, at nahawi ang tabing marahil ay mauunawaan na natin ang mga dahilan ng lahat ng bagay na ito.

Sa mga pagbibigay at paglalaan ng Diyos sa tao tila isinilang tayo para dumanas ng sakit, hirap, kalungkutan, at pagsubok; ito ang itinakda ng Diyos na pagdaanan ng pamilya ng tao; at kung ginamit natin nang tama ang pagsubok na ito, ang karanasang idudulot nito ay magbibigay ng malaking biyaya sa atin sa huli. At kapag natanggap natin ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan, kadakilaan, mga kaharian, luklukan, mga pamunuan, kapangyarihan, kasama ang lahat ng biyaya ng kabuuan ng ebanghelyo ni Cristo, maiintindihan at mauunawaan natin kung bakit ipinadanas sa atin ang walang tigil na pagsubok sa iilang taon na ginugol natin sa mundo.[8]

Ano ba ang maaari nating gawin o ipagpapakasakit, na maihahambing sa napakaraming kaharian, luklukan, at pamunuang ipinahayag ng Diyos sa atin?[9]

---

**Sa labanan sa pagitan ng kadiliman at liwanag, magtatagumpay ang Panginoon at Kanyang mga tao.**

Ang pagsalungat sa Diyos at Kanyang Cristo, pagsalungat sa liwanag at katotohanan ay umiiral na noon pa man hanggang ngayon. Ito ang digmaang nagsimula sa langit, na umiral sa lahat ng panahon, at magpapatuloy hanggang sa katapusan, hanggang sa maghari Siya na may karapatang maghari, kapag Siya'y dumating sa alapaap ng kaluwalhatian upang gantimpalaan ang bawat tao ayon sa mga ginawa nila sa mundo.[10]

Ang diwa ng labanang ito na makikita sa mga araw na ito ay nangyayari sa lahat ng panahon nang nasa mundo pa ang priesthood. Lagi nang may digmaan sa pagitan ng liwanag at kadiliman, ng Diyos at ng diyablo, ng banal at makasalanan, ng tama at maling mga alituntunin. Tayo mismo ay nakikipaglaban sa ating likas na kahinaang gumawa ng kamalian.[11]

May dalawang kapangyarihan sa mundo at sa gitna ng mga nilalang sa mundo—ang kapangyarihan ng Diyos, at ang kapangyarihan ng diyablo. Sa ating kasaysayan nagkaroon tayo ng ilang kakaibang karanasan. Kapag ang Diyos ay may mga tao sa mundo, sa alinmang panahon, si Lucifer, ang anak ng umaga, at ang milyun-milyong nahulog na espiritu na itinaboy mula sa langit, ay nakipaglaban sa Diyos, laban kay Cristo, laban sa gawain ng Diyos, at laban sa mga tao ng Diyos. At hindi sila mag-aatubiling gawin iyon sa ating panahon at henerasyon. Sa tuwing pakikilusin ng Diyos ang Kanyang kamay upang magsagawa ng anumang gawain, nagpupunyagi ang mga puwersang ito upang lupigin ito.[12]

Hindi lamang kapangyarihan ng kadiliman, ang di nakikitang lakas na nakapalibot sa atin ang dapat nating labanan, kundi pati ang napakaraming sitwasyong nagaganap sa daigdig at ang mga problemang kailangan nating harapin. At kapag marami tayong nakakaharap na ganito mas dapat tayong mahikayat na kumilos at gawin ang lahat ng makakaya natin sa harap ng Panginoon para sa



*"Isinilang sa kulungan ng mga hayop, inihiga sa sabsaban, [si Jesucristo] ay naglakbay mula roon sa pamamagitan ng pagdurusa na may kahalong pagbubuwis ng dugo patungong luklukan ng biyaya."*

pagtatatag ng kabutihan at katotohanan at pagbuo ng gawain ng Diyos, at tiyaking pararangalan ang kanyang pangalan sa mundo.[13]

Alam ng diyablo na noong ihatid ng anghel [ang Aklat ni Mormon] kay Joseph Smith iyon ang pundasyon ng sistemang gagapi sa kanyang kaharian. Ang pagtaboy, atbp., na naranasan ng mga taong ito ay hindi dahil lumabag sila sa batas—hindi dahil sila ay mas masama kaysa iba, kundi dahil sila ay naglalatag ng pundasyon ng kaharian ng Diyos na lalago at uunlad, . . . at maghahanda para sa pagdating ng Panginoong Jesucristo na Hari ng mga hari at Panginoon ng mga Panginoon, na darating at maghahari sa buong mundo, at ang lahat ng iba pang kaharian, at pangulo at gobernador, at kanilang nasasakupan ay kinakailangang kilalanin na si Jesus ang Cristo. Gagapiin ng gawaing ating kinakatawan sa mga huling araw ang kapangyarihan ng diyablo na naghari sa mga anak ng tao. . . . Kung gayon hindi nakapagtatakang mapoot ang diyablo, at udyukan ang masasama na kalabanin ito. Bibigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang mga tagapaglingkod at bibigyan sila ng kakayahang panatilihin ang

kahariang ito sa mundo. Siya ang namamahala. Hindi ako mananampalataya nang lubos sa gawaing ito kung hindi ang Diyos ang nagtatag nito—hindi ako makapagtitiis nang wala Siya laban sa matinding kapangyarihang kumakalaban sa gawaing ito.[14]

Kailangan nating alamin ang ating tungkulin, at mapagpakumbabang manalangin sa Panginoon, at mamuhay nang malapit sa Kanya. Sa gayon ay mabubuksan ang ating mga mata, tulad ng nangyari sa binatilyong tagapaglingkod noon na si Propetang si Eliseo, at malalaman natin na mas marami ang kumakampi sa atin kaysa kumakalaban [tingnan sa II Mga Hari 6:8–17], at na ang tindi ng pagsalungat ay magpapabilis lamang ng katuparan ng mga layunin ng Diyos. Magtiwala sa Diyos at umasa sa Kanyang mga pangako, namumuhay nang marapat sa liwanag at kaalamang taglay ninyo; magiging maayos ang lahat sa inyo sa buhay man o kamatayan.[15]

---

**Tayo ay pinangangalagaan ng Panginoon sa mga panahon ng pagsubok. Pinalalakas Niya tayo ayon sa ating pananampalataya, kapakumbabaan, at pagsunod.**

Walang alinlangang di natin kailanman mararanasan ang higit pa sa naranasan ng Tagapagligtas. Nanatili Siyang totoo at tapat sa Kanyang Ama at sa Kanyang tungkulin bilang Tagapagligtas ng daigdig sa buong buhay Niya. Nanalangin Siya nang lubos, at nanangis Siya sa harap ng Panginoon dahil sa kasalanan ng sanglibutan. Ngayon Siya'y nasa gitna natin. Siya ang ating Tagapamagitan sa Ama. [Tingnan sa D at T 29:5.] Tayo ay pinangangalagaan Niya, at gagawin Niya ang lahat para sa ating kaligtasan.[16]

Inusig tayo, pinahirapan tayo, at dumanas tayo ng mabibigat na pagsubok sa ating panahon ngunit tinulungan tayo ng Panginoon sa lahat ng mga bagay na ito.[17]

Nadaragdagan ang mga kalamidad at kaguluhan sa mundo, at may kahulugan sa lahat ng ito. Tandaan at pag-isipan ang mga bagay na ito. Kung gagawin ninyo ang inyong tungkulin, at gagawin ko ang sa akin, mapangangalagaan tayo, at malalampasan natin ang mga paghihirap nang payapa at ligtas.[18]

Kailangan ng malayang pag-iisip, tapat na puso, pananampalataya sa Diyos at katatagan, upang makapamuhay bilang Banal

sa mga Huling Araw, sa harap ng sumasalungat na mundo, at sa gitna ng mga pagsubok at problema at pag-uusig.[19]

Naghanda si Daniel nang pumasok siya sa kulungan ng mga leon; ang tatlong anak ng Hebreo [sina Sadrac, Mesach, at Abed-nego] ay hindi natakot sa kapalarang naghihintay sa kanila; ang mga Apostol ay magiting sa katotohanan at hindi takot mamatay, at bakit nanindigan sa kanilang pinaniniwalaan ang kalalakihang iyon at ang iba na nasa gayong kalagayan? Dahil una sa lahat, nasa kanila ang katotohanan at alam nila ito mismo sa kanilang sarili; at ikalawa, pinalakas sila ng Espiritu Santo, ng Mang-aaliw, sa lahat ng mahihirap na pagsubok na ipinaranas sa mga tao ng Diyos. At ito'y ganoon din sa ngayon.[20]

Madalas kong naiisip na hindi ko pa nakita kailanman na mas masaya ang mga taong ito kaysa sa panahon ng kanilang matinding kahirapan, pagkataboy at pagdurusa para sa salita ng Diyos, at sa patotoo kay Jesucristo. Laging nasa kanila ang Espiritu ng Diyos, at sa kanilang kapakumbabaan at paghihirap, ang Espiritu Santo, ang Mang-aliw ay laging sumasakanila, at sila'y napuspos ng galak at kaaliwan, at nagalak sa harapan ng Panginoon para sa lahat ng bagay na ito. Hindi nila sana nadama iyon kung hindi nila sinikap na sundin ang mga utos ng Panginoon.[21]

Kailangan nating magsisi at magpakumbaba sa harap ng ating Panginoong Diyos, upang mapasaatin ang Espiritu Santo at higit na mapagpala nito upang maihanda tayo sa mga kakaharapin natin.[22]

Nais kong magpatotoo sa mga Banal sa mga Huling Araw. Ang Diyos ay nasa mga taong ito. Hinuhubog Niya ang ating landas, at patuloy na gagawin ito kung makikinig tayo sa Kanyang tinig, at tayo ay patuloy Niyang bibigyan ng sapat na biyaya upang makayanan ang panahon ng pagsubok at suliranin. Maawain ang Panginoon sa Kanyang mga tao sa bawat panahon sa mundong ito; ngunit tulad ni Cristo na nagdusa, tulad ng mga Apostol na nagdusa—na ang ilan ay humantong pa sa kamatayan—para sa patotoo kay Jesus, nagdusa rin ang mga Banal sa mga Huling Araw, at ang ilan sa kanila ay tinatatakan din ng kanilang dugo ang kanilang patotoo. Sila ay pinaranas din ng matinding paghihirap alang-alang sa Ebanghelyo, ngunit kailanman ay hindi hiningi sa

ating tiisin ang higit pa sa makakayanan natin, at hindi kailanman hangga't sumusunod tayo sa mga payo ng langit.[23]

Ang kapangyarihan ng Diyos ay ipinakita para sa kaligtasan ng mga taong ito. Gaano man kasama ang situwasyon; gaano man kalakas ang pag-uusig, pagpapahirap at oposisyon sa gawaing ito, ang Panginoon, mula sa pagsisimula nito, hanggang sa ngayon ay pinangangalagaan ang kapakanan nito. Tinutulungan at iniingatan Niya ito, at patuloy itong gagawin hanggang sa huli; hanggang sa ang Sion ay bumangon at magsuot ng kanyang magagarang damit, at naisagawa ang lahat ng mga dakilang pangyayari sa mga huling araw.[24]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Basahin ang kuwento sa mga pahina 237–39. Ano ang natutuhan ninyo mula sa kuwentong ito?
- Maraming tao ang nagtataka kung bakit hinahayaan ng Diyos na "dumanas ng lungkot at paghihirap" ang Kanyang mga anak (pahina 239–40). Paano sinagot ni Pangulong Woodruff ang tanong na ito? (Tingnan sa mga pahina 239–40.)
- Bakit kinailangang magdusa si Jesus? (Tingnan sa pahina 240; tingnan din sa Alma 7:11–12; D at T 88:6.) Paano Niya hinarap ang pag-uusig? (Tingnan sa mga pahina 243–45). Paano natin masusunod ang Kanyang halimbawa?
- Itinuro ni Pangulong Woodruff na ang digmaan sa pagitan ng liwanag at kadiliman "ay umiiral sa lahat ng panahon" (pahina 241). Sa paanong paraan ninyo nakikitang nagpapatuloy ang digmaang ito? Ano ang magagawa natin upang ipagtanggol ang ating sarili at pamilya sa digmaang ito? (Tingnan sa mga pahina 241–43.)
- Sa anong mga paraan kayo "nahikayat na kumilos" (pahina 241–42) bilang resulta ng mga pagsubok?

- Pag-aralan ang II Mga Hari 6:8–17. Ano ang nadama ninyo sa kuwentong ito? Ano ang itinuro ni Pangulong Woodruff nang banggitin niya ang talang ito? (Tingnan sa pahina 243.)
- Sa anong mga paraan tayo tinutulungan ng Panginoon sa pagharap sa ating mga pagsubok? (Tingnan sa mga pahina 243–45; tingnan din sa Mosias 24:13–16.) Ano ang dapat nating gawin upang matanggap ang aliw at lakas na ibinibigay ng Panginoon? Paano kayo natulungan ng Panginoon na tiisin ang inyong paghihirap?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* 2 Nephi 2:11–24; Alma 36:3; D at T 58:2–5; 10:1–5; 101:1–5; 121:7–8, 29; 122:5–9

## *Mga Tala*


1. *The Discourses of Wilford Woodruff,* seleksyon ni G. Homer Durham (1946), 212.
2. "History of Wilford Woodruff (From His Own Pen, "*Millennial Star,* Abril 15, 1865.
3. "My First Mission Continued, "*Juvenile Instructor,* Hunyo 15, 1867, 91.
4. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 20, 1888, 174.
5. "Epistle," *Woman's Exponent,* Abril 15, 1888, 174.
6. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 15, 1883, 1.
7. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 263.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hulyo 20, 1875, 1.
9. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 85.
10. *Deseret Weekly,* September 21, 1889, 394.
11. *Deseret News,* Setyembre 26, 1860, 234.
12. *Deseret Evening News,* Oktubre 17, 1896, 9.
13. *Deseret News,* Marso 20, 1883, 1.
14. *Deseret News,* Pebrero 22, 2865, 163.
15. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 20, 1883, 1.
16. *Millennial Star,* March 5, 1896, 150.
17. *Deseret Weekly,* April 25, 1891, 555.
18. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 230.
19. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 31, 1882, 2
20. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 13, 1882, 1.
21. *Deseret News:* Pebrero 22, 1865, 162.
22. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 12, 1875, 1.
23. *Salt Lake Herald Church and Farm,* June 15, 1895, 386.
24. *Deseret News: Semi-Weekly,* Marso 4, 1873, 3.

# Temporal at Espirituwal na Paggawa, "Magkasama"

*Sa ating pagsisikap na palakasin ang ating mga pamilya at itatag ang kaharian ng Diyos sa lupa, dapat tayong magsikap kapwa sa temporal at espirituwal.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Sa mga unang araw ng Simbahan, madalas hikayatin ng mga propeta at apostol ang mga tao na gawin ang kanilang bahagi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Kailangan sa pagsisikap na ito ang espirituwal at temporal na paggawa. Dagdag pa sa pananalangin, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagbabahagi ng ebanghelyo, ang mga Banal ay nagtayo ng mga bahay at lungsod, pampublikong paaralan, nagsaka at pinatubigan ang tigang na lupa, at humila ng *granito* mula sa mga bundok para itayo ang Salt Lake Temple. Noong 1857, sampung taon makalipas ang unang pagpasok sa Salt Lake Valley ng mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw, sinabi ni Elder Wilford Woodruff: "Kung magtatrabaho tayo at itatayo ang kaharian ng Diyos sa halip na ang ating sarili, hindi na mahalaga ang paraan kung paano ito itatayo, maging ito man ay paggawa ng kanal, o pagtatayo ng templo, pangangaral ng ebanghelyo, pagsasaka, o anupaman. . . . Makikita nating tutulungan at itataguyod tayo ng Panginoon, at bibigyan ng lakas ng Kanyang kapangyarihan, at tutulungan tayo sa lahat ng kailangan nating gawin."[1]

Alam ng mga nakakakilala kay Pangulong Woodruff na hindi lamang siya nagsasalita tungkol sa kahalagahan ng kasipagan—isinasagawa rin niya ang alituntuning ito sa kanyang buhay. Dagdag pa sa pagtupad niya sa kanyang mga tungkulin sa priesthood, siya ay masipag sa mga gawaing temporal, maging sa kanyang katandaan. Itinala ni Andrew Jenson, mananalaysay na Banal sa mga



*"Dapat ipagmalaki ng lahat ang paggawa ng produkto, at hindi lamang mamimili."*

Huling Araw, na: "Ang kanyang kasipagan ay kahanga-hangang bahagi ng kanyang pagkatao kaya't noong, sa edad na siyamnapu, ay nalamangan lamang siya nang kaunti ng isa sa kanyang mga apong lalaki sa pag-aasarol ng ilang gulay sa hardin, tila nahihiyang sinabi niya na: 'Aba, ito ang unang pagkakataon sa aking buhay na nadaig ako sa pag-aasarol ng isa sa aking mga [apo].' "[2]

Puna ng isang kasabayan ni Pangulong Woodruff: "Mahal niya ang paggawa, hindi lamang dahil sa pakinabang nito, kundi dahil ito ay kasama sa banal na utos. Sa kanya hindi lamang ito isang paraan para mabuhay sa mundo, o makaragdag ng kaginhawaan sa sariling buhay gayundin sa mga umaasa sa kanya. Para sa kanya ito ay isang biyaya, isang pribilehiyo, isang pagkakataon na lagi niyang sinasamantala sa tuwing may libreng oras siya sa kanyang tungkulin. . . . Ang magtrabaho, ay isang banal na kautusan na mahalaga tulad ng pananalangin; at sa kanyang buhay ay ipinakita niya sa pinakamataas na antas na ang simpleng buhay-Kristiyano ang bumubuo sa pisikal, mental, at moral na kapakanan ng tao. Lubos siyang naniniwala sa labis na kabutihan ng pagtatrabaho ng katawan. Mahal niya ito at ikinasisiya ito."[3]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Sa pagtatayo natin ng kaharian ng Diyos, may mga temporal na tungkulin tayong isasagawa.

Madalas sabihin sa atin ng ating Pangulo [si Brigham Young] na hindi natin mahihiwalay ang temporal sa espirituwal, sa halip ang mga ito ay dapat magkasama, at gayon nga at dapat tayong gumawa patungkol sa pagtatayo ng simbahan at kaharian ng Diyos.[4]

Iniisip ng ilang tao na di dapat makialam ang Panguluhan ng Simbahang ito at ang Labindalawang Apostol sa mga bagay na temporal. Malalagay tayo sa di magandang sitwasyon kung hindi natin pakikialaman ang mga bagay na temporal.[5]

Itinatayo natin ang literal na kaharian ng Diyos dito sa lupa, at may mga temporal na tungkulin tayong isinasagawa. Mayroon tayong temporal na katawan, kumakain, nagtatayo ng mga temporal na tahanan, nag-aalaga ng mga hayop at pananim; binubunot natin ang mga damo, at sinusugpo ang mga peste sa ating lupa.

Ang mga bagay na ito ay nangangailangan ng pangangalaga at paggawa ng maraming mahihirap na temporal na tungkulin, at tunay na ang mga ito, ay kasama sa ating relihiyon.[6]

Hindi natin maitatayo ang Sion nang nakaupo lamang sa isang malapad na kahoy na nagkakantahan at inilalayo ang ating sarili sa walang hanggang kaligayahan. Kailangan nating bungkalin ang lupa, kumuha ng mga bato at elemento mula sa mga bundok at magtayo ng mga templo sa Diyos na Kataastaasan. Ang temporal na gawaing ito ay hinihingi sa ating mga kamay ng Diyos ng langit, tulad ng kailangan niyang hilinging mamatay si Cristo para tubusin ang sanlibutan, o tulad ng hiningi ng Tagapagligtas kina Pedro, Santiago at Juan na humayo at ipangaral ang ebanghelyo sa mga bansa ng mundo. Ito ay dakilang dispensasyon kung saan dapat na maitatag ang Sion ng Diyos, at tayo bilang mga Banal sa mga Huling Araw ang nagtatatag nito.[7]

---

**Sa mga bagay na temporal, dapat nating tanggapin ang payo ng Panginoon at ng Kanyang mga tagapaglingkod.**

Sa simula pa ng gawaing ito hanggang sa kasalukuyan mas naging mahirap ang gawain ng mga tagapaglingkod ng Diyos na ihanda ang puso ng mga tao na ipaubaya sa Panginoon ang pangangasiwa at pamamahala sa kanilang mga temporal na gawain at kabuhayan bukod sa mga bagay na nauukol sa kanilang walang hanggang kaligtasan. . . .

Medyo nakakatuwa ang bagay na ito, pero sa palagay ko, malamang na resulta ito ng tungkuling hinahawakan natin. May tabing sa pagitan ng tao at ng mga walang hanggang bagay; kung aalisin ang tabing at makikita natin ang mga bagay na walang hanggan tulad ng pagtingin ng Panginoon dito, walang taong matutukso sa ginto, pilak o sa mga bagay ng daigdig na ito, at walang tao, na dahil sa mga ito, ang hindi papayag na hindi sila pamunuan ng Panginoon. Subalit may kalayaan tayong pumili rito, at tayo ay sinusubukan, at may tabing sa pagitan natin at ng mga bagay na walang hanggan, sa pagitan natin at ng ating Ama sa Langit at ng daigdig ng mga espiritu. Ito ay dahil sa matalino at tamang layunin ng Panginoon nating Diyos, na patunayan

kung susundin o hindi ng mga anak ng tao ang kanyang batas sa sitwasyong kinalalagyan nila rito sa lupa. Mga Banal sa mga Huling Araw, pag-isipan ang mga bagay na ito. Tinatanggap natin, lakip ang nadarama ng ating puso, na dapat tayong gabayan at patnubayan nina Joseph Smith, Pangulong Young at ng mga lider ng mga tao ukol sa ating walang hanggang kapakanan. Ang mga biyayang ibinuklod sa atin sa pamamagitan ng kanilang awtoridad ay hanggang sa kabilang buhay at may bisa matapos ang kamatayan, at maapektuhan nito ang ating patutunguhan sa walang katapusang panahon ng kawalang-hanggan.

Ang kalalakihan, noong panahon nina Abraham, Isaac at Jacob, at Jesus at ng mga Apostol, ay may mga biyayang ibinuklod sa kanila, mga luklukan, nasasakupan, pamunuan at kapangyarihan, kasama ang lahat ng biyaya ng Bago at Walang Hanggang Tipan. Maaaring maitanong, may kapakinabangan ba ang mga walang hanggang biyayang ito? Oo mayroon, o dapat lang. Ang mga biyaya bang ito ay mahalaga sa ating kayamanan dito sa lupa, kaunti man o marami ang nasa atin? Ang kaligtasan ba, ang buhay na walang hanggan ba ay nagkakahalaga ng dalawang baka, isang bahay, apatnapung hektaryang lupain, o ng anumang bagay na pag-aari natin sa mundong ito? Kung ganito nga, talagang dapat tayong maging handa na ipaubaya sa Panginoon ang pangangasiwa at pamamahala sa lahat ng ating temporal na gawain tulad sa ating mga espirituwal na gawain.

Muli, kapag namatay ang tao hindi niya madadala ang kanyang bakahan, mga kabayo, bahay o lupain; pupunta siya sa libingan—ang kahahantungan ng lahat ng katawan. Walang taong makatatakas dito, ang batas ng kamatayan ay napasalahat. Kay Adan ang lahat ay nangamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin [tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22]. Nauunawaan nating lahat na mamamatay ang lahat ng tao, subalit . . . walang sinuman sa atin ang nakaaalam kung kailan tayo mamamatay, bagamat alam nating hindi ito magiging makabuluhan bago tayo natawag na sumunod sa mga henerasyong nauna sa atin. Kapag iniisip natin ang mga bagay na ito, sa palagay ko lahat tayo ay dapat maging handang magpagabay sa Panginoon sa ating mga temporal na gawain.[8]



*"Ang paksa tungkol sa pagpapaaral ng mga kabataan ng Sion ay isa sa mga pinakamahalagang bagay na magagawa natin."*

## Ang pamumuhay ng ebanghelyo ay kinapapalooban ng espirituwal at temporal na edukasyon na sinasamahan ng tapat na paggawa.

May isang sawikain o kasabihan na maraming beses ko nang narinig sa aking buhay, na sa palagay ko ay napakahalaga, at iyon ay, "ang katotohanan ay makapangyarihan at mananaig." Sa palagay ko ito ay nakikita sa lahat ng gawain kung saan ginagamit ang katotohanan, tumutukoy man ito sa temporal o espirituwal; sa gawain ng mga bansa o pamilya o indibiduwal; sa daigdig o sa kaharian man ng Diyos.[9]

Buong katapatan kong sasabihin na ang pagtatatag ng Sion ng Diyos sa mga huling araw na ito ay kinapapalooban ng bawat bahagi ng gawain, sa temporal at espirituwal, kung saan tayo gumagawa. Hindi natin pag-uusapan ang anumang paksa na naaayon sa batas at legal sa paningin ng Diyos at tao na hindi kasama sa ating relihiyon. Ang ebanghelyo ni Jesucristo na ating tinanggap, at ating ipinangangaral, ay kinapapalooban ng lahat ng katotohanan, at bawat matwid na tungkulin at gawain ng tao.[10]

Hindi natin dapat pabayaan ang ating mga anak; dapat silang makapag-aral sa mga bagay na espirituwal at temporal. Iyan ang pinakamabuting pamanang maiiwan ng sinumang magulang sa kanilang mga anak.[11]

Sa paghusay sa tinatawag nating pag-aaral ng mga bagay mula sa mga aklat at akademya, hindi natin dapat balewalain ang pagtatrabaho ng ating kamay. Ang edukasyon ng isipan at edukasyon ng katawan ay dapat magkasama. Ang bihasang isipan ay dapat samahan ng bihasang kamay. Dapat nating ipagmalaki ang gawa ng kamay at laging ikarangal. Ang nakagawian, na karaniwan sa mga panahong ito sa mga kabataang lalaki, na mag-aral nang kaunti at pagkatapos ay isiping hindi sila bagay sa mekanikal o iba pang matrabahong gawain ay isang bagay na hindi nararapat mangibabaw sa atin. . . . Dapat ikarangal ng bawat isa ang maging tagagawa ng produkto, at hindi mamimili lamang. Dapat nating turuan ang ating mga anak na itaguyod ang kanilang sarili sa pamamagitan ng kanilang sariling pagsisikap at kakayahan. Ituro din na huwag basta gawin lamang ito, kundi tulungan ding itaguyod ang iba, at ang paggawa nito sa pamamagitan ng matapat na pagtatrabaho ay isa sa mga pinakamarangal na paraang ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak dito sa lupa. Ang paksa tungkol sa pagpapaaral sa mga kabataan ng Sion ay isa sa mga pinakamahalagang gawin.[12]

---

**Sa ating pagsisikap na magkapera, dapat nating tustusan ang pangangailangan ng ating pamilya, sundin ang batas ng ikapu, maging bukas-palad sa pamamagitan ng ating yaman, at iwasang mangutang.**

Tungkol sa mga bagay na temporal, kailangan nating magtrabaho at tustusan ang sarili nating pangangailangan.[13]

Tungkol naman sa mga kayamanan, hindi ko gusto ang mga ito kung ipapahamak lamang ako nito. Gusto kong magkaroon nang sapat upang mabihisan ko, masapatusan at mapakain ang aking [pamilya], at mapaginhawa sila, kung makukuha ko ito nang tapat sa harapan ng Panginoon; subalit mas gugustuhin ko pang maging mahirap kaming lahat kaysa yumaman at mapahamak. Ang kayamanan ay mapanganib maliban kung gagamitin natin ito



*Ang ikapu ay isang "batas na ibinigay para dakilain tayo at mapabuti."*

sa tamang paraan para hindi tayo mapahamak; kung hindi natin magagamit ang mga ito para sa kaluwalhatian ng Diyos at pagtatayo ng Kanyang kaharian, mas mainam pang wala tayo nito.[14]

Inaakala ng ilang tao na ang batas ng ikapu ay isang uri ng buwis at nabibigatan sila rito, pero para kanino ba ito? Ang ating ikapu, pagtatrabaho, at lahat ng ginagawa natin sa kaharian ng Diyos, para kanino ba lahat ito? . . . Ang ating ikapu, pagtatrabaho, mga ginagawa ay hindi para sa kadakilaan ng Makapangyarihang Diyos, kundi para sa atin. . . . Unawain natin ito sa ganitong paraan at makagagawa tayo nang mabuti. Ang pagbabayad ng ating ikapu, ang pagsunod sa bawat batas na ibinigay sa atin para madakila tayo at mapabuti, ay pawang para sa ating kapakanan at ng ating mga anak, at hindi ito para sa kapakanan ng Panginoon. Siya'y nasisiyahan na sa katapatan ng kanyang mga anak at hangad na makitang lumalakad sila sa landas patungo sa kaligtasan at buhay na walang hanggan.[15]

Kailangan lamang nating tumingin sa ating paligid para makumbinsi tayo . . . na ang mga taong bukas-palad sa pagtulong sa gawain ng Diyos ay pinagpapala ng Panginoon. Ito ang karanasan ng Israel noong una, at karanasan din natin ngayon.

Gayunman, tungkol sa boluntaryong pagbibigay ng donasyon ay mayroong labis na kapabayaan, sa kabila ng lahat ng mahahalagang pangakong kaugnay nito. Dapat paalalahanan ang mga Banal tungkol sa obligasyong nakaatang sa kanila. Dapat ding ituro sa ating mga anak ang tungkuling ito, nang sa gayo'y makasanayan nilang gawin kaagad ang mga bagay na ito. Ang mga tapat na suumsunod sa mga hinihinging ito ay makapagpapatotoo sa malaking kaligayahan at maraming biyayang natanggap nila sa kanilang pagsunod.

Lumilitaw na ang batas na ito ng pagiging bukas-palad ay isa sa mga pananggalang na pinagtibay ng Panginoon para ilayo sa mga taong ito ang masasamang ibubunga ng pagyaman. Sinabi Niya sa atin na ang mga kayamanan ng mundo ay Kanya upang ibigay; subalit binalaan Niya na iwasan ang kapalaluan, kung hindi'y magiging katulad tayo ng mga Nephita noong una [tingnan sa D at T 38:39]. Alam natin ang idinulot na kapahamakan nito sa kanila, at dapat tayong mag-ingat at iwasan ang masamang epekto ng kayamanan sa atin. Marami ang nakapagtitiis sa hirap at naging mapagpakumbaba, at namumuhay nang malapit sa Panginoon, [subalit] nadadaig ng yaman. Sila'y nagiging palalo, at mapag-imbot, at kinakalimutan ang kanilang Diyos. Gayunman, ang mga nakaaalala palagi sa mga turo ng Panginoon tungkol sa mundo at sa mga naninirahan dito, at ginagamit ang ibinigay sa kanila ng Panginoon para tulungan ang mahihirap at isulong ang gawain ng Diyos, ay nadidisiplina ang sarili at binabawasan ang kapangyarihan ni Satanas na iligaw sila.[16]

Binibigyang-babala namin ang mga Banal sa mga Huling Araw na iwasan ang masamang kaugalian ng pangungutang at pagkakaroon ng mga obligasyon na kadalasan ay di kayang bayaran, at nagdudulot ng pagkawala ng kanilang mga tahanan at ari-arian. Alam namin na uso ngayon ang labis-labis na pangungutang o credit. . . . Napakasama nito at dapat natin itong iwasang mabuti, bilang mga tao at indibiduwal. Ang ating negosyo ay dapat na pinatatakbo, hangga't maaari, sa prinsipyo ng pagbabayad ng ating mga binibili, at ang ating mga pangangailangan ay di dapat lumampas sa ating kinikita. Ang pakikipagsapalaran at pagbabaka-sakali sa mga negosyo sa anupamang uri ay dapat itigil. . . . Makuntento sa katamtamang kita, at huwag malinlang sa maling akalang yayaman.

Alalahanin ang sinabi ng matalinong tao: "Nguni't siyang nagmamadali sa pagyaman ay walang pagsalang parurusahan." [Tingnan sa Mga Kawikaan 28:20.] Turuan din ang ating mga anak na ugaliing magtipid, at huwag bigyang-layaw ang mga hangaring hindi nila kayang tustusan nang hindi nangungutang.[17]

---

**Sa lahat ng ating pagsisikap, hanapin muna natin ang kaharian ng Diyos.**

Makikita sa karamihan sa mga tao ang hangaring yumaman, at magtrabaho para sa sarili sa halip na sa kaharian ng Diyos. Pero ano ang pakinabang sa inyo o sa akin ng di pananalangin at magtrabaho na lang at magpayaman? Sapagkat ano ang mapapakinabang ng tao, kung makamtan man niya ang buong sanglibutan, ngunit mapahamak naman ang kaniyang kaluluwa? Wala. Ano ang ibibigay ng tao bilang kapalit ng kanyang kaluluwa kapag siya'y nasa kabilang buhay na? [Tingnan sa Marcos 8:36–37.]

Labis akong nagtataka kung bakit hindi gaanong pansin ng halos lahat ng tao sa mundo ang kanilang magiging kalagayan sa hinaharap. Ang lahat ng tao ngayon dito ay mananahan sa kabilang buhay tulad ng kanyang Tagapaglikha—sa walang katapusang panahon ng kawalang-hanggan, at ang walang hanggang destinasyon ng bawat tao ay ibabatay sa paraan ng paggugol niya sa maikling panahon ng buhay dito sa lupa. Itinatanong ko sa pangalan ng Panginoon, ano ang kapakinabangan ng popularidad sa inyo o sa akin? Ano ang ginto o pilak, o ang mga bagay ng mundong ito sa sinuman sa atin, maliban sa nakukuha natin dito ang kailangan nating pagkain, inumin at isusuot, at pagtatayo ng kaharian ng Diyos. At ang pagtigil natin sa pagdalangin at pagkahibang sa pagkakamit ng kayamanan ng daigdig ay lalong kahangalan at kalokohan.

Batay sa nakikitang ikinikilos ng ilang tao, iisipin ninyong dito na sila sa lupa maninirahan habampanahon, at ang walang hanggan nilang destinasyon ay batay sa dami ng kanilang salapi. Kung minsan ay tinatanong ko sa mga Banal sa mga Huling Araw kung magkano ang pera natin nang dumating tayo rito? Magkano ang dala natin, at saan ito galing? . . . Palagay ko walang sinuman sa atin na isinilang na may kabayo o karwahe, o may dalang dokumento ng mga *stock* na inilagak sa perokaril (railroad) at bakahan at tirahan.

Sa halip tayo'y isinilang na hubad tulad ni Job, at palagay ko lilisan tayo rito na hubad din tulad niya [tingnan sa Job 1:20–21]. At tungkol sa mga bagay ng mundong ito, ano ba ang halaga ng mga ito sa atin, at magpapatangay tayo sa mga ito at mawawalan ng kaligtasan dahil dito? Sinasabi kong mas mabuti pang maging mahirap ako habambuhay. Kung ipapahamak din lamang ako ng mga kayamanan at kukunin sa akin ang kaluwalhatian na inaasam kong matatamo sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, dalangin ko sa Diyos na huwag ko nang makamtan ang mga ito kailanman.

Hawak ng Diyos ang mga yaman ng mundong ito sa kanyang kamay: ang mga ginto at pilak, ang mga hayop at ang mundo ay Kanya at ibibigay Niya sa nais niyang bigyan. Nang si Cristo ay nasa bundok, ipinakita sa kanya ni Lucifer, ang diyablo, ang lahat ng kaluwalhatian sa sanlibutan at nag-alok na ibibigay ito sa kanya kung siya ay magpapatirapa at sasambahin siya [tingnan sa Mateo 4:8–9]. Subalit alam ba ninyo na hindi nagmamay-ari ang hamak na diyablo ng kahit isang pirasong lupa sa buong mundo, at wala rin siyang katawan, o tabernakulo? Ang lupa ang tuntungan ng Panginoon, at kung sakali mang mayroon tayo nito, ibinigay ito sa atin ng Panginoon; at kung mayroon tayong sampung bilyong dolyar kailangan nating maging tapat sa ating relihiyon na para bang wala tayo ni isang sentimo. Ang buhay na walang hanggan ang dapat nating hangarin, at, anuman ang kalagayan at kondisyon natin sa buhay, ito ang dapat nating unahin. . . .

. . . Nakapagsalita na ako tungkol sa pagyaman. Wala akong nakikitang masama sa kayamanan. Ang mga ginto at pilak ay sa Panginoon. Gusto nating [magtayo] ng mga bahay at dapat nating bungkalin ang lupa. Tama ang lahat ng ito. Walang masama sa pagyaman ng tao. Ang masama ay ipinagbibili natin ang kaharian ng Diyos, ang ating pagkapanganay [o birthright], ipinagbibili ang ebanghelyo at pinagkakaitan ang ating sarili ng buhay na walang hanggan para bigyang-kasiyahan ang pita ng laman, ang kapalaluan ng buhay at ang mga kaugalian ng mundo, at itinutuon ang ating puso sa mga bagay na ito.[18]

Babanggitin ko ang mga salita ni Jesucristo na sinabi niya sa kanyang mga tagasunod: "Hanapin muna ninyo ang kaharian [ng Diyos], at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na

ito ay pawang idaragdag sa inyo." [Tingnan sa Mateo 6:33.] Sasabihin ko sa inyo, mga kapatid, maaari natin itong subukan habambuhay, maaari nating subukan ang bawat landas at bawat alituntunin sa mundong ito at tayo bilang mga Banal ay hindi uunlad sa ibang pamamaraan maliban kung hahanapin muna natin ang kaharian ng langit at ang katuwiran nito. Kapag ginawa natin ito, lahat ng pagpapala, mabubuting bagay, kadakilaan, kaloob, biyaya, hangarin o anumang naisin ng mabuting tao na kapaki-pakinabang at mabuti sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan, ay ibibigay sa atin.

Sinusubukan ng maraming tao na hanapin ang kaligayahan nang hindi muna hinahanap ang kaharian ng langit, . . . subalit palaging nahihirapan silang makamtan ito, at gayundin tayo kung gagawin natin ito.[19]

Dakila ang ating layunin. Hangad nating magkaroon ng lugar sa kahariang selestiyal ng Diyos, makamit ang buhay na walang hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos sa tao. Ang lahat ng karangalan, kaluwalhatian at kayamanan ng mundong ito ay dapat mabalewala sa ating isipan kung ihahambing sa mana natin sa piling ng Diyos at ng Kordero, kasama ang lahat ng propeta, apostol, at banal, kasama ang sambahayan ng ating ama. Samantalang ang isa ay panandalian lamang at kaagad nawawala, ang isa naman ay nananatili magpasawalang-hanggan.[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x..

- Ano ang ginawa ni Pangulong Wilford Woodruff para sundin ang mga alituntuning inilahad sa kabanatang ito? (Tingnan sa mga pahina 247, 249.)
- Bakit hindi natin "maihihiwalay ang temporal sa espirituwal"? (Tingnan sa mga pahina 249–50; tingnan din sa D at T 29:34–35.) Paano natin maipamumuhay ang katotohanang ito sa araw-araw? sa paglilingkod natin sa Simbahan?

- Napuna ni Pangulong Woodruff na maraming tao ang hindi sumusunod sa payo ng Panginoon tungkol sa mga bagay na temporal. Sa palagay ninyo, bakit kaya ganito? (Tingnan sa mga pahina 250–51.) Ano ang ibinigay na payo ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan tungkol sa mga bagay na temporal?
- Rebyuhin ang pangalawang talata sa pahina 253. Ano ang ilang kapakinabangan ng pagtatrabaho na gamit ang ating kamay [manual labor]? Sa palagay ninyo ano ang ibig sabihin ng "maging tagagawa ng produkto, at hindi mamimili lamang"?
- Anong mga babala ang ibinigay ni Pangulong Woodruff tungkol sa pera? (Tingnan sa mga pahina 253–58.) Ano ang ibinigay niyang payo tungkol sa utang at credit? Ano ang magagawa natin para mapanatili ang tamang pananaw?
- Sa paanong mga paraan naging "para sa ating kapakanan at ng ating mga anak" ang mga ikapu at handog-ayuno? (Tingnan sa pahina 254.)
- Ano ang ibig sabihin sa inyo ng turo ng Tagapagligtas sa Mateo 6:33? (Tingnan din sa mga pahina 256–58.)
- Basahing mabuti ang kabanata, na hinahanap ang mga alituntunin na dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak. Ano ang partikular na mga bagay na magagawa ng mga magulang sa kanilang mga anak sa pagtuturo ng mga alituntuning ito? Ano ang mga karanasan ninyo sa pagkatuto at pagtuturo ng mga alituntuning ito?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Malakias 3:8–11; Mateo 6:19–21; Santiago 2:14–26; Jacob 2:12–19; D at T 42:42; 58:26–28

## *Mga Tala*


1. *Deseret News,* Marso 4, 1857, 411.
2. *Latter-day Saint Biographical Encyclopedia,* 4 na tomo (1901–36), 1:26.
3. J.M. Tanner, "Character Sketch," sa Matthias F. Cowley, *Wilford Woodruff: History of His Life and Labors as Recorded in His Daily Journals* (1964), 644–45.
4. *Deseret News,* Hulyo 30, 1862, 33.
5. *Deseret Weekly,* August 25, 1894, 289.
6. *Deseret News,* Mayo 22, 1872, 216.
7. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 164–65.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* Hunyo 23, 1874, 1.
9. *Deseret News: Semi-Weekly,* Enero 22, 1884, 1.
10. *Deseret News,* Mayo 22, 1872, 216.

11. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 267.
12. "An Epistle to the Members of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 733.
13. *Deseret Weekly,* August 25, 1894, 290.
14. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 173–174.
15. *Deseret News,* Pebrero 4, 1857, 379.
16. *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 727.
17. *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 728–29.
18. *Deseret News: Semi-Weekly,* Pebrero 29, 1876, 1.
19. *Deseret News,* Marso 4, 1857, 410.
20. "Epistle," *Contributor,* Abril 1887, 237.

# "May Isang Puso at Isipan"

*Kapag tayo'y nagkakaisa sa ebanghelyo, nakahanda tayong tanggapin ang pinakadakilang biyaya ng langit.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Gustung-gusto ni Pangulong Wilford Woodruff ang pakikipagkapatiran ng ibang miyembro ng Simbahan. Marami sa mga nakasulat sa kanyang journal ang kinapapalooban ng pasasalamat dahil sa "diwa ng pagkakaisa at pagmamahalan" na nadarama sa mga miting ng Simbahan.[1] Pagkatapos ng isang miting, isinulat niya na dalawa sa mga tagapagsalita ang kailangang umalis para dumalo sa iba pang miting. Nahirapan silang pumunta sa kanilang miting dahil "hindi sila agad makalabas ng bahay, sa dami ng gustong makipagkamay sa kanila." Tungkol sa miting ding iyon, isinulat niya: "Nasa amin ang Espiritu ng Panginoon. Lumaganap ang pagmamahalan at pagkakaisa sa kongregasyon. Nagalak ako na makitang napakaraming Banal ang nagkasama-sama sa bago at walang hanggang tipan."[2]

Umaasa si Pangulong Woodruff na makikita sa lahat ng aspeto ng buhay ang diwang ito ng pagkakaisa na nagmumula sa mga miting. Sa pamamagitan ng kanyang pangangaral sa tao at halimbawa sa araw-araw, hinikayat niya ang mga Banal na magkaisa sa kanilang mga tahanan, sa kanilang mga responsibilidad sa Simbahan, at sa kanilang mga temporal na gawain. Isinulat ni Matthias F. Cowley: "Sa kanyang isipan walang puwang sa Simbahan ang pagtatalo, pag-aalinlangan, at oposisyon. Ang gawain ay sa Diyos—sapat na iyon. May mga hinirang na awtoridad. Sa kanila ipinagkatiwala ang mga responsibilidad sa kaharian. Samakatwid, hindi niya inaalala ang iniisip ng iba na kawalan ng karunungan sa kanila. Hindi siya maramot [sakim]; at ang problema sa pera, sa isip niya, ay hindi kailanman makahahadlang sa mga layunin ng Diyos; at hindi siya nag-aalala kung gaano karaming bagay ng mundo ang matatamasa niya.



*Sa pagbibigay-diin na kailangang magkaisa, inihalintulad ni Pangulong Wilford Woodruff ang Simbahan at samahan ng pamilya sa "baging sa mga sanga nito, sa mga tangkay nito."*

Naibigay na ang maluwalhating mensahe sa mundo, at gusto niyang malaman ng bawat isa ang kahalagahan nito sa pamilya ng tao at maunawaan ang mga biyaya ng kaligtasan sa mga masunurin.

"Hindi sumasali si Wilford Woodruff sa mga pagtatalo. Iniiwasan niya ito, at walang pakialam sa samahan ng mga taong naninira, namimintas, at may personal na hinanakit. Hindi niya kailanman nakitang mahalaga ang mga ito. Hindi mahirap para sa kanya na sumang-ayon sa kanyang mga kapatid. Makatwiran siya sa kanyang mga hinihiling, wala siyang pansariling hangarin, at hindi nag-aatubili kapag may mahalagang bagay na gagawin. Siya'y tapat sa Propeta, tapat sa kanyang mga kapatid."[3]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Naghahari ang pagkakaisa sa mga miyembro ng Panguluhang Diyos at sa kahariang selestiyal.

Sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol noon at sa mga Apostol sa ating panahon na: "Sinasabi ko sa inyo, maging isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin." [D at T 38;27.] "Ako at ang Ama ay iisa." [Juan 6:38.] May isang alituntunin na nauugnay rito na palagay ko ay napakahalaga sa atin bilang mga tao at bilang isang Simbahan dito sa mundo. Sa lahat ng pagkakahati, at kawalang-kasiyahan, at pag-aaway at paglalaban ng mga kapangyarihan sa mundo, o ng inihayag mula sa langit, hindi ko kailanman narinig na inihayag sa mga anak ng tao na may anumang pagkakahati sa pagitan ng Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo. Sila'y nagkakaisa. Palagi silang nagkakaisa. Palagi silang magiging isa, mula sa kawalang-hanggan hanggang sa kawalang-hanggan. Ang ating Ama sa Langit ang namumuno, dahil Siya ang May-akda ng kaligtasan ng mga anak ng tao, at lumikha at naglagay ng mga tao sa mundo at nagbigay ng mga batas sa mga naninirahan sa daigdig.[4]

Si Jesus ay kaisa ng Ama. Sabi Niya: "Sapagka't bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin." [Juan 6:38]. Ang pagkakaisang ito ay hindi kailanman nasira sa pagitan ng Ama at ng Anak. Ang unang paghahayag na ibinigay kay Joseph Smith ay tungkol sa Ama at Anak. Nabuksan ang langit, at ang Ama, kasama ang Kanyang Anak, ay nagpakita kay Joseph, bilang sagot sa

kanyang panalangin, at itinuro Niya ang Kanyang Anak at sinabing, "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak; pakinggan siya." [Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.][5]

May kahariang selestiyal, kahariang terestiyal, at kahariang telestiyal. May kaluwalhatian ng araw, kaluwalhatian ng buwan, at kaluwalhatian ng mga bituin; at dahil ang isang bituin ay naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian, gayundin ang pagkabuhay na maguli ng mga patay [tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:41–42]. Sa kahariang selestiyal ng Diyos ay may pagkakaisa, may samahan.[6]


Sino, gamit ang paghahambing, ang umaasang magkakaroon ng 16 na hektarya ng lupa nang nag-iisa sa kaharian ng Diyos, o sa langit, kapag naroon na tayo? Walang dapat umasa rito, sapagkat sa kahariang iyon, sa langit o lupa, masusumpungan natin ang pagkakaisa, at hinihingi ng Panginoon sa ating mga kamay na magkaisa tayo, ayon sa mga alituntunin ng Kanyang selestiyal na batas.[7]

---

## Dapat makiisa ang mga propeta sa mga miyembro ng Panguluhang Diyos, at dapat hangarin ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang gayunding pagkakaisa.

Sa pagbabasa ng kasaysayan ng pakikitungo ng Diyos sa mga tao, mula sa Biblia, Aklat ni Mormon, at Doktrina at mga Tipan, makikita natin na, mula sa panahon ni Amang Adan, ay naghanda ang Panginoon ng uri ng kalalakihan, sa bawat dispensasyon, na pinagkakalooban Niya ng Kanyang Priesthood, at binibigyan Niya ng kapangyarihan at awtoridad na gawin ang Kanyang gawain sa ibabaw ng lupa sa mga anak ng tao. At nasa kalalakihang ito ang mga alituntunin ng pakikiisa sa Diyos, sa Anak ng Diyos, at sa Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay ibinigay kay Amang Adan; siya'y napuspos nito nang, sa kanyang mga huling araw, ay binasbasan niya ang kanyang mga anak na mga High Priest at ang natitira sa kanyang angkan [tingnan sa D at T 107:53–56].

Sina Amang Adan, Enos, Moises, Noe, Abraham, Isaac at Jacob, at lahat ng patriarch at propeta noon ay inuutusang makiisa sa Diyos. Kailangan nilang hanapin ang Panginoon, sapagkat kung wala sa kanila ang ganitong pakikipag-isa, hindi sila karapat-dapat na gumanap sa kanilang tungkulin. Sila'y umaasa sa Panginoon para sa paghahayag, para sa liwanag, at tagubilin para magkaroon



*Ang Unang Panguluhan noong 1894. Mula kaliwa pakanan, Pangulong George Q. Cannon, Unang Tagapayo; Pangulong Wilford Woodruff; at Pangulong Joseph F. Smith, Pangalawang Tagapayo.*

ng kapangyarihan na isagawa ang mga kautusan ng Diyos. Ang pakikipag-isang ito na hiningi ng Panginoon sa mga sinaunang patriarch at propeta, na hiningi ni Jesus sa Kanyang mga Apostol, ay hiningi kay Joseph Smith at sa kanyang mga kapatid. Ito'y hinihingi sa lahat ng Banal ng Diyos mula noong itatag ang mundo hanggang ngayon.[8]

Natanto ko na ang Panguluhan ng simbahang ito ay nakagitna sa mga taong ito at sa Panginoon, sapagkat sila ang namumuno at nauunawaan ko na inihahayag ng Diyos sa kanila ang kanyang kalooban, at samakatwid umaasa tayo sa kanila para sa liwanag at impormasyon. Ang mga lider ng Simbahan ay maaaring puno ng liwanag, inspirasyon, paghahayag at ng isipan at kalooban ng Diyos, subalit kung ang mga lider na pumapangalawa sa awtoridad sa kanila, at kung tayo mismo ay pabaya sa ating mga tungkulin, at hindi karapat-dapat na tumanggap ng liwanag na iyon, hindi ba ninyo nakikitang ito ay tulad ng ilog na nahaharangan sa pinagmumulan nito? Walang ibang paraan sa pagpaparating ng liwanag at kaalaman sa mga miyembro ng Simbahan.

Natanto ko na tungkulin ng lahat ng taong ito, hindi lamang natin na maytaglay ng priesthood, na magpakumbaba at manampalataya sa Panginoon upang matamo natin ang mga biyaya na nakahanda para sa atin. Matatamo natin ang lahat ng liwanag, kaalaman, pananampalataya, katalinuhan at kapangyarihan na mahalaga sa ating kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapakumbaba, pagsunod at pagpapaubaya sa kagustuhan ng Diyos. Dapat nating gawin ito nang sa gayon maging handa ang ating isipan at maging marapat ang ating katawan sa pagtanggap ng Espiritu Santo, upang ang Espiritu ng Diyos ay malayang makadaloy sa ating buong katawan mula ulo hanggang paa. Pagkatapos kapag ganito ang nangyari pareho ang makikita natin, pareho ang madarama natin at magiging magkakatulad. Magiging iisa tayo kapag tinutukoy ang ebanghelyo at kaharian ng Diyos, tulad ng pagiging isa ng Ama at Anak. Pagkatapos, makikita na ng mga taong ito ang kalagayan at ugnayan na iniuukol natin sa isa't isa at sa Diyos, at madarama natin ang kahalagahan ng paggawa ng ating mga tungkulin at nakahanda tayong sumulong at pagbutihin ang ating panahon, gamiting mabuti ang ating talento at kamtan ang mga biyayang ibibigay ng Panginoon sa atin. Ngunit hindi ba ninyo nakikita na kung natutulog at tamad ang mga tao at hindi isinasagawa ang kanilang mga pribilehiyo, at ang Espiritu ng Diyos ay nagsisimulang dumaloy mula sa mga lider ng Simbahan patungo sa mga miyembro ay kaagad itong nahahadlangan at nahaharangan?

Matutukoy natin ang alintuntuning ito sa pamamagitan ng simbahan at kaharian ng Diyos, at madadala ninyo ito sa pamamahala ng pamilya. . . . Ito'y tulad ng baging sa mga sanga nito, sa mga tangkay nito [tingnan sa Juan 15:1–11]. Napakagandang simbolo nito para maituro sa atin ng alituntunin ng kabutihan.

Para makapaghanda tayo na gawin ang kagustuhan ng Diyos at maging karapat-dapat na itayo ang Kanyang kaharian dito sa lupa, at isakatuparan ang kanyang mga layunin, hindi lamang tayo dapat magkaisa at kumilos na may isang puso, kundi kailangan nating makamtan ang Espiritu ng Diyos at ang isipan at kalooban ng Diyos sa atin, at mapamahalaan at mapamunuan nito sa lahat ng ating ginagawa at ikinikilos upang maging ligtas at matiyak ang ating kaligtasan.[9]

**Nagdudulot ng lakas ang pagkakaisa.**

Sa palagay ko hindi na kailangang pagtalunan pa para patunayan na ang pagkakaisa ay kalakasan, at ang nagkakaisang tao ay may kapangyarihan na hindi taglay ng watak-watak na mga tao.[10]

Dapat tayong magkaisa at manindigan sa gitna ng oposisyon na darating sa atin.[11]

Hindi inorden sa masasama na magkaroon ng kapangyarihan na gawan tayo ng masama, kung tayo'y nagkakaisa.[12]

Ang Babilonia ay maaaring mahati; ang mga naninirahan sa mundo ay maaaring magkawatak-watak kung gugustuhin nila; subalit tatanggapin nila ang bungang idudulot ng pagkakawatak-watak na iyon, at matatanggap nila ito sa buong kasaysayan. Maraming lungsod at bansa na nawasak ng paghatol ng Diyos kapag ito'y hinog na sa kasamaan, tulad ng nangyari sa Sodoma at Gomora, sa Babilonia, Nineve, Tiro at Sidon, at sa marami pang ibang malalaking lungsod at bansa noong una. Hindi uunlad ang mga Banal ng Diyos kung hindi sila magkakaisa.[13]

Sa pagdami ng simbahan, at sa pagkakatatag ng kaharian ng Diyos, ang kahalagahan ng pagkakaisa sa mga miyembro nito ay lalo pang ipinakikita. Tunay na mahalagang hindi lamang hanggang sa salita ang pagkakaisa, kundi totohanang magkaisa ang puso at kaluluwa sa lahat ng panguluhan, konseho, at branch ng simbahan ni Cristo. Ito ay upang maisakatuparan ang mga layunin ng Diyos sa pagtatatag ng Sion, o sa pagtatamo ng mga biyayang iyon na pribilehiyo nilang makamtam. Sapagkat, umasa kayong mga Banal ng Kataastaasan, na sasara ang kalangitan sa sinumang panguluhan, korum, konseho, o branch na hindi nagkakaisa ang puso at damdamin. Sila'y mananatiling ganito, at ang mga biyaya ay hindi ibibigay hangga't hindi naaalis ang masama; sapagkat hindi kailanman ibubuhos ng Panginoon ang mga pinakadakilang biyaya ng langit, at ang priesthood at mga kaloob ng ebanghelyo [maliban] sa alituntunin ng pagkakaisang iyon na hinihingi ng selestiyal na batas ng Diyos. . . . Sa pamamagitan lamang ng pagkakaisa ng mga Banal ng Diyos, sa huling dispensasyong ito, magagawa ang pagtatatag ng Sion, at ang kaharian ng Diyos sa lupa, ay maihahanda para sa

pakikipag-isa sa kaharian ng Diyos sa langit. Sa ganitong paraan ang gayunding pagkakaisa na nagbibigkis sa hukbo ng langit ay aabot at lalaganap sa mga taong masunurin sa mga kautusan ng Diyos.[14]

---

**Dapat nagkakaisa tayo sa ating doktrina, sa ating gawain sa kaharian ng Diyos, at sa ating pagmamahal sa isa't isa.**

*Doktrina*

Nagagalak ako tuwina kapag nakikita kong nauunawaan ng aking kapwa ang katotohanan sa pamamagitan ng pagsunod sa ebanghelyo tulad ng itinuturo ng mga tagapaglingkod ng Panginoon. Kapag nagpabinyag ang mga tao at natanggap ang kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay, tinatanggap din nila ang katotohanan, ang liwanag na natanggap natin. Dahil dito tayo'y nagiging isang puso at isang isipan, at sinusunod ang inspirasyon ng Espiritu Santo, pati na ang Kanyang ebanghelyo. Sa pangangaral ng ebanghelyo at pangangasiwa sa mga ordenansa sa bahay ng Panginoon, ang diwa ng inspirasyon ng Langit ay sumasa mga taong nangangasiwa, at ito'y mananatili sa kanila, kung sila'y tapat, sa lahat ng tungkulin sa buhay.

Kapag naririnig ko ang mga kapatid na binabanggit ang mga pakikitungo ng Diyos sa kasalukuyang henerasyon, nakikita kong nagkakaisa ang kanilang isipan; iisa ang kanilang patotoo; lahat sila'y samasang-ayon sa kanilang patotoo. Nagkakaisa sila sa pagsasabing magtatagumpay ang gawain ng ating Panginoong Diyos sa lahat ng kalaban nito.[15]

May isang partikular na bagay na nauugnay sa pangangaral ng ebanghelyo: Maaari kayong magsugo ng isang libong elder at lahat sila'y magtuturo ng iisang doktrina. Silang lahat ay gagawa para itatag ang iisang Simbahan, sila'y magkakaisa; sapagkat ang kanilang pananampalataya, ang kanilang mga doktrina, at ang organisasyon ng Simbahan ay naipaalam lahat sa kanila sa pamamagitan ng mga paghahayag ng Diyos. Dahil dito, magkakaisa sila tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo. . . . Ang ating pagsasama at pagkakaisa ng damdamin ay kinapapalooban ng isa sa hayag na kagandahan ng organisasyon ng kaharian ng Diyos.[16]

### *Paggawa sa Kaharian ng Diyos*

Kailangan nating itayo ang kahariang ito sa pamamagitan ng pagkakaisa at matapat na pagsunod sa mga taong itinalagang mamuno sa atin, dahil kung hindi tayo'y magkakawatak-watak; ang mga biyaya ng Diyos ay kukunin sa atin kung mag-iiba tayo ng landas.[17]

Tungkulin ko na makiisa sa Diyos, tulad ng isang mahinang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos. Tungkulin kong humingi ng kapangyarihan sa Diyos. At kapag nasa akin na ito, dapat kasama kong manindigan ang aking mga tagapayo. Dapat iisa ang aming puso at isipan sa lahat ng bagay, temporal at espirituwal, na dumarating sa amin sa paglilingkod sa Simbahan at kaharian ng Diyos. At nagpapasalamat ako na ganito ang sitwasyon mula nang matawag ako sa tungkuling ito, o mula pa sa pagkakatatag ng Panguluhang ito ng Simbahan. Nakikiisa sa amin ang Labindalawang Apostol. Tungkulin nila na maging isa sa puso at isipan. Wala silang karapatan na di ito gawin. Hindi sila maaaring maiba at umunlad sa harapan ng Diyos. Dapat na kaisa namin sila, at tayo rin sa kanila. May mga karapatan sila; may kalayaan silang pumili. Subalit kapag sinabi ng Panguluhan ng Simbahan sa kahit sino sa kanila na, "Ito ang salita ng Panginoon," o, "Ito'y tama," dapat nila itong tanggapin nang lubusan at tumulong sa atin. Hinihingi ng batas ng Diyos ang pagkakaisang ito sa ating mga kamay. Tungkulin din ng mga pitumpu, na makiisa sa Labindalawang Apostol. Ang mga pitumpu ay tinatawag ng mga apostol na humayo at gumawa sa ubasan ng Panginoon, at sila'y nagtutulungan. Gayundin, mga kapatid, sa bawat organisasyon ng Simbahang ito. Dapat may pagkakaisa. Dapat walang pagtatalo, walang di-pagkakasundo. Kung mayroon nito, hindi masisiyahan ang Panginoon, at tayo'y nahahadlangan sa ating gawain.[18]

Saanmang dako sa ibabaw ng lupa nakikita natin ang epekto ng di-pagkakaisa. Kung mas watak-watak ang mga bansa, komunidad, pamilya, o grupo ng mga tao sa anupamang gawain sa ilalim ng langit, mas kakaunting kapangyarihan ang taglay nila para maisakatuparan ang anumang layunin o alituntunin na maiisip nila; at kung mas nagkakaisa sila, maging ukol man sa batas o sa iba pang gawain, mas malaki ang kapangyarihan nila na maisakatuparan ang nais nila. Makikita nating lalo pang nagiging

watak-watak ang mga tao sa mundo sa araw-araw, at ang masasamang resulta nito ay nakikita saanman. Tayo'y tinatawag upang itatag ang Sion, at hindi natin maitatatag ito hangga't hindi tayo nagkakaisa; at sa pagkakaisang iyon, kailangan nating isakatuparan ang mga kautusan ng Diyos sa atin; at kailangang sundin natin ang mga itinalagang mamuno at mangasiwa sa mga gawain ng Kaharian ng Diyos. . . .

. . . Ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo na inihayag sa ating panahon ay siyang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan ng lahat ng naniniwala, kapwa Judio at Gentil, sa panahong ito ng mundo tulad din ng iba pa. Kung tayo'y magkakaisa sa pagsasakatuparan ng payo na ibinigay sa atin, mapaglalabanan natin ang bawat kasamaang madaraanan natin, matatatag ang Sion ng Diyos, at mailalagay ang ating sarili na ligtas dito.[19]

### *Pagmamahal sa isa't isa*

Maging mabait sa isa't isa. Huwag siraan ang isa't isa. . . . Magtulungan.[20]

Dapat ay walang kasakiman sa panig ng sinuman sa isang pamilya,—"Wala akong pakialam kung ano ang mangyayari basta makuha ko lang ang gusto ko." Ito'y kasakiman, ito'y nagbubunga ng di pagkakaisa at taliwas sa patotoo ng isang banal ng Diyos. Dapat tayong magtrabaho, bawat isa sa atin, para maalis sa ating puso ang gayong damdamin, at tayo, sa ating pamilya, ay dapat sikaping isulong ang pangkalahatang interes ng mga miyembro nito.[21]

Kung ang ating relihiyon ay hindi umaakay sa atin na mahalin ang ating Diyos at ang ating kapwa at makitungo nang makatarungan at tapat sa lahat ng tao, kung gayon ang ating pagpapatotoo rito ay walang kabuluhan. Sinasabi ng apostol na:

"Kung sinasabi ng sinoman, Ako'y umiibig sa Dios, at napopoot sa kaniyang kapatid, ay sinungaling; sapagka't ang hindi umiibig sa kaniyang kapatid na kaniyang nakita, ay paanong makaiibig siya sa Dios na hindi niya nakita?" [I Ni Juan 4:20.]

Higit nating maipakikita ang ating pagmamahal sa ating Diyos sa pamumuhay ng ating relihiyon. Walang kabuluhan ang pagsasabing minamahal natin ang Diyos samantalang nagsasalita o gumagawa naman tayo nang masama sa Kanyang mga anak. Ang

mga sagradong tipan na ginawa natin sa Kanya ay mahigpit na nag-uutos sa atin ng mga tungkulin natin sa isa't isa; at ang malaking tungkulin ng relihiyon ay turuan tayo kung paano isasagawa ang mga tungkuling iyon upang makapagdulot ng napakalaking kaligayahan sa ating sarili at sa ating kapwa. Kapag tinutupad natin ang mga obligasyon sa ating relihiyon, hindi tayo magsasalita o gagawa nang makasasakit sa kapwa natin. Kung mamumuhay ang mga Banal sa mga Huling-araw na tulad ng nararapat, at ayon sa itinuturo ng kanilang relihiyon na gawin nila, wala tayong ibang madarama kundi pagmamalasakit at pagmamahal ng isang kapatid. Walang puwang sa atin ang paninirang-puri at pagsasalita nang masama; subalit ang kapayapaan at pagmamahal at kabutihan ay maghahari sa ating buong puso at tahanan at pamayanan. Tayo ang magiging pinakamaligayang tao sa balat ng lupa, at mananahan sa atin at sa lahat ng pagmamay-ari natin ang biyaya at kapayapaan ng langit.

Kung may kalungkutan at matinding pagkainggit at pag-aaway at poot sa ating kalipunan, ito'y namamayani dahil hindi natin sinusunod ang relihiyong pinaniniwalaan natin. Hindi ito ang mga bunga ng relihiyong ito. Saanman may ganitong kasamaan, kailangang pagsisihan ito.

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, nakaugalian na nating lahat ang pagtanggap ng sakrament minsan sa isang linggo. Kung ang mga turo ng Panginoon, na sa Siyang inaalala natin kaya't isinasagawa natin ang banal na ordenansang ito, ay sinusunod, walang sinumang nagkasala na papayagang makibahagi nito hangga't hindi siya nakikipagkasundo. Maliwanag na iniuutos ng Panginoong Jesucristo na walang sinuman na makikibahagi ng Kanyang laman at dugo nang hindi karapat-dapat [tingnan sa 3 Nephi 18:28–32]. Wala nang maiisip pang mas perpektong sistema kaysa rito para maiwasan ang pagkakaroon ng masamang damdamin at pagkakasala sa mga kapatid. Kung ginagawa ng mga Banal ang kanilang tungkulin, ang mga problema ay malulutas bago dumating ang araw ng Panginoon kung saan nagtitipon sila para kumain at uminom bilang pag-alaala sa Kanya.[22]

Pinapayuhan ko ang lahat ng Banal, na may pagkakaisa nating sundin ang mga sinabi ng ating Panginoon na nakatala sa ika-12, ika-13

at ika-14 na mga talata sa [ika-15 kabanata] ng Juan—kung mahal natin ang isa't isa tulad ng pagmamahal ni Cristo sa atin, madali nating malulutas ang mga problemang dumarating sa atin. Mapapatawad natin ang isa't isa at mapuspos tayo ng awa, at ang liwanag, pagmamahal, kagalakan, pagkakaisa at kapatiran ay magdudulot ng katatagan sa ating panahon, magiging mas mainam ito sa paningin ng Diyos, mga anghel, at tao, kaysa mahabang pagtatalo sa mga walang kabuluhang bagay dahil sa pagkakamali ng ating mga kapatid.[23]

Dapat tayong maging isa sa puso at isipan, at huwag pabayaan ang anumang bagay na temporal o espirituwal na magpahiwalay sa atin sa pagmamahal ng Diyos at tao.[24]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Rebyuhin ang unang talata sa pahina 261. Ano ang mga karanasan ninyo na katulad nito?
- Sa paanong paraan "isa" ang Ama sa Langit, si Jesucristo at ang Espiritu Santo? (Tingnan sa mga pahina 263–64.)
- Sa paanong paraan kaisa ang mga propeta sa mga miyembro ng Panguluhang Diyos? (Tingnan sa mga pahina 264–65.) Paano natin matatamo ang gayong pagkakaisa? (Tingnan sa mga pahina 265–66.)
- Rebyuhin ang mga pahina 264–66. Hanapin ang mga puna ni Pangulong Woodruff tungkol sa 16 na hektaryang lupa, isang ilog, at isang baging. Ano ang matututuhan natin sa mga analohiyang ito?
- Basahin ang unang talata sa pahina 267. Anong mga karanasan ang nagpakita sa inyo na "ang pagkakaisa ay kalakasan"?
- Pag-isipan o talakayin ang iba't ibang pinagmulan, ugali, interes, talento, at tungkulin ng mga miyembro sa inyong ward, branch, o pamilya. Sa palagay ninyo, paano magkakaisa sa kabutihan ang mga taong iyon?

- Ano ang ilang biyayang natatanggap natin kapag nagkakaisa tayo sa kabutihan sa ating tahanan? sa mga organisasyon ng Simbahan? Ano ang ilang ibubunga ng di-pagkakaisa sa tahanan at simbahan?
- Ano ang mga inilaang materyal ng Simbahan para tulungan tayo na maging isa sa doktrinang itinuturo natin? Ano ang magagawa natin para matiyak na ang itinuturo natin ay kaisa sa mga turo ng mga propeta sa huling araw?
- Bakit imposibleng sabihin nating mahal natin ang Diyos samantalang galit naman tayo sa ating kapatid? (Tingnan sa pahina 270.)
- Pag-aralan ang buong pangalawang talata sa pahina 271. Paano tumutulong sa atin ang sakrament para magkaisa?

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* Mga Awit 133:1; Mosias 18:21; 3 Nephi 11:28–29

## *Mga Tala*


1. Journal of Wilford Woodruff, Hunyo 21, 1840, Archives of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints; tingnan din sa Journal of Wilford Woodruff, Abril 2, 1841; Abril 5, 1841; Pebrero 16, 1845; Hulyo 20, 1845; Agosto 31, 1845; Marso 26, 1847.
2. Journal of Wilford Woodruff, Pebrero 16, 1845.
3. *Wilford Woodruff: History of His Life and Labors as Recorded in His Daily Journals* (1964), 70.
4. *Deseret Weekly,* August 30, 1890, 305.
5. *Deseret Weekly,* August 30, 1890, 305–6.
6. *Deseret Weekly,* August 30, 1890, 305.
7. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 83.
8. *Deseret Weekly,* August 30, 1890, 305.
9. *Deseret News,* Pebrero 4, 1857, 379.
10. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 172.
11. *Deseret Weekly,* March 23, 1889, 391.
12. *Deseret Weekly,* June 22, 1889, 824.
13. *Deseret Weekly,* August 30, 1890, 305.
14. "Union," *Millennial Star,* Nobyembre 15, 1845, 168.
15. *Deseret News,* Hunyo 26, 1861, 130.
16. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 135.
17. *Deseret News,* Mayo 13, 1857, 76.
18. *The Discourses of Wilford Woodruff,* 89.
19. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 25, 1867, 3.
20. *Deseret Weekly,* October 22, 1892, 548.
21. *Deseret News: Semi-Weekly,* Setyembre 20, 1870, 2.
22. "An Epistle to the Members of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," *Millennial Star,* Nobyembre 14, 1887, 729–30.
23. "To the Officers and Members of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints in the British Islands," *Millennial Star*, Pebrero 1845, 142.
24. *Salt Lake Herald Church and Farm,* June 15, 1895, 385.

# Paghahanda sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo

*Sa paghihintay natin sa pagbabalik ng Tagapagligtas para pamahalaan ang mundo, dapat nating ihanda ang ating sarili bilang indibiduwal, bilang pamilya, at bilang mga tao.*

## Mula sa Buhay ni Wilford Woodruff

Sa pangkalahatang kumperensya na ibinigay noong Abril 1950, sinabi ni Elder Richard L. Evans ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Naalala ko ang isang iniulat na pahayag, na sa pagkakaalala ko ay tungkol kay Pangulong Wilford Woodruff. Ang ilan sa mga kapatid sa kanyang kapanahunan ay nasabing lumapit sa kanya . . . at nagtanong sa kanya ng nadarama niya kung kailan magaganap ang katapusan ng mundo—kailan darating ang Panginoon? Sa palagay ko hindi ganito ang eksaktong sinabi niya, pero nakasaad dito ang diwa ng sinasabing isinagot niya: 'Mamumuhay ako na para bang ito'y kinabukasan na—pero nagtatanim pa rin ako ng mga puno ng cherry!' "[1]

Bagamat hindi ito ang eksaktong sinabi ni Pangulong Woodruff, nagpapakita ito ng kanyang nadarama tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Inaamin niyang: "Hindi masasabi ninuman ang oras ng pagparito ng Anak ng Tao. . . . Hindi tayo dapat umasang ipaaalam ang oras ng kaganapang iyon."[2] Gayunman, inaasam niya ang pagbabalik ng Tagapagligtas para mamahala sa mundo. Taglay ang patotoong naitatag na ang Simbahan sa mga huling araw, tinuruan niya ang mga Banal nang buong kasigasigan at pinayuhan sila na maghanda sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. "Ang mga palatandaan sa langit at lupa ay nagsasaad lahat ng pagparito ng Panginoong Jesucristo," sabi niya. "Kapag ang aking isipan, sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu ng Diyos, ay bukas sa pag-unawa sa mga bagay na ito,



*"Ang Panginoong Jesucristo ay paparito para pamahalaan ang mundo. . . . Hindi pinatatagal ng Panginoon ang kanyang pagdating."*

maraming beses akong namamangha, hindi lamang sa mundo kundi sa sarili rin natin, dahil hindi tayo gaanong nasasabik at masigasig sa paghahanda ng ating sarili at ng ating pamilya para sa kaganapang malapit nang mangyari, sapagkat mangawala man ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa salita ng Panginoon ay hindi mawawala hanggang sa maganap ang lahat."[3]

## Mga Turo ni Wilford Woodruff

### Tayo ay nasa mga huling araw, at dapat nating bantayan ang mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.

Sasabihin ko sa mga Banal sa mga Huling Araw, bilang lider sa Israel at bilang apostol ng Panginoong Jesucristo, na papalapit na tayo sa ilang mabibigat na hatol ng Diyos na ipapataw sa mundo. Masdan ninyo ang mga palatandaan ng mga panahon, ang palatandaan ng pagparito ng Anak ng Tao. Nagsisimula nang makita ang mga ito kapwa sa langit at lupa. . . . Nalalapit na tayo sa mga bagay na ito. Ang magagawa lamang ng mga Banal sa mga Huling Araw ay maging payapa, maingat, at matalino sa harapan

ng Panginoon, bantayan ang mga palatandaan ng mga panahon, at maging tapat. Kapag nagawa ninyo ito mauunawaan ninyo ang maraming bagay na hindi ninyo nauunawaan sa ngayon. . . . Tayo ay nasa huling dispensasyon at kaganapan ng panahon. Ito'y isang dakilang panahon, at nakamasid sa atin ang lahat ng nasa langit, at ang mata mismo ng Diyos at lahat ng patriarch at propeta. Nakamasid sila sa inyo lakip ang masidhing damdamin, para sa inyong kapakanan; at ang mga propeta natin na pinatay, at itinatak ang kanilang dugo sa kanilang patotoo, ay nasa piling ng Diyos, na sumasamo para sa kanilang mga kapatid. Samakatwid, maging matapat tayo, at ipaubaya ang mga pangyayari sa kamay ng Diyos, at pangangalagaan Niya tayo kung ginagawa natin ang ating tungkulin.[4]

Ang Panginoong Jesucristo ay darating upang mamahala sa mundo. Maaaring sabihin ng sanlibutan na pinatatagal niya ang kanyang pagparito hanggang sa katapusan ng mundo. Subalit hindi nila nalalaman ang iniisip ni ang pamamaraan ng Panginoon. Hindi ipagpapaliban ng Panginoon ang kanyang pagparito dahil sa kanilang kawalan ng paniniwala, at ipinakikita ng mga palatandaan na kapwa nasa langit at lupa na malapit na ito. Nagsisimulang umusbong ang mga dahon ng puno ng igos sa paningin ng lahat ng bansa ng mundo [tingnan sa Joseph Smith—Mateo 1:38–40], at kung nasa kanila ang Espiritu ng Diyos makikita at mauunawaan nila ang mga palatandaan.[5]

---

## Malalaman natin ang tungkol sa mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Kung nais malaman ng sanlibutan ang mangyayari, basahin nila ang Biblia, ang Aklat ni Mormon, at ang Doktrina at mga Tipan; ipabasa sa kanila [ang] mga paghahayag ni San Juan. Kung paanong totoong buhay ang Diyos ay gayundin na tiyak na matutupad ang mga paghahayag. Lahat ng ito ay matutupad. At ang kamay ng Diyos ay nagsisimula nang makita sa mundo. Ang paghatol ay nalalapit na; nakaabang na ang kalamidad sa mga bansa ng mundo; subalit tayo mismo ay dapat handang tumayo sa mga banal na lugar habang ang mga paghahatol ng Diyos ay ipinapakita sa mundo.[6]

Sinabihan tayo sa ika-24 na kabanata ng Mateo, na si Jesus, sa ilang pagkakataon, ay tinuruan ang kanyang mga disipulo ng maraming bagay tungkol sa kanyang ebanghelyo, sa templo, sa mga Judio, sa kanyang ikalawang pagparito at katapusan ng mundo; at siya'y tinanong nila—Panginoon, ano ang magiging tanda ng mga bagay na ito? Sinagot sila ng Tagapagligtas, subalit sa napakaikling paraan. Dahil napag-isipan ko na ito nakahanda akong basahin ang isang bahagi ng salita ng Panginoon sa atin, na ipinaliliwanag nang mas lubos ang bagay na ito kaysa paliwanag ng Tagapagligtas sa kanyang mga disipulo. Ang bahagi ng salita ng Panginoon na babasahin ko ay isang paghahayag na ibinigay sa mga Banal sa mga Huling Araw, Marso 7,1831. [Pagkasabi nito, binasa ni Elder Woodruff ang paghahayag na ngayon ay bahagi 45 ng Doktrina at mga Tipan.] . . .

Tayo ay nabubuhay sa huling panahon, bagamat totoong maraming malalaki at mahahalagang kaganapan ang mangyayari sa mga araw na ito. Subalit isang bagay ang sigurado, kahit hindi inihayag ng Panginoon ang araw ni ang oras ng pagparito ng Anak ng Tao, tinukoy niya ang henerasyon, at ang mga palatandaang ibinadya na mauuna sa dakilang pangyayaring iyon ay nagsimula nang makita sa langit at sa lupa, at magpapatuloy ang mga ito hanggang sa matupad ang lahat. Kung tayo, bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ay nagnanais ng anumang bagay na hihikayat sa atin, basahin natin ang Biblia, Aklat ni Mormon at ang Aklat ng Doktrina at mga Tipan; sapat ang nilalaman ng mga ito para bigyang-sigla at tagubilinan tayo ukol sa mga bagay ng Diyos. Pahalagahan ang mga paghahayag ng Diyos at ang ebanghelyo ni Cristo na narito.[7]

Makahahanap kayo ng mga pagbabadya tungkol sa kanyang pagparito, tulad ng—"Ako'y dumarating na madali," "Paririto [ako] sa oras na hindi ninyo iniisip," "[Ang aking pagdating ay] malapit na, nasa mga pintuan nga," "[Ako'y darating] na gaya ng magnanakaw [sa gabi]," "Darating ako sa oras na hindi ninyo ako hinihintay," at "Pagpalain siya na naghihintay sa pagparito ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo." Sinasabi ko na sa kabuuan ng mga Banal na Kasulatan—sa Luma at Bagong Tipan, sa Aklat ni Mormon, at sa Aklat ng Doktrina at mga Tipan, ang ikalawang pagparito ng Panginoon ang madalas banggitin; at

ipinangako kaya ng Panginoon ang mga bagay na ito nang walang balak tuparin ang mga ito? Hindi, tutuparin Niya ang mga ito.[8]

---

### Bilang mga pinagtipanang tao ng Panginoon, tungkulin nating ihanda ang daan para sa Kanyang Ikalawang Pagparito.

Gusto kong itanong kung sino ang umaasam sa katuparan ng mga pangyayaring ito, at sino na nasa mundo ang naghahanda ng sarili para sa katuparan ng salita ng Panginoon sa pamamagitan ng mga bibig ng mga propeta, patriarch at apostol sa nakaraang anim na libong taon? Wala akong alam na gayon, [maliban] na ang mga Banal sa mga Huling Araw, at ako mismo ay tila walang gaanong nalalaman na tulad sana ng nararapat mangyari, at hindi rin tayo gaanong handa tulad ng nararapat mangyari, para sa napakalaking kaganapan na sunud-sunod na darating sa mundo sa mga huling araw na ito. Sino pa ang aasahan ng Panginoon na maghahanda sa kanyang ikalawang pagparito maliban sa kanyang mga Banal? Wala na.[9]

Ang Panginoon ay may malaking gawain sa hinaharap at naghahanda siya ng mga tao na gagawa nito bago ang kanyang pagparito. Ngayon ito ang tanong, mga kapatid, handa na ba ang ating ating puso? Natatanto ba natin ang mga bagay na ito? Bilang mga tao natatanto ba natin ang ating mga responsibilidad sa harapan ng Panginoon? Ang Panginoon ay nagbangon ng isang kaharian ng priest dito sa mga huling araw upang itatag ang kanyang simbahan at kaharian, at ihanda ang daan sa ikalawang pagparito ng Anak ng Tao. Ipinagkaloob ng Diyos ng langit sa mga kamay ng kanyang mga tagapaglingkod ang mga susi ng kaharian, at sinabi niya na—"Anuman ang ihayag ko [sa mga tagapaglingkod kong ito] ay matutupad, sa kanila ibinigay ang kapangyarihang pagbubuklod kapwa sa lupa at sa langit, kung kailan ang poot ng [makapangyarihang] Diyos ay ibubuhos sa [mundo]." [Tingnan sa D at T 1:7–9.]

Sa palagay ko, maraming pagkakataon na tayo, bilang mga elder ng Israel at bilang mga Banal sa mga Huling Araw, ay lubhang hindi naunawaan ang ating katayuan sa harapan ng Panginoon. Ang gawaing hinihingi sa ating mga kamay ay dakila at malaki; ito'y

gawain ng Makapangyarihang Diyos. Responsibilidad nating ipangaral ang ebanghelyo ni Cristo sa lahat ng bansa ng mundo. . . . Responsibilidad natin ang lahat ng ito at ang pagtatayo ng mga templo sa Kataastaasan, kung saan makapapasok tayo at maisasagawa ang mga ordenansa para sa kaligtasan ng ating mga patay. . . .

. . . Gaano ang pagsusumamo ng Panginoon sa mga bansa ng mundo para mabigyan sila ng kaluwalhatiang selestiyal, karangalan, imortalidad at buhay na walang hanggan? Nagsumamo siya sa kanila sa nakalipas na anim na libong taon, at nagbangon ng kanyang mga tagapaglingkod sa bawat panahon at nanawagan sa mga naninirahan sa mundo na ihanda ang kanilang sarili para sa dakilang araw ng kanyang ikalawang pagdating at pagparito, na nalalapit na. Siya ay nananawagan nang malakas sa kanila ngayon; at, tulad ng sinabi ko sa ilan sa mga kapatid ko kamakailan, gustong malaman ng Panginoon ngayon kung handa na ang mga Banal sa mga Huling Araw na tumulong sa kanya o hindi. Ito'y araw ng pagpapasiya.[10]

Bago dumating si Cristo dapat handa na ang mga tao sa pamamagitan ng pagiging banal sa harapan ng Panginoon. Dapat naitayo na ang mga templo; naitatag na ang Sion; dapat may ligtas na lugar para sa mga tao ng Diyos habang ang kanyang mga paghatol ay nagaganap sa mundo, dahil ang paghatol ng Panginoon ay dadalaw sa mundo, tiyak na mangyayari ito; ang mga paghahayag ay puno ng mga pangako tungkol dito, at tulad ng inihayag ng Panginoon, isasakatuparan niya ang kanyang salita.[11]

Palagay ko hindi natin nauunawaan ang kahalagahan ng gawaing ito. Mahirap para sa atin na maunawaan ang responsibilidad natin sa Diyos, sa kalangitan, sa mga patay, gayundin sa mga nabubuhay.

Ngayon, kapag tinitingnan ko ang mga bagay na ito, tinitingnan ko rin ang magaganap sa atin. Ang mga organisasyon, na itinatag sa Simbahang ito mula sa simula, ay pawang tulong at pamamahala, at magkakasama sa pagtupad sa dakilang gawaing ito. Ang mga mata ng kalangitan ay nakamasid sa atin. Ang Anak ng Diyos at lahat ng Propeta at Patriarch na nabuhay sa mundo ay nakamasid sa dakilang gawaing ito—ang dakilang organisasyong ito na naghahanda sa pagparito ng Anak ng Tao.[12]

**Dapat indibiduwal nating ihanda ang ating sarili sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.**

Nabubuhay tayo sa isang mahalagang panahon. Ang mga propesiya na may kaugnayan sa ating panahon ay dumarating na sa atin; handa ba tayong harapin ang mga ito?[13]

Inihalintulad ng Tagapagligtas . . . ang kaharian ng Diyos sa sampung dalaga, na kinuha ang kanilang mga ilawan upang salubungin ang kasintahang lalaki [tingnan sa Mateo 25:1]. "At ang lima sa kanila'y mga mangmang, at ang lima'y matatalino. Sapagka't nang dalhin ng mga mangmang ang kanilang mga ilawan, ay hindi sila nangagdala ng langis; Datapuwa't ang matatalino ay nangagdala ng langis sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga ilawan. Samantalang nagtatagal nga ang kasintahang lalake, ay nangag-antok silang lahat at nangakatulog. Datapuwa't pagkahating gabi ay may sumigaw, Narito, ang kasintahang lalake; magsilabas kayo upang salubungin siya. Nang magkagayo'y nagsipagbangong lahat ang mga dalagang yaon at pinag-igi ang kanilang mga ilawan. At sinabi ng mga mangmang sa matatalino, Bigyan ninyo kami ng inyong langis; sapagka't nangamamatay ang aming mga ilawan. Datapuwa't nagsisagot ang matatalino, na nangagsasabi, Baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo; magsiparoon muna kayo sa nangagbibili, at magsibili kayo ng ganang inyo. At samantalang sila'y nagsiparoon sa pagbili, ay dumating ang kasintahang lalake, at ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama niya sa piging na kasalan: at inilapat ang pintuan. Pagkatapos ay nagsirating naman ang mga ibang dalaga, na nagsipagsabi, Panginoon, Panginoon, buksan mo kami. Datapuwa't sumagot siya at sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi ko kayo nangakikilala." [Mateo 25:2–12.] Ngayon, ang mga taong may langis sa kanilang mga ilawan ay mga taong ipinamumuhay ang kanilang relihiyon, nagbabayad ng kanilang ikapu, nagbabayad ng kanilang mga utang, sinusunod ang mga utos ng Diyos at hindi nilalapastangan ang kanyang pangalan; mga lalaki at babae na lumalakad sa liwanag ng Panginoon; mga lalaki at babae na hindi ipinagbibili ang kanilang pagkapanganay para sa pagkain o sa kaunting ginto o pilak; ito ang mga taong magiging matatag sa pagpapatotoo kay Jesucristo.

Ganito ang nadarama ko ngayon. Dama ko na dapat kong bigyang-babala ang aking mga kapatid, ang mga Banal sa mga Huling Araw, na ipamuhay ang kanilang relihiyon, pag-igihin ang kanilang mga ilawan, dahil yamang buhay ang Panginoon ang kanyang salita ay matutupad. Nalalapit na ang pagdating ni Jesus at nasa pintuan na nga. . . . Hindi maliligtas ng taong mabuti ang masama. Kailangan tayong magpakabuti, at sundin ang mga utos ng Diyos.[14]

Ang parabula ng sampung dalaga ay paglalarawan ng ikalawang pagparito ng Anak ng tao, ang pagdating ng Kasintahang Lalaki para salubungin ang kasintahang babae, ang simbahan, ang asawa ng Kordero, sa mga huling araw. At umaasa akong makatwiran ang Tagapagligtas nang sabihin niya, sa pagtukoy sa mga miyembro ng simbahan, na ang lima sa kanila ay matatalino at ang lima'y mga mangmang; sapagkat kapag pumarito ang Panginoon ng langit sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian upang hatulan ang bawat tao ayon sa mga gawang kanilang ginawa sa lupa, kung makahahanap siya ng kalahati sa mga taong nagsasabing miyembro sila ng kanyang simbahan na handang maligtas, ito'y magiging kasing dami ng naghihintay ng hatol ayon sa daang tinatahak ng marami.[15]

Ang salita ng Panginoon sa akin ay panahon na para bumangon ang Sion at magliwanag; at ang patotoo ng Espiritu ng Diyos sa akin ay tinupad na nang buong kahariang ito, ang dakilang kahariang ito ng mga priest . . . na maytaglay ng priesthood, ang buong isang bahagi ng parabula tungkol sa sampung dalaga. At ano iyon? Iyon ay dahil habang nagtatagal ang kasintahang lalaki ay nangagantok at nangatulog tayo; bilang isang simbahan at kaharian nangag-antok at nangatulog tayo, at ang salita ng Panginoon sa akin ay matagal na tayong nangatutulog; at pagkakataon natin ngayong bumangon at pag-igihin ang ating mga ilawan at maglagay ng langis sa ating sisidlan. Ito ang salita ng Panginoon sa akin.[16]

Ngayon ang tanong ay, paano natin mapapanatili ang langis sa ating mga ilawan? Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, pag-alalang manalangin, at [pag]gawa ng sinasabi sa atin ng mga paghahayag ni Jesucristo, o kaya'y pagtulong sa pagtatayo ng Sion. Kapag gumagawa tayo para sa kaharian ng Diyos, magkakaroon tayo ng langis sa ating mga ilawan. Ang ilawan natin ay magliliwanag at madarama natin ang patotoo ng



*"Kapag gumagawa tayo sa kaharian ng Diyos, magkakaroon tayo ng langis sa ating mga ilawan, magliliwanag at madarama natin ang patotoo ng Espiritu ng Diyos."*

Espiritu ng Diyos. Sa kabilang dako, kung ating itinutuon ang ating puso sa mga bagay ng daigdig na ito, at naghahangad ng mga parangal ng tao, tayo ay magsisilakad sa kadiliman, at hindi sa liwanag. Kung hindi natin pahahalagahan ang ating priesthood, at ang gawain ng priesthood na ito, ang pagtatatag ng kaharian ng Diyos, pagtatayo ng mga templo, ang pagtubos sa ating mga patay, at pagsasakatuparan ng dakilang gawain kung saan inorden tayo ng Diyos ng Israel—kung hindi natin nadaramang higit na mahalaga ang mga bagay na ito kaysa sa mga bagay ng daigdig, wala tayong langis sa ating mga ilawan, walang liwanag, at hindi tayo makaparoroon sa handaan ng kasal ng Kordero.[17]

Sino ang maghahanda sa pagdating ng Mesiyas? [Yaong] nagtatamasa ng Espiritu Santo at namumuhay ayon sa inspirasyon ng Makapangyarihang Diyos, na tapat kay Jesucristo at nagdadala ng bunga sa karangalan at kaluwalhatian ng Diyos. At wala nang iba pa.[18]

Dalangin ko na mamuhay tayo sa gayong paraan at huwag mapabilang sa mga dalagang mangmang, sa halip ay maunawaan ang mga palatandaan ng panahon, gawin ang ating tungkulin, panatilihin ang ating katapatan, daigin ang mundo, at maging handa upang tanggapin ang ating Manunubos sa kanyang pagdating, sa kagalakan, at hindi sa kalungkutan at kahihiyan.[19]

Magtiwala sa Diyos. Gawin ang inyong tungkulin. Alalahanin ang inyong mga panalangin. Manampalataya sa Panginoon, at maging tapat at itatag ang Sion. Magiging mabuti ang lahat. Dadalawin ng Panginoon ang kanyang mga tao, at kanyang paiikliin ang kanyang gawain sa kabutihan, dahil baka walang taong makaligtas [tingnan sa D at T 84:97; Mateo 24:22]. Sinasabi ko sa inyo, masdan ang mga palatandaan ng panahon, at ihanda ang inyong sarili sa yaong darating.[20]

## Mga Mungkahi sa Pag-aaral at Pagtuturo

Isaisip ang ang mga ideyang ito habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito o naghahanda para magturo. Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga pahina v–x.

- Rebyuhin ang unang talata sa pahina 274. Anong mga aral ang natutuhan ninyo sa mga sinabi ni Elder Evans tungkol kay Pangulong Woodruff?
- Paano natin malalaman ang mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas? (Tingnan sa mga pahina 276–78.)
- Ano ang mga layunin ng mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito? (Tingnan sa mga pahina 275–78; tingnan din sa D at T 45:34–39.) Ano ang mga nakikita ninyong katibayan na ang ilan sa mga palatandaang ito ay natutupad na? Paano tayo mananatiling "payapa, maingat at matalino sa harapan ng Panginoon," kahit na ang ilan sa mga palatandaang ito ay may kasamang trahedya?
- Rebyuhin ang mga turo ni Pangulong Woodruff tungkol sa gagampanan ng Simbahan sa paghahanda ng daan sa Ikalawang Pagparito (mga pahina 278–79). Paano tayo makakasali sa gawaing ito?
- Bakit higit tayong dapat mabahala sa sarili nating paghahanda kaysa sa eksaktong oras ng Ikalawang Pagparito? Sa paanong paraan natin matutulungang maghanda ang ating pamilya? Paano tayo maaaring "tumayo sa mga banal na lugar habang ang mga paghahatol ng Diyos ay ipinapakita sa mundo"? (pahina 276).
- Sa parabula ng sampung dalaga, sino ang isinasagisag ng matatalino at mga mangmang na dalaga? ng kasintahang lalaki? ng kasintahang babae? Ano ang kinakatawan ng handaan sa kasal? ng langis sa mga ilawan? Sa paghahanda natin sa Ikalawang Pagparito, ano ang magagawa natin para "mapanatili ang langis sa ating mga ilawan"? (Tingnan sa mga pahina 279–80, 281–82; tingnan din sa D at T 45:56–57.)

*Mga Kaugnay na Banal na Kasulatan:* D at T 45:15–75; Joseph Smith—Mateo 1:21–55

## Mga Tala


1. Sa Conference Report, Abril 1950, 105.
2. Journal of Wilford Woodruff, February 16, 1845.
3. *Deseret News: Semi-Weekly,* Pebrero 4, 1873, 2.
4. *The Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham (1946), 211–12.
5. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 20, 1873, 1.
6. *Deseret Weekly,* August 30, 1890, 305.
7. *Deseret News: Semi-Weekly,* Pebrero 4, 1873, 2.
8. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 2, 1876, 4.
9. *Deseret News: Semi-Weekly*, Pebrero 4, 1873, 2.
10. *Deseret News: Semi-Weekly*, Pebrero 29, 1876, 1.
11. *Deseret News: Semi-Weekly,* Mayo 2, 1876, 4.
12. *Deseret Weekly,* June 22, 1889, 824.
13. *Deseret News,* Disyembre 16, 1857, 325.
14. *Deseret News: Semi-Weekly*, Hulyo 6, 1880, 1.
15. *Deseret News: Semi-Weekly*, Pebrero 29, 1876, 1.
16. *Deseret News: Semi-Weekly*, Disyembre 28, 1875, 1.
17. *The Discourses of Wilford Woodruff*, 124–25.
18. *Deseret News: Semi-Weekly*, Pebrero 4, 1873, 2.
19. *Deseret News*, Marso 21, 1855, 11.
20. *The Discourses of Wilford Woodruff*, 252.

# Listahan ng mga Visual


Pabalat: *Wilford Woodruff,* ni Grant Romney Clawson.

Pahina iv: Detalye mula sa *Wilford Woodruff,* ni H. E. Peterson.

Pahina vi: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © 1997 Steve Bunderson. Bawal kopyahin.

Pahina viii: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © 1997 Steve Bunderson. Bawal kopyahin.

Pahina xxvii: *Wilford Woodruff Departing on a Mission to England,* ni Sam Lawlor. © 2001 Sam Lawlor. Bawal kopyahin.

Pahina xxxii: Larawang kuha ni John Telford. © 2000 John Telford. Bawal kopyahin.

Pahina xlii: *Joseph Smith's First Vision,* ni Walter Rane. Sa kagandahang-loob ng Museum of Church History and Art.

Pahina 5: *Christ Ordaining the Twelve Apostles,* ni Harry Anderson.

Pahina 8: *The Restoration of the Melchizedek Priesthood,* ni Kenneth Riley.

Pahina 14: *Prophet of the Lord,* ni David Lindsley. © 2000 David Lindsley. Bawal kopyahin.

Pahina 18: *The First Vision,* ni Tom Holdman.

Pahina 21: *Joseph Smith's Last Meeting with the Apostles,* ni Robert T. Barrett. © 2004 Robert T. Barrett.

Pahina 26: Detalye mula sa *First Presidency and the Quorum of the Twelve Apostles, 1853,* ni Frederick Hawkins Piercy.

Pahina 31: *Daniel Interprets Nebuchadnezzar's Dream,* ni Grant Romney Clawson.

Pahina 39: *Such as I Have I Give Thee,* ni Walter Rane.

Pahina 57: Larawang kuha ni Brian Wilcox. © 1986 Brian Wilcox. Bawal kopyahin.

Pahina 62: *Mary Heard His Word,* ni Walter Rane. Sa kagandahang-loob ng Museum of Church History and Art.

Pahina 72: *Not My Will, But Thine, Be Done,* ni Harry Anderson. © Pacific Press Publishing Association. Ginamit nang may pahintulot.

Pahina 76: *The Crucifixion,* ni Harry Anderson.

Pahina 79: *The Lost Lamb,* ni Del Parson. © 1998 Del Parson. Bawal kopyahin.

Pahina 84: *He Is Risen*, ni Del Parson. © 1996 Del Parson. Bawal kopyahin.

Pahina 89: *Jesus Appearing to the Five Hundred,* ni Grant Romney Clawson. © 1971 Grant Romney Clawson.

Pahina 91: *Sketch—Temple Hill Cemetery,* ni A. VaLoy Eaton.

Pahina 98: *Benbow Farm and Pond,* ni Francis R. (Frank) Magleby.

Pahina 149: *Zion's Camp,* ni C. C. A. Christensen. Sa kagandahang-loob ng Brigham Young University Museum of Art. Bawal kopyahin.

Pahina 158: Detalye mula sa *Emma Smith, the Elect Lady,* ni Theodore S. Gorka.

Pahina 162: *Brigham Young Enters the Valley,* ni Glen S. Hopkinson. © 1997 Glen S. Hopkinson. Bawal kopyahin.

Pahina 166: *Christ Healing the Man with the Withered Hand,* ni Robert T. Barrett. © 1981 IRI. Sa kagandahang-loob ng Museum of Church History and Art.

Pahina 171: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © Steve Bunderson. Bawal kopyahin.

Pahina 175: Di-kilala ang retratista. Sa kagandahang-loob ng Special Collections Department, J. Willard Marriott Library, University of Utah. Bawal kopyahin.

Pahina 208: Larawang kuha ni Steve Tregeagle. © 1996 Steve Tregeagle. Bawal kopyahin.

Pahina 214: *Wilford Woodruff,* ni George Henry Taggert.

Pahina 230, kanang itaas: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © 1995 Steve Bunderson. Bawal kopyahin.

Pahina 230, kaliwang ibaba: Larawang kuha ni Steve Bunderson. © 1996 Steve Bunderson. Bawal kopyahin.

Pahina 238: *Covered Wagons,* ni Gary L. Kapp. © 1989 Gary L. Kapp. Bawal kopyahin.

Pahina 242: *His Name Shall Be Called Wonderful,* ni Simon Dewey. © 2000 Simon Dewey. Bawal kopyahin.

Pahina 275: *The Second Coming,* ni Harry Anderson.

Pahina 282: *Peace, Not as the World Giveth,* ni Michael T. Malm. Sa kagandahang-loob ng Museum of Church History and Art.

# Indese


**A**

Aklat ni Mormon
- instrumento sa pagbabalik-loob ni Wilford Woodruff, 41
- isinalin ni Joseph Smith, 8–9
- kasama ng Biblia sa pagtuturo ng katotohanan, 129–33
- nagpapatotoo tungkol sa Ikalawang Pagparito, 276–78

Ama (o ninuno), mga, 183–84

Apostasiya
- kinatawan sa pangitain ni Robert Mason, 1–2
- Malawakang Apostasiya, 4–5

Apostol, mga
- dapat magkaisa, 264–65, 269
- noong mortal na ministeryo ng Panginoon, 4

**B**

Banal na Kasulatan, mga
- pag-aaral ng, 128–29
- tinutulungan tayong maghanda para sa mga kaganapan sa mga huling araw, 134–35

Bata, mga. *Tingnan din sa* Pamilya; Magulang, mga
- bago sumapit sa edad ng pagkakaroon ng pananagutan, ay inosente sa harap ng Panginoon, 90–93
- biyaya ng pagpapalaki, 179–80
- dapat mag-ingat ng mga journal, 143–45
- dapat sila ang unahin ng mga magulang, 179–80, 183
- dapat turuang magdasal, 122
- ipinadala ng Ama sa Langit, 182
- kahalagahan ng pagtuturo ng mga magulang sa, 180–83, 228
- kailangan ng kabaitan at mabuting halimbawa mula sa ama at ina, 183–85
- kailangan ng temporal at espirituwal na edukasyon, 253
- paghahanda ng, upang maglingkod sa Simbahan at manatiling tapat, 180–83

Batas, pagsunod sa, sa buhay na ito, ang batayan ng walang hanggang gantimpala, 231–33, 233. *Tingnan din sa* Kalayaang Pumili

Benbow, John, 99, 225–27

Benbow, William, 99

Biblia
- instrumento sa pagbabalik loob ni Wilford Woodruff, 38–39
- kasama ng Aklat ni Mormon sa pagtuturo ng katotohanan, 129–33
- nagpapatotoo tungkol sa Ikalawang Pagparito, 276–78, 280–81

Binyag
ibinigay sa lahat ng dispensasyon, 3
mahalaga sa kaligtasan, 78

Binyag para sa mga patay. *Tingnan sa* Gawain sa templo

## C

Cheney, Elijah, xxii, 40–41

Cristo. *Tingnan sa* Jesucristo

## D

Daigdig ng mga espiritu, pakiki-pagkita sa ating mga ninuno sa, 209–10

Digmaan sa pagitan ng kadiliman at liwanag, 241–43

Dispensasyon, kaharian ng Diyos itatatag sa, mga, 3, 27

Diyos Ama
awa o habag ng, 11, 204–205
ginawa Niya ang lahat para sa ating kaligtasan, 77
ibinigay ang Kanyang Bugtong na Anak, 74–75
inorganisa at tinubos ang lahat ng mga daigdig sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood, 41–43
isipan at kalooban ng, ipinaa-alam sa pamamagitan ng Espiritu Santo, 58
kapangyarihan ng, nagtaguyod sa Tagapagligtas, 169–70
May-akda ng kaligtasan, 263
mga anak ng, 179
pagtanggap ng pagsang-ayon ng, 11
pakikipag-ugnayan sa, sa pama-magitan ng Espiritu Santo, 59
pakikiisa sa Anak at sa Espiritu Santo, 263–64
pananalangin sa, 120–23

Dispensasyon ng kaganapan ng panahon
mga propesiya noon tungkol sa, 29–30
progreso ng Simbahan sa, 27–28
tayo'y nasa gitna ng, 34
tungkulin ng mga Banal sa mga Huling Araw sa, 29–33

Doktrina at mga Tipan
ating tipan sa mga huling araw, 131–33
nagpapatotoo tungkol sa Ikalawang Pagparito, 276–78

## E

Ebanghelyo
biyaya o pagpapala ng, 102–105
di-nagbabago, 3

Edukasyon, 252–53

Espiritu. *Tingnan sa* Espiritu Santo

Espiritu Santo. *Tingnan din sa* Kaloob ng Espiritu Santo
epekto ng, sa mabubuting tao, 199
itinataguyod tayo sa mga pagsubok, 243–44
likas na katangian ng, 52
misyon ng, 52
pagkilala sa tinig ng, 54–55
pakikiisa sa Ama at sa Anak, 263–64
pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng kapangyarihan ng, vi, 63–69, 106–107, 232
sagot sa panalangin sa pamamagitan ng, 121–22

tumutulong para magkaisa tayo sa katotohanan, 266, 268
tinutulungan tayong maghanda para sa Ikalawang Pagparito, 283

Espirituwal na paggawa, kaisa ng temporal na paggawa, 247, 249–58

**F**

Far West, Missouri, lugar na kinatatayuan ng templo, 153–55

**G**

Gawaing misyonero
kagalakan sa pagbabahagi ng ebanghelyo, 100, 102–104
kahalagahan ng hindi pagbatiko sa relihiyon ng iba, 104–105
kailangan ang Espiritu Santo sa, 105–107
kapangyarihan ng halimbawa sa, 104–105
mga karanasan ni Wilford Woodruff sa, xxii–xxvi, 97–99, 101–102, 109, 119, 127, 165, 167, 178–79, 189, 225–28, 237–39
papel na ginagampanan ng pananampalataya sa, 169–70
tungkulin nating ibahagi ang ebanghelyo, 100-102

Gawain sa templo
awa ng Diyos sa paglalaan, 204–205
gagawing personal na paghahanda, 196–99
kagalakan sa, 191–92
kahalagahan ng, 191–92
kaisa ng gawain sa kasaysayan ng pamilya, 190
pagkatapos ng Ikalawang Pagparito, 206–207
pagiging mga Tagapagligtas sa Bundok ng Sion, 206–207
pananabik ng ating mga ninuno na matanggap ang mga ordenansa, 208–209
para sa mga patay, mga pagsisikap ni Wilford Woodruff sa, xxxii–xxxiii, 3, 45, 202–203

"God Moves in a Mysterious Way," paboritong himno ni Wilford Woodruff, xvi-xvii

Grant, Heber J.
tungkol sa paboritong himno ni Wilford Woodruff, xvi
tungkol sa paglilingkod ni Wilford Woodruff bilang misyonero, 97

**H**

Halimbawa
impluwensya ng damdamin ng iba tungkol sa Simbahan, 104–105
mga magulang kailangang magturo sa pamamagitan ng, 180–82

**I**

Ikalawang Pagparito ni Jesucristo
mga palatandaan ng, matatagpuan sa mga banal na kasulatan, 276–78
paghahanda para sa, bilang isang Simbahan, 278–79
paghahanda para sa, bilang mga indibiduwal, 280, 283
pagmamasid sa mga palatandaan ng, 275–78

Ikapu at mga handog, 34, 253–55
Ina, mga, 184–85

J

Jesucristo. *Tingnan din sa* Pagbabayad-sala ni Jesucristo; Ikalawang Pagparito ni Jesucristo
ang tanging the taong makapag-aalok sa atin ng kaligtasan, 80
dinalaw ang mga tao sa mga Amerika matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Muli, 131
gumawa nang may pananampalataya, 169
hirap na dinanas ni, 240, 243–45
ipinangaral ang ebanghelyo nang simple at malinaw, 105
itinatag ang Kanyang Simbahan, 4
mga panalangin ni, 120, 243–45
nanatiling tapat sa Ama, 243
pagiging kaisa ng Ama at ng Espiritu Santo, 263–64
Pagkabuhay na Muli ni, 87–88
pagkamatay ni, 77–78, 87
umunlad ng biyaya sa biyaya, 65

Joseph Smith. *Tingnan sa* Smith, Joseph

Journal, mga
dapat ingatan habang nagaganap ang mga pangyayari, 142–43
dapat maglaman ng mga rekord ng mga biyayang bigay ng Diyos sa atin, 141–42
kapaki-pakinabang sa ating sarili, ating pamilya, at sa Simbahan, 140
mga bata at kabataan dapat magkaroon ng, 143–45
ni Wilford Woodruff, naglalaman ng kasaysayan ng Simbahan at mga rekord ng kanyang itinuro, xxvii, 137, 139

K

Kaharian ng Diyos
hanapin muna, 256–57
pagtatayo ng, 33–36, 247, 249–50

Kahirapan. *Tingnan sa* Oposisyon; Pagsubok, mga

Kalayaang Pumili
kahulugan ng, 225
kaloob ng Diyos sa lahat ng Kanyang mga anak, 227–28
paggamit ng, may dulot na bunga ngayon at sa walang hanggan, 228–31, 233–34

Kaligtasan, abot-kamay natin, 233–34

Kaloob na Espiritu Santo. *Tingnan din sa* Espiritu Santo
ibinigay sa lahat ng dispensasyon, 3–4, 78
kailangan ng ating katapatan sa tuwina, 58–59
mga biyaya sa pamamagitan ng, 55–57
para sa lahat ng karapat-dapat na Banal sa mga Huling Araw, 52
pinakadakilang kaloob sa buhay na ito, 52

Kamatayan (o pagkamatay)
dumarating sa lahat ng tao, 251

hindi natin madadala ang mga materyal na ari-arian kapag namatay tayo, 251, 256–57
ng maliliit na bata, 90–93
ni Sarah Emma Woodruff, 83, 85–86
ni Wilford Woodruff, xxxix–xl
pagdadalamhati sa oras ng, 86, 88–90
paghiwalay ng espiritu mula sa katawan, 86–87
paghahanda para sa, 93–94
pagkaalo sa oras ng, 88–93
pagkabuhay na muli mula sa, 87–93

Kapalaluan, 114–15. *Tingnan din sa* Pagpapakumbaba

Kapangyarihan na magbuklod, pinag-iisa ang mga pamilya sa kawalang-hanggan, 190, 193–96

Kasal o pag-aasawa, inorden ng Diyos, 179–80

Kasaysayan ng mag-anak (o pamilya). *Tingnan din sa* Gawain sa templo
kaisa sa gawain sa templo, 190
sa pamamagitan ng mga personal na journal, 140–45

**M**

Magulang, mga. *Tingnan din sa* Anak, Bata, mga; Pamilya
kailangang turuan ang mga bata na manalangin, 122
kailangang turuan ang mga bata sa salita at halimbawa, 180–83
papel na ginagampanan ng mga ama at ina, 183–85
pribilehiyong pangalagaan ang mga espiritung anak ng Ama sa Langit, 179–80

Mahalagang Perlas, naglalaman ng mga kayamanan, 133–34

Manipesto, xxxvi–xxxvii

Mason, Robert, xx–xxi, 1–3

**O**

Oposisyon (o pagsalungat). *Tingnan din sa* Pagsubok, mga
inihahanda tayo para sa selestiyal na kaluwalhatian, 239–40
sa katotohanan, hindi magtatagumpay, 241–43

Ordenansa, mga. *Tingnan sa* Priesthood

Ordinasyon noon pa na mabuhay sa mga huling araw, 32–33

**P**

Pagbabayad-sala ni Jesucristo. *Tingnan din sa* Jesucristo
ginagawa para sa atin ang bagay na hindi natin magawa para sa ating sarili, 77, 207
ginagawang perpekto ang nagsisisi at matatapat, 80–81, 198
nag-aalok ng kaligtasan sa mabubuting tao, 77–80
nagliligtas ng mga bata na namamatay bago sumapit sa edad ng pagkakaroon ng pananagutan, 90–93
tinutubos tayo mula sa Pagkahulog, 74–76

Paggawa. *Tingnan sa* Trabaho

Paghahayag
pagkilala, 55
para gabayan ang Simbahan, 55, 216–19, 220–23, 264–66
personal, 55–56

Pag-ibig (o pagmamahal) sa bawat isa, 270–71

Pagkabuhay na Muli, 90–93

Pagkakaisa
- ng mga miyembro ng Panguluhang Diyos, 263–64
- sa kahariang selestiyal, 264
- sa mga pamilya, 266, 269, 270
- sa pagmamahal para sa isa't isa, 270–71
- sa pamamagitan ng pakikibahagi ng sakrament, 271
- sa pagtuturo, 268
- sa Simbahan, 264–72

Pagkatuto
- mula sa aklat na ito, v
- pagsasagawa ng ating natutuhan, 66
- sa pamamagitan ng Espiritu, v, 66–69

Paglalakbay ng mga pioneer papunta sa Salt Lake Valley, xxvi, 160–63

Pagpapakumbaba. *Tingnan din sa* Kapalaluan
- humahantong sa pangangalaga ng Panginoon, 115–16
- ipinakita ni Wilford Woodruff, 109
- kailangan sa gawain ng Diyos, 112–13
- pagkilala sa ating pag-asa sa Diyos, 111–12

Pagsisisi
- kailangan para matanggap ang lahat ng biyaya ng Pagbabayad-sala, 79
- kailangan para matanggap ang patnubay ng Espiritu, 56, 244

Pagsubok, mga. *Tingnan din sa* Oposisyon
- ihahanda tayo para sa kaluwalhatiang selestiyal, 239–40
- pagtitiis, nang may pananampalataya, 36
- pinalalakas ng Panginoon ang ating pananampalataya sa oras ng, 243–45

Pagsunod, matalino, 220. *Tingnan din sa* Kalayaang Pumili; Batas

Pagtatayo ng templo, xxix–xxxi, 189–91, 206

Pagtuturo
- mula sa aklat na ito, vi–x
- ng mga simpleng katotohanan, ay lubos na nakapagpapasigla, 65–66, 68
- pagkakaisa sa, 268
- sa pamamagitan ng Espiritu, vi, 63, 64–69, 105–106, 232–33

Pamana, kahalagahan ng paggunita o pag-alaala, 147

Pamilya. *Tingnan din sa* Kasal; Magulang, mga
- dapat unahin o bigyan ng mataas na priyoridad, 183
- kailangan para sa kabaitan sa, 178–79, 183
- pagkakaisa sa, 266, 269, 270
- pagtustos sa pangangailangan, pinansiyal, 253–54
- papel na ginagampanan ng mga ama at ina sa, 183–85
- walang hanggang katangian ng, 178–79, 184–85, 190, 193–96

Panalangin. *Tingnan din sa* Panalangin ng pamilya
- kailangan natin ang, 120–21

mga pagpapalang mula sa, dumarating sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo, 123
para sa patnubay, 121–22

Panalangin ng pamilya, 123

Pananalapi, 253–56. *Tingnan din sa* Temporal na mga bagay

Pananampalataya
ipinakita sa pamamagitan ng mga gawa, 169
kahulugan ng, 168–69
kailangan sa gawain ng Diyos, 169–70
nadaragdagan kapag tinutupad natin ang mga tipan, 172–73

Pangulo ng Simbahan
inihahayag ng Diyos ang Kanyang kagustuhan sa pamamagitan ng, 217–18
paano natin maitataguyod ang, 219–20
panganib ng hindi pagsunod, 217, 220–21

Panunumbalik
biyaya ng, 9–11
ng mga katotohanan ng ebanghelyo, 6, 9–11
ng priesthood, 6–9
ng Simbahan, 6–7
pagsasaliksik ni Wilford Woodruff sa, xx–xxii, 1–3
pasasalamat ni Wilford Woodruff sa, 11

"Para sa Inyo Kami'y Nagdarasal," xxxix

Priesthood
kahulugan ng, 41–43
kapangyarihan na gamit ng Diyos, 41
mga ordenansa ng, 41–43, 45
pagganap na mabuti sa mga katungkulan sa, 44–45
panunumbalik ng, 5–8
responsibilidad ng mga maytaglay ng priesthood, 43–45
sumpa at tipan ng, 46
walang hanggang katangian ng mga biyaya sa pamamagitan ng, 46–48

Propeta, laging namumuno sa Simbahan ng Diyos, 3, 216–18

Pulsipher, Zera, xxii, 40–41


## S


Sakrament, nagdudulot ng pagkakaisa, 271

Salt Lake Temple, hango sa panalangin ng dedikasyon ng, 173, 193, 195–96, 198–99, 204

Salt Lake Valley, paglalakbay ng mga pioneer papunta sa, xxxiii–xxix

Simbahan ni Jesucristo
inihahanda ang daigdig para sa Ikalawang Pagparito, 30, 278–79
isang huwaran lang ang sinusunod sa bawat dispensasyon, 3–4
isinasakatuparan ang plano ng Ama sa Langit, 29–31
itinatag noong mortal na ministeryo ng Tagapagligtas, 4, 56
progreso at patutunguhan ng, 29–31, 33

Smith, Joseph
gumawa sa pamamagitan ng pananampalataya, 169–72

ibinigay ang mga susi ng kaharian sa mga Apostol, 20–23
mga propesiya tungkol sa pag-unlad ng Simbahan, 27–28
nagtiis ng pang-uusig, 19–20
nakipag-usap si Wilford Woodruff kay, sa pangitain, 28
pagkaordena noon pa kay, 16–17
pagpatay kay, 23
pagtawag kay, 33
pinagaling ang mga maysakit sa Commerce, Illinois, at sa Montrose, Iowa, 156–60
pinamunuan ang Zion's Camp, 148–52
pinayuhan si John Taylor tungkol sa personal na paghahayag, 55
tinuruan ng mga sugong mula sa langit, 17–18
tinuruan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo, 17–18
ugali ni, 16

**T**

Tagapagligtas sa Bundok ng Sion. *Tingnan sa* Gawain sa templo

Tahanan. *Tingnan sa* Pamilya

Taylor, John
pagkamatay ni, xxxiii
tumanggap ng payo mula kay Joseph Smith tungkol sa personal na paghahayag, 54–55

Tipan, mga pagpapala kapag tayo ay tapat sa, mga, 36

Temporal na mga bagay. *Tingnan din sa* Trabaho
angkop na pananaw sa, 250–58
kaisa ng espirituwal na paggawa, 247, 249–58
pagtanggap sa payo ng Panginoon sa, 250–51

Trabaho. *Tingnan din sa* Temporal na mga bagay
kailangan para maitayo ang kaharian ng Diyos, 247, 249–50
manwal, paggalang sa, 253
temporal at espirituwal, hindi mapaghihiwalay, 249–50

**U**

Unang Pangitain, 17–18, 263–64

Utang, 255–56

**W**

Woodruff, Aphek (ama)
binyag ni, 99–100
nagpakita ng halimbawa ng integridad at kasipagan sa paggawa, xvii–xviii

Woodruff, Azmon (kapatid), ay nabinyagan sa araw din ng binyang ni Wilford, xviii, 40–41

Woodruff, Azubah Hart (pangalawang ina)
ikinasal sa ama ni Wilford, xvii
itinuro kay Wilford ang ebanghelyo, xviii

Woodruff, Beulah Thompson (ina)
pagkamatay ni, xvii, 202
tiniyak ni Wilford Woodruff na nagawa ang gawain sa templo para kay, 202

Woodruff, Phoebe Whittemore Carter (maybahay)
ikinuwento sa asawa ang tungkol sa pagkamatay ng anak na babae, 83, 85–86

pinabangon mula sa patay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood, 175–76
sinuportahan ang asawa sa mga tungkulin sa Simbahan, 177–78

Woodruff, Sarah Emma (anak ni Wilford Woodruff), pagkamatay ni, 83, 85–86

Woodruff, Wilford
ay nabigyang-inspirasyon na iligtas sa kapahamakan ang mga Banal, xxviii–xxix
ay naligtas sa panganig sa kanyang unang misyon, 167
ay naligtas sa panganib ng pag-ulan ng yelo, 237–39
ay natawag magmisyon sa England, 97
ay natawag sa Korum ng Labindalawa, xxvi, 153
bilang mananalaysay, xxix–xxxi
bilang misyonero, xxii–xxvi, 97–99, 101–102, 109, 119, 127, 165, 167, 183, 189, 225–27, 237–39
bilang Pangulo ng Simbahan, xxxiii—-xxxix
binyag at kumpirmasyon ni, 41–42
bininyagan ang kanyang ama at sambahayan ng kanyang ama, 99–100
damdamin sa, tungkol sa kanyang mga katungkulan sa Simbahan, 109
dinanas na mga aksidente, xviii–xx
dumanas ng hirap, 237–39
ginawa ang gawain sa templo para kay Robert Mason, 3
ginawa ang gawain sa templo para sa libu-libo niyang mga kapamilya, 202–203, 209–10
gumawa ng audio recording ng kanyang patotoo, 15
ibinigay ang kanyang mga kabayo kay Brigham Young, 215
hinanap ang totoong Simbahan, xx–xxii, 1–3, 38–40
inilaan ang Manti Temple, 190
inilaan ang Salt Lake Temple, 190
interes ni, sa gawain sa templo, 189–90
ipinangaral ang ebanghelyo kay John Benbow at sa kanyang pamilya, 97–99
kababaang-loob ni, 109
kumuha ng karapatang-sipi para sa Doktrina at mga Tipan sa England, 127
mga journal ni, xxix, 137–39
naturuan ni Robert Mason, 1–2
nabigyang-inspirasyon na ilipat ang karwahe ng kanyang pamilya, 51
nabigyang-inspirasyon na turuan ang iba na hanapin ang Espiritu, 63
naglakbay kasama ng mga pioneer papunta sa Salt Lake Valley, xxix, xxx, 160–63
nalaman ang tungkol sa gawain sa templo para sa mga patay, 202
nalaman ang tungkol sa pagkamatay ng kanyang anak na babae, 83, 85–86
nakakita ng templo sa unang pagkakataon, 189
natanggap ang endowment sa templo mula kay Joseph Smith, xxxiv–xxxvi, 22, 189

nakatanggap ng pangitain tungkol sa Salt Lake Temple, 190
nakipagkita kay Joseph Smith, 13–14
nakilahok sa paglalatag ng batong panulok para sa isang templo sa Far West, Missouri, 152–55
nakilahok sa paglalathala ng mga banal na kasulatan, 127, 128–29
nanatiling tapat nang mag-apostasiya ang iba, 15
nanalangin para humingi ng lakas na maipagpatuloy ang misyon, 119
nanalangin kasama ang iba pa para tumigil ang bagyo, 119–20
pagkabata ni, xvii–xviii
pagbabalik-loob ni, xxii, 2–3, 38–41
pagkamatay ni, xl
pagmamahal sa pamilya, xvii–xviii
pagmamahal sa kasipagan sa paggawa, xvii, xxix–xxxi, 247, 249
personal na paghahanda ni, para sa Ikalawang Pagparito, 274
pinabulaanan ang pangangaral ng isang tao laban sa Pagbabayad-sala, 73–74
pinag-aralan ang mga banal na kasulatan noong bata pa, 38
pinabangon ang asawang si Phoebe mula sa patay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood, 175–77
sa Zion's Camp, 148–52
tinulungan ang mga Banal na magtipon, xxviii–xxix
tumanggap ng tagubilin mula kay Brigham Young sa mga pangitain, 50, 190
unang tawag sa misyon ni, 97, 165, 167

Woodruff, Wilford Jr. (anak), 83, 85

Word of Wisdom, 34

**Y**

Young, Brigham
itinuro na ang temporal at espirituwal na paggawa ay hindi mapaghihiwalay, 249
nagbigay ng pares ng mga kabayo kay Wilford Woodruff, 215
nagsalita tungkol sa kahalagahan ng gawain sa templo, 206, 209–10
palaging may natatanggap na paghahayag, 217–18
pinangunahan ang mga Apostol sa paglalatag ng batong panulok para sa isang templo sa Far West, Missouri, 152–55
pinili ang lugar na pagtatayuan ng Salt Lake Temple, 161, 190
sumakay sa karwahe ni Wilford Woodruff papunta sa Salt Lake Valley, xxviii, 160
tinuruan si Wilford Woodruff sa pangitain, 50, 190

**Z**

Zion's Camp, 148–52

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02363 15893 8
36315 893